# MGA PANINIWALANG KRISTIYANO

shepherds
GLOBAL CLASSROOM

Binuo ang Shepherds Global Classroom para ihanda ang katawan ni Cristo sa pamamagitan ng pagbibigay ng kurikulum sa mga umuusbong na pinunong Kristiyano sa buong mundo. Layunin naming dumami ang mga programa ng pagsasanay kaya ipinagkatiwala namin ang kurikulum na mayroong 20-kurso sa kamay ng mga espirituwal na tagapagsanay ng bawat bansa sa buong mundo.

Ang aklat na ito ay maaaring i-download nang libre sa https://www.shepherdsglobal.org/downloads

Pangunahing Manunulat: Dr. Stephen K. Gibson

Copyright © 2015 Shepherds Global Classroom
Isinalin sa Tagalog mula sa Unang Ingles na Edisyon.

Nakalaan ang lahat na karapatan.

May copyright ang mga third-party material na pagmamay-ari ng ibang tao at kanilang ibinabahagi sa ilalim ng iba't-ibang lisensiya.

Maliban kung inilathala, lahat ng Kasulatan ay hango sa Ang Bagong Ang Biblia.

**Pahayag tungkol sa pahintulot:**

Ang aklat na ito ay maaaring ilimbag at ipamahagi ng walang bayad maging sa digital na pormat o pisikal na aklat sa ilalim ng mga sumusunod na alituntunin: (1) Hindi maaaring baguhin ang nilalaman ng aklat sa anumang paraan; (2) Hindi maaaring ibenta ang mga kopya ng aklat para pagkakitaan; (3) Malaya ang mga institusyong pang-edukasyon na gamitin/kopyahin ang aklat na ito, kahit naniningil sila ng mga matrikula; at (4) Hindi maaaring isalin ang aklat na ito nang walang pahintulot at pangangasiwa ng Shepherds Global Classroom.

Ang ilan sa mga materyales ng kursong ito ay sinipi sa aklat na *I Believe*, na sinulat ng mga guro ng God's Bible School and College, sa Cincinnati, Ohio.

# Mga Nilalaman


Paglalarawan sa Kurso at mga Layunin ..... 5

(1) Ang Aklat ng Diyos ..... 9

(2) Mga Katangian ng Diyos ..... 23

(3) Ang Trinidad ..... 35

(4) Ang Sangkatauhan ..... 45

(5) Ang Kasalanan ..... 55

(6) Mga Espiritu ..... 65

(7) Kristo ..... 75

(8) Kaligtasan ..... 91

(9) Mga Isyu Tungkol sa Kaligtasan ..... 103

(10) Ang Banal na Espiritu ..... 119

(11) Ang Kabanalan ng Kristiyano ..... 131

(12) Ang Iglesiya ..... 141

(13) Ang Walang-hanggang Hantungan ..... 151

(14) Mga Pangwakas na Pangyayari ..... 159

(15) Mga Sinaunang Pundasyong Paniniwala ..... 167

Iminumungkahing Mga Babasahin ..... 177

Talaan ng mga Takdang-Leksyon ..... 181

# Paglalarawan sa Kurso at mga Layunin

## Paglalarawan sa Kurso

Ang kursong ito ay nagbibigay ng pag-unawa sa mga pangunahing katuroan sa bawat isa sa mga pangunahing tema ng teolohiyang Kristiyano, tulad ng ang Diyos, si Kristo, kasalanan, kaligtasan, atbp. Matututunan ng mag-aaral kung paano maiiwasan ang mga pagkakamali sa katuroan. Ang mag-aaral ay magkakaroon ng kakayahang ituro ang katuroang Kristiyano sa iba.

## Mga Layunin ng Kurso

(1) Upang matutunan ang pundasyong mga katuroan ng pananampalatayang Kristiyano.

(2) Upang maayos na magamit ang Biblia bilang ang pinagmumulan at awtoridad para sa katuroan.

(3) Upang kilalanin ang malalaking kamalian sa katuroan.

(4) Upang magkaroon ng pang-unawa na makatutulong upang palalimin ang ating kaugnayan sa Diyos.

(5) Upang tumanggap ng nilalaman at istruktura para sa pagtuturo sa iba.

## Mga Direksiyon Para sa Lider ng Klase at mga Mag-aaral

Ang mga direksiyong ito ay naglalarawan kung paano matuturuan ang klase nang may kalidad sa pinakamataas na level. Dapat panatilihin ng tagapanguna ng klase ang batayang ito para sa mga mag-aaral na nagnanais na magkaroon ng sertipiko mula sa Shepherds Global Classroom. Para sa ibang grupo na hindi nakatugon sa mga kahingiang ito, ang guro ay maaaring iakma ang mga kahingian ayon sa kanilang kakayahan at magbigay ng ibang klase ng sertipiko.

Tinataya naming ang isang leksyon ay tatagal ng 90 minuto o higit pa. Maaaring pinakamabuti para sa grupo na magkita nang dalawang beses para sa bawat leksyon. Kapag ang grupo ay magkikita nang dalawang beses, may mga direksiyon na kailangang gamitin. Halimbawa, hindi magkakaroon ng pagsusulit sa dalawang pagkakataon.

## Mga Direksiyon para sa Lider ng Klase

Ang bawat mag-aaral ay nangangailangan ng isang kumpletong kopya ng materyal para sa leksyon maliban sa pahina na naglalaman ng sagot sa pagsusulit.

Sa simula ng sesyon ng klase, magbigay ng pagsusulit tungkol sa naunang leksyon. Ang bawat mag-aaral ay dapat sumulat ng mga sagot ayon sa kaniyang pagkakasaulo nang

walang tulong. Kapag hindi naipasa ng mag-aaral ang pagsusulit, maaari mo siyang bigyan ng isa pang pagkakataon sa ibang araw. (Tinatayang oras: 10 minuto).

Pagkatapos ng pagsusulit, gamitin ang listahan ng mga layunin, mula sa naunang leksyon bilang mga tanong sa pagbabalik-aral. Magtanong ng isa para sa bawat layunin, at hayaang magpaliwanag ang mga mag-aaral (Tinatayang oras: 15 minuto)

Simulan ang bagong leksyon sa pagbasa ng isang mag-aaral sa Kasulatan na nakatakda. Maigsing talakayin ng mga mag-aaral kung ano ang sinasabi ng tema ng leksyon. (Tinatayang oras: 10 minuto)

Pag-aralan ang leksyon sa pagbasa at pagpapaliwanag ng bawat seksiyon. May mga miyembro ng klase na maaaring makapagturo ng ilan sa mga seksiyon. (Tinatayang oras: 45 minuto).

Ang simbolong ► ay nagpapakita ng tanong para sa talakayan.  Kung minsan ang tanong ay nagpapasimula sa seksiyon, at kung minsan ito'y nagbabalik-aral sa natapos na seksiyon. Magtanong at hayaan ang mga mag-aaral na talakayin ang sagot.  Hindi kinakailangang lubusang ipaliwanag ang sagot sa oras na iyon, lalo na kung ang tanong ay nagpapasimula ng isang seksiyon.

Sa pinakamababang pitong beses habang kasalukuyan ang kursong ito, ang mag-aaral ay dapat magturo ng leksyon o bahagi ng isang leksyon sa mga taong hindi kabilang sa klase. Ang pagtuturong ito ay dapat isagawa sa isang klase sa iglesiya, o sa isang home Bible study group, o sa ibang pagkakataon.  Sa dulo ng bawat sesyon sa klase, ipaalala sa mga mag-aaral ang takdang-leksyong ito, at bigyan sila ng pagkakataon na iulat kapag nakapagsagawa sila ng pagtuturo simula noong huling sesyon sa klase.

Dapat sama-samang basahin ng klase ang "Pagpapahayag ng Pananampalataya" sa dulo ng leksyon.

Sa dulo ng klase, ang bawat mag-aaral ay dapat bigyan ng takdang leksyon,  isang talata mula sa Kasulatan mula sa listahang nakahanda. Bago ang susunod na sesyon sa klase, dapat nilang basahin ang talata at sumulat ng isang paragraph tungkol sa sinasabi ng talata tungkol sa leksyon.  Dapat nilang ipakita ang paragraph na ito sa lider ng klase sa susunod na sesyon sa klase.

Sa katapusan ng klase, ipaalala sa mga mag-aaral na basahin ang materyal para sa susunod na leksyon bago ang susunod na sesyon sa klase. (Tinatayang oras para sa mga paalala at takdang-leksyon: 10 minuto).

Mahalaga na magkaroon ng record para sa mga mag-aaral ng kanilang mga pagdalo sa klase, pagsusulit, pagtuturo sa mga grupo sa labas, at paragraphs na isinulat para sa mga talata.  Kapag ang isang mag-aaral ay lumiban sa klase, dapat niyang pag-aralan ang leksyong kanyang di-napag-aralan, kumuha ng pagsusulit ng pagsusulit at gawin ang

takdang-leksyong dapat isulat. May isang form para sa pagrerecord sa nakalimbag sa akat na ito pagkatapos ng huling leksyon.

## Mga Direksiyon para sa Mag-aaral

Kailangan mong basahin ang materyal para sa bawat leksyon bago magkita muli ang klase, upang makasali ka sa pagtatalakayan nang may mas mabuting pang-unawa.

Sa simula ng bawat sesyon sa klase, maging handa sa pagkuha ng isang pagsusulit mula sa naunang leksyon. Pag-aralan ang mga nakahandang tanong sa pagsusulit.

Palaging magdala ng Biblia, ang nakalimbag na kopya ng leksyon, at isang pansulat para sa pagsusulat ng iyong sariling mga notes sa materyal.

Maging handa sa paghanap ng mga reperensiya sa Kasulatan, sagutin ang mga tanong sa talakayan, at makibahagi ayon sa direksiyon ng lider ng klase.

Sa dulo ng bawat klase ikaw ay maaatasan ng isang talata sa Kasulatan. Bago ang susunod na sesyon sa klase, basahin ang talata at sumulat ng isang paragraph tungkol sa sinasabi ng talata tungkol sa paksa ng leksyon. Ipakita ang paragraph sa lider ng klase.

Pitong beses sa buong panahon ng kursong ito, dapat kang magturo ng leksyon o bahagi ng isang leksyon sa mga tao na hindi kabilang sa inyong klase. Ang pagtuturong ito ay maaaring gawin sa iglesiya, o sa isang home Bible study group, o sa ibang pagkakataon. Iulat sa lider ng klase ang bawat pagkakataon na ikaw ay may isang naturuan.

# Leksyon 1
# Ang Aklat ng Diyos

## Mga Layunin ng Leksyon

Kapag natapos ang leksyong ito, dapat nauunawaan at kayang ipaliwanag ng mag-aaral:

(1) Ang konsepto ng pangkalahatang rebelasyon at espesyal na rebelasyon.

(2) Kung paanong ipinapakita ng ebidensiya na ang Biblia ay tamang-tama.

(3) Ang tamang pagkaunawa sa pagkasi o inspirasyon sa Kasulatan.

(4) Kung bakit ang pagkasi o inspirasyon ay nangangahulugang ito ay walang pagkakamali.

(5) Ang mga salitang *kinasihan*, *hindi mapasusubalian*, *walang kamalian*.

(6) Kung bakit ang Biblia ay tapos na at hindi na maaari pang dagdagan.

(7) Kung paanong ang Biblia ang pangunahing pinagmumulan at panghuling awtoridad para sa katuroan.

(8) Kung paanong mahalaga ang Biblia sa pang-araw-araw na buhay ng Kristiyano.

(9) Isang pagpapahayag ng mga paniniwalang Kristiyano tungkol sa Biblia.

Isa sa mga praktikal na layunin ng leksyong ito ay upang matututuhan ng mag-aaral kung paano maiiwasan ang pagkakamali ng pakikinig sa maling awtoridad o pag-aaral ng Biblia nang may limitadong layunin.

## Panimula

*Karaniwan ang sesyon ay nagsisimula sa isang pagsusulit tungkol sa naunang leksyon at isang pagbabalik-aral sa mga layunin ng naunang leksyon. Dahil ito ang unang leksyon, pumunta sa pagbasa sa Biblia sa ibaba.*

► Sama-samang basahin ang Awit 119:1-16. Talakayin kung ano ang sinasabi ng talatang ito tungkol sa Biblia.

Ang Diyos, ang Manlilikha ng sanlibutan, ay nagsalita. Ipinahayag niya ang kanyang sarili at ang layunin ng kanyang paglikha. Ang katotohanang ipinahayag ng Diyos sa atin ay tinatawag na rebelasyon. May aklat sa Biblia na tinatawag na “Pahayag”, subalit ang salita ay maaari ring gamitin kapag nag-uusap tungkol sa lahat ng katotohanang ipinahayag ng Diyos.

► Ano-ano ang ilan sa mga paraan na ipinahayag ng Diyos ang katotohanan sa atin?

## Ang Iba't-ibang Anyo ng Rebelasyon/Kapahayagan

Dahil ipinahayag ng Diyos ang katotohanan sa iba't-ibang paraan, pag-uusapan natin ang tungkol sa dalawang kategorya: pangkalahatang rebelasyon at espesyal na rebelasyon.

Ang pangkalahatang rebelasyon ay kung ano ang nauunawaan natin tungkol sa Diyos sa pagtingin natin sa kanyang nilikha. Nakikita natin ang kahanga-hangang katalinuhan at kapangyarihan ng Diyos sa disenyo ng sanlibutan.

Nakikita natin ang kahalagahan ng patungkol sa Diyos sa paraan ng pagkakadisenyo sa tao. Ang katotohanan na tayo'y nakakapangatwiran, nakakapagpahalaga ng kagandahan, at nasasabi ang pagkakaiba ng tama at mali (bagaman hindi perpekto) ay nagpapakita sa atin na ang ating Manlilikha ay nagtataglay ng mga katangiang ito sa mas mataas na antas. Alam natin na ang Diyos ay isang nilalang (hindi nilalang) na nakapag-iisip at nakikipag-ugnayan dahil taglay natin ang mga kakayahang iyon.

Dahil ipinapakita ng pangkalahatang rebelasyon na ang Diyos ay nakapagsasalita, natatanto natin na ang espesyal na rebelasyon ay maaaring maganap. Dahil nakapagsasalita ang Diyos, posible na mayroong mga mensahe mula sa Diyos at maging ang isang aklat mula sa Diyos.

Sa pangkalahatang rebelasyon, nalalaman ng tao na mayroong Diyos, at dapat nila Siyang sundin, at nagawa na nila Siyang suwayin.[1] Subali't hindi sinasabi sa atin ng pangkalahatang rebelasyon kung paano tayo magkakaroon ng tamang relasyon sa Diyos. Ipinapakita ng pangkalahatang rebelasyon ang ating pangangailangan para sa espesyal na rebelasyon dahil ipinapakita nito na ang mga tao ay makasalanan at "walang dahilan" sa harap ng kanilang Manlilikha, subali't hindi nito sinasabi sa atin ang solusyon.

Ang espesyal na rebelasyon ay naganap sa pagkasi ng Biblia at sa pagkakatawang-tao ni Kristo. Ipinapaliwanag ng espesyal na rebelasyon ang kondisyon natin na ipinapakita ng pangkalahatang rebelasyon: nangahulog at salarin. Inilalarawan ng espesyal na rebelasyon ang Diyos, ipinapaliwanag ang Pagbagsak at kasalanan, at ipinapakita kung paano tayo muling maibabalik sa kaugnayan sa Diyos.

Isipin mo na halimbawa hindi mo alam na mayroong Biblia. Napagtanto mo na mayroong Diyos. Alam mo na hindi maayos ang kaugnayan mo sa Diyos. Hindi mo alam kung ano ang mangyayari pagkatapos ng kamatayan. Hindi mo nalalaman ang layunin ng buhay. Hindi mo alam kung paano lalapit sa Diyos.

Pagkatapos isipin mo na may isang magpapakita sa iyo ng aklat at sasabihin niya sa iyo na ito ay nanggaling sa Diyos upang sagutin ang lahat ng mga katanungan mo. Naiisip mo ba kung magiging gaano kahalaga ang aklat na iyon?

---

[1] Basahin Romans 1:20: nagsasabi sa atin ng ilan sa mga bagay na alam natin sa pamamagitan ng pagmalas sa mundo na nilikha ng Diyos.

## Ang Pag-angkin ng Biblia

► Ano ang pag-angkin ng Biblia tungkol sa kaniyang sarili? Magbigay ng ilang halimbawa ng mga pangungusap mula sa Biblia na nagpapakita na inaangkin nito na ito'y nagmula sa Diyos.

Pag-usapan natin ang pag-angkin ng Biblia tungkol sa kaniyang sarili, pagkatapos titingnan natin ang ebidensiya na ang Biblia ay totoo. Inaangkin ng Biblia na ito ang Salita ng Diyos. Sa Lumang Tipan, mayroong mahigit sa 3,000 pangungusap na nagsasabing nagmula ang mensahe sa Diyos. Madalas itong ipinahayag sa simpleng salita na, "At nagsalita ang Panginoon..." [2] Kinilala ni Hesus na ang Lumang Tipan ay kinasihan ng Diyos.[3] Kinilala ng mga sumulat ng Bagong Tipan na ang Lumang Tipan ay nagmula sa Diyos.[4] Kinilala ng mga sumulat ng Bagong Tipan na ang mga nasulat sa Bagong Tipan ay kinasihan ng Diyos.[5]

> "Ang batas[ng Diyos]ay isang
>
> Hindi nabubulok na larawan ng Isang Mataas at Banal na nananahan sa pangwalang-hanggan. Ito ay ang Diyos, na wala pang sinumang nakakita sa kanyang katangian, nagpakita sa tao at sa mga anghel. Ito ang mukha ng Diyos na inalisan ng talukbong; nagpahayag ang Diyos sa kanyang mga nilikha ayon sa kanilang kakayahang tanggapin iyon; ipinahayag upang magbigay-buhay, at hindi para wasakin ito, upang makita nila ang Diyos at mabuhay. Ito ang puso ng Diyos na ibinukas sa tao."
>
> - John Wesley,
> "The Origin, Properties, and Use of God's Law"

Kung hindi tinatanggap ng isang tao ang mga inaangkin ng Biblia tungkol sa kanyang sarili, dapat niyang tingnan ang ebidensiya.

Muli isipin ninyo na halimbawang hindi ninyo alam ang tungkol sa Biblia. Alam ninyo na ang Diyos ay isang persona at makapagsasalita kung nanaisin niya. Sagayun, nalalaman rin ninyo na posible ang isang aklat na mula sa Diyos. Pagkatapos may isang magpapakita sa iyo ng aklat at sasabihin sa iyo na ito ay isang aklat mula sa Diyos.

► Paano mo malalaman na ang Biblia ay tunay na Salita ng Diyos? Ano ang inaasahan mo tungkol dito?

Kung saan ipinapangaral ang ebanghelyo, saanmang lugar sa mundo, ang mga tao ay nakararamdam ng panloob na pagkahikayat mula sa kanyang mga katotohanan. Kapag pinaniwalaan nila ang ebanghelyo at nagsisi, nararanasan nila ang kapatawaran ng Diyos at buhay na binago. Para sa karamihan sa mga tao, ito ang unang dahilan na taglay nila upang paniwalaan ang Biblia.[6]

---

[2] Halimbawa, tingnan ang Mga Bilang 34:1, 35:1, at 35:9.
[3] Basahin Mateo 5:17-18, Juan 10:35, Marcos 12:36.
[4] Basahin Mga Gawa 3:18, 2 Pedro 1:20-21, 2 Timoteo 3:16.
[5] Basahin 1 Corinto 14:37, 2 Pedro 3:16.
[6] Basahin 1 Tesalonica 1:5.

Para sa mga may kaugnayan sa Diyos, ang Espiritu ng Diyos ay nagsasalita sa pamamagitan ng Kasulatan, nagbibigay ng pang-unawa at pagkahikayat. Ang paraan na ginagamit ng Banal na Espiritu ang Biblia ay nagpapatunay na ito ang Salita ng Diyos.[7]

Sa ating paglakad sa ating relasyon sa Diyos, makikita natin na tamang-tama na inihahayag ng Biblia ang kanyang kalikasan at ang paraan ng kanyang pagkilos sa atin. Ipinapakita ng Biblia sa atin ang paraan upang magsimula ng relasyon sa Diyos at ang paraan upang magpatuloy sa Kanya. Ito ay ebidensiya na ang Biblia ay Salita ng Diyos.[8]

Subali't paano kung nais mo ng ebidensiya na hindi nakabatay sa iyong sariling espirituwal na karanasan? Ang mga tao mula sa ibang relihiyon ay may mga karanasang espirituwal rin, subali't ang kanilang karanasan ay hindi nakabatay sa katotohanan. Paano natin malalaman na ang ating karanasan ay nakabatay sa katotohanan?

► Mayroon bang ebidensiya na ang Biblia ay tumpak sa mga bagay na sinasabi nito?

Ang Biblia ay isinulat ng mahigit sa apatnapung manunulat, karamihan sa kanila ay hindi kilala ang karamihan sa iba pang mga manunulat, sa loob ng panahon na higit sa 1,500 taon. Ano ang normal nating inaasahan sa isang ganitong klaseng aklat? Inaasahan natin na ito'y magkakaroon ng lahat ng klase ng kamalian at pagsasalungatan. Subali't pag-isipan natin ang mga sumusunod na katotohanan tungkol sa Biblia. Libong bilang ng mga geographical sites na binanggit sa Biblia ang natukoy at natuklasan na; libong bilang ng mga pangyayari at mga indibidwal na binanggit sa Biblia ang napatunayan na sa kasaysayan; wala pang anumang natuklasan ang nagpabulaan sa alinmang pahayag sa Biblia; at kailanman ay hindi sinalungat ng Biblia ang kanyang sarili. Ang mga pahayag na ganito ay hindi totoo sa alinmang ibang aklat na naisulat. Sumusuporta ang ebidensiya sa pag-angkin ng Biblia na ito ay kinasihan ng Diyos.

Maaari nating ibuod sa anim na puntos ang ebidensiya na sumusuporta sa pag-angkin ng Biblia na ito ang Salita ng Diyos. Alam natin na ang Biblia ay tunay ngang Salita ng Diyos dahil

(1) Libong bilang ng mga katotohanan sa Biblia ang napatunayan na.

(2) Wala pang pangungusap sa Biblia ang napabulaanan.

(3) Hindi sinasalungat ng Biblia ang kanyang sarili.

(4) Ang Ebanghelyo ay pinatunayan ng kanyang mga epekto.

(5) Nagsasalita ang Espiritu ng Diyos sa pamamagitan ng Biblia.

(6) Ginagabayan tayo ng Biblia sa ating relasyon sa Diyos.

---

[7] Basahin Efeso 6:17.

[8] Basahin 1 Pedro 5:13

## Pagpapakahulugan sa Pagkasi

Kung saan ipinapangaral ang ebanghelyo, saan mang dako sa mundo, ang mga tao ay nakadarama ng panloob na pagkilala sa katotohanan nito. Kapag sila'y sumampalataya sa ebanghelyo at nagsisi, nararanasan nila ang kapatawaran ng Diyos at ang nabagong buhay.[9]

Para sa mga may relasyon sa Diyos, ang Espiritu ng Diyos ay nangungusap sa pamamagitan ng Kasulatan, at nagbibigay ng pang-unawa at pagkilala sa kasalanan.

Sa ating paglakad sa ating relasyon sa Diyos, makikita natin na ang Biblia ay tunay na naghahayag ng kanyang kalikasan at ang paraan na siya'y kumikilos sa atin. Ipinapakita ng Biblia ang paraan upang magsimula ng relasyon sa Diyos at ang paraan ng pagpapatuloy sa kanya. Ito angebidensiya na ang Biblia ay kinasihan.

► Ano ang ibig nating sabihin na ang Biblia ay kinasihan?

Kung minsan pakiramdam ng mga tao na sila ay kinasihan kapag sila'y mayroong magagandang ideya, subalit higit pa sa roon ang kahulugan ng Biblia kapag inangkin nito na kinasihan ito ng Diyos.

"Ang lahat ng Kasulatan ay kinasihan ng Diyos at magagamit sa pagtuturo ng katotohanan,sa pagpapabulaan sa maling aral, sa pagtutuwid sa likong gawain, at sa pag-akay sa matuwid na pamumuhay."[10]

Ang salitang "kinasihan ng Diyos" ay nangangahulugan na "hiningahan ng Diyos." Bagaman ang mga Kasulatan ay nagmula sa panulat ng mga sumulat nito sa kamay ng mga tao, ang binigyang diin ng talatang ito ay ang Biblia ay nagmula sa Diyos. Dahil ito'y nagmula sa Diyos kung kaya't ito'y mapagtitiwalaan sa katuroan, at iba pa. Ito ay mas mabuti kaysa sa pinakamabuting magagawa ng tao.

"Ang pagkaalam nito sa simula, na walang propesiya sa Kasulatan ang nagmula sa pribadong pagpapakahulugan, dahil ang propesiya ay hindi kailanman darating ayon sa kalooban ng tao, kundi mula sa mga banal na lalaki ng Diyos na nagsalita habang sila'y kinikilos ng Banal na Espiritu."[11]

Ang mga talatang ito sa 2 Pedro ay literal na nagsasabi na ang mga sumulat ay ginabayan ng Banal na Espiritu. Ang kanilang pagiging tumpak ay hindi depende sa kanilang sariling kaalaman. Ang katotohanan na sila'y kinilos, o dinala, ng Banal na Espiritu sa kanilang pagsusulat. Nagpapakita ito na ang pagiging mapagkakatiwalaan ng mga isinulat sa wakas ay depende sa Diyos. Ang Biblia ay mapagkakatiwalaan kung paanong mapagkakatiwalaan ang Diyos.

---

[9] 1 Pedro 1:25
[10] 2 Timoteo 3:16
[11] 2 Pedro 1:21-22

Maaari nating sabihin na ang pagkasi ay ang higit pa sa kayang gawin ng tao kung saan inihayag ng Diyos ang kanyang sarili at dinala ang rebelasyong iyon sa anyong nakasulat.

Dahil ang mga sumulat ay kinasihan, maaari nating sabihin na ang Biblia ay kinasihan na hindi katulad ng ibang mga aklat. Ang pagkasi sa Biblia ay nangangahulugan na ito ay lubusang ang Salita ng Diyos, maging ang mismong mga salitang ginamit.

## Ano ba Ang Tulad ng Pagkasi?

► Ano ang ilang paraan na ang mga sumulat ng Biblia ay tumanggap ng katotohanan ng Diyos bago sila sumulat?

Kung minsan nagtatanong ang mga tao kung paano ba naganap ang pagkasi. Paano ipinarating ng Diyos ang kanyang katotohanan at tiniyak na ito ay tumpak na naitala? Ang unang katotohanan na dapat nating pansinin tungkol sa pamamaraan ng Diyos ng pagpapahayag ay ang pagkakaroon nito ng pagkakaiba-iba. Hindi siya limitado sa isa lamang na pamamaraan.[12]

Kung minsan nagsasalita ang Diyos sa boses na naririnig, tulad nang magsalita siya kay Moses.[13] Sa ibang pagkakataon, nagbibigay siya ng mga panaginip at pangitain, at inilalarawan ito ng sumulat.[14] Marahil ang parte ng Kasulatan ng dumating ng direkta mula sa Diyos at nasulat ay ang tipan sa Israel na "isinulat ng daliri ng Diyos."[15] Ang ibang seksiyon ng Kasulatan ay tila idinikta, dahil ang mga pangunahing talata sa Exodo, Levitico, at Mga Bilang ay kasunod ng pangungusap na, "At ang Panginoon ay nangusap kay Moses, na nagsasabi.."

> "Ang Kasulatan samakatuwid ng Luma at Bagong Tipan ang pinakasolido at pinakamahalagang sistema ng makaDiyos na katotohanan. Ang bawat parte nito ay kahalaga ng Diyos; at kung pagsasama-samahin ito ay isang buong katawan, na walang kapintasan, walang labis. Ito ang bukal ng karunungang makalangit, na sila na nakatikim nito, pinili ito sa alinmang sinulat ng tao, gaano man katalino, o may pinag-aralan, o banal."
>
> - John Wesley, in the preface to Explanatory Notes on the New Testament

Ang "pagkasi" ay hindi nangangahulugan na nagsalita ang Diyos sa boses na naririnig ng mga sumulat. Nakikita natin ang mga pagkakaiba-iba sa personalidad at istilo ng pagsusulat ng iba't-ibang manunulat. Halimbawa, ang istilo ni Pablo ay ibang-iba sa istilo ni Pedro. Dapat kabilang sa ating pananaw tungkol sa inspiration ang paggamit ng Diyos ng mga manunulat na nagtataglay ng iba't-ibang personalidad, bokabularyo, istilo ng

[12] Basahin Hebreo 1:1.
[13] Exodo 33:11.
[14] Para sa mga halimbawa ng rebelasyon sa pamamagitan ng pangitanin, tingnan ang Daniel 7 at 8, at karamihan sa aklat ng Pahayag.
[15] Deuteronomio 9:10.

pagsusulat, edukasyon, at pagsasaliksik ayon sa kasaysayan.

Ang wastong pananaw sa pagkasi ay kinasihan ng Diyos ang buong katauhan, katotohanan, at hindi lamang nagpapahayag ng katotohanan kundi gumagabay rin sa proseso ng pagsusulat upang magbigay ng tumpak na kabuoan.

Iniisip ng ibang tao na basta lamang ibinigay ng Diyos ang mga ideya na nais niyang ipahatid, at ipinaliwanag ito ang mga taong sumulat sa pinakamabuting paraan na magagawa nila, kaya't hindi maiiwasang magkaroon ng mga pagkakamali ng tao sa mga detalye. Ang pananaw na iyon ay hindi tumutugma sa paglalarawan ng Biblia sa pagkasi. Inilarawan ng Biblia ang mga manunulat na sila ay "ginabayan" ng Banal na Espiritu sa kanilang pagsusulat, kaya't alam natin na hindi sila pinabayaan upang magsulat sa kanilang sarili, at makagawa ng mga pagkakamali.

Dahil ang Biblia ay ang Salita ng Diyos, hindi ito nagsasalita ng anumang kamalian dahil ang Diyos ay hindi gumagawa ng pagkakamali.[16]

Gayundin, dahil ipinahayag ng Diyos ang kanyang sarili sa karamihan ng kasaysayan na nakatala sa Biblia (at karamihan sa Biblia ay kasaysayan), ang mga detalye ay dapat tamang-tama upang magkaroon ng mapagtitiwalaang rebelasyon ng Diyos. Samakatuwid, dahil sa paglalarawan ng Biblia sa inspiration/pagkasi, alam natin na ginabayan ng Diyos ang pagsusulat upang tiyaking ito'y lubusang tumpak.

### Mga Salitang Ginamit upang Ipagtanggol ang Kabuoang Pagkatumpak ng Biblia

**Kinasihan:** Na ang Biblia ay kinasihan ay nangangahulugan na ito ang Salita ng Diyos, ibinigay ng ayon sa kanyang rebelasyon. Sa pamulaan ang salitang ito ay sapat na upang patunayan ang lubusang pagiging mapagtitiwalaan at pagkatumpak ng Biblia. Subali't ngayon may mga nagsasabi na naniniwala sila na ang Biblia ay kinasihan, gayunman ay itinatanggi ang kabuoang pagkatumpak. Ang mga sumusunod na salita ay ginagamit upang ipagtanggol ang mga mahahalagang aspeto ng pagkasi.

**Infallible/Hindi maaaring magkulang**: Nangangahulugan ang salitang ito "hindi maaaring magkulang". Ang ibig sabihin ito ay mapagkakatiwalaan at hindi tayo kailanman ililigaw. Hindi maaaring magkulang ang Biblia, hindi lamang sa kanyang pahayag/pangungusap tungkol sa katuroan, kundi sa bawat pangungusap na kanyang sinasabi.

**Inerrant/Walang pagkakamali**: Ang salitang ito ay nangangahulugan na "walang pagkakamali."Ang Biblia ay tumpak sa pangungusap na kanyang sinasabi. Dahil ang Diyos kailanman ay hindi magsisinungaling o gagawa ng mali,[17] at ang Biblia ay Salita ng Diyos, makatitiyak tayo na ito ay walang pagkakamali. Kapag sinasabi ng isang tao na ang Biblia

[16] Basahin Kawikaan 30:5.
[17] Basahin Tito 1:2.

ay maaaring magkaroon ng pagkakamali dahil mga tao ang sumulat nito, nakakalimutan niya ang paglalarawan ng pagkasi sa 2Pedro 1:21-22: ang mga sumulat ay "ginabayan" ng Banal na Espiritu. Ang biblikal, at pangkasaysayang pananaw ng inspirasyon o pagkasi ay nagsasabi na ang buong Biblia ay kinasihan, kahit maging ang mismong mga salita, at sa gayun ay wala itong pagkakamali.[18]

**Paano naman ang mga pagkakamali sa pagkopya?**

Bago pa magkaroon ng mga makina para sa pag-iimprenta, ang Kasulatan ay kinopya lamang ng kamay. Wala pa sa atin ang orihinal na manuskrito na isinulat nina Pablo, Isaias, o ni Moses. Kabilang sa libo-libong sinauna, at sinulat-ng-kamay na mga kopya na nasa atin sa Griego at Hebreo, napakaliit lamang ng kanilang pagkakaiba, at hindi natin laging nalalaman nang eksakto kung ano ang tiyak na orihinal na salitang ginamit. Gayunman, ang mga pagkakaiba ay napakaliit kaya't walang katuroan ang nagiging kadudaduda dahil sa mga ito. Dahil alam natin na ang mga orihinal ay hindi maaaring magkamali, at dahil ang mga pagkakaiba-iba sa mga kopya ay napakaliit, alam natin na maaari nating pagtiwalaan ang bawat pangungusap na sinasabi ng Biblia.

► Paano natin malalaman na ang Biblia ay tumpak kahit na ito ay kinopya sa kamay nang maraming beses?

► Ano ang iba't-ibang dahilan na may mga taong nag-iisip na ang Biblia ay may kamalian?

**Bakit may mga tao na nag-iisip na ang Biblia ay may kamalian?**

Kung minsan sinasabi ng mga tao na ang Biblia ay may mga kamalian, subali't iyon ay dahil hindi nila nauunawaan ang kalikasan ng Biblia.

Ang Biblia ay gumamit ng mga anyo ng pagsulat na karaniwan sa komunikasyon ng mga tao. Halimbawa, may isang talata na nagsasabing ang araw ay kumikilos sa kalangitan. Alam natin na ang totoo, ang mundo ay umiikot, sa halip na ang araw ay kumikilos. Subali't kahit ang mga taong nakakaalam noon ay nagsasabi pa rin na ang araw ay sumisikat at lumulubog, at iyon ay hindi itinuturing na pagkakamali. Inilalarawan lamang nito kung paano natin iyon nakikita.

Mayroon ding mga patulang pangungusap, tulad ng "ang mga burol ay lumuluksong tulad ng mga kordero," o "ipinapalakpak ng mga puno ang kanilang mga kamay." Ito ay isang istilo ng literatura na malinaw na hindi literal.

May mga pagkakaiba rin sa istilo ng pagsulat. Mayroong pagbanggit sa ibang manunulat, kabilang ang mga taong hindi naman kinasihan. May mga editor na tumulong na pagsama-samahin ang mga materyal. Ang alinman sa mga iyon ay hindi naging suliranin para sa

[18] Basahin Mateo 5:18.

katuroan ng pagkasi. Ginabayan ng Diyos ang proseso ng pagsulat upang tiyakin na ang tapos na produkto ay ang Kanyang Salita.

> "Pinatutunayan namin na mula sa panahon na naglalakbay sila Kristo at kanyang mga apostol sa mundo, walang inspirasyon tungkol sa anumang kinakailangan para sa kaligtasan ng sinumang tao o ng iglesiya ang ibinigay sa isang partikular na tao o sa alinmang kongregasyon ng mga tao, anupaman, aling bagay na hindi lubos at pinakaperpektong pamamaraan ang matatagpuan sa banal na Kasulatan"
>
> - James Arminius,
> "Disputation on the Perfection of the Scriptures"

Kung minsan iniisip ng mga tao na nakakikita sila ng pagsasalungatan sa Biblia, subalit kailangan nilang tingnan ito nang mas maingat. Bilang halimbawa, ang Lucas 8:26-27 at ang Marcos 5: 1-2 ay bumanggit tungkol sa isang lalaking inaalihan ng masamang espiritu na pinalaya ni Hesus. Sa Mateo 8:28 sinasabi na sa katotohanan mayroong dalawang lalaking inaalihan ng demonyo na pinalaya sa oras na iyon. Hindi iyon pagsasalungatan. Hindi sinabi sa Lucas o sa Marcos na iisa lamang ang lalaki, subali't pinili nilang mag-focus sa isa sa mga lalaki na mayroong kasaysayan sa Biblia na tila sumasalungat sa isa't-isa, hindi siya dapat magmadali sa paggawa ng konklusyon, kundi mag-ukol ng sapat na panahon upang unawain ang konteksto nito.

## Ang Biblia para sa Kristiyano

► Sa paanong mga paraan dapat gamitin ng Kristiyano ang Biblia?

Ibinibigay sa atin ng Biblia ang batas ng Diyos. Hindi tayo inililigtas ng batas, subali't ipinapakita nito kung paano tayo dapat mamuhay ayon sa nais ng Diyos. Ipinapakita ng batas ang kalikasan ng Diyos. Dapat nating naisin na sundin ito dahil nais nating maging katulad ng Diyos. Dahil minamahal natin ang Diyos, dapat nating mahalin ang kanyang batas. Inilalarawan ng Awit 119, ang pinakamahabang kabanata sa Biblia, kung paano ang isang sumasamba sa Diyos ay dapat magkaroon ng kasiyahan sa batas ng Diyos. Ang taong umiibig sa Diyos ay mananalangin sa Diyos upang baguhin ang kanyang puso upang tumugma sa kalooban ng Diyos. Imposible para sa isang tao na umiibig sa Diyos na hindi mag-isip ng pagbibigay-lugod sa Diyos.

Ang Salita ng Diyos ay ilaw. Ang Apostol Pedro ay nagsasabi sa atin na ang mundo ay nasa espirituwal na kadiliman, at ang Salita ng Diyos ang ilaw na gumagabay sa atin.[19] Ito ay isang ilaw na gumagabay sa daang ating nilalakaran. Hindi kailanman dapat sundin ng isang tao ang mga ideya o pakiramdam na sumasalungat sa Salita ng Diyos.Hindi kailanman aakayin ng Banal na Espiritu ang sinuman upang gumawa ng anumang bagay na mali ayon sa Biblia.

Ang Salita ng Diyos ang ating espirituwal na pagkain. Ang gana sa pagkain ay tanda ng mabuting kalusugan, at ang isang Kristiyano ay magnanais ng Salita ng Diyos tulad ng isang

[19] Basahin 2 Pedro 1:19-21, Awit 119:105.

sanggol na nagnanais ng gatas[20]. Sa paglago ng isang Kristiyano, natututuhan niyang unawain at higit pang pagbulayan ang katotohanan ng Diyos, tulad ng isang batang natututong kumain ng mas matitigas ng pagkain.[21] Ang Kristiyano ay dapat espirituwal na kumain araw-araw ng Salita ng Diyos.

Ang Biblia ang ating depensa laban kay Satanas. Dapat nating suutan ang ating sarili ng espirituwal na baluti, at ang espada na ginagamit ng Banal na Espiritu para sa atin ay ang Salita ng Diyos.[22] Sinagot ni Hesus ang pagtukso ng diyablo sa pamamagitan ng Kasulatan.[23]

Ang Salita ng Diyos ay katotohanan na tumatawag ng ating pagtugon. Inihambing ito ni Hesus sa mga binhi na itinanim.[24] Ang ilan sa mga binhi ay hindi tumubo dahil ang lupa ay hindi handa. Sa ating pagbasa ng Biblia, dapat tayong tumugon sa katotohanan nito at ipanalangin sa Diyos na magbunga sa ating buhay ang kanyang mga Salita.

### Dahil ang Biblia ay Salita ng Diyos...

Hindi ito kailanman lilipas sa panahon o mawawalan ng kabuluhan. Ito ay naaangkop sa lahat ng tao sa lahat ng lugar at mga panahon.

Ito ang gabay upang malaman ang kalooban ng Diyos, dahil hindi kailanman sasalungatin ng Diyos ang Kanyang Sarili o kaya'y magbabago ng kanyang isip.

Ito ang ating gabay upang makuha ang pinakamabuti sa buhay na ito, dahil ang Diyos, ang ating Manlilikha, ang nagbigay nito sa atin bilang gabay.

Naglalaman ito ng lahat ng bagay na kailangang nating malaman upang maligtas at lumakad nang may kaugnayan sa Diyos.

Bagaman tayo'y natututo mula sa mga pastor at mula sa mga tradisyon ng iglesiya, walang ideya ang maaaring tanggapin kung ito'y sumasalungat sa Kasulatan dahil ito ang pinal na awtoridad.

Ang Banal na Espiritu ang nagbibigay liwanag sa Salita ng Diyos upang ating maunawaan at ginagabayan tayo nito upang ito'y sundin.

► Nagsasalita pa rin ang Diyos, subali't dapat ba tayong umasa na ang lahat ng bagay ay maaaring idagdag sa Biblia?

---

[20] 1 Pedro 2:2.
[21] 1 Corinto 3:2.
[22] Efeso 6:17.
[23] Mateo 4:3-4.
[24] Lucas 8:11-15.

## Ang Biblia ba ay tapos na?

Mula sa panahon na ang huling apostol ay namatay, inari na ng iglesiya na tapos na ang Biblia. Hindi basta lamang namili ang iglesiya ng mga sinulat upang tawaging Kasulatan; sa halip, kinilala nila na may mga piling isinulat na kinasihan ng Diyos at nagtataglay ng awtoridad ng mga Kasulatan. Ang mga sinulat na kinilala bilang Kasulatan ay nakatugon sa mga katangiang hindi natugon ng alinmang sumunod na mga naisulat.

Para sa mga aklat ng Lumang Tipan, ang iglesiya ay nag-ingat/nagtago ng mga nasulat na iningatan/itinago ng Israel bilang Kasulatan. Ang Kasulatang Bagong Tipan ay kinilala sa mga sumusunod na katangian: kaugnayang pangkasaysayan sa mga apostol, kalidad na nagpapatunay sa kanyang sarili, nagkakaisang pagtangggap ng iglesiya, magalang na paggamit ng Lumang Tipan, at pagiging kapaki-pakinabang sa paglaban sa maling katuroan.

Nagsasalita pa ang Diyos, subali't mayroon pa bang dapat idagdag sa Biblia sa kasalukuyan? Hindi maaari na magkaroon ng bagong isusulat na makatutugon sa mga katangiang naging daan upang isama ang mga orihinal na Kasulatan. Halimbawa, walang bagong isusulat ang maaaring iugnay sa mga apostol, dahil hindi na natin sila kasama sa kasalukuyan. Gayundin, walang alinmang bagong isusulat ang maaaring tanggapin ng buong iglesiya sa buong mundo.

Kumpleto na ang Kasulatan at sapat para sa kaligtasan at pamumuhay Kristiyano.[25] Walang anumang mahalaga at kinakailangan ang maaaring idagdag sa Kasulatan dahil taglay na nito ang lahat ng ating kinakailangan. Ang mga taong umaangkin na sila'y tumanggap ng bagong kapahayagan ay dapat mag-ukol ng kanilang oras sa pag-aaral sa kapahayagan na naibigay na ng Diyos. Matatagpuan nila doon ang lahat ng kanilang kinakailangan at mababantayan sila sa pagkakamali.

*Ang sumusunod na bahagi ng impormasyon ay maaaring ipaliwanag ng isang miyembro ng klase.*

## Mga Pagkakamali na Dapat Iwasan

### Pagkompromiso sa Awtoridad ng Biblia

Ano ang iyong pinal na awtoridad? Maraming Kristiyano ang nagsasabi na ang Biblia ang kanilang awtoridad, subalit sa katotohanan, pinakapinagtitiwalaan nila ang kanilang sariling pakiramdam. May nagsasabi na ang isang gawain ay hindi mali dahil sa kaniyang pakiramdam hindi naman ito mali. May nagsasabi na ang isang gawain ay okay dahil hindi naman siya binabagabag ng kanyang budhi kapag ginagawa niya ito. Ang nagsasabi ng

[25] 1 Timoteo 3:14-16.

gayun ay gumagamit sa kanyang pakiramdam bilang ang pinal na awtoridad sa halip na ang Biblia.

Kung minsan, hindi seryoso ang pananaw ng tao sa Biblia dahil naiimpluwensiyahan siya ng iba. May utos sa Kasulatan na hindi niya sinusunod dahil maraming ibang tao na nagsasabing sila'y Kristiyano ay hindi rin ito sinusunod. Sumusunod lamang siya sa klase ng Kristiyanismo na popular. Kailangan nating tandaan na ang Kristiyanismo na ayon sa Biblia ay karaniwang hindi popular.

**Pag-aaral sa Biblia nang may Limitadong Layunin**

Ang Biblia ang pangunahing pinagmumulan ng katuroan. Ito ang pinal na awtoridad para sa anumang argumento tungkol sa mga katuroan. Gayunman, ito ay isang suliranin kapag may mga nag-aaral ng Biblia at nakakikita ng mga patunay sa kanilang mga katuroan. Hindi nila ginagamit ang Biblia para sa espirituwal na pagkain. Ang iniisip lamang nila ay kung paano ipapakita sa iba na sila ay mali. Tama lamang na tayo ay bumuo at ipagtanggol ang ating mga katuroan gamit ang Kasulatan. Gayunman, kung iyon lamang ang tanging gamit ng Biblia para sa atin, mawawala sa atin ang katuwaan na nagmumula rito sa paggamit nito sa ating personal na relasyon sa Diyos.

May ilang mga tao na bumabasa ng Biblia tanging para sa layunin na magkaroon ng lakas ng loob. Kailangan nating tandaan na kabilang sa mga layunin ng Biblia ang pagpapahayag ng ating kasalanan at pagtutuwid. Hindi natin dapat lampasan ang mga kautusan sa Biblia, at humahanap lamang ng mga pangakong nagbibigay sa atin ng mas mabuting pakiramdam. Marahil ang nais gawin ng Diyos sa iyo sa araw na ito ay imulat ang mata sa kasalanan o pagtutuwid.

*Ang sumusunod na bahagi ng impormasyon ay maaaring ipaliwanag ng isang miyembro ng klase.*

**Ang mga Pagkakamali ng mga Kulto**

Ilang mga grupong relihiyoso na nagsasabing sila'y naniniwala sa Biblia, subalit gumagamit ng ibang bagay bilang pinal na awtoridad. Inaangkin nila na sila lamang ang maaaring makapagpaliwanag ng Biblia, gumagamit ng mga rebelasyon o isang espesyal na sistema na sila lamang ang mayroon. Ang kanilang pinakamahalagang katuroan ay hindi mapatutunayan gamit ang Biblia.

Maaaring mayroon silang ibang aklat na kanilang ginagamit bilang Kasulatan bilang karagdagan sa Biblia. Sinasabi nilang hindi mapagkakatiwalaan ang Biblia dahil ito'y nagtataglay ng mga pagkakamali sa pagkakasalin at pagkakakopya.

Ang lahat ng mga ideyang ito ay nagpapahiwatig na ang Biblia ay hindi kumpleto bilang ang Salita ng Diyos. Para sa mga taong ito, may ibang bagay na nagiging pinal na awtoridad.

## Pagpapahayag ng mga Paniniwala

*Dapat basahin ng klase ang "Pagpapahayag ng mga Paniniwala" nang sama-sama kahit man lang dalawang beses.*

**Pagpapahayag ng mga Paniniwala**

Ang Biblia ay ang Salita ng Diyos. Kinasihan ng Diyos ang mga sumulat kaya't sila'y sumulat nang walang kamalian. Taglay ng Biblia ang lahat ng dapat nating malaman upang tayo'y maligtas mula sa kasalanan at lumakad nang may relasyon sa Diyos. Ang Biblia ang pangunahing pinagmumulan ng ating katuroan at ito ang pinal na awtoridad. Dapat pag-aralan ng Kristiyano ang Biblia araw-araw upang higit na makilala ang Diyos, upang magabayan, at upang espirituwal na makakain.

## Leksyon 1 Takdang Aralin

(1) Ang bawat mag-aaral ay dapat maatasan ng isa sa mga talatang nakalista sa ibaba. Bago ang susunod na sesyon sa klase, dapat niyang basahin ang talata at sumulat ng isang taludtod tungkol sa kung ano ang sinasabi nito tungkol sa paksa ng leksyong ito.

Para sa Talatang Takdang-Leksyon:

- Awit 119:33-40,
- Awit 119:129-136,
- Kawikaan 30:5-6,
- Pahayag 22:18-19,
- Mateo 5:17-19,
- 2 Timoteo 3:15-17,
- 2 Pedro 3:15-16

(2) Sa pinakamababang pitong beses habang kasalukuyan ang kursong ito, ang mag-aaral ay dapat magturo ng isang leksyon o bahagi ng isang leksyon sa mga taong hindi kabilang sa klase. Ang pagtuturong ito ay maaaring gawin sa isang klase sa sambahan, o sa home Bible study group, o sa ibang pagkakataon.Tungkulin ng mag-aaral na lumikha ng mga pagkakataong ito.

## Leksyon 1 Mga Tanong Para sa Pag-aaral

(1) Ano ang pangkalahatang rebelasyon?

(2) Sa anong mga anyo ibinigay ng Diyos ang espesyal na rebelasyon?

(3) Anong mga katotohanan ang ipinahayag ng espesyal na rebelasyon na hindi ipinahayag ng pangkalahatang rebelasyon?

(4) Ano ang pag-angkin ng Biblia tungkol sa kanyang sarili?

(5) Ano ang anim na dahilan na nagpapakita na ang Biblia ay tunay na Salita ng Diyos?

(6) Bakit ang Biblia ay “kapaki-pakinabang sa pagtuturo ng katotohanan, sa pagpapabulaan sa maling katuruan, sa pagtutuwid sa maling gawain, at sa pag-akay sa matuwid na pamumuhay”?

(7) Anong paglalarawan ang ibinigay ng Biblia tungkol sa pagkasi na nagbibigay ng katiyakan sa atin na ang mga sumulat ay ginabayan upang hindi magkamali?

(8) Ano ang ilan sa iba’t-ibang pamamaraan na ginamit ng Diyos para sa pagkasi?

(9) Ano ang kahulugan ng ‘Ang Biblia ay kinasihan’?

(10) Ano ang kahulugan ng ‘Ang Biblia ay hindi magkukulang?

(11) Ano ang kahulugan ng ‘Ang Biblia ay walang pagkakamali?

# Leksyon 2
# Mga Katangian ng Diyos

## Mga Layunin ng Leksyon

(1) Kapag natapos ang leksyong ito, ang mag-aaral dapat nauunawaan at maipapaliwanag:

- Bakit ang konsepto ng tao sa Dios ay napakahalaga.
- Bakit ang katotohanan na ang Diyos ang Manlilikha ang nagbubukod sa kanya mula sa lahat pang iba.
- Ang mga katangian ng Diyos, ano ang ibig sabihin na siya ay personal, espiritu, walang hanggan, trinidad, makapangyarihan sa lahat, nasa lahat ng dako, hindi nagbabago, nalalaman ang lahat ng bagay, banal, matuwid at mapagmahal.
- Paanong bawat katangian ng Diyos ay may mahalagang bahagi sa ating relasyon sa kanya.
- Isang Biblikal na pananaw sa paghahari ng Diyos.
- Isangpahayag ng mga paniniwala tungkol sa Diyos.

(2) Ang isa sa mga praktikal na layunin ng leksyong ito ay upang matutuhan ng mag-aaral na umiwas sa pagkakamali ng maling pag-unawa sa kahalagahan ng mga anyo ng pagsamba.

## Panimula

*Matapos kumuha ng pagsusulit tungkol sa naunang leksyon, gamitin ang mga layunin mula sa leksyong iyon sa pagtatanong para sa pagbabalik-aral. Pagkatapos, magtungo sa pagbasa ng talata sa ibaba.*

► Basahin nang sama-sama ang Isaias 40. Talakayin kung ano ang sinasabi nito sa atin tungkol sa Diyos.

► Bakit mahalaga na ang isang tao ay mayroon o walang tamang konsepto sa Diyos?

Sino ang Diyos? Ipinakita ni A.W. Tozer ang kahalagahan ng tanong na ito nang sabihin niya, "Naniniwala ako na walang bahagyang pagkakamali sa katuroan o sa pagkakamali sa paglapat ng Kristiyanong etiko na hindi naiuugnay sa wakas sa hindi perpekto at mababang kaisipan tungkol sa Diyos."[26] Sinabi ni Hesus sa babaing Samaritana sa balon na ang problema sa pagsamba ng Samaritana ay ang hindi nila nakikilala ang kanilang sinasamba.

---

[26] *The Knowledge of the Holy*, 10.

Ang pinakamahalagang katangian ng sinumang tao ay ang kanyang konsepto sa Diyos. Ang kanyang konsepto sa Diyos ang pundasyon ng kaniyang relihiyon. Wala nang mas seryosong pagkakamali kaysa magkamali tungkol sa kung ano ba ang Diyos.

Hindi sapat ang lahat ng paghahambing upang lubusang ilarawan ang Diyos, dahil Siya'y Walang-hanggang lampas at higit sa atin. Maging ang Biblia ay hindi nagbigay sa atin ng pormal na paglalarawan sa kanya, subalit ang lahat ng nasa kapaligiran ay naglalarawan sa kanyang kalikasan at kanyang kapangyarihan. Sinabi sa atin ng Genesis kung paano nilikha ng Diyos ang langit at lupa; ang araw, ang buwan, at ang mga bituin; ang mga halaman at buhay na mga hayop; at sa wakas ay ang mga tao. Ang unang leksyon ng Kasulatan ay napakalinaw: Ang Diyos ang Manlilikha ng lahat ng narito. Kaya't siya nabubukod mula sa lahat ng anumang umiiral, dahil hindi siya bahagi ng kanyang mga nilikha.

Subali't sa kabuuan ng Biblia matatagpuan ang marami pang ibang mga sinabi tungkol sa Diyos. Maingat na binuod ng mga teologo ang mga tala ayon sa Biblia ng listahan ng mga katangian ng Diyos. Hindi natin ito kailanman maaaring maalam ng sapat sa ating hindi perpektong pang-unawa; gayunman, gaya pagpapaalala sa atin ni A.W.Tozer, ang isang magalang na pag-aaral ng mga nalalaman natin tungkol sa mga iyon ay maaaring para sa naliwanagang Kristiyano ay isang matamis, nakakaingganyong espirituwal na gawain. Sagayun, tinatanggap natin ang sumusunod na mga sinabi tugkol sa Diyos. Ito ay nakabatay sa kanyang pagpapahayag ng kanyang sarili sa Biblia, at sa dahilang iyon nalalaman natin na ang mga ito ay totoo.

## Ilan sa mga Katangian ng Diyos

Ang mga tatalakayin natin ay hindi kumpletong listahan ng mga katangian ng Diyos, subalit ito ay ang mga pinakamahalagang malaman natin.

► Ano-anong mga katangian ng Diyos ang maaari mong ilista?

### Ang Diyos ay Personal.

Nangangahulugan ito na siya ay isang tunay, nabubuhay na persona na nagtataglay ng pag-iisip, pakiramdam, at kalooban. Hindi siya ang kabuuan ng mga batas ng kalikasan o isang hindi personang lakas tulad ng elektrisidad o gravity. Siya ay lumilikha, kumikilos, nakakaalam, niloloob ang mga bagay, nagpaplano at nangungusap.

► Ano ang magiging pagkakaiba sa atin kung ang Diyos ay hindi isang personal?

Dahil sa katotohanang siya ay isang personal nagiging posible para sa atin na magkaroon ng relasyon sa kanya. Kung hindi siya isang personal, hindi tayo makakapanalangin sa kanya. Kung hindi siya isang personal, hindi magiging posible para sa kanya ang malugod o kaya'y hindi malugod.

### Ang Diyos ay isang Espiritu.

"Ang Diyos ay Espiritu; at ang mga sumasamba sa kanya ay dapat sumamba sa espiritu at katotohanan."[27] Ang katotohanan na siya ay isang espiritu ang nagbibigay sa atin ng batayan ng ating espirituwal na pakikipagkaisa at pagsamba sa kanya. Ang pananalangin at pagsamba ay hindi depende sa mga materyal na bagay, o sa isang uri ng posisyong pisikal, o sa nakatakdang mga programa, o gusali. Ang mga bagay na iyon ay nagiging mahalaga upang tulungan tayong ituon ang ating atensiyon sa pagsamba, subali't hindi nakadepende sa mga ito ang pagsamba.

Ang katotohanan na ang Diyos ay espiritu kaya't isa pa ito sa mga dahilan kung bakit niya tayo pinagbawalan na gumawa ng anumang pisikal niyang imahen.[28] Bilang espiritu, hindi natin nakikita ang Diyos[29] maliban na lamang kapag pinipili niyang magkaroon ng anyong nakikita.[30] Dahil limitado ang ating nalalaman tungkol sa Diyos, kahit pa magpakita siya sa anyong nakikita, tunay na masasabi nating wala pang sinuman ang lubos na nakakita na sa Diyos.[31]

**Ang Diyos ay Walang Hanggan.**

Walang sandali na siya ay hindi umiral, at hindi darating ang anumang pagkakataon na siya ay hindi iiral; ang Diyos ay walang simula at wala ring wakas. Ang pangalang kanyang inihayag ay, AKO'Y SI AKO NGA,[32] at siya ay inilarawan ni Juan bilang ang ngayon, ang nakaraan at ang darating na hinaharap, ang Makapangyarihan sa lahat.[33] Mula sa walang hanggan hanggang sa walang hanggan, siya ay Diyos.[34] May mga relihiyon na may myths/kuwento tungkol sa kapanganakan ng kanilang mga Diyos, subali't ang Diyos ay pangwalanghanggan.

**Ang Diyos ay Trinidad.**

Ang katuroan ng Trinidad ay nagmula sa katotohanan na sinasabi ng Biblia na mayroong iisang Diyos, gayunman ay tumutukoy sa tatlong magkakahiwalay na persona bilang Diyos. Iisa lamang ang Diyos, ngunit sa kanyang kalikasan ay mayroong tatlong persona. Bagaman hindi natin lubusang mauunawaan ang Trinidad, ito ay hindi illohical, dahil hindi naman natin sinasabi na mayroong tatlo nguni't iisa sa parehong bagay. Mayroon lamang iisang Diyos, na umiiral bilang tatlong persona. Dahil ang Ama, ang Anak at ang Banal na Espiritu ay sama-samang nagtataglay ng lahat ng katangian ng isang Diyos, ang bawat isa sa kanila ay nararapat lamang na tawaging Diyos at sambahin bilang Diyos.

**Ang Diyos ay Makapangyarihan sa lahat.**

---

[27] Juan 4:24.
[28] Basahin Exodo 20:4-6.
[29] 1 Timoteo 1:17.
[30] Basahin Genesis 18:1, Isaias 6:1.
[31] Juan 6:46, Juan 1:18, Exodo 33:20.
[32] Exodo 3:14.
[33] Pahayag 1:8.
[34] Awit 90:2.

Maaari niyang gawin ang anumang bagay na kanyang ninanais. "Ang ating Diyos ay nasa langit; ginagawa niya ang anumang kanyang naisin."[35] Wala siyang limitasyon maliban sa hindi siya kumikilos nang salungat sa kanyang banal na kalikasan at laging tinutupad ang anumang kanyang naipangakong gagawin. Walang anumang mahirap o nakakahamon sa Diyos. "Ang Panginoong Diyos na makapangyarihan sa lahat ay naghahari."[36]

► Ano ang pagkakaibang nagagawa sa atin na alam natin na ang Diyos ay makapangyarihan sa lahat?

Ito ay nakakapagpalakas ng loob, dahil nalalaman natin na sa kalagitnaan ng ating mga paghihirap, siya ay "makagagawa ng higit pa sa lahat ng ating hinihingi o iniisip, ayon sa kapangyarihang kumikilos sa atin."[37] Kahit na ang mga bagay ay tila hindi na kayang kontrolin, alam natin na matutupad ang dakilang plano ng Diyos. Maaari tayong manalangin nang may pagtitiwala na kaya ng Diyos na mamagitan at kumilos sa anumang sitwasyon.

**Ang Diyos ay Nasa lahat ng Lugar.**

Naroroon siya sa lahat ng lugar, at walang anumang bagay ang nangyayari na hindi niya nakikita. "At sinasabi ng Panginoon, ang langit ang aking trono, at ang daigdig ang tuntungan ng aking mga paa." [38] Siya ang Diyos ng sanlibutan, at ang kanyang kapangyarihan ay hindi limitado sa alinmang lugar. "Walang makapagtatago sa akin; nakikita ko siya saan man siya pumunta.Sapagka't ako'y nasa langit, nasa lupa at nasa lahat ng lugar."[39] Tinitiyak nito sa atin na nalalaman ng Diyos ang ating mga sitwasyon at ating mga suliranin. Sinasabi rin nito sa atin na walang sinumang makapagtatago mula sa Diyos, o kasalanang hindi niya maaaring makita. Ang lahat ng bagay ay lantad at bukas sa Kanyang mga mata.[40]

> "Kung paanong ako'y binibigyang katiyakan na mayroong isang walang hanggan at Isang namumukod, at imposible na magkaroon ng higit pa sa isa; kaya't naniniwala ako na ang nag-iisang Diyos ay ang Ama ng lahat ng bagay…naniniwala ako na itong Ama ng lahat ay hindi lamang ginagawa ang mga bagay ayon sa kanyang kagustuhan. Taglay din niya ang walang-hanggang karapatan na gumawa ng kahit ano, kahit kailan, at sa anumang paraang gusto niya, malayang inaari o inaalis ang lahat ng kanyang nilikha; at siya, mula sa kanyang sariling kabutihan, nilikha ang langit at lupa at lahat ng naroon"
>
> - John Wesley,
> "Liham sa isang Romano Katoliko"

**Ang Diyos ay Hindi Nagbabago.**

Walang panahon na siya ay hindi naging Diyos, at kailanman hindi siya titigil sa pagiging Diyos.[41] May mga relihiyon na naniniwala na ang Diyos ay nasa proseso pa ng pagbabago, subali't sinasabi sa atin ng Biblia na sa kanyang pag-iral at kalikasan, at sa kanyang mga katangian at mga layunin, hindi

[35] Awit 115:3.
[36] Pahayag 19:6.
[37] Efeso 3:20.
[38] Isaias 66:1.
[39] Jeremias 23:24.
[40] Basahin Hebreo 4:13.
[41] Basahin Santiago 1:17.

nagbabago ang Diyos.[42] Ikinatutuwa niya lagi ang tama, at lagi niyang ikinagagalit ang mali. Ang Walanghanggang Diyos na nagpahayag ng kanyang sarili bilang ang AKO NGA kay Moses ay ang AKO NGA sa kasalukuyan, walang hanggan, panghabang panahon, at hindi nagbabago, sa kanyang kalikasan, katalinuhan, kapangyarihan, kabanalan, katuwiran, kabutihan, at katotohanan. Siya ay nananatili sa parehong kalagayan, at ang kanyang mga taon ay walang katapusan.[43]

**Ang Diyos ay Nalalaman ang lahat.**

"Walang-hanggang ang kanyang pang-unawa."[44] Walang proseso ng pagkatuto para sa Diyos, dahil nalalaman niya ang lahat ng bagay. Hindi natuto ng anupaman ang Diyos mula kaninuman, at walang sinumang maaaring magpayo sa kanya.[45] Nalalaman ng Diyos ang hinaharap at sagayun ay hindi kailanman nagugulat o hindi handa para sa anupamang maaaring mangyari.[46]

► Ano ang magiging pagkakaiba sa atin kung nalalaman natin na nalalaman ng Diyos ang lahat ng bagay?

Kaugnay sa kaalaman ng Diyos ay ang karunungan ng Diyos, na ipinakita sa paglikha at espesyal din sa plano ng kaligtasan.[47] Dahil nalalaman at nauunawaan niya ang lahat ng bagay, lagi niyang nalalaman kung ano ang tamang gawin. Nalalaman niya na ang kalooban ng Diyos ay laging pinakamabuti para sa atin dahil lubos na nauunawaan ng Diyos ang bawat sitwasyon at nalalaman niya ang magiging bunga ng bawat pagkilos.

**Ang Diyos ay Banal.**

Pangunahing inilarawan ng Diyos ang kanyang sarili bilang banal. Paulit-ulit na tinukoy ni Propeta Isaias ang Diyos bilang "Ang Banal ng Israel". Ang mga anghel ay walang tigil sa pag-awit, "Banal, Banal, Banal" sa kanyang harapan.[48] Ang kabanalan ng Diyos ang tema ng pagsamba:"Bawat isa'y magpupuri sa dakila niyang ngalan; Banal siya't pupurihin ang pangalan niyang Banal!"[49] Siya ang pinakamataas o ganap na pamantayan ng lahat ng moral perpeksiyon. Ang kanyang mga gawa ay may tanda ng presensiya ng lahat ng kabutihan at kawalan ng lahat ng kasamaan, at hindi mababago kailanman. Ipinakikita ng kabanalan ng Diyos na ang tao ay hindi karapat-dapat maglingkod at sumamba sa kanya malibang mabago muna sa pamamagitan ng biyaya.[50] Ninanais ng Diyos na tayo'y maging banal tulad niya."Yamang ang Diyos na humirang sa inyo ay banal, dapat kayong

---

[42] Basahin Malakias 3:6.
[43] Awit 102:27.
[44] Awit 147:5.
[45] Basahin Isaias 40:13-14.
[46] Awit 139:4.
[47] Basahin Awit 104:24, Roma 11:33.
[48] Isaias 6:3.
[49] Awit 99:3.
[50] Basahin Isaias 6:5.

magpakabanal anuman ang inyong ginagawa; ayon sa nasusulat, magpakabanal kayo; dahil ako ay banal."[51]

**Ang Diyos ay Matuwid.**

Laging tama ang mga kilos ng Diyos. Ang kanyang mga kilos ay nagmumula sa kanyang banal na kalikasan.[52] Ang kanyang sariling kalikasan ang batayan kung ano ang tama. Lagi niyang tinutupad ang kanyang mga salita at hindi kailanman nagsinungaling.[53]

► Bakit mahalaga sa atin na ang Diyos ay matuwid?

Ang kanyang katuwiran ang batayan ng kanyang batas, na siyang perpektong pamantayan ng ating mga tungkulin sa kanya at sa iba. Ipinatutupad niya ang kanyang batas nang may katarungan, ginagantimpalaan ang mga sumusunod dito at pinarurusahan ang mga lumalabag. Ito ay nagpapaginhawa sa mga nagdurusa at inaapi, subalit nagbibigay din ito ng babala sa atin na walang sinumang makakatakas kapag gumagawa ng masama. "Ang mga paghatol ng Panginoon ay totoo at matuwid sa kabuuan."[54] Siya ay "gaganti sa bawat isa ayon sa kanyang mga ginawa."[55] "Tayong lahat ay tatayo sa harap ng luklukang ng paghatol ni Kristo."[56]

**Ang Diyos ay Pag-ibig.**

Ang katangiang ito ay lubusang mahalaga. Isipin ninyo ang nakakatakot na kalagayan kung ang Diyos ay lubusang makapangyarihan at nalalaman ang lahat ng bagay, paano kung hindi niya tayo inibig! Ano kaya ang kalagayan natin kung siya ay banal at matuwid, subali't hindi niya tayo inibig? Subali't kasama ng kanyang lubusang kapangyarihan at kabanalan, iniibig tayo ng Diyos.[57]Pinagpapala ng Diyos ang kanyang nilikha sa pangkalahatan.[58] Espesyal niyang pinagpapala ang sangkatauhan ng mabubuting mga bagay sa buhay at idinesenyo ang mundo bilang lugar kung saan sila'y mabubuhay nang may kagalakan.[59] Para sa mga umiibig at naglilingkod sa kanya, ang bawat detalye ng kanilang buhay.[60] Ang kanyang biyaya, awa, tiyaga, at kapayapaan ay nagpapala sa atin dahil sa kanyang pag-ibig.[61]

---

[51] 1 Pedro 1:15-16.
[52] Basahin Deuteronomio 32:4.
[53] Mga Bilang 23:19, 2 Samuel 7:28.
[54] Awit 19:9.
[55] Roma 2:6.
[56] Roma 14:10.
[57] Basahin Lucas 18:19, Awit 119:68.
[58] Genesis 1:22, 28.
[59] Awit 8:4-6, Awit 23, Awit 36:5-10, at Awit 103.
[60] Roma 8:28.
[61] Basahin Exodo 34:6, Efeso 1:7, 2:4-5.

Gayun na lang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan kaya't ipinagkaloob niya ang kanyang Bugtong na Anak upang ang sinumang sa kanya'y sumampalataya ay hindi mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.[62] Sa kabila ng ating mga kasalanan at pagrerebelde, inaabot niya tayo ng kanyang biyaya, at inaanyayahan tayong lumapit sa kanya sa pamamagitan ni Hesus, na kanyang ipinagkaloob bilang sakripisyong pambayad utang para sa ating mga kasalanan.[63] Sa krus ipinakita ng Diyos sa atin ang kanyang puso, na nag-uumapaw sa pag-ibig at awa sa atin. "At ito ang pag-ibig, hindi dahil minsan inibig natin ang Diyos, kundi minahal niya tayo at isinugo ang kanyang Anak upang maging pambayad sa ating mga kasalanan."[64] Iniibig ng Diyos ang lahat ng tao, nang hindi naiimpluwensiyahan ng kanilang lahi, natural na mga kakayahan, o estado dito sa lupa,at nagkakaloob ng kapatawan para sa lahat.[65] Samakatuwid, nais ng Diyos na mahalin ang lahat at maging handang magpatawad sa sinumang gumawa sa iyo ng kasamaan. Ang pagmamahal at pagpapatawad ay mga tanda ng pagiging mga anak ng Diyos.[66]

> "Nilikha mo kami para sa iyong sarili, O Panginoon, at ang aming mga puso ay naliligalig hanggang matagpuan namin ang aming kapahingahan sa iyo."
>
> - Augustine of Hippo

Ginawa tayo ng Diyos sa kaniyang wangis. Bagaman tayo'y may limitasyon, at siya ay walang limitasyon, tayo ay higit na katulad niya kaysa alinmang nilikha niya. Dinisenyo niya tayo upang makilala natin siya, at sambahin at mahalin siya. Nilikha niya tayo para sa kanyang sarili, at tulad ng ipinaaalala ni Agustin sa atin, hindi tayo makakatagpo ng kapahingahan hanggang hindi natin natatagpuan ang ating kapahingahan sa kanya. Kumpara sa Diyos, ang lahat ng bagay sa mundo ay walang halaga, at tanging siya lamang ang karapat-dapat sa ating lubos na debosyon. Imposible na makatagpo ng nananatiling kasiyahan kahit saan maliban sa Diyos lamang. Dahil sa kanyang biyaya tayo ay matutubos at makakasamba sa kanya nang higit sa anumang bagay, pagtiwalaan siya bilang ating Ama sa Langit, at gawin ang kanyang kalooban sa lahat ng bahagi ng ating mga buhay.

► Kelangan ba natin ng mga gawang simbahan at mga bagay para gamitin sa pagsamba?

### Kamalian na Iwasan: Maling Pagkaunawa sa Kahalagahan ng mga Anyo ng Pagsamba

Ang Diyos ay isang Espiritu, at sinasamba natin siya sa espiritu. Nangangahulugan iyon na ang mga gusali, kasangkapan, at mga instrumentong pangmusika ay hindi kinakailangan. Nangangahulugan iyon na maaari tayong sumamba nang walang pisikal na pagkilos tulad ng pagluhod, pag-awit o pagbabasa.

---

[62] Juan 3:16.
[63] 1 Juan 2:2.
[64] 1 Juan 4:10.
[65] Basahin Roma 2:11, Santiago 2:1-5.
[66] Basahin Mateo 5:43-45.

Subali’t ang mga anyo ng pagsamba ay mahalaga kahit ang mga ito ay hindi lubusang kinakailangan para sumamba. Dahil tayo ay mga taong may pisikal na katawan, namumuhay sa mundo, kailangan natin ng mga anyo upang ipahayag ang ating pagsamba.

Dahil nangangailangan tayo ng mga anyo, nagbigay ang Diyos ng direksiyon para sa pagsamba. Nagbigay ang Lumang Tipan ng mga direksiyon para sa pagsamba sa templo. Sa Bagong Tipan, mayroon tayong direksiyon para sa bautismo, Banal na Hapunan, pag-aawitan, pananalangin sa publiko, at pagbasa ng Kasulatan. Maging ang Biblia ay isang materyal na bagay na ginagamit natin sa pagsamba.

May mga tao na sobrang nakatuon sa isang anyo ng pagsamba. Naniniwala sila na iyon lamang ang paraan upang sambahin ang Diyos nang tama. Ang kanilang programa sa pagsamba ay hindi nagbabago, kahit pa hindi nakapagpapahayag ng totoong pagsamba ang mga tao sa anyong kanilang ginagamit.

Ang ibang mga tao ay nag-iisip na ang mga anyo ng pagsamba ay maaaring baguhin nang walang limitasyon. Kailangan nilang tandaan na kailangan natin ng mga anyo ng pagsamba upang ipahayag ang ating paggalang, pag-ibig, at pagtatalaga ng sarili sa Diyos. Kung natutupad iyon ng isang anyo, hindi ito dapat pigilin malibang mayroong mas mabuting anyo para sa parehong layunin.

### Ang Diyos ang pinakamataas ang Kapangyarihan at Pinaghaharian

*Ang susunod na bahagi ng impormasyon ay maaaring ipaliwanag ng isang miyembro ng klase.*

Taglay ng Diyos kapwa ang lubusang kapangyarihan at lubusang awtoridad. Bilang naghahari sa sanlibutan, natutupad niya ang anumang kanyang ninanais.[67]

Ginagawa niya ang lahat ng bagay ayon sa kanyang sariling kalooban, na hindi kinakailangang magpasakop sa kaninuman.[68] Anuman ang kaniyang ipasyang gawin ay tiyak na mangyayari, sapagkat walang sinumang makakapigil sa kanya at walang sitwasyon na magagawa itong imposible para sa kanya.[69] Kinokontrol niya ang bawat kilos ng mga naghahari sa lupa kailan man niya ninanais.[70]

Subali’t binigyan ng Diyos ang mga tao ng kakayahang pumili. Makakapili sila sa mga bagay na mabuti, subalit makakapili rin sila sa pagitan ng mabuti at masama. Makakapili sila kung susundin ang Diyos o susuwayin siya. Ang mismong mga unang taong kanyang nilikha ay gumawa ng tunay na pagpili na magkasala. Ang bawat tao simula noon ay gumawa na ng

---

[67] Awit 115:3, Awit 135:5-6.
[68] Efeso 1:11.
[69] Basahin Isaias 46:9-11.
[70] Genesis 50:20, Mga Gawa 4:27-28.

mga pagpili, at bagaman may mga gumawa ng mabubuting pagpili, ang lahat rin ay nagkasala.

Kung ang Diyos ay Panginoon sa lahat, paano niya tinutupad ang kanyang kalooban sa mundo kung saan bilyong bilang ng mga nilalang ang gumagawa ng sariling mga pagpili?

Kalooban ng Diyos na mayroon siyang mga nilikha na gumagawa ng mga tunay na pagpili. Ang ibig sabihin hindi niya gagawin ang lahat ng pagpili para sa kanila. Ang ibig sabihin din nito na mayroong tunay na mga bunga/resulta ang anumang kanilang ginagawa; kung hindi, hindi sila gagawa ng mga tunay na pagpili. Kung sa anumang paraan ay kinokontrol ng Diyos ang mga resulta ng mga ginagawa ng isang tao upang walang mangyayaring masama, sa gayun inaalis niya sa taong iyon ang posibilidad na pumili ng masama.

Ang katarungan ng Diyos ay tunay na katarungan, dahil hahatulan niya ang mga tao para sa kanilang boluntaryong mga gawa.[71] Kung kinokontrol ng Diyos ang lahat ng kilos, hindi magkakaroon ng kahulugan para sa kanya na magbigay ng parusa at gantimpala.

Ninanais ng Diyos na piliin ng tao kung ano ang tama, subalit higit sa lahat ninanais niyang gumawa sila ng nga tunay na pagpili. Iyon ang dahilan kung bakit ganito ang kalagayan ng mundo. Ang mundo ay isang complicated mixture ng mabubuting bagay mula sa Diyos, ang mga resulta ng mabubuting kilos ng mga tao, ang mga resulta ng masasamang kilos ng mga tao, at ang mabuti na ginagawa ng Diyos kahit mula sa masasamang ginagawa ng tao.

Nakikita natin ang mga prayoridad ng Diyos sa plano ng kaligtasan. Iniaalok Niya ang kaligtasan sa lahat at ninanais na ang lahat ay maligtas. Binibigyan niya ang bawat tao ng kapangyarihang tumugon sa ebanghelyo, subali't hindi ipinipilit ang tugon. Kaya't ang mga paanyaya at paghikayat ay ginamit sa kabuuan ng Kasulatan.[72] Nag-aalok ang Diyos sa mga tao ng pagpipilian at inilalarawan sa kanila ang magiging bunga/resulta nito.

Ipinapangaral natin ang ebanghelyo nang may buong pagtitiwala na ang bawat tao ay maaaring maligtas. Ang ating misyon ay makipagtulungan sa Banal na Espiritu sa paghikayat sa mga tao na magpasakop sa Diyos.[73]

*Dapat basahin nang sama-sama ng klase ang "Pagpapahayag ng mga Paniniwala" nang hindi bababa sa dalawang beses.*

### Pagpapahayag ng mga Paniniwala

Mayroong isang Diyos, na lumikha ng sanlibutan at Panginoon ng lahat. Siya ay walang hanggan, hindi nagbabagong Espiritu. Siya ay lubos na makapangyarihan sa lahat, lubos na nalalaman ang lahat, at nasa lahat ng lugar. Siya ay lubusang banal sa kanyang

---

[71] Basahin Pahayag 20:12-13.
[72] Isaias 1:18, Josue 24:15, Pahayag 3:20, Isaias 55:1, Deuteronomio 30:15, 19, Ezekiel 18:31.
[73] Basahin 2 Corinto 5:11.

katangian at matuwid sa lahat niyang ginagawa. Pinagpapala niya ang kanyang sannilikha at minamahal ang bawat tao, nag-aalok ng kapatawaran at pakikipagrelasyon sa kanya.

## Leksyon 2 Takdang Aralin

(1) Ang bawat mag-aaral ay dapat atasan ng isa sa mga talatang nakalista sa ibaba. Bago ang susunod na sesyon sa klase, dapat niyang basahin ang talata at sumulat ng isang taludtod tungkol sa sinasabi nito tungkol sa paksa ng leksyong ito.

Para sa Talatang Takdang-Leksyon.

- Isaias 46,
- Kawikaan 9:10,
- Awit 139:1-4,
- Pahayag 4:9-11,
- Jonas 1:3

(2) Dapat paalalahanan ang mga mag-aaral na hindi bababa sa pitong beses, ang bawat mag-aaral ay dapat magturo ng isang leksyon o bahagi ng isang leksyon sa mga taong hindi kabilang sa klase. Dapat iulat ng mag-aaral sa lider ng klase ang bawat pagkakataon na magtuturo para sa takdang-leksyon.

**Leksyon 2 Mga Tanong Para sa Pag-aaral**

(1) Ano ang pinakamahalagang katangian ng tao?

(2) Ano ang pinakaseryosong posibleng pagkakamali?

(3) Ano ang unang leksyon ng Kasulatan tungkol sa Diyos?

(4) Banggitin ang katangian ng Diyos na tumutugma sa bawat pangungusap:

- Hindi natin mailalarawan ang hitsura ng Diyos.
- Ang Diyos ay laging umiiral.
- Ang Diyos ay hindi isang lakas na hindi persona.
- Ang kalikasan ng Diyos ay mananatili.
- Magagawa ng Diyos ang anumang naisin niya.
- Nakikita ng Diyos ang lahat ng bagay.
- Isinugo ng Diyos ang kanyang Anak upang tayo'y magkamit ng biyaya.
- May tatlong persona sa kalikasan ng Diyos.
- Ang Diyos ay may ganap na pagkaperpektong moral.
- Ang mga ginagawa ng Diyos ay laging pantay at makatarungan.

# Leksyon 3
# Ang Trinidad

## Mga Layunin ng Leksyon

Pagkatapos ng leksyon ito, dapat nauunawaan at maipapaliwanag ng mag-aaral:

(1) Kung paanong ang sanlibutan ay isang paglalarawan ng kalikasan ng Trinidad.

(2) Ang biblikal na pundasyon para sa katuroan ng Trinidad.

(3) Bakit ang katuroan ng Trinidad ay isang pundasyon ng ebanghelyo.

(4) Ang istruktura ng mga relasyon sa loob ng Trinidad.

(5) Paano nagbibigay ng halimbawa ang Trinidad para sa mga relasyon ng tao.

(6) Paanong ang ating paniniwala sa Trinidad ay gumagabay sa ating pagsamba.

(7) Isang pahayag ng paniniwalang Kristiyano tungkol sa Trinidad.

Isa sa mga praktikal na layunin ng leksyong ito ay maiwasan ng mag-aaral ang mga karaniwang pagkakamali ng mga tao sa kanilang pagsisikap na ipaliwanag ang Trinidad.


## Panimula

*Pagkatapos kumuha ng isang pagsusulit sa naunang leksyon, gamitin ang mga layunin sa leksyong iyon upang magtanong para sa pagbabalik-aral. Pagkatapos, pumunta sa talatang babasahin sa ibaba.*

*Basahin nang sama-sama ang Juan 14. Talakayin kung paano ipinapakita ng talatang ito na ang Diyos ay isang Trinidad.*

Maraming tao ang nalilito sa katuroan ng Trinidad dahil sinasabi nito na tatlo ang Diyos sa isang kahulugan, gayunman ay iisa sa ibang kahulugan.

Subalit kapag tiningnan natin ang sanlibutan makikita natin ang isa pang halimbawa ng tatlo ngunit iisa. Ang sanlibutan ay may tatlong aspeto –space, panahon at matter. Kung wala ang alinman sa tatlong ito, walang sanlibutan.





Ang bawat isa sa tatlong ito ay binubuo rin ng tatlong aspeto.


Ang **space** ay binubuo ng haba, luwang, at kapal –tatlo ngunit iisa. Kung wala ang alinman sa tatlong dimensiyong ito, walang space.

Ang **time** o panahon ay binubuo ng nakaraan, kasalukuyan at hinaharap –tatlo nguni't isa. Kung wala ang alinman sa mga aspetong ito, walang time/panahon.

Ang **matter** ay binubuo ng *enerhiya* dahil sa *pagkilos* na nagbubunga ng *pangyayari* —tatlo ngunit iisa.Kung walang enerhiya, walang pagkilos o pangyayari. Kung walang pagkilos, walang enerhiya o phenomena/pangyayari. Kung walang pangyayari, iyon ay dahil walang enerhiya o pagkilos.




Ang sanlibutan ay tila idinesenyo sa pattern ng tatlo-sa-iisa. Marahil sinadya ng Diyos na bigyan ang sanlibutan ng disenyo na naglalarawan ng kanyang sariling kalikasan.




Kaya't ano ang itinuturo ng Biblia tungkol sa Trinidad? Malinaw na pinatototohanan nito ang pag-iral ng *tatlon*g magkakabukod na Persona na lahat ay tinukoy bilang ang nag-iisang Diyos ng sanlibutan. Ito ay hindi pagsasalungatan dahil hindi natin sinasabi na ang Diyos ay kapwa isang persona at tatlong persona. Hindi rin natin sinasabi na ang Diyos ay kapwa isang Diyos at tatlong Diyos. Sinasabi natin na ang Diyos ay iisa sa katangian (essence) at tatlo sa persona. Kung paanong ang sanlibutan ay umiiral bilang space, time at matter, ang nag-iisang Diyos ay umiiral bilang ang Ama, ang Anak at ang Banal na Espiritu.

**Ang Biblikal na Ebidensiya Para sa Trinidad**

**Pahayag 1: Mayroon lamang iisang Diyos.**

"Pakinggan mo, O Israel, ang Panginoong ating Diyos ang Nag-iisang Panginoon." (Deut. 6:4).

"Dahil Ako ang Diyos, at wala nang iba; Ako ang Diyos, at walang sinumang katulad Ko" (Isaias 46:9)

**Pahayag 2**: **Ang Ama, ang Anak, at ang Banal na Espiritu ay pare-parehong tinutukoy bilang Diyos sa Kasulatan**

"Ang Diyos Ama" (Gal. 1:1).

"Ang Salita ay Diyos… ang Salita ay naging tao" (Juan 1:1, 14).

"Bakit pinuno ni Satanas ang iyong puso upang magsinungaling sa Banal na Espiritu?...Hindi ka nagsinungaling sa tao kundi sa Diyos." (Mga Gawa 5:3-4)

**Pahayag 3: Ang tatlong ito ay nakikipag-ugnayan sa isa't-isa at sa mundo bilang magkakahiwalay na mga Persona.**

► Paano natin malalaman na sila ay tatlong persona at hindi isa lamang na may iba't-ibang tungkulin?

Sa Marcos 1:10-11, Sa Marcos 1:10-11, binautismuhan si Hesus, ang Banal na Espiritu ay bumaba na tulad sa isang kalapati, at isang tinig mula sa Langit ang nagsabi, "Ikaw ang aking minamahal na Anak, na lubos kong kinalulugdan." Nakita natin dito ang Ama, ang Anak, at ang Banal na Espiritu ay hindi maaaring iisang persona; sila ay kumikilos sa magkakaibang tungkulin nang sabay-sabay.

Malapit sa katapusan ng kanyang ministeryo, sinabi ni Hesus na hihilingin niya sa Ama na isugo sa atin ang "*isa pang* Gabay/Katulong" –ang Banal na Espiritu (Juan 15:26). Nakikita ba ninyo ang tatlong magkakabukod na persona sa kahilingang ito?


Kung babasahin ninyo ang kabuuan ng Juan 14-17, makikita ninyo ang maraming reperensiya sap ag-uugnayan ng Ama, ng Anak at ng Espiritu Santo.

**Pangwakas: Ang nag-iisang tunay ng Diyos ng Biblia ay naghayag ng kanyang sarili na umiiral sa tatlong magkakabukod na persona: Ang Ama, ang Anak at ang Banal na Espiritu. Iisa lamang ang kalikasan ng Diyos, subali't tatlo sa persona.**

Kaya't bagaman ang salitang Trinidad ay hindi matatagpuan sa Biblia, ang katuroan ng Trinidad ay nakabatay sa malinaw na mga pangungusap sa Kasulatan.

Ang Biblikal na katuroang ito ay itinuro na ng iglesiya simula pa sa mga apostol. Nasa ibaba ang diagram na ginamit ng iglesiya sa nakalipas na mga siglo upang ilarawan ang Trinidad.

**Tradisyunal na Diagram ng Trinidad**




## Kinakailangan ang Katuroan ng Trinidad

► Bakit mahalaga kung naniniwala o hindi ang isang tao sa Trinidad?

Ang katuroan ng Trinidad ang pundasyon ng mga pangunahing katuruan na kinakailangan sa ebanghelyo. Halimbawa, ang ilan sa mga tumatanggi sa Trinidad ay tumatanggi rin na si Hesus ay Diyos. Subali't kung ang Hesus na iyong pinaniniwalaan ay hindi Diyos, sa gayun wala kang Hesus na maaaring magligtas sa iyo!

> "Ang pinagmula at dahilan ng ating pagkatubos ay ang pag-ibig ng Diyos Ama, na niloob na tayo'y tubusin sa pamamagitan ng dugo ng kanyang sarilingAnak; ang biyaya ng Anak, na malayang kinuha ang sumpa sa atin sa kanyang sarili, at ibinabahagi ang kanyang biyaya at katuwiran sa atin; at ang Banal na Espiritu, na naghahayag ng pag-ibig ng Ama at ang biyaya ng Anak sa ating ating mga puso."
>
> - John Wesley,
> "Letter to William Law"

Gayundin, kung itinatanggi natin na ang Ama, ang Anak at ang Banal na Espiritu ay magkakaibang persona, itinatanggi natin ang Diyos sa kanyang natural na pagiging persona o katangiang pangrelasyon. Halimbawa, ang Diyos ay hindi magiging isang mapagmahal na Diyos mula sa walang hanggan kung kinakailangan niyang maghintay hanggang siya ay makalikha upang mahalin niya ang sinuman. Subali't kung ang Diyos ay higit pa sa isang persona, ang mga Personang ito ay maaaring magmahal sa isa't-isa mula sa walang-hanggan. Mahalagang maniwala sa Diyos ng relasyon na ito (na umiiral sa nagbibigay-sa-sariling pagmamahal) dahil nakakaapekto ito sa paraan ng ating pakikipagrelasyon sa isa't-isa, gayundin sa Diyos.

Marahil ang pinakaseryosong bahagi ay dapat tayong sumamba sa Diyos lamang. Ang mga taong tumatanggi sa Trinidad ay karaniwang itinatanggi rin na si Hesus at ang Banal na Espiritu ay Diyos at hindi nila sila sinasamba. Ang pinakamalalang pagkakamali na maaaring magawa ng isang tao ay ang pagsamba sa sinumang hindi naman Diyos, o mabigong sumamba sa isang Diyos.

## Ang Ama, ang Anak, at ang Banal na Espiritu ay mga *Persona*ng Namumuhay sa isang Relasyon

Ang Ama, ang Anak at ang Banal na Espiritu ay nagtataglay na pagiging persona at lagging nabubuhay sa personal na relasyon sa isa't-isa. Tinatawag natin silang persona dahil sila'y nabubuhay nang may relasyon sa isa't-isa. Minamahal nila ang isa't-isa, nagbibigay sa isa't-isa, nakikipag-usap sa isa't-isa, at nabubuhay para sa isa't-isa. Nagpapakita ito na sila ay *mga Persona.*

### Istruktura sa Trinidad

Ang Ama, ang Anak, at ang Banal na Espiritu ay laging umiiral sa isang istruktura ng mga relasyon. Ang Ama ang Ulo, pagkatapos ay ang Anak, pagkatapos ay ang Espiritu. Ang tatlong walang hanggan at pantay-pantay na Persona ay may posisyon ng awtoridad na nakabatay sa kanilang relasyon sa isa't-isa. Ang istrukturang ito ng awtoridad ay nakikita sa pamilya at sa iglesiya. Tulad ng mga miyembro ng Trinidad, ang lahat ng mga miyembro ng pamilya at miyembro sa iglesiya ay may pantay ng halaga, subali't hindi nagtataglay ang lahat ng parehong posisyon ng awtoridad.

### Ang Relasyon ng Anak sa Kanyang Ama

Paano nakikipagrelasyon ang Anak sa Ama? Sinabi ni Hesus na ang Ama ay nagbigay sa kanya bilang Anak "na magkaroon ng buhay sa sarili niya," gaya ng kung paanong "ang Ama ay may buhay sa kanyang sarili."[74] Mula sa walang-hanggan ang Anak ay ang "bugtong na Anak" na ng Ama."[75] Ang Anak sa walang-hanggan ay umiiral sa kanyang sarili bilang Diyos, at parehong kalikasan sa Ama, gayunman ang kanyang pag-iral ay mula sa Ama. Sa walang-hanggan, ang Anak ay nakaugnay na sa Ama bilang Anak, at ang Ama ay nakaugnay na sa Anak bilang Ama, bagaman hindi sa pisikal na kahulugan nito.

Dahil ang Anak sa pangwalang hanggan ay kaugnay sa Ama bilang Anak, siya ay Walang-hanggang nagpapasakop sa Ama. Siya ay gumaganap sa isang subordinate na role. Kaya't sinabi ni Hesus na, "Ang aking Ama ay higit kaysa sa akin."[76]

Bagaman si Hesus ay may mas mababang posisyon ng awtoridad kaysa sa Ama, siya ay pantay sa Ama sa kanyang kalikasan bilang Diyos. Siya ay dapat sambahin at luwalhatiin sa parehong antas ng sa Ama. Sinabi ni Hesus na lahat ay dapat magparangal sa kanya "sa parehong paraan na pinararangalan nila ang Ama."[77]

### Ang Relasyon ng Banal na Espiritu sa Ama at sa Anak

Sa Juan 15:26, sinabi ni Hesus na *susuguin* niya sa atin ang Banal na Espiritu, "na *nagmumula* sa Ama." Bagaman ang Espiritu ay nagmumula sa Ama, siya ay kapantay ng Ama at ng Anak, at sa gayun ay kapantay ding dapat parangalan. Tandaan na ang pagmumula at pagsusugo ay nangyayari sa pagitan ng tatlong Persona na nabubuhay sa mapagmahal na relasyon sa isa't-isa.

### Pagpapasakop nang Hindi Nagiging Mas Mababa

Sinabi ni Hesus na "Ako at ang Ama ay iisa," nang siya'y magsalita tungkol sa kanilang magkatulad na kalikasan, gayunman sinabi niyang lagi niyang sinusunod ang Ama.

Ang awtoridad at pagpapasakop sa Trinidad ay hindi nangangahulugan na ang isang miyembro ay mas mahalaga kaysa sa isa pa. Ang awtoridad ay hindi nangangahulugan na ang isang miyembro ay mas higit sa kalikasan kaysa sa iba.

Nakikita natin ang mga ilustrasyon ng awtoridad at pagkakapantay sa buhay ng mga tao. Ang mga miyembro ng isang pamilya ay pantay-pantay sa kalikasan bilang tao, at lahat sila ay pantay-pantay sa kahalagahan bilang mga tao sa wangis ng Diyos, gayunman ang awtoridad ay mahalaga para sa pagkilos ng isang pamilya. Gayun din ang masasabi para sa ibang posisyon sa pangungunang pantao.

---

[74] Juan 5:26.
[75] Juan 3:16.
[76] Juan 14:28.
[77] Juan 5:23.

**Pag-iingat sa Pagkakaisa ng Diyos**

Ang tatlong persona ng Trinidad ay hindi dapat isipin na hiwa-hiwalay ng mga indibidwal. Ang pagkakaisa ng kanilang kakanyahan ay nangangahulugan na sila ay nagtataglay ng parehong katangian (essence) *at* ang tatlong persona ay sumasanib sa isa't-isa, nananahan sa isa't-isa, at ibinabahagi ang mga katangian sa isa't-isa. Ang Ama, ang Anak, at ang Banal na Espiritu ay nakararanas ng pananahan ng isa't-isa sa isa't-isa sa paraang hindi magagawa ng mga tao.

Tayong mga tao ay mga persona *at* indibiduwal na nilalang. Ang Diyos ay tatlong persona, gayun man ay iisa lamang nilalang. Upang makatulong sa pagprotekta ng konseptong Biblikal tungkol sa pagkakaisa ng Diyos, hindi natin tinutukoy ang mga miyembro ng Trinidad bilang hiwa-hiwalay, subali't bukod-bukod. Hindi tayo nagsasalita tungkol sa kanila bilang tao, kundi bilang mga persona.

**Isinasalamin Natin ang Pagiging Persona at Relasyon ng Diyos**

Nilikha tayo ng Diyos sa kanyang wangis bilang mga tao—nagtataglay ng kakayahang nakipag-ugnayan sa isa't-isa at sa Diyos. Mayroon tayong pag-iisip, kalooban at damdamin para sa layuning makipagrelasyon.

**Kung Isa-isa Tayo ay Hindi Kumpleto**

Matapos likhain ng Diyos si Adan, sinabi niya, "Hindi mabuti na ang lalaki ay mag-isa."[78] Pagkatapos nilikha niya si Eba. Hindi kumpleto si Adan kung wala si Eba dahil, kung wala siya, walang ibang nilalang si Adan na maaari siyang makipag-ugnayan. Ang totoo, isang kasulatan ang nagpahiwatig na si Adan at Eba na magkasama ay sumalamin sa imahen ng Diyos: "Kaya't nilikha ng Diyos ang tao sa kanyang wangis, sa wangis ng Diyos nilikha niya sila, lalaki at babae."[79] Tila may isang bagay sa relasyon nina Adan at Eba na kapag sila'y magkasama ay sumasalamin sa wangis ng Diyos. Ito'y higit pa kaysa taglay ni Adan sa kanyang sarili. Isipin kung ano ang kahulugan nito sa atin. Tayo rin ay hindi gumaganap bilang buong tao maliban tayo'y may relasyon naman sa iba, tulad ng mga Persona ng Trinidad. Hindi nangangahulugan ito na kailangan nating magkaroon ng asawa (sa langit, walang sinuman ang may asawa gayun man mananatili tayong mga persona), subali't kailangan nating makipag-ugnayan sa iba.

**Pagkokonekta Upang Isalamin ang Wangis ng Diyos**

Mayroong nakakamanghang paghahambing sa pagitan ng kalikasan ng Diyos at ng kalikasan ng iglesiya. Sa loob ng dalawang ito, sa Diyos at sa iglesiya, mayroong pagkakaisa at pagkakaiba-iba. Ayon sa 1 Corinto 12, ang katawan ni Kristo ay isang pagkakaisa na binubuo ng maraming bahagi na gumaganap nang sama-sama para sa isang layunin.

---

[78] Genesis 2:18.
[79] Genesis 1:27.

Nakikita ba ninyo kung paano ang katawan ni Kristo ay sumasalamin sa wangis ng Diyos? Inaasahan ni Apostol Pablo na ang lahat ng iba't-ibang miyembro ng iglesiya ay lalagong sama-sama bilang isa kay Kristo. Idinalangin ni Pablo na tayo ay:

"Lalago sa lahat ng bagay sa Kanya na siyang ulo—si Kristo-kung saan ang buong katawan, sama-sama at hinabi nang sama-sama ng anumang ibinibigay ng mga kasu-kasuan, ayon sa epektibong pagtatrabaho kung saan ang bawat bahagi ay ginagawa ang kanyang bahagi, nagsisimula ang paglago ng katawan para sa pagpapatibay sa kanyang sarili sa pag-ibig."[80]

Ang talatang ito ay nangangahulugan na tayong lahat ay dapat gumamit ng ating mga kaloob at kakayahan upang tumulong sa isa't-isa na sama-samang lumago sa pagkakaisa kay Kristo. Kalooban ng Diyos na tayong lahat ay sumalamin sa kanyang likas na pakikipagrelasyon sa pamamagitan ng personal na pagtulong sa iba na lumago sa biyaya. Ang paglagong espirituwal ay nangyayari sa komunidad, sa malapitang, pakikipagkaisa sa ibang mga mananampalataya. Ito ay sumasalamin sa kalikasang panlipunan ng Diyos.

Kung ang mga miyembro ng Trinidad sa walang-hanggan ay nabuhay na sa nagbibigay-sa-sariling pagmamahal para sa isa't-isa, tayo rin ay dapat mamuhay sa mapagmahal na relasyon sa iba. Tayo ay nilikha sa wangis ng Diyos bilang mga nakikisama, nakikipagrelasyong mga nilalang, kaya't dapat tayong mag-pukos sa iba sa halip na sa ating mga sarili. Dapat nating bigyang diin ang komunidad nang higit sa ating sarili. Pagpapalain tayo ng Diyos habang sinisikap nating isalamin ang kanyang tatlong bahaging (triune) imahen sa ating mga relasyon sa iba.

## Pagsamba sa Trinidad

Ang pagsamba sa Trinidad ay kumikilala na lumalapit tayo sa Ama sa tulong ng Espiritu at batay sa pambayad sa kasalanang gawa ng Anak. Bilang mga mananampalatayang naniniwala sa Trinidad, tayo ay mananalangin sa Ama, sa Espiritu, sa pamamagitan ng Anak.

Isang mahalagang layunin ng pagsamba ay upang makapasok tayo sa relasyon ng pagmamahal na taglay ng mga miyembro ng Trinidad para sa isa't-isa. Isipin ninyo ang pag-ibig na umiiral sa pagitan ng Ama at ng Anak. Isipin ninyo ang ginawa ni Kristo sa krus upang maranasan natin ang pag-ibig na iyon. Ang Ama at ang Anak ay nabubuhay sa kahanga-hangang pagkakaisa sa isa't-isa, at dahil sa pambayad utang na ginawa ng Anak, ang Banal na Espiritu ay nakakatulong sa atin na sumali sa mainit na relasyong iyon ng pagmamahalan.

Bilang mga mananampalataya sa Trinidad, hindi lamang tayo sa Ama nananalangin, sa Espiritu, sa pamamagitan ng Anak, kundi tayo'y nananalangin sa Ama, sa Anak at sa Espiritu. Ang bawat miyembro ng Trinidad ay dapat igalang, luwalahatiin sa salita, dahil lahat sila ay Diyos, at dapat pantay-pantay na parangalan.Ang pagsamba sa Trinidad ay

[80] Efeso 4:15-16.

pantay na nagbibigay luwalhati sa bawat miyembro ng Trinidad. Kinikilala natin ang gapanin na ginagampanan ng bawat isa sa ating kaligtasan.

"Makapangyarihan at walang-hanggang Diyos,
Binigyan mo kaming iyong mga alipin ng biyaya
Sa pagpapahayag ng isang tunay na pananampalataya
Upang kilalanin ang kaluwalhatian ng Walang-hanggang Trinidad,
At sa kapangyarihan ng katas-taasang Diyos (divine Majesty),
Upang sambahin ang pagkakaisa.
Panatilihin Mo kaming matibay sa pananampalatayang ito,
Upang kami'y habang panahong ipagtanggol mula sa mga kaaway:
Sa pamamagitan ni Kristo Hesus na aming Panginoon,
Na nabubuhay at naghaharing kasama mo at ang Banal na Espiritu,
Iisang Diyos, ngayon at magpasawalanghanggan. Amen."[81]

*Ang sumusunod na bahagi ng impormasyon ay maaaring ipaliwanag ng isang miyembro ng klase.*

## Mga Pagkakamaling Dapat Iwasan: Mga Teoriya Tungkol sa Trinidad

Hindi natin nauunawaan kung bakit ang isang buto ay tumutubo sa lupa, o kung paano gumagana ang utak, o kung paano ang mga puwersa ay nagpapanatili sa mga bituin sa kanilang mga lugar. Inoobserbahan ng mga siyentipiko ang mga nangyayari, subali't hindi nila maipaliwanag kung bakit at paano ito nangyayari. Hindi tama na tanggihan ng isang tao ang katuroan ng Trinidad dahil lamang sa hindi niya ito lubusang maipaliwanag. Ang bawat katuroan tungkol sa Diyos ay lampas sa ating mga paliwanag. Halimbawa, walang sinumang makapagpapaliwanag kung paanong ang Diyos ay nasa lahat ng lugar at nalalaman ang lahat ng bagay. Ang mga katotohanan ng Trinidad ay hindi illohikal, subali't ang mga ito ay higit/lampas sa karanasan at paliwanag ng tao. Ang isda sa dagat, kahit na siya ay matalino, kailanman ay hindi mauunawaan kung paano ba maging isang tao, kahit pa ipaliwanag sa kanya ito.

Ang katotohanan ng Trinidad ay mayroong isang Diyos na umiiral sa tatlong persona na pare-pareho sa kalikasan at pantay-pantay sa pagiging Diyos. Sinikap ng mga taong ipaliwanag iyon, subali't madalas na nawawala sa kanila ang mahalagang parte nito. Nasa ibaba ang ilang halimbawa ng mga pagkakamali. Ang bawat pagkakamali ay tinatawag sa isang pangalan, subalit ang mga ito ay naituro na sa maraming iba't-ibang pangalan.

---

[81] *Book of Common Prayer.*

Modalism ay ang ideya na ang Diyos ay tunay na isang persona na kumuha ng iba't-ibang gampanin. Sa teoriyang ito, sa Langit ang Diyos ay ang Ama, sa lupa siya si Hesus, at ngayon nagsasalita siya sa ating bilang ang Banal na Espiritu. Subali't sa kabuuan ng Juan 14-16, ang mag salita ni Hesus ay naglalarawan sa interaksiyon Niya, ng Ama, at ng Banal na Espiritu. Ang paglalarawang ito ay hindi magkakaroon ng kahulugan kung sila ay hindi tatlong magkakabukod na persona.

Tritheism ay ang ideya na ang Ama, ang Anak, at ang Banal na Espiritu ay magkakahiwa-hiwalay sa bawat isa. Sa teoriyang ito, maaari ring magkaroon ng pagkakaiba-iba sa kanilang kalikasan. Halimbawa, maaaring ang Ama ang nagnanais na humatol, subalit ang Anak ang nagnanais na magpakita ng awa. Sumasalungat ang ideyang ito sa katuroan sa Biblia na mayroon lamang iisang Diyos.

Subordinationalism ay ang ideya na ang isang persona sa Trinidad ay mas mababa sa isa pa. Ang isang taong naniniwala sa ideyang ito ay nag-iisip na ang Ama ang siyang Diyos, at ang Anak at ang Banal na Espiritu ay mas mababang nilikha. Maaari niyang itanggi ang pagiging persona ng Banal na Espiritu, at isipin ang Anak bilang isang natatanging tao na ginamit ng Diyos. Ang pagkakamaling ito ang pumipigil sa mga tao upang hindi sambahin ang Anak at ang Banal na Espiritu bilang Diyos, at sa gayun magbubunga ng maling ebanghelyo.

## Pagpapahayag ng mga Paniniwala

*Dapat basahin ng sama-sama ng klase ang "Pagpapahayag ng mga Paniniwala" nang hindi bababa sa dalawang beses.*

### Pagpapahayag ng mga Paniniwala

Ang Diyos ay isang Trinidad, isang Diyos sa tatlong persona, ang Ama, ang Anak, at ang Banal na Espiritu. Ang tatlo ay magkakaiba ng gampanin, subalit pare-pareho sa kalikasan at pantay-pantay sa mga katangian ng pagiging Diyos at karapat-dapat sambahin.

## Leksyon 3 Takdang Aralin

(1) Dapat atasan ang bawat mag-aaral ng isa sa mga talatang nakalista sa ibaba. Bago ang susunod na sesyon sa klase, dapat niyang basahin ang talata at sumulat ng taludtod tungkol sa sinasabi nito tungkol sa paksa ng leksyong ito.

Para sa Talatang Takdang-Leksyon:

- Hebreo 1:1-3, 8,
- Colosas 1:12-19,
- Efeso 1:17-23,
- Juan 15:26,
- Juan 17:1-5

(2) Dapat ipaalala sa mga mag-aaral na sa kabuuan ng kursong ito, ang bawat isa ay dapat magturo ng pitong beses ng isang leksyon o bahagi ng isang leksyon sa mga taong hindi kabilang sa klase. Dapat iulat ng mag-aaral sa lider ng klase ang bawat pagkakataon na siya ay nagturo para sa takdang leksyon.

## Leksyon 3 Mga Tanong Para sa Pag-aaral

(1) Paano inilalarawan ng sanlibutan ang kalikasan ng Diyos?

(2) Ano ang tatlong pahayag ng Biblia ang pundasyon para sa katuroan ng Trinidad?

(3) Ano ang istruktura ng mga relasyon sa loob ng Trinidad?

(4) Ano ang ilang relasyon ng mga tao na dapat sumalamin sa mga relasyon ng Trinidad?

(5) Ano ang kahulugan ng pagsamba bilang Trinitarian?

(6) Ano ang pagkakamali ng modalism?

(7) Ano ang pagkakamali ng tritheism?

(8) Ano ang pagkakamali ng subordinationalism?

# Leksyon 4
# Ang Sangkatauhan

## Mga Layunin ng Leksyon

(1) Kapag natapos ang Leksyong ito, dapat nauunawaan at maipapaliwanag ng mag-aaral:

- Paano natin nalalaman na ang wangis ng Diyos sa sangkatauhan ay hindi pisikal na pagkakatulad.
- Walong katangian ng imahen ng Diyos sa sangkatauhan.
- Na ang mga tao ay espesyal na dinisenyo para sa relasyon sa Diyos.
- Ang paraan kung paano ang tao ay may malayang kalooban.
- Na ang mga tao ay may Walang-hanggang kahalagahan higit pa sa kanilang praktikal na halaga sa buhay sa daigdig.
- Isang pagpapahayag ng Kristiyanong paniniwala tungkol sa sangkatauhan.

(2) Isa sa mga praktikal na layunin ng leksyong ito ay ang maunawaan ng mag-aaral na hindi siya maaaring magkaroon ng lubos na kasiyahan bilang isang tao kung wala siyang relasyon sa Diyos.

## Panimula

Pagkatapos kumuha ng pagsusulit sa naunang leksyon, gamitin ang mga layunin ng leksyon iyon upang magbalik-aral. Pagkatapos, pumunta sa babasahing talata sa ibaba.

► Sama-samang basahin ang Awit 8. Ano ang sinasabi sa atin ng talatang ito tungkol sa tao?

► Ano ang mga bagay na magkakapareho tungkol sa bawat tao sa mundo?

Isipin natin kung ano ang nagbibigay sa atin ng ating pagkakakilanlan. Ano ang ibig sabihin ng maging isang tao?

Magsisimula tayo sa Genesis 1:26. Mababasa natin doon: "Pagkatapos sinabi ng Diyos, 'Lalangin natin ang tao sa ating imahen, ayon sa ating wangis." Malinaw na mayroong bagay na espesyal tungkol sa pagiging bahagi ng pamilya ng tao.

Mayroong isang bagay tungkol sa ating kalikasan na katulad ng Diyos. Hindi tayo Diyos, subali't may isang bagay na naghihiwalay sa atin mula sa lahat ng mga nasa mundo ng mga hayop at tayo'y nagiging katangi-tangi. Sa Awit 8:5, nagagalak ang sumulat dahil nilikha tayo nang "mas mababa ng kaunti sa mga anghel" at tayo'y "kinoronahan ng kaluwalhatian at karangalan."

Binigyan ng Diyos ng espesyal na tungkulin ang mga tao upang pamahalaan ang mundo at ang mga nilalang na naninirahan dito.[82] Ang mga tao ay inaaasahang maingat na pamahalaan ang mundo upang maiwasan ang pagkawala ng mga nabubuhay na species, gamitin ng matalino ang mga resources, at lisanin ang mundo sa mabuting kalagayan para sa susunod na mga henerasyon.

Ang mataas na pananaw na ito sa sangkataunan ay tiyak na mabuti para sa ating paggalang sa sarili kaysa sa katuroan ng ebolusyon! Sa ebolusyon, walang espesyal na kahalagahan sa buhay ng tao, walang layunin, walang kahulugan, walang espesyal tungkol sa pagiging isang tao.

Ayon sa ilang mga sinaunang kuwento, ang mga tao ay aksidenteng nalikha, na walang layunin, at hindi minamahal ng sinumang manlilikha. Subali't itinuturo ng Kasulatan na tayo ay isang espesyal na nilikha sa "wangis ng Diyos." Ano ang kahulugan noon?

► Paano natin nalalaman na ang imahen ng Diyos sa tao ay hindi nangangahulugan ng pisikal na pagkatulad?

Ang imahen ng Diyos sa tao ay hindi nangangahulugan ng pisikal na pagkakatulad.

**(1) Ang Diyos ay espiritu.** Napagtanto ni Solomon na ang Dios ay hindi kakasya maging sa buong langit at lupa man.[83] Maaaring ipakita ng Diyos ang kanyang sarili sa anumang anyo na naisin niya, subali't walang isang anyo na maaari nating sabihing iyon ang hitsura ng Diyos. Iyon ang dahilan kung bakit hindi tayo dapat gumawa ng mga imahen ng Diyos upang sambahin. Kahit

**(2) ang gumawa ng mga imahen niya na mukhang tao ay tinawag na pagsamba sa Diyos-Diyosan sa Biblia.[84]**

**(3) Ang tao ay pisikal na nakadisenyo upang mabuhay sa mundo**, na may mga paa upang makalakad, mga kamay upang ikilos ang mga bagay, at paningin at pandinig para pakiramdam ang paligid. Nilikha tayo ng Diyos sa isang disenyo na nagbibigay kakayahan sa atin para sa buhay sa mundo. Subali't nabubuhay ang Diyos sa buong sanlibutan, makakalikha at makakapagkilos ng mga bagay sa pamamagitan lamang ng kanyang Salita, at hindi nagtataglay ng mga alinman sa ating mga limitasyon. Walang dahilan upang isipin natin na siya ay nagtataglay ng pisikal na anyo ng tao.

Kinuha ng Anak ng Diyos ang kumpletong pagkakatulad sa tao nang siya'y magkatawang-tao, na siyang pinakadakilang karangalan na maaaring isipin para sa sangkatauhan.

Matagal na pinag-isipan ng mga teologo kung ano ang kahulugan ng ang tao ay nasa wangis ng Diyos at karamihan ay nagkakaisa sa mga sususunod na mga katangian.

---

[82] Basahin Genesis 1:26, Awit 8:5-6.
[83] 1 Mga Hari 8:27.
[84] Basahin Roma 1:23.

## Mga Elemento ng Imahen ng Diyos na Ibinigay sa Sangkatauhan

► Ano ang ilan sa mga katangian ng tao na sumasalamin sa imahen ng Diyos?

**Malikhaing kaisipan**

Tayo ay mayroong malikhaing kaisipan (creative instinct) na nagmumula sa imahen ng Diyos sa ating loob. Nilikha tayo ng ating Manlilikha upang maging malikhain! Kung minsan ang mga hayop ay sinasanay upang gumawa ng mga marka na tinatawag ng mga tao na sining. Subali't iyon napakaiba sa sining na nililikha ng isang tao na nagpapahayag ng isang ideya. Natagpuan sa mga kuweba ang mga sinaunang mga drawing. Wala tayong maraming nalalaman tungkol sa mga taong gumuhit ng mga iyon, subali't walang sinumang nagdududa na ang mga iyon ay ginawa ng mga tao at hindi ng mga hayop.

Ipinapakita rin ang pagiging malikhain sa musika. Ang musika ay nagtataglay ng kamangha-manghang kakayahan upang ipahiwatig ang ating mga iniisip at nadarama. Ang kakayahang ipahayag ang ating mga ideya sa pamamagitan ng musika ay nagmumula rin sa imahen ng Diyos sa ating kalooban.

**Abilidad na mag-isip**

Ang abilidad na mag-isip ay isa pang "tulad-Diyos" na kakayahan. Totoo na ang mga hayop ay mayroon ding utak, subali't mula sa lahat ng ating masasabi, ang "gawain ng utak" ng mga hayop ay hindi tataas pa sa level ng simpleng instinto (instinct) at sapantaha (intuition). Tanging ang mga tao ang may kakayahang magsuri, magbigay-halaga, magbigay ng kuro-kuro, magbulay-bulay at pagkatapos ay makipagtalastasan nang may paghihikayat.

Hindi lamang tayo nakakapag-isip, nakakapag-isip tayo tungkol sa pag-iisip. Maaari nating suriin ang mga proseso ng pag-iisip. Hindi lamang tayo nakakapag-isip sa makatwirang paraan, makakapag-isip tayo tungkol sa pagiging makatwiran.

**Abilidad na makipagtalastasan**

Ang mga tao ay may abilidad na makipagtalastasan. Ito ay ipinapakita sa paggamit ng lengguwahe, kung saan ang mga ideya ay inilalagay sa mga tunog at simbolo na nauunawaan ng ibang tao. Ang mga hayop tulad ng aso at mga ibon ay maaaring "magcommunicate" sa pamamagitan ng mga tunog/huni, subali't walang malapit sa pagiging kumplikado ng lengguwahe ng tao ang nalalaman sa mga hayop. Ang mga hayop ay may paraan ng pagbabanta sa iba, pag-angkin sa teritoryo, o pagbabahagi ng pagkain, subalit wala silang mga pagtatalakayan tungkol sa kahulugan ng buhay.

Ang kakayahang makipagtalastasan ay nakadepende sa kakayahang mag-isip at mangatwiran. Hindi nakapagsasalita ang mga hayop, subali't kahit pa magawa nila iyon, hindi ganoon karami ang kanilang masasabi.

**Kalikasang panlipunan**.

Ang tao ay may kalikasang panlipunan. Tayo ay nakadisenyo na makipag-ugnayan sa ibang tao, gumagawa ng mga pangako sa ibang tao, at umaasa sa ibang tao. Nagsisimula ang ating buhay na lubos na umaasa sa iba, at kinakailangan ng maraming taon bago ang isang bata ay maging isang matanda (adult). Ito ay dahil mahalaga sa Diyos ang mga relasyon. Dinisenyo rin ng Diyos ang buhay ng tao upang ang mga tao ay sama-samang magtrabaho at magpanatili ng mga relasyon upang matugunan ang kanilang pang-araw-araw na pangangailangan. Kahit pa makakakuha ang isang tao ng mga bagay tulad ng pagkain at tirahan nang walang tulong mula kaninuman, mayroon siyang mahahalagang pangangailangan na matutugunan lamang sa pakikipagrelasyon sa iba. Ang katangiang panlipunan ay isang pagsasalamin ng kalikasan ng Diyos. Ang Diyos ay isang Trinidad, at magpawalanghanggang may relasyon sa kanyang kalikasan.

> Nilikha ang tao sa imahen ng Diyos, banal tulad ng lumikha sa kanya ay banal. Tulad ng Diyos ay pag-ibig, gayun din ang tao, nabubuhay sa pag-ibig, nabuhay sa Diyos, at ang Diyos sa kanya. Siya ay dalisay, tulad ng Diyos ay dalisay, mula sa anumang bahid ng kasalanan. Hindi niya alam ang anumang kasamaan, subali’t sa loob at sa labas ay walang kasalanan. “Minahal niya ang Panginoong kanyang Diyos nang buong puso,at ng buong pag-iisip, at kaluluwa, at buong lakas.”
>
> - John Wesley,
> sa sermon na may pamagat na
> “Justification by Faith”

Maraming suliranin sa mga relasyon ng tao. Dahil sa mga suliraning ito, may mga nag-iisip na kailangan nilang maging independyente. Nais nilang mamuhay nang indipendiyente. Nais nilang mamuhay nang hindi umaasa sa kaninuman. Ang mamuhay nang nag-iisa ay hindi ang solusyon at hindi ang buhay na idinesenyo ng Diyos para sa atin. Sa halip binigyan niya tayo ng mga prinsipyo para sa pamumuhay sa mga relasyon, at ang mga suliranin ay dumarating kapag hindi tayo sumusunod sa disenyo ng Diyos.

**Moral na sentido**

Tayo ay may moral na sentido na bahagi ng ating kalikasan. May isang bagay sa atin na nagsasabi na may mga kilos na tama at may mga kilos na mali.[85] Sinasabi nito sa atin kung kailan tamang sundin ang ating nais at kung kailan hindi dapat. Sina Adan at Eba ay nilikhang banal at perpektong makakasunod sa kalooban ng Diyos.

Dahil ang sangkatauhan ay nahulog sa kasalanan at nasira ang *pangunahing pang-unawa sa moralidad,* hindi lubusang tamang-tama, subali’t mayroon pa ring natitira sa kalooban ng bawat isa sa atin na kakayahang maunawaan ang konsepto ng tama at mali.

Dahil mayroon tayong moral na pakiramdam ng tama at mali, mayroon tayong damdamin ng tungkulin na gawin kung ano ang tama at may pakiramdam na *nagkasala (guilt)* kapag nakagagawa ng kasalanan. Hindi tayo katulad ng mga hayop, na sumusunod sa kanilang natural na instincts at walang sentido ng guilt.

**Malayang kalooban**

---

[85] Basahin Roma 1:20, 2:15.

Malayang kalooban (Free will), o ang abilidad na pumili, ay isang katangian ng mga tao. Sa paghahambing, ang mga pagpili ng mga hayop ay sa lebel ng pansamantalang simbuyo (impulse) at instinto (instinct). Ang mga hayop ay hindi gumagawa ng maingat, pinag-iisipang mga pasiya na isinasaalang-alang ang etika (ethics) o praktikal na resulta ng kanilang mga ikinikilos. Ang mga tao ay may kakayahang gumawa ng mga makabuluhan, at nakakabago ng buhay na mga pagpili.[86]

► Bakit mahalagang aspeto ng sangkatauhan ang malayang kalooban?

Dahil gumagawa tayo ng mga tunay na pagpili, tayo ay may pananagutan sa Diyos. Hahatulan niya ang kasalanan at gagantimpalaan ang pagiging matuwid.[87]

Dahil isinilang tayo nang may likas na pagiging makasalanan, hindi natin natural na ginagamit ang ating malayang kalooban sa paraang nagbibigay ng parangal sa Diyos. Sa kalikasan ang isang tao ay "alipin ng kasalanan,"[88] hindi nagagawa kung ano ang tama, subali't ang biyaya ng Diyos ay umaabot sa bawat tao, nagbibigay sa kanya ng pagnanais at kakayahang tumugon sa ebanghelyo. Iyon ang dahilan kung bakit magagawang piliin ng isang tao na magsisi at maniwala sa ebanghelyo.[89]

### Imortalidad

Imortalidad ay isang kinakailangang katangian ng imahen ng Diyos. May panahon na hindi tayo umiral, subali't ang bawat tao ay iiral sa habang panahon mula sa oras na siya ay isinilang. Tayo ay hindi lamang mga pisikal na nilalang, tayo rin ay mga espiritu na mabubuhay magpawalang hanggan, at kahit ang ating mga katawan ay muling bubuhayin sa isang walang-hanggang anyo.[90] Nilikha ng Diyos ang bawat isa sa atin para sa pangwalang-hanggang layunin. Ang pagiging immortal ang dahilan kung bakit ang ating mga pinipili ay pangwalang-hanggan ang halaga dahil tayo'y mabubuhay nang walang hanggan sa langit o sa impiyerno.

### Abilidad na magmahal

Ang abilidad na magmahal ay bahagi ng imahen ng Diyos. Ang ibang mga katangian ay mahalaga para sa isang ito. Sa mga hayop, ang mga relasyon ay napakalimitado, at tila kontrolado karamihan ng instinto (instinct). Hindi magiging makahulugan ang pag-ibig kung walang tayong kakayahang mag-communicate, ang kakayahang pumili at gumawa ng commitment sa mga taong minamahal niya, at ang kakayahang tumugon nang may pag-unawa kapag tayo'y tumatanggap ng pagmamahal mula sa iba.

---

[86] Basahin Josue 24:15.
[87] Pahayag 20:12-13.
[88] Basahin Roma 6:16-17, Efeso 2:1-3.
[89] Basahin Marcos 1:15.
[90] Basahin 1 Corinto 15:16-22, 52-54.

Ang pagmamahal ng tao ay ipinapahayag nang may tuwa mula sa mga relasyon, paggawa at pagtupad sa mga pangako, sakrispisyong pagkakaloob at paglilingkod, at pagpapatawad. Ang lahat ng ito ay mga pagpapahayag din ng pag-ibig ng Diyos.

**Kakayahang para sa pagsamba**

Isang napakahalagang katangian ay ang ating kakayahang para sa pagsamba. Isipin ninyo ang inyong mga paboritong himno o koro sa pagsamba. Inaawit natin ang "Our God Is an Awesome God." Ang "How Great Thou Art" ay isang walang-hanggang himno ng matinding pagsamba. Sinabi ng Salmista, "Bless the Lord, O my soul! And all that is within me, bless His holy name!"[91] Ang mga ekspresyon na ito, at libo-libo pang katulad ng mga ito, ay posible lamang dahil may isang bagay sa ating kalooban na tinatawag na "ang imahen ng Diyos" ay kumikilala at tumutugon sa kahanga-hangang Diyos. Sa kanyang imahen tayo'y nilikha!

## Ang Layunin ng Imahen ng Diyos sa Sangkatauhan

Ito ay mabuti na tumigil at isipin kung bakit ginawa tayo ng Diyos sa kanyang imahen. Bakit tayo napakaiba mula sa natitira pang nilikha? Dahil tayo'y espesyal na dinisenyo upang magkaroon ng relasyon sa Diyos at makasamba sa kanya.

Sinasabi ng Biblia sa atin na ang sannilikha sa pangkalahatan ay nagdadala ng luwalhati sa Diyos. Nakikita natin ang kadakilaan ng Diyos sa mga bagay na kanyang nilikha. Subali't ang ibang mga nilikha ay niluluwalhati siya nang hindi nauunawaan. Hindi nila nauunawaan kung ano ang katulad ng Diyos dahil wala silang kalikasang maaaring makipag-ugnayan sa kanya.

Maaari nating hangaan ang walang katapusang pagkamalikhain ng Diyos dahil tayo rin ay malikhain. Maaari nating sambahin ang kanyang kabanalan at katuwiran dahil mayroon tayong damdamin ng tama at mali. Maaari tayong mamangha sa kanyang Walang-hanggang pag-ibig dahil mayroon tayong kakayahang umibig.

Mas mabuti ang ating pagkakilala sa Diyos, hindi lamang sa kaalaman kundi sa relasyon din, mas lalo natin siyang mamahalin at sasambahin. Nagkakaroon tayo ng kaligayahan at kasiyahan sa relasyon natin sa Diyos. Dinisenyo tayo ng Diyos para dito.

## Iba Pang Mahahalagang Kaisipan

**(1) Ang lahat ng tao ay nagtataglay ng imahen ng Diyos. May mga tao na dahil sa** limitasyon sa pag-iisip ay hindi maaaring mangatwiran, magpahayag ng kanilang sarili sa malikhaing pamamaraan, o gawin ang sariling kagustuhan. Ang imahen ng Diyos ay nilikha sa kanila, subali't maaaring hindi ito matupad sa kanilang buhay dito sa lupa.

---

[91] Awit 103:1.

**(2) Ang bawat buhay ng tao ay may pangwalang-hanggan at walang katapusang halaga.** Kung minsan napapansin natin ang praktikal na kahalagahan ng isang tao, mga bagay tulad ng kanyang katalinuhan, edukasyon, mga talento o kalakasan. Subali't ang bawat tao ay may kahalagahang higit pa sa kanyang praktikal na halaga, dahil siya ay nasa imahen ng Diyos. Iyon ang dahilan kung bakit ang bawat tao ay nararapat na respetuhin bilang isang tao, kahit pa kulang siya sa mga bagay na nagbibigay sa mga tao ng praktikal na kahalagahan, at maging kung siya man ay isang masamang tao. Ang imahen ng Diyos ay siya ring dahilan na ang bawat bata ay mahalaga sa Diyos, at ang paglalaglag ng ipinagbubuntis ay isang napakasamang kasalanan.

**(3) Ang mga anghel ay katangi-tangi rin sa sannilikha. Mataas ang kanilang katalinuhan,** kakayahang mangatwiran, kakayahang makipag-komunikasyon at kakayahang sumamba. Samakatuwid, sila'y nagtataglay ng mga aspeto ng imahen ng Diyos at sila'y tinaguriang "mga anak ng Diyos" sa Kasulatan.[92] Sa ngayon tayo'y mas mababa sa kapangyarihan sa mga anghel,[93] gayunman, sila'y naglilingkod sa atin.[94] Sa pangwalang-hanggan magiging mas mataas ang ating posisyon kaysa sa mga anghel,[95] at tayo'y maghaharing kasama ni Kristo, na nagpapahiwatig na ang mga tao ay nikikhang mas kumpleto sa imahen ng Diyos kaysa sa mga anghel.

**(4) Ang mundo ay wala sa kanyang orihinal na anyo. Isipin ninyo ang isang magandang** guhit, nilikha ng isang napakahusay na pintor. Isipin ninyo na ang guhit ay ibinaba sa sahig, at nilakaran na ng mga tao na may mapuputik na sapatos. Kapag iyong kinuha ang guhit na iyon, at tiningnan iyon ng malapitan, maaari mo pa ring makita ang dakilang talinong ginamit upang iyon ay matapos, gayunman makikita mo na ang guhit ay hindi na katulad ng orihinal na ginawa ng pintor. Ang sannilikha ay katulad nito. Hindi na ito katulad ng orihinal na layunin ng Diyos para dito, subali't ang kanyang kaluwalhatian ay patuloy na nakikita doon.

**(5) Sinira ng kasalanan ang "tulad-Diyos" na mga kakayahan sa tao. Ang makasining** na pagpapahayag ay maaaring magpakita ng isang masamang puso at maaaring gawing kasangkapan ni Satanas, kahit pa ang kaloob mismo ay nagmumula sa Diyos. Subali't dahil sa pamamagitan ng biyaya, hindi lubusang nabura ng kasalanan ang imahen ng Diyos sa ating kalooban. At sa pamamagitan din ng biyaya ang imahen ng Diyos sa atin ay maaaring mapanibago, mapaigi, at maipahayag para sa kaluwalhatian ng ating Manlilikha![96]

**(6) Ang imahen ng Diyos sa atin ang pinakamahalagang bagay tungkol sa atin. Ang** mga katangian ng imahen ng Diyos na ipinagkaloob sa atin ang dahilan kaya't maaari

---

[92] Job 1:6.
[93] Awit 8:5.
[94] Hebreo 1:14.
[95] Basahin 1 Corinto 6:3.
[96] Basahin Colosas 3:10, Efeso 4:22-24, 2 Corinto 3:18.

tayong tumugon sa Ebanghelyo. Ang ating moral na sentido ang nagising daan upang ang biyaya ay siyang gigising sa ating budhi at nagmumulat sa atin sa ating kasalanan. Ang malayang kalooban na naibalik dahil sa biyayang kumikilos sa atin kaya't posible para sa atin na "piliin kung sino ang ating paglilingkuran." Sa pamamagitan ng ating malikhaing instinto, makapaghahatid tayo ng kaluwalhatian at karangalan sa ating Diyos. At gamit ang katwiran, maaari nating maunawaan ang isang bagay tungkol sa Diyos at sa kanyang mga pamamaraan. Ang ating pagsasaliksik na maunawaan ang Diyos ay nagiging pagsamba habang patuloy tayong namumulat sa lubusang pagkanakamamangha ng ating Manlilikha na sa biyaya at awa ay "pinutungan tayo ng kaluwalhatian at karangalan!"

## Pagkakamaling Dapat Iwasan

Kung minsan iniisip ng mga tao na ang relasyon sa Diyos ay mayroon lamang kahalagahan para sa buhay pagkatapos ng kamatayan. Iniisip nila na kung ang isang tao ay mamumuhay nang mabuti sa lupa, hindi malaking pagkakaiba kung ikaw man ay isang Kristiyano o hindi. Subali't kung nauunawaan natin na ang kalikasan ng sangkatauhan ay nakadisenyo para sa relasyon sa Diyos, mauunawaan natin na ang buhay ng isang tao ay nasasayang kung hindi niya nakikilala ang Diyos. Kailangan natin ang Espiritu ng Diyos sa ating kalooban, gumagabay sa atin, tinutupad ang ating mga kakayahang tuparin, at nagbibigay ng walang-hanggang pananaw sa lahat ng ating ginawa.

*Dapat basahin ng klase nang sama-sama ang "Pagpapahayag ng mga Paniniwala" nang di bababa sa dalawang beses.*

## Pagpapahayag ng mga Paniniwala

Ang mga tao ay nilikha sa imahen ng Diyos para sa layuning mahalin at sambahin ang Diyos. Idinesenyo sila ng Diyos para sa kanilang layunin nang may kakayahang mag-isip, makipagtalastasan, at umibig. Ang tao ay may moral na pakiramdam, sariling kalooban, at espiritung walang kamatayan. Ang biyaya ng Diyos ang nagbibigay sa tao ng kapangyarihan upang gumawa ng malayang pagpapasya. Ang bawat buhay ng tao ay may panghabang panahon at pangwalang-hanggang kahalagahan.

## Leksyon 4 Takdang Aralin

(1) Ang bawat mag-aaral ay dapat bigyan ng isang talata na nakalista sa ibaba. Bago ang susunod na sesyon sa klase, dapat niyang basahin ang talata at sumulat ng isang taludtod tungkol sa sinasabi nito tungkol sa paksa ng leksyong ito.

**Para sa Talatang Takdang-Leksyon**

- Santiago 1:12-15
- Roma 6:12-23
- Tesalonica 5:23
- Roma 8:22-26
- Josue 24:14-18
- Genesis 3:1-6
- Efeso 2:1-9

(2) Dapat ipaalala sa mga mag-aaral na sa buong panahon ng kursong ito, ang bawat mag-aaral ay pitong beses na magtuturo ng isang leksyon o bahagi ng isang leksyon sa mga taong hindi kabilang sa klase. Dapat iulat ng mag-aaral sa lider ng klase ang bawat pagkakataon na siya'y nagturo para sa takdang-leksyon.

## Leksyon 4 Mga Tanong Para sa Pag-aaral

(1) Paanong ang Kristiyanong pananaw tungkol sa tao ay naiiba mula sa pananaw ng iba?

(2) Paano natin nalalaman na ang imahen ng Diyos sa sangkatauhan ay hindi pisikal na pagkakatulad? Magbigay ng tatlong dahilan.

(3) Maglista ng siyam na elemento ng imahen ng Diyos sa sangkatauhan?

(4) Ano ang dahilan na tayo ay nilikha sa wangis ng Diyos?

(5) Ano ang kakayahang nagmumula sa ating moral sense/kaalaman sa mabuti at masama?

(6) Bakit kailangan natin ang biyaya ng Diyos upang magamit natin ang ating malayang kalooban upang bigyang lugod ang Diyos?

# Leksyon 5
# Ang Kasalanan

## Mga Layunin ng Leksyon

(1) Kapag natapos ang leksyon, dapat nauunawaan at kayang ipaliwanag ng mag-aaral:

- Bakit mahalagang maunawaan ang kasalanan.
- Na ang kasalanan ay posible dahil sa malayang kalooban at hindi isang bagay na ginawa ng Diyos.
- Ang kahulugan at paglalarawan ng minanang kasamaan.
- Ang Biblikal na konsepto ng sinasadyang kasalanan.
- Ang kahulugan ng pagkakamali ng tao at ang tamang saloobin patungkol sa proseso ng paglagong espirituwal ng Kristiyano.
- Ang kahulugan ng pagkakasakit ng tao at ang pagkakaiba nito sa kasalanan.
- Isang pahayag ng paniniwalang Kristiyano tungkol sa kasalanan.

(2) Isa sa mga praktikal na layunin ng leksyong ito ay upang higit na maunawaan ng mag-aaral ang pagbabalik-loob sa pamamagitan ng pagkakaroon ng mas malinaw na kahulugan ng sinasadyang kasalanan.

## Panimula

► Sama-samang basahin ang Genesis 3. Ano ang sinasabi sa atin ng talatang ito tungkol sa kasalanan?

## Bakit kailangan nating Maunawaan ang Kasalanan?

► Bakit kailangan nating maunawaan ang kasalanan?

**(1)** Sinasabi ng Biblia sa atin na ang kasalanan ang dahilan ng pagdurusa ng tao. Dumating ang kamatayan sa daigdig dahil sa kasalanan.[97] Dahil sa sumpa ng kasalanan, mayroong pagkakasakit, pagtanda, at pagdurusa. Ang mga kasalanang ginagawa ng tao tulad ng pagsisinungaling, pagnanakaw, pagpatay, pangangalunya, pag-aaway-away, paglalasing, at pang-aapi ang pumuno ng pagdurusa sa mundo. Ang mga gawa ng kasalanan ay nagmumula sa kasalanan sa puso, tulad ng pagkamuhi, pagnanasa, pagkainggit, pagmamataas at pagkamakasarili.

**(2)** Dapat nating maunawaan ang kasalanan (1) upang maunawaan ang kalagayan ng mundo. Kung minsan hindi humahadlang ang Diyos sa kondisyon ng mundo tulad ng

[97] Basahin Roma 5:12.

inaasahan natin. Kailangan nating maunawaan ang kasalanan (2) upang maunawaan ang mga prayoridad ng Diyos sa mundo.

**(3)** Tumugon ang Diyos sa kasalanan ng tao nang may biyaya at pagliligtas. Kaya't ang kasalanan ay dapat maingat na maipaliwanag. Dapat nating maunawaan ang kasalanan upang maintindihan ang biyaya at kaligtasan.

**(4)** Ang pagiging makasalanan ang kabaligtaran ng kabanalan at salungat sa debosyon sa Diyos. Upang ang isang tao ay maging banal at deboto sa Diyos, dapat siyang mahiwalay sa kasalanan. Dapat nating maunawaan ang kasalanan upang maunawaan ang kabanalan.

## Ang Pinagmulan ng Kasalanan

Ang nilikha ng Diyos ay perpekto, at lahat ng bagay na nilikha niya ay walang depekto. Nang matapos ng Diyos ang paglikha, nakita niya na ito ay mabuti.[98] Samakatuwid, alam natin na ang kasalanan ay hindi dahil sa Diyos. May relasyon sina Adan at Eba sa Diyos, at ninanais nilang bigyang lugod ang Diyos. May kakayahan silang gawin ang lahat ng mabuti.

> "Ang pag-iisip ng tao sa kalagayang ito ay madilim, hiwalay sa nakapagliligtas na kaalaman tungkol sa Diyos, at ayon sa Apostol, walang kakayahan sa mga bagay na
>
> pag-aari ng Espiritu ng Diyos."
> - James Arminius,
> *Twenty-Five Public Disputations*,
> Disputation 11

Dumating si Satanas upang tuksuhin si Eba na gawin ang mali. Dahil dito, alam natin na mayroon nang kasalanan sa sanlibutan. Nahulog na sa kasalanan si Satanas. Subali't hindi pa pumapasok sa sangkatauhan ang kasalanan o ang parte ng sannilikha na nasa ilalim ng kanilang awtoridad.

May malayang kalooban sina Adan at Eba. Posible ang kasalanan dahil nakagawa sila ng isang tunay na pagpili. Pinili nilang suwayin ang batas ng Diyos, at iyon ang naging simula ng kasalanan ng tao. Ang kasalanan ay hindi isang bagay na nilikha ng Diyos.

Ang unang pagkakasala ang naghiwalay sa sangkatauhan mula sa Diyos. Sinira rin ng kasalanan ang likas ng sangkatauhan.[99]□Ang lahat ng batang isinilang pagkatapos nito ay nagtataglay na ng nasirang kalikasan at makakagawa na ng mga kasalanan.[100]

Nagdala ng sumpa sa sannilikha ang kasalanan.[101] Nagbago ang buhay dahil sa kasalanan.Nagsimula ang pagdurusa, pagtanda at kamatayan.[102] Naging mahirap ang gawain at ang pamumuhay. Puno ng di-pagkakasundo ang mga relasyon ng mga tao. Sa

---

[98] Genesis 1:31.
[99] Basahin Awit 51:5.
[100] Basahin Roma 5:12, 14, 18-19.
[101] Genesis 3:16-19.
[102] Basahin 1 Corinto 15:22

paglipas ng mga taon at dumami ang mga tao, ang resulta ng kasalanan ay dumami rin nang higit pa sa maaaring isipin nina Adan at Eba.

## Minanang Kasamaan

► Paano mo ilalarawan ang makasalanang kalikasan ng tao na taglay na niya nang siya'y isilang?

> Likas ba na ang tao ay puspos ng lahat ng uri ng kasamaan? Wala ba siyang anumang kabutihan? Siya ba ay lubos na bumagsak? Lubusan bang nasira ang kanyang kaluluwa? O, upang bumalik sa teksto, ay "bawat imahinasyon ng mga isipin ng kanyang puso ay patuloy na tanging kasamaan?" Aminin mo ito, at ikaw ay isang Kristiyano, ikaila mo ito, at ikaw ay isa ka pa ring hindi nakakakilala sa Diyos.
> - John Wesley,
> "The Doctrine of Original Sin"

**Ang minanang pagiging likas na makasalanan** ay ang kurapsyon ng kalikasang moral ng tao na inihihilig siya sa kasalanan mula pa sa kanyang pagkapanganak. Tinatawag din itong "orihinal na kasalanan". Ito ang pagiging makasalanan ng ating kalikasan na taglay natin nang tayo'y ipanganak dahil sa kasalanan ni Adan.

Ang mga masama na tao ay may gawi na maging masama mula pa sa pagkapanganak.[103] Ang kalikasan ng isang tao ay binaluktot na ng makasalanang gawi nang magsimula ang kanyang buhay. Ang isang tao ay nagsisimulang magkasala kapag nagsimula na siyang pumili. Ang gawi na maging makasalanan ay hindi isang bagay na natututuhan niya mula sa kanyang kapaligiran.

Sinabi ni David na siya'y hinubog sa kasalanan at ipinaglihi sa kasalanan.[104] Hindi niya ibig sabihin na ang kanyang ina ay gumawa ng mali. Ang ibig niyang sabihin ay kahit ang isang sanggol ay nabubuo pa lamang sa sinapupunan ng isang ina, ang kanyang kalikasan ay nasira na ng kasalanan.

Dahil sa nasirang likas ng tao, ang imahen ng Diyos sa mga tao ay nawasak. Ang bawat tao ay ipinanganak na taglay ang kalooban na nakasentro sa sarili at nakagawi tungo sa kasalanan.[105] Ang ating mga kalooban ay hindi malayang pumili ng tama malibang bigyan tayo ng Diyos ng pagnanais at kalakasan.[106]

Ang minanang kasamaan ang humihikayat sa mga kasalanan sa kalooban tulad ng pagmamataas, pagkainggit, pagkamuhi at di-pagpapatawad. Humihikayat din ito ng mga gawain ng kasalanan.

Natural na ang mga tao ay nagtataglay ng kalooban ng pagrerebelde laban sa awtoridad ng Diyos at galit sa kanyang mga batas. Hahatulan ang mga makasalanan hindi lamang sa

---

[103] Basahin Awit 58:3.
[104] Basahin Awit 51:5.
[105] Filipos 3:19.
[106] Basahin Roma 6:16-17.

kanilang mga makasalanang gawa kundi para rin sa kanilang saloobin ng pagrerebelde laban sa Diyos.[107]

Ang isang taong may likas na pagiging makasalanan ay natural na nakasentro sa sarili. Gusto niyang patunayan ang kanyang sariling kalooban sa halip na magtiwala sa awtoridad ng Diyos at ng iba. Nais niyang masiyahan ang kanyang sariling mga pagnanais sa halip na bigyang-lugod ang Diyos. May pagtitiwala siya sa kanyang sarili at ayaw niyang umasa sa Diyos. Ang kaniyang sariling tagumpay ay higit na mas mahalaga sa kanya kaysa sa kaluwalhatian ng Diyos.

Ang mga tao ay hindi lubusang nakikilalal ang tama mula sa mali, dahil nadiliman ang kanilang pag-iisip.[108] Likas nilang sinusunod ang direksiyon ng rebeldeng mundo, ang kontrol ni Satanas, at ang kanilang sariling makasalanang mga pagnanasa; at ipinapailalim nila ang kanilang sarili sa ng poot ng Diyos.[109] Ang kanilang natural na gawi ay patungo sa kasalanan sa bawat sandali.[110]

Ang lawak ng minanang pagiging makasalanan ay inilarawan sa teolohiya bilang lubos na pagiging makasalanan. Kung wala ang pagkakaibang ginagawa ng biyaya ng Diyos, walang magagawang mabuti ang tao, o magnais man lang na gumawa ng mabuti. Hindi niya magagawang magsisi o kaya'y hanapin ang Diyos.[111] Inilarawan siya bilang "patay sa mga pagkakamali at mga kasalanan."[112]

Mahalaga ng malaman natin kung paano ang biyaya ng Diyos ay tumutugon sa minanang kasamaan. Una, ang kapangyarihan ng Diyos ay dapat may kasamang mensahe ng ebanghelyo, at nagbibigay sa isang taong naliligaw ng pagnanais at kakayahang tumugon sa ebanghelyo.[113] Pagkatapos, kapag naligtas na ang tao, siya ay inaalis na mula sa kontrol ng kasalanan.[114] Gayunman, ang impluwensiya ng minanang kasamaan ay nagpapatuloy sa isang bagong Kristiyano.

Ang impluwensiya ng minanang kasamaan sa Kristiyano ay nagpapakita sa iba't-ibang paraan.

(1) Ang bagong Kristiyano ay mahihirapan paminsan-minsan sa kanyang sariling kalooban sa panahon ng tukso.

(2) Ang bagong Kristiyano ay makararamdam ng mga maling motibo na kailangan niyang labanan.

---

[107] Basahin Judas 15.
[108] Basahin Efeso 4:17-18.
[109] Basahin Efeso 2:2-3
[110] Genesis 6:5.
[111] Basahin Juan 6:44.
[112] Efeso 2:1.
[113] Basahin Roma 1:16.
[114] Roma 6:11-14.

(3) Ang bagong Kristiyano ay magkakaroon ng mga maling reaksiyon at pag-uugali na nangyayari na bago pa niya namalayan.

Dapat palakasin ang loob ng bagong Kristiyano upang hindi niya isuko ang kanyang pananampalataya. Maaari siyang mag-alinlangan kung siya nga ay tunay na ligtas dahil mayroon pa siyang mga pakikibaka tungkol sa mga maling motibo.

Dapat magkaroon ng tiyaga ang pastor sa mga bagong mananampalataya. Dapat niyang mapagtanto na hindi sila palaging Kristiyano sa lahat ng kanilang sinasabi at ginagawa. Maaaring hindi nila agad makikita ang suliraning nasa kanila pa. Kailangang palakasin ang kanilang loob upang ipanalangin ang paglilinis ng kanilang minanang kasamaan, subali't nangangailangan sila ng sapat na oras upang maunawaan ito.

## Kasalanang Sinasadya

► Ano ang sinasadyang kasalanan?

**Ang sinasadyang kasalanan** ay ang layuning suwayin ang nakahayag na kalooban ng Diyos.[115] Ito ay kapag pinipili ng isang tao na gawin ang anumang bagay na alam niyang mali o kaya'y hindi gawin ang nalalaman niyang tama.

Ang kalikasan ng kasalanan ang nanguna sa bawat tao maliban kay Hesus upang gumawa ng mga gawa ng kasalanan.[116] Walang sinumang tao ang naging matuwid sa kanyang buong buhay.[117]

Sa Roma 3:10-19, mayroon tayong paglalarawan ng mga sumusunod sa kanilang sariling likas na walang pagkakaiba na gawa ng biyaya. Ito ay buhay na may pagrerebelde, pagkamuhi at pagkawasak.

May mga tao na tila hindi naman masama kahit noong bago pa sila magbalik-loob. Hindi sila mukhang gagawa ng nakakawasak, at nakakasamang kasalanan laban sa iba. Subalit ang mga taong ito ay mga makasalanan din, dahil pinipili nilang mabuhay ayon sa kanilang sariling pamamaraan sa halip na sumunod sa Diyos. Sinasabi ng Biblia na ang mga tao ay tulad ng mga tupang nagtungo sa kanilang sariling mga daan.[118]

Para sa tao na angkinin ang karapatan na piliin ang kanyang sariling paraan at itanggi ang kanyang Manlilikha ang karapatang gabayan siya ay ang pinakadiwa ng kasalanan. Ito ay pagrerebelde laban sa awtoridad ng Diyos. Ito ang kasalanan nina Adan at Eba, ang mga unang tao, nang sila'y matuksong maging kanilang sariling mga diyos, na nagsisikap na maging hiwalay sa Diyos.

[115] Basahin 1 Juan 3:4, Santiago 4:17.
[116] Roma 3:23.
[117] Basahin 1 Juan 1:10.
[118] Isaiah 53:6.

Sa huling paghuhukom, ang mga makasalanan ay hahatulan ayon sa kanilang ginawang kasalanan at parurusahan sa lawa ng apoy.[119]

Ang isang makasalanan na nagsisisi at sumasampalataya sa ebanghelyo ay nagsisimulang mamuhay nang matagumpay laban sa sinasadyang kasalanan. Kapag bumigay siya sa mga tukso at gumawa ng kasalanan, maaari siyang magsisi at mapatawad tungkol dito, subali't ang normal na buhay ng isang mananampalataya ay tagumpay laban sa kasalanan.[120]

### Mga Hindi Sinasadyang mga Paglabag

Kung minsan nalalabag ng isang tao ang Salita ng Diyos nang hindi sinasadya o dahil sa kakulangan sa kaalaman.

Sa Levitico 4:2-3, makikita natin na ang isang tao ay kailangang mag-alay ng sakripisyo kapag napagtanto niya na nakagawa na siya ng isang bagay na mali. Dahil ang kamatayan ni Kristo ang pumalit sa lahat ng mga sakripisyo sa Lumang Tipan, alam natin na ang mga Kristiyano ay natubos na mula sa mga hindi sinasadyang mga paglabag.

Ang mga ito ay maaaring tawaging kasalanan sa dahilang ang mga ito ay hindi nakaabot sa lubusang pamantayan ng Diyos, subali't ang mga ito ay hindi ang karaniwang tinatawag na kasalanan sa Biblia. Ang isang tumatawag dito ng kasalanan ay mahihirapang paghiwalayin ang pagkakamali ng tao at ang sinasadyang paglabag sa batas ng Diyos, at mayroong tamang damdamin ng responsibilidad bilang tao. Hinatulan na ng Diyos ang mga sinasadyang paglabag, subalit hindi ang mga pagkakamali lamang bilang tao.

Ang mga ito ay hindi maiiwasan hanggat limitado ang ating pag-unawa. Hindi nito sinisira ang ating relasyon sa Diyos dahil hindi naman ito sumasalungat sa ating pagmamahal sa Diyos. Sinabi ng Diyos na ang lubos na pagmamahal sa kanya ay tumutugon sa hinihingi niya sa atin.[121] Hindi natin pananagutan ang hindi natin nalalaman.[122]

Sa ating paglakad sa liwanag (ayon sa katotohanang alam natin), tayo ay nililinis mula sa lahat ng kasalanan.[123] Hindi natin dapat ikatakot na ang mga paglabag na hindi natin nalalaman ay sisira sa ating relasyon sa Diyos dahil nagtitiwala tayo sa pagbabayad-sala ni Kristo.

May isang bagay na ating natutuhan mula sa Levitico tungkol sa hindi sinasadyang paglabag. Kapag napagtanto natin na may nagawa tayong pagkakamali, dapat natin itong pagsisihan, hingin ang kapatawaran ng Diyos, at itama ang ating buhay upang maging buhay na nais ng Diyos.

---

[119] Pahayag 20:12-14.
[120] Basahin 1 Juan 2:1-6, 3:3-10.
[121] Basahin Mateo 22:37-40, Roma 13:8-10.
[122] Basahin Santiago 4:17.
[123] Basahin 1 Juan 1:7.

Habang pinag-aaralan natin ang Salita ng Diyos, sinusunod ang Banal na Espiritu, nakikisama-sama sa ibang mananampalataya, at lumalago sa kaganapan, dapat nating patuloy na baguhin ang mga kaugaliang hindi sinasadyang lumalabag sa kalooban ng Diyos.

► Bakit kailangan nating malaman at gawin ng mas mabuti ang kalooban ng Diyos?

May ilang dahilan kung bakit dapat nating naising higit na maunawaan ang kalooban ng Diyos at mas lubusan itong sundin:

(1) Ayaw nating gumawa ng anumang hindi nakalulugod sa Diyos,
(2) May masamang bunga ang maling gawain kahit pa hindi ito sinasadya,
(3) Kailangan nating maging mabubuting halimbawa bilang mga Kristiyano, at
(4) Kung sinusubok nating iwasan ang kalooban ng Diyos, tayo'y nagkakasala.

Habang tayo'y lumalago sa ating pagkaunawa sa kalooban ng Diyos, may mga pagkakataon na nakikita natin ang mga pagkakamali sa ating buhay. Kapag napagtatanto natin na mayroon tayong nagagawang mali, gayunman ay pinipili pa rin nating gawin iyon, hindi na ito simpleng pagkakamali lamang dahil sa kawalang kaalaman. Kung tumatanggi tayong magbago, ang maling gawaing iyon ay nagiging isang sinasadyang kasalanan.

## Kahinaan

Ang mga kahinaan ay pisikal o mental na mga limitasyon o mga pagkukulang. Ang bawat tao ay may kahinaan bilang tao. Dahil sa pagkahulog ni Adan sa kasalanan, at ang pagbaba ng sanlibutan dahil sa nagpapatuloy na kasalanan, tayo ay mas mahina sa pag-iisip, sa pisikal, at sa damdamin kaysa sa idinesenyo ng Diyos para sa atin.

Alam natin na ang kahinaan ay hindi isang klase ng kasalanan dahil kahit si Hesus ay may kahinaan din, subali't wala siyang kasalanan.[124] Kinuha ni Hesus ang mga limitasyon ng sangkatauhan sa kanyang pagkakatawang-tao, at siya'y tinukso sa lahat ng paraan na tayo ay tinutukso. Sinasabi ng Kasulatan na siya ay nagutom, napagod, at nagdusa ng sakit. Bagaman kinuha ni Hesus ang mga limitasyon bilang tao, hindi siya kailanman gumawa ng anumang di-kalugod lugod sa Ama, dahil siya ay ginagabayan ng kanyang likas na pagka-Diyos at ng Banal na Espiritu.

Nagdiwang si Apostol Pablo dahil ang kanyang kahinaan ay isang pagkakataon upang maipakita ang kapangyarihan ng Diyos, subali't alam natin na hindi siya nagsasalita tungkol sa kasalanan, dahil hindi siya maaaring magdiwang tungkol sa kasalanang nagpapatuloy sa kanyang buhay.[125]

Magtataglay tayo ng mga kahinaan habang tayo ay nasa mortal na katawan. Ang mga limitasyon sa ating pang-unawa ang nagiging dahilan na hindi maiiwasan ang mga pagkakamali. Hindi dahilan ang kahinaan upang mangyari ang sinasadyang kasalanan.

[124] Basahin Hebreo 4:15.
[125] Basahin 2 Corinto 12:9-10.

Kapag pinipili nating magkasala, tayo ay guilty at hindi maaaring sisihin ang ating likas na pagiging tao. Hindi tayo hinahatulan ng Diyos dahil sa pagiging tao, kundi dahil sa paglalagay ng ating mga kalooban laban sa kanya.

► Bakit mahalagang makita ang pagkakaiba ng sinasadyang kasalanan at ng hindi sinasadyang mga paglabag?

### Pagkakamaling Dapat Iwasan: Isang Hindi Malinaw na Pagkakahulugan ng Sinasadyang Kasalanan

May ilang mga tao na pinagsasama-sama ang sinasadyang kasalanan, minanang kasamaan, hindi sinasadyang paglabag, at kahinaan, at tinatawag ang lahat na kasalanan, nang walang pagkakaiba-iba.

Ang isang makasalanan ay nagsisisi kapag ikinalungkot niya ang kanyang mga kasalanan at handa niyang itigil ang mga ito. Ibig sabihin, nagsisisi siya sa sinasadyang kasalanan, dahil iyon ang magbabago sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos.

Kung ibubukod natin ang sinasadyang kasalanan mula sa iba pang kategorya, mauunawaan natin ang kahulugan kapag ang isang mananampalataya ay may tagumpay laban sa kasalanan. Ang mga taong hindi pinagbubukod-bukod ang mga kategorya ay hindi naniniwala na posible ang tagumpay laban sa kasalanan.

Ang paglalarawan ng kaligtasan ayon sa Kasulatan ay nagkakaroon lamang ng tunay na kahulugan dahil sa mga pagkakaiba-ibang ito sa mga aspeto ng kondisyon ng tao. Upang maunawaan ang kaligtasan, kailangan nating maayos na maipaliwanag ang kasalanan.

*Dapat basahin ng sama-sama ng klase ang "Pagpapahayag ng mga Paniniwala" nang hindi bababa sa dalawang beses.*

### Pagpapahayag ng mga Paniniwala

Ang kasalanan ay nagsimula sa malayang pagpapasya ng unang nilikhang mga tao na suwayin ang Diyos. Ang lahat ng tao maliban kay Hesus ay nagmana ng kasamaan ni Adan at nagkasala rin sa mga paggawa ng kasalanan. Ang mga pagkakamali ng tao ay maaaring lumabag sa batas ng Diyos subali't hindi nito sinisira ang ating relasyon sa Diyos. Ang bawat makasalanan ay pangwalang-hanggang hinahatulan kung hindi niya matatagpuan ang kapatawaran ng Diyos bago ang huling paghuhukom.

### Leksyon 5 Takdang Aralin

(1) Ang bawat mag-aaral ay dapat bigyan ng isang talata na nakalista sa ibaba. Bago ang susunod na sesyon ng klase, dapat niyang basahin ang talata at sumulat ng isang taludtod tungkol sa sinasabi nito tungkol sa paksa ng leksyon.

Para sa Talatang Takdang-Leksyon

- Galacia 5:16-21
- Efeso 5:1-8
- Tito 1:10-16
- Santiago 4:1-4
- 2 Pedro 2:9-17
- Roma 1:21-32
- Roma 3:10-20

(2) Dapat ipaalala sa mga mag-aaral ng hindi bababa sa pitong beses habang kasalukuyan ang kursong ito na ang bawat isa ay dapat magturo ng leksyon o bahagi ng leksyon sa mga taong hindi kabilang sa klase.

(3) Dapat iulat ng mag-aaral sa lider ng klase ang bawat pagkakataon na siya ay nagturo para sa takdang-leksyon.

### Leksyon 5 Mga Tanong Para sa Pag-aaral

(1) Anu-ano ang mga apat na dahilan kung bakit kailangan nating maunawaan kung ano ang kasalanan?

(2) Paano natin malalaman na ang kasalanan ay hindi pagkakamali Diyos?

(3) Magbigay ng isang-pangungusap na kahulugan ng mga sumusunod: minanang kasamaan, sinasadyang kasalanan, hindi sinasadyang mga paglabag, at kahinaan.

(4) Bakit dapat nating naisin na mas maunawaan at gawing mas maigi ang kalooban ng Diyos?

(5) Paano natin malalaman na ang kahinaan ay hindi kasalanan?

# Leksyon 6
# Mga Espiritu

## Mga Layunin ng Leksyon

(1) Sa katapusan ng leksyon, dapat nauunawaan at kayang ipaliwanag ng mag-aaral ang:

- Ang ilang mga detalye tungkol sa kalikasan ng mga anghel.
- Ang kaugnayan ng mga anghel sa buhay ng isang mananampalataya.
- Ang pagkahulog ni Satanas at ng ibang masasamang espiritu.
- Ang espirituwal na pagkakasalungatan na umiiral sa mundo ng mga espiritu.
- Ang pangkatapusang tagumpay ng Diyos at ng mga mananampalataya laban sa mga masasamang kapangyarihan.
- Isang pagpapahayag ng Kristiyanong paniniwala tungkol sa mga espiritu.

(2) Isa sa mga praktikal na layunin ng leksyong ito ay upang ang mag-aaral ay maging maingat na hindi magkaroon ng maling klase ng interes sa mundo ng mga espiritu.

## Panimula

*Matapos kumuha ng pagsusulit tungkol sa naunang leksyon, gamitin ang mga layunin mula sa leksyong iyon sa pagtatanong sa pagbabalik-aral Pagkatapos, magtungo sa talatang babasahin sa ibaba.*

► Basahin nang sama-sama ang Mateo 4:1-11. Ano ang sinasabi ng talatang ito sa atin tungkol sa masasamang espiritu?

Kapag nag-uusap ang mga tao tungkol sa mga anghel, ang unang tanong ay, "Ano ang hitsura ng mga anghel?" Maraming gumuguhit ang sumubok na ilarawan ang mga ito.

► Ano ang hitsura ng mga anghel?

May pakpak ba ang mga anghel? Ang serapin na nakita ni Isaias ay may anim na mga pakpak.[126] Ang imahen ng kerubim na sinabi ng Diyos kay Moses na ilagay sa Arka ng Tipan ay may pakpak.[127] Ang kerubim na nakita ni Ezekiel ay may apat na pakpak.[128]

Hindi natin alam kung sa pangkalahatan ay may pakpak ang mga anghel. Hindi nila kailangan ng pakpak upang maglakbay, dahil sila ay espiritu at nakapaglalakbay sa bilis na mas higit kaysa paglipad gamit ang pakpak. Bilang mga espiritu wala silang bigat tulad ng pisikal na katawan, kaya't hindi kinakailangan ang pakpak.

---

[126] Isaias 6:2.
[127] Exodo 25:20.
[128] Ezekiel 1:6, 10:15.

Salungat sa mga gawa ng sining na nakikita natin, hindi inilarawan ng Biblia ang mga anghel na mukhang babae o mga bata. Nagpapakita sila sa anyong lalaki, subali't wala silang kasarian kung ayon sa kaalaman ng tao. Hindi sila nagtataglay ng relasyon ng kasal o pamilya.[129] Ang bawat isa ay indibidwal na nilikha.

Ang mga anghel ay karaniwang hindi nakikita ng mga tao, subali't maaari silang makita kapag may layunin para dito. Kung minsan kapag lumitaw ang isang anghel, sa simula iniisip ng tao na siya ay ordinaryong tao lamang.[130] Sa ibang pagkakataon ang anghel ay nagpapakita nang may kaningningan kaya't ang mga tao ay napapasubasob sa lupa dahil sa takot.[131] Kapag dumarating ang isang anghel sa isang tao upang magdala ng mensahe, karaniwang siyang nagsisimula sa salitang "Huwag matakot."[132]

Ang mga anghel ay mga espiritu,[133] subali't hindi natin sila dapat isipin na hindi sila totoo dahil doon. Ipinahihiwatig ng Biblia na ang mga espiritu ay natural na mas makapangyarihan kaysa anumang bagay na pisikal.[134]

Ang mga anghel ay tinawag na mga anak ng Diyos[135] at nagtataglay ng ilang bagay sa kalikasan ng Diyos, subali't hindi sa parehong paraan na tulad ng tao. Mas nakahihigit ang mga anghel kaysa sa tao sa ngayon sa kapangyarihan at katalinuhan, subali't sa hinaharap ang tao ay magiging mas mataas kaysa sa mga anghel.[136]

Ang paglikha sa mga anghel ay hindi binanggit sa record ng Genesis. Sila ay nilikha bago pa likhain ang daigdig at sila ay nagdiwang nang makita nila ang Diyos na nililikha ito.[137]

Walang kamatayan ang mga anghel.[138] Ang katotohanan na sila ay nilikha bago pa ang mundo ay nangangahulugan na sila'y nabuhay na ng libong taon at nasaksihan nila ang buong kasaysayan ng sangkatauhan.

May personalidad ang mga anghel. Nakapagsasalita sila at nakikipag-usap.[139] Sumasamba sila sa Diyos, na ibig sabihin nauunawaan nila ang mga bagay sa kanyang kalikasan at tumutugon dito nang may pagkamangha.[140] Nagdiriwang sila kapag may isang makasalanang nagsisisi, na nagpapakita na sila ay may damdamin.[141] Matindi ang kanilang

---

[129] Basahin Mateo 22:30.
[130] Genesis 19:1-2.
[131] Mateo 28:2-4.
[132] Basahin Lucas 1:13, 1:30, 2:10.
[133] Hebreo 1:14. Ang mga demonyo ay tinatawag ding espiritu sa Mateo 8:16, 12:45, Mga Gawa 19:12, at iba pa.
[134] Basahin Isaias 31:3.
[135] Job 1:6.
[136] Basahin 1 Corinto 6:3.
[137] Job 38:4-7
[138] Lucas 20:36.
[139] Lucas 1:18-20.
[140] Hebreo 1:6.
[141] Basahin Lucas 15:10.


pagnanais na maunawaan ang plano ng kaligtasan, na nagpapakita na mayroon silang kakayahang mag-isip.[142] Nagdiwang sila nang ipahayag ang kapanganakan ni Hesus.[143]

Hindi pare-pareho ang mga anghel, dahil may mga tinatawag na kerubim at seraphim. Mayroon ding mga lebel ng pagiging anghel, dahil binabanggit ng Biblia kapwa ang mga anghel at may isang arkanghel, at binanggit din "ang demonyo at ang kanyang mga anghel." Mayroong sistema ng istruktura ng awtoridad sa mga anghel, tinukoy ito bilang mga *trono, mga pamamahala, at mga pamunuan*.[144]

Sa tradisyong Hudio at Kristiyano higit pang marami ang naisulat tungkol sa mga anghel, lubhang higit pa sa ating nalalaman mula sa Kasulatan.

Hindi marami ang inihayag sa Kasulatan tungkol sa pagkakaiba-iba ng mga anghel. Ang salitang *arkanghel* ay ginamit ng dalawang beses lamang sa Biblia. Si Miguel ay tinawag na arkanghel, at mayroong tinig ng arkanghel sa pagbabalik ni Hesus.[145] Ang salitang *arkanghel* ay literal na nangangahulugan ng "pangunahing anghel." Hindi natin alam kung ilang arkanghel ang mayroon.

Binanggit ang mga serapin sa Biblia sa Isaias 6 lang. Mayroon silang anim na pakpak. Bukod lang sa kanilang mga pakpak, maaaring sila'y mukhang mga tao, dahil mayroon silang mga kamay, paa at mukha.



Kerubim at umaapoy na espada ang inilagay sa Garden ng Eden matapos paalisin doon sina Adan at Eva.[146] Malinaw na ito ay upang hindi malapitan ang garden. Ang paglalarawan ni Ezekiel sa kerubim na kanyang nakita ay ibang-iba sa alinmang nilalang na alam natin. Mayroon itong apat na pakpak, apat na iba't-ibang mukha, ilang kamay, kaningningang tulad ng apoy, kislap ng kidlat, at bilis tulad ng kidlat.[147]

Inilagay sa dulo ng Kaban ng Tipan ang imahen ng dalawang kerubim, at nasa pagitan nila ang Luklukan ng Awa.[148] Walong beses na tinawag sa Biblia ang Diyos bilang ang Isa nasa pagitan ng mga kerubim.[149] Ito ang tumukoy sa

---

[142] Basahin 1 Pedro 1:12 .
[143] Lucas  2:13-14.
[144] Basahin Colosas 1:16, Efeso 6:12.
[145] Judas 1:9, 1 Tesalonica 4:16.
[146] Genesis 3:24.
[147] Ezekiel 1:5-14, 10:15.
[148] Image: "Ark of the Covenant engraving",  Illustrated Bible Dictionary (1893), retrieved from https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Ark_of_the_Covenant_engraving.jpg, public domain.

[149] Awit 99:1, Isaias 37:16, 1 Mga Hari 19:15.

kanya bilang ang Diyos ng Israel na sinamba sa templo, at nagpakita rin na hindi siya maaaring lapitan maliban sa paraang ninanais niya.

Ang kapangyarihan at kadakilaan ng Diyos ay nakikita sa klase ng mga alipin na mayroon siya. Ang mga kerubim ay mga nilalang na kapag nakita ng isang tao, iisipin nito na nakikita niya ang Diyos. Nanaisin niyang sambahin ito, gayunman ito ay isang lingkod lamang ng Diyos.

Ang katotohanan na ang Diyos ay pinaglilingkuran ng lubhang napakaraming anghel ay nagpapakita rin ng kanyang kadakilaan. Nakita ni Apostol Juan ang pangkat ng mga anghel sa paligid ng trono ng Diyos na tinukoy niya bilang "libo-libo at laksa-laksang anghel"[150]

Ang kapangyarihan ng isang anghel ay hindi naman walang limitasyon, dahil mababasa natin na ang isa ay naantala ng isang di-pagkakasundo habang dinadala ang mensahe para kay Daniel.[151] Gayunman maaari silang bigyan ng Diyos ng malaking kapangyarihan ayon sa kanilang pangangailangan para tuparin ang anumang tungkulin na ibinibigay ng Diyos sa kanila, tulad ng pagkakataon na ang isang anghel ay pumatay ng 185,000 na sundalo.[152]

Malinaw na ang mga anghel ay binibigyan ng mga tungkulin. Sinasabi ng Biblia sa atin na sila ay sinusugo upang maglingkod sa mga tumatanggap ng kaligtasan.[153] Pinapalibutan at pinoprotektahan ng mga anghel ang mga naglilingkod sa Diyos.[154] Maaari nating isipin na maraming anghel ang kasama natin sa lahat ng oras. Sinabi ni Hesus na may mga anghel na nakatalaga sa mga bata.[155] Si Arkanghel Miguel ay tinawag na ang prinsipeng nagtatanggol sa bansang Israel.[156]

Hindi kailanman sinabi ng Biblia na tayo'y manalangin sa mga anghel. Ni hindi nito sinasabi na dapat nating subuking makipag-ugnayan sa kanila. Hindi sila tagapamagitan sa atin at sa Diyos. May babala tungkol sa mga taong sumasamba sa mga anghel at nakikipag-ugnayan sa mga bagay sa mundo ng mga espiritu na hindi naman nila lubusang nauunawaan.[157] Kung sinusubok nating makipag-ugnayan sa mga anghel sa paraang hindi ayon sa kalooban ng Diyos, ang masasamang espiritu ang tutugon sa atin, sa halip na mga anghel ng Diyos.

## Si Satanas at mga Nahulog na Anghel

► Ano ang pinaggalingan ng mga masasamang espiritu?

---

[150] Pahayag 5:11.
[151] Basahin Daniel 10:12-13.
[152] 2 Mga Hari 19:35.
[153] Basahin Hebreo 1:14.
[154] Awit 34:7.
[155] Basahin Mateo 18:10.
[156] Daniel 12:1.
[157] Basahin Colosas 2:18.

Ang masasamang espiritu ay mga anghel na nahulog sa pagrerebelde laban sa Diyos. Naganap ito bago likhain ang tao, at hindi nagpahayag ang Biblia nang marami tungkol dito.

Alam natin na ang lahat ng anghel ay orihinal na nilikha bilang mabubuti at banal, ang tinatawag sila ng Biblia bilang ang "mga banal na anghel."[158]

Si Satanas ang lider ng isang rebelyon, at isang-katlo ng mga anghel ang sumunod sa kanya .[159] Tinukoy ni Judas ang mga anghel na nag-iwan sa kanilang unang posisyon.[160] Sila ay nahatulan na ng kamatayan ng paghatol ng Diyos.[161]

May dalawang talata sa mga propeta na maaaring tumukoy sa pagbagsak ni Satanas.(Isaias 14:12-17 at Ezekiel 28:12-19). Ang bawat talata ay nagsasalita tungkol sa isang tao, hari sa daigdig, pagkatapos tila nagsasalita ng mga bagay na higit pa sa isang hari sa mundo. Maaaring pinaghahambing nila ang pagbagsak ng isang hari sa pagbagsak ni Satanas.

Mukhang naging mapagmataas si Satanas at nagnais na maging independiente sa Diyos. Nagbabala si Apostol Pablo na ang isang tao ay maaaring maging mapagmataas at mahulog sa parehong paghatol katulad ng sa diyablo.[162] Ito ang parehong pagtukso na inialok ng diyablo kina Adan at Eba nang sabihin niyang, "Magiging katulad kayo ng mga Diyos." Ito ay ang pagtukso na tanggihan ang awtoridad ng Diyos at ang iyong sarili ang maging Diyos.

► Ano ang ilang mga bagay na nalalaman natin tungkol kay Satanas?

Patuloy na pinangungunahan ni Satanas ang pagrerebelde laban sa Diyos. Siya ay tinatawag ng "ang prinsipe at kapangyarihan ng himpapawid."[163] Tinatawag si Satanas na "tagapamahala ng mundong ito," dahil karamihan sa mga tao sa mundo ay nagrerebelde laban sa Diyos.[164] Inaangkin niya ang pagmamay-ari sa mga kaharian ng mundo, at ibinibigay niya ang mga iyon pansamantala sa kaninumang kanyang pinipili.[165] Binubulag niya ang isipan ng mga makasalanan upang hadlangan sila na tanggapin ang ebanghelyo.[166] Tunay na bilanggo niya ang mga makasalanan.[167] Inaalis niya ang Salita ng Diyos sa isipan ng mga tao upang hindi ito magkaroon ng epekto.[168] Inilagay niya sa puso nina

> "Ginagawa ni Satanas ang kanyang sarili na panginoon ng puso, ng mata at ng dila ng makasalanan. Pinupuno niya ang kanyang puso ng pag-ibig sa kasalanan; ang kanyang mga mata ay binubulag upang hindi makita ang guilt at hatol na naghihintay sa kanya; at ang kanyang dila ay hinahadlangan sa pananalangin."
> - Adam Clarke,
> *Christian Theology*,
> "Good and Bad Angels"

[158] Mateo 25:31.
[159] Pahayag 12:4.
[160] Judas 6.
[161] Basahin Juan 16:11, 2 Pedro 2:4
[162] Basahin 1 Timoteo 3:6.
[163] Efeso 2:2.
[164] Juan 12:31.
[165] Lucas 4:4-6.
[166] Basahin 2 Corinto 4:4.
[167] 2 Timoteo 2:26.
[168] Basahin Marcos 4:15.

Ananias at Safira ang plano na magsinungaling sa iglesiya at sa Banal na Espiritu,[169] at pumasok kay Hudas at nagkaroon ito ng naising ipagkanulo si Hesus.[170] Nag-iimbento siya ng mga maling katuroang pangrelihiyon, na tinatawag ng Salita ng Diyos na "mga katuroan ng demonyo" at hinihikayat ang mga tao na ituro ang mga iyon.[171]

Kinamumuhian ni Satanas ang Diyos at sagayun ay namumuhi siya sa tao, na nilikha sa imahen ng Diyos at siyang tatanggap ng pinakamataas na pabor mula sa Diyos. Sinisikap niyang dalhin ang mas maraming tao sa ilalim ng paghatol na natanggap niya sa pamamagitan ng pag-impluwensiya sa kanila na magrebelde laban sa Diyos.

Ang mga kusang-loob na naglilingkod kay Satanas ang pinakanalinlang na mga tao sa sanlibutan, dahil sila ay nasa isang rebelyon na hindi magtatagumpay, at sila ay naglilingkod sa isang panginoon na namumuhi sa kanila at interesado lamang na sila'y wasakin. Pinangangakuan niya sila ng mga bagay na alam naman niyang hindi niya kayang tuparin.

Ang iba naman ay sumusunod kay Satanas nang hindi nila namamalayan kapag pinipili nilang mamuhay sa kasalanan. Iyon ang dahilan kung bakit nag-uukol siya ng maraming oras at lakas sa pagtukso at panlilinlang. Nais niyang tanggihan ng mga tao ang pananampalataya sa Diyos, gumawa ng mga idolo sa mga bagay na nilikha sa halip na sambahin ang Diyos. Ang kanyang pagtukso ay mga panlilinlang, dahil sa katotohanan, wala naman siyang maiaalok maliban sa mga binaluktot na mga bagay na nilikha ng Diyos. Hindi lumikha ang diyablo ng anumang kasayahan o katuwaan: ang lahat ng iyon ay nilikha ng Diyos. Maaari lamang itong ialok ng diyablo sa anyong inabuso na hindi na naaayon sa kalooban ng Diyos.

May mga klase ng masasamang espiritu na tila na nakapukos sa isang tiyak na lugar o grupo ng mga tao. Kung paanong ang anghel na si Miguel ay tinawag na prinsipe na nagtatanggol sa Israel, may mga masasamang espiritu na tinaguriang ang prinsipe ng Persia at Grecia.[172] May mga espiritu naman na naging Diyos ng mga bansa.

Ninanais ni Satanas ang pagsamba.[173] Ang masasamang espiritu ay kumikilos sa pamamagitan ng mga huwad na relihiyon. Sinasabi ng Biblia na kapag ang mga tao'y sumasamba sa mga idolo, sila ay sumasamba sa mga demonyo.[174] Tumutugon ang mga demonyo sa pagsamba ng mga taong hindi nalalaman kung ano ang kanilang sinasamba. Kung paanong ang sumasamba sa Diyos ay nagiging mas katulad ng Diyos at nagiging kasiyahan ang kabanalan, ang sumasamba sa masasamang espiritu ay nagiging mas

---

[169] Mga Gawa 5:3.
[170] Lucas 22:3.
[171] Basahin 1 Timoteo 4:1.
[172] Daniel 10:13, 20.
[173] Basahin Mateo 4:9.
[174] Basahin Deuteronomio 32:17, 1 Corinto 10:20-21.

masama at ikinagagalak ang kasamaan. Marahil ang pinakamasamang anyo ng pagsamba na naganap ay nang isakripisyo ng mga tao ang kanilang sariling mga anak sa demonyo.[175]

Sinisikap ni Satanas at ng iba pang demonyo na lubusang kontrolin ang pag-iisip at pag-uugali ng mga tao. Ito'y tinatawag na "sinasaniban ng demonyo". May mga taong kusang loob na nagpapailalim sa ganitong klase ng pag-aari; marahil ang iba ay nagpahintulot na mangyari ito nang hindi nila nauunawaan kung ano ang kanilang ginagawa. May mga tao na hakbang- hakbang na pumasok sa kondisyong ito, iniisip nila na sila'y unti-unting nagkakaroon ng kapangyarihan na magagamit nila para sa kanilang pansariling mga layunin. Ang isang taong sinaniban ay nagiging alipin ng masamang espiritu, nagtutulak sa sariling pagkawasak, at nagdurusa ng nakakikilabot na paghihirap ng isipan at mga damdamin.[176] Tanging si Hesus ang maaaring magpalaya sa taong ito mula sa kanyang pagkaalipin.

## Ang Tagumpay ng Diyos

Sa mga bansa kung saan ang ebanghelyo ay malawakan nang naipangangaral, ang gawain ng masasamang espiritu ay karaniwang nagbabalat-kayo o nakatago. Nakakagulat lamang na sa mga "sibilisadong" mga bansang ito ang mga taong higit na walang kaugnayan sa relihiyon, at pinagtatawanan ang anumang higit sa karaniwan at itinatanggi ang pagkakaroon ng mga espiritu. Sa ganitong kapaligiran, hindi kumikilos nang lantaran ang masasamang espiritu, dahil kung matatakot sa kanila ang mga taong nakarinig na ng ebanghelyo, marami sa mga taong iyon ang babaling sa Diyos para sa pagliligtas at proteksiyon.

> "Hindi ka kayang sakupin ng demonyo kung nagpapatuloy kang tumututol. Malakas man siya, hindi pinahihintulutan ng Diyos na masakop ng demonyo ang sinumang patuloy na tumatanggi sa kanya.Hindi niya maaaring pilitin ang kalooban ng tao."
> Adam Clarke, *Christian Theology*, "Good and Bad Angels"

Sa mga bansang hindi pa gaanong naririnig ang ebanghelyo, lantarang kumikilos ang masasamang espiritu. Hindi nalalaman ng mga tao doon na maaari silang bumaling kay Kristo upang sila'y iligtas, kaya't sila'y tinatakot ng mga kapangyarihan ng mga demonyo upang sila'y pasunurin. Naglilingkod sila sa mga espiritu, hindi kusang loob at may kagalakan, kundi dahil sa pagkatakot. Dumarating ang ebanghelyo bilang isang kamangha-manghang mensahe ng katubusan at kalayaan.

Dahil sa madalas na pag-atake ng demonyo, tayo ay nasa espirituwal na pakikipaglaban. Tayo ay binibigyang babala na alalahanin na ang ating pakikipaglaban ay nasa mundo ng mga espiritu at hindi sa mga kaaway na pisikal.[177] Ibinilin sa atin na isuot ang buong baluting espirituwal, upang maprotektahan natin ang ating sarili.[178] Maaari tayong

[175] Basahin Awit 106:37.
[176] Basahin Marcos 5:2-5.
[177] Basahin Efeso 6:12
[178] Efeso 6:13.

magtiwala sa tagumpay, dahil hindi magtatagumpay ang demonyo sa kapangyarihan ng Diyos na nasa atin, at kapag nilalabanan natin ang diyablo, siya’y tatakas palayo sa atin.[179]

► Ang diyablo ba ang kabaligtaran ng Diyos?

May kapangyarihan ang demonyo nang mas higit kaysa sa mga tao sa kanilang kasalukuyang mortal na kalagayan. Gayunman, ang kanyang kapangyarihan ay hindi maaaring ihambing sa kapangyarihan ng Diyos. Hindi dapat isipin na siya ang kabaligtaran ng Diyos, na tila ba pantay sila sa kapangyarihan. May mga pilosopo na nag-iisip na ang mga puwersa ng mabuti at masama sa mundo ay halos magkapantay.Malayo iyon sa katotohanan. Hindi matatagpuan si Satanas sa lahat ng lugar, hindi niya nalalaman ang lahat ng bagay, at nakagagawa siya ng pagkakamali. Ang Diyos ang lumikha ng mga espiritu, at hindi nila Siya kayang talunin. Kapag natapos na ang pansamantalang buhay ng tao sa mundo, ang lahat ng masasamang espiritu ay hahatulan, ikukulong at parurusahan, kasama ng mga makasalanan.

Matagal na panahon nang ipinangako ang pagkatalo ni Satanas. Ipinangako ng Diyos na magpapadala ng Tagapagligtas na siyang dudurog sa ulo ng ahas.[180] Dumating si Hesus upang wasakin ang mga gawa ng diyablo at bigyan tayo ng tagumpay laban sa kasalanan.[181] Sa pamamagitan ng kanyang kamatayan at muling pagkabuhay, hindi hahayaan ni Hesus na magkaroon si Satanas ng kapangyarihan laban sa kamatayan.[182] Ang pangwakas at pangwalang-hanggang kahahantungan ni Satanas at ng iba pang masasamang espiritu ay ang lawa ng apoy.[183]

Nilagyan na ng Diyos ng limitasyon ang magagawa ni Satanas.[184] Ang ibig sabihin noon, hindi na tayo dapat mabuhay sa takot sa kung ano ang magagawa ni Satanas sa atin. Walang anumang mangyayari malibang ipahintulot iyon ng Diyos, at nalalaman niya kung ano lang ang kaya nating dalhin.

Hindi lamang tayo ipinagtatanggol laban sa atake ni Satanas, mayroon tayong kapangyarihan na isulong ang kaharian ng Diyos laban sa kaharian ni Satanas. Binigyan ni Hesus ng kapangyarihan ang kanyang mga disipulo, hindi lamang ang mga apostol, upang magpalayas ng masamang espiritu.[185] At sa ating pangangaral ng ebanghelyo, binibigyan ng Diyos ng kapangyarihan ang kanyang katotohanan, at inililigtas mula kay Satanas ang mga tumutugon sa ebanghelyo.

---

[179] Santiago 4:7.
[180] Genesis 3:15.
[181] Basahin 1 Juan 3:8.
[182] Hebreo 2:14, Pahayag 1:18.
[183] Basahin Mateo 25:41.
[184] Job 1:12, 2:6.
[185] Basahin Lucas 10:17.

*Maaaring piliin ang isang miyembro ng klase upang ipaliwanag ang impormasyon sa kahon sa ibaba.*

## Pagkakamaling Dapat Iwasan: Ang Maling Klase ng Interes sa Mundo ng mga Espiritu

May mga tao na namamangha sa mundo ng mga espiritu. Nagsisimula sila sa pag-aaral tungkol sa mga anghel at maaaring subuking makipag-ugnayan sa kanila. Sinasabi sa atin ng Biblia na kailanman ay huwag tayong mananalangin sa mga anghel o subukang magkaroon ng relasyon sa kanila. Binigyang babala tayo ng Biblia na huwag silang sasambahin o kaya'y subuking malaman ang mas marami pang bagay kaysa sa kaya nating maunawaan.[186]

Higit na mas mapanganib pa kapag ang isang tao ay nagiging labis na interesado sa masasamang espiritu. May mga taong sobrang namamangha sa kanilang kapangyarihan at sa mga bagay na kaya nilang gawin. May mga laro na nakikipag-ugnayan sa masasamang espiritu. May mga pamamaraan na ginagamit ang mga tao upang kumuha ng impormasyon mula sa mga espiritu. Hindi tayo dapat kailanman makipag-ugnayan sa masasamang espiritu maliban kung nilalabanan sila sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos.

May mga tao na nakagawa na ng kumplikado at detalyadong paliwanag tungkol sa mundo ng mga espiritu at kung paano ito kumikilos. Sa katotohanan, hindi naman naghayag sa atin ang Biblia ng maraming bagay tungkol doon. Naihayag na ng Diyos kung ano ang kailangan nating malaman.

## Pagpapahayag ng mga Paniniwala

*Dapat basahin ng sama-sama ng klase ang "Pahayag ng Paniniwala" ng di bababa sa dalawang beses.*

### Pagpapahayag ng mga Paniniwala

Nilikha ng Diyos ang lahat ng espiritu. Sinamba ng mga banal na anghel ang Diyos at pinangangalagaan ang mga mananampalataya. Ang mga anghel ay imortal, personal na mga nilalang na may kakayahang magsalita, sumamba at mangatwiran. Nakagawa na sila ng moral na pagpili. Si Satanas at ang ibang mga anghel ay nahulog sa kasalanan at mga kaaway ng Diyos at ng tao. Nilimitahan na ng Diyos ang kapangyarihan ni Satanas at hinatulan na siya sa pangwalang-hanggang kaparusahan.

## Leksyon 6 Takdang Aralin

(1) Ang bawat mag-aaral ay dapat bigyan ng takdang leksyong isa sa mga talatang nakalista sa ibaba. Bago ang susunod na sesyon sa klase, dapat niyang basahin ang talata

---

[186] Colosas 2:18

at sumulat ng isang taludtod tungkol sa kung ano ang sinasabi nito tungkol sa paksa ng leksyon.

- 1 Pedro 5:8-9
- Mga Gawa 12:7-11
- Mateo 12:43-45
- 2 Corinto 11:13-15
- Lucas 8:27-35

(2) Pagsubok: Sisimulan mo ang susunod na klase na may isang pagsubok sa aralin 6. Pag -aralan nang mabuti ang mga katanungan sa pagsubok bilang paghahanda.

(3) Dapat paalalahanan ang mga mag-aaral na hindi bababa sa pitong beses habang kasalukuyan ang kursong ito, ang bawat mag-aaral ay dapat magturo ng isang leksyon o bahagi ng isang leksyon sa mga taong hindi kabilang sa klase. Dapat iulat sa lider ng klase ang bawat pagkakataon na sila ay nagturo para sa takdang leksyon.

## Leksyon 6 Mga Tanong Para sa Pag-aaral

(1) Kailan nilikha ang mga anghel?

(2) Gaano katagal nabubuhay ang mga anghel?

(3) Paano natin nalalaman na ang mga anghel ay hindi karaniwang nagtataglay ng pisikal na katawan?

(4) Ano ang ilang dahilan kaya’t nalalaman nating ang mga anghel ay may personalidad?

(5) Ano ang ilang naiibang salita sa Biblia na tumutukoy sa mga anghel?

(6) Ano ang isang bagay na ginagawa ng mga anghel para sa mga mananampalataya?

(7) Saan nagmula ang masasamang espiritu?

(8) Ano ang tunay na sinasamba ng mga sumasamba sa mga idolo?

(9) Ano ang pinal na hantungan ni Satanas at ng iba pang masasamang espiritu?

# Leksyon 7
# Kristo

## Mga Layunin ng Leksyon

(1) Sa katapusan ng Leksyon, dapat maunawaan at maipapaliwanag ng mag-aaral ang:

- Ano ang ibig sabihin ng Hesus ay Mesiyas.
- Ang kapahayagan ng pananampalataya sa talatang "Panginoong Hesu- Kristo."
- Ang katibayan para sa at ang kahalagahan ng pagiging tao ni Hesus.
- Ang katibayan para sa at ang kahalagahan ng pagka-Diyos ni Hesus.
- Ang kasapatan ng kamatayan ni Kristo para sa kapatawaran ng kasalanan.
- Ang Kahalagahan ng muling pagkabuhay sa pananampalataya ng Kristiyano.
- Isang pahayag ng mga paniniwalang Kristiyano tungkol kay Kristo.

(2) Ang isa sa mga praktikal na layunin ng leksyong ito ay para matutunan ng mag-aaral kung ano ang sinasabi ng mga tao sa ibang mga relihiyon tungkol kay Kristo.

## Panimula

Pagkatapos ng pagkuha ng pagsusulit sa nakaraang leksyon, gamitin ang mga layunin mula sa leksyong iyon sa pagtatanong para sa pagbabalik-aral. Pagkatapos ay pumunta sa pagbasa sa talatang nasa ibaba.

► Sama-samang basahin ang Pahayag 5:11-14. Ano ang sinasabi sa atin ng talatang ito tungkol kay Hesus?

## Maling Kristo

Hinulaan ng Biblia na sa mga huling araw, darating ang mga bulaang mga kristo at mga huwad na propeta at lilinlangin ang marami. Maraming tao ang naglalagay ng kanilang pananampalataya sa mga huwad o di-totoong Kristo na hindi makapagliligtas sa kanila. Maaari mong makilala ang dalawa sa mga bulaang Kristo, na ipinakilala sa inyo ng mga Mormon at mga Saksi ni Jehovah.

### Ang Hesus ng mga Mormon

Kung ang isang Mormon ay kakatok sa iyong pintuan, siya ay magdadala ng isang Hesus na espirituwal na kapatid na lalaki ni Lucifer. Ang Hesus na ito ay isa sa bilyun-bilyong mga sanggol na espiritu ng ating "Ama sa Langit" at ating "Ina sa Langit" na dinala sa mundong ito. Ayon sa mga Mormon, noong si Hesus ay namumuhay sa mundo, siya ay nagkaroon ng maraming asawa, isa sa mga ito ay si Maria Magdalena. Pagkatapos ng kanyang pagkamatay at muling pagkabuhay, siya ay nagpunta sa America para mangaral sa mga Indians.

**Ang Hesus ng mga Saksi ni Jehovah**

Sasabihin sa iyo ng mga Saksi ni Jehovah na si Hesus ay si Miguel Arkanghel, ang unang nilalang, na naging isang tao at namatay sa isang tulos sa halip na isang krus. Siya ay lumaki bilang isang espiritung nilalang, at naging si Miguel Arkangel muli, habang ang kanyang katawan ay nalusaw at naging gas.

## Ang Tunay na Hesus

Nakakatiyak ako na nakilala mo na ang mga kultong ito na may Hesus na naiiba mula sa Hesus ng Bibli

a, ngunit kaya mo bang ilarawan ang totoong Hesus ng Biblia? Marami sa mga Amerikano ang di ito kaya. Isang nakaraang pagsisiyasat ang nagpakita na kahit 80% ng mga Amerikano ang tumutukoy kay Hesus bilang "Hesus na Anak ng Diyos", 40% lang ang naniniwala na siya ay Diyos, at 40% lang ang naniniwala na siya ay walang kasalanan. Ipinapakita nito na milyong bilang ng tao ang mayroong konsepto sa kaisipan ng maling Kristo, at hindi ito makapagliligtas sa kanila.

Kaya mahalaga para sa iyo na makatiyak sa iyong paniniwala tungkol kay Hesus at nang sa gayon ay hindi ka madadaya, at nang maipakilala mo siya sa iba.

*Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung ano ang itinuturo ng ibang relihiyon tungkol kay Hesus tingnan ang parte sa dulo ng leksyon na ang pamagat ay "Ano Ang Sinasabi Ng Ibang Relihiyon."*

**Si Hesus ang Mesiyas**

► Ano ang ilan sa hula ng Biblia tungkol sa Mesiyas?

Ang apat na ebanghelyo ay nagpakilala kay Hesus bilang ang inaasahang Mesiyas ng Israel. Maraming bagay ang hinulaan sa Mesiyas. Siya ay magmumula sa lahi ni Haring David at samakatuwid ay karapat dapat na maging Hari. Ililigtas niya ang kanyang bayan mula sa pang-aapi at pagkakaalipin. Siya ay espesyal na hinirang ng Diyos upang magawa ang kanyang misyon. Ang salitang Mesiyas ay nangangahulugan ng ang "Nag Iisang Hinirang".

Ang ilan sa mga pinakamahalagang detalye tungkol sa Mesiyas sa Lumang Tipan ay hindi malinaw na ipinaliwanag hanggang sa maisulat ang Bagong Tipan. Ang kanyang prayoridad ay upang iligtas ang kanyang bayan mula sa kasalanan.[187] Ang kanyang kaharian ay hindi dito sa lupa, kundi espirituwal at maka-langit,[188] Bagaman sa huli sasaklawin ng kanyang kaharian ang buong mundo.[189]

---

[187] Basahin Mateo 1:21, Lucas 1: 74-75
[188] Basahin Juan 18:36
[189] Filipos 2:10-11, Pahayag 19:11-16, Pahayag 20:6.

Ang salitang Mesiyas ay isang salitang Hebreo. Ang katumbas na Griego ay *Christos*, kung saan nakuha natin ang salitang Kristo. Kapag ginamit ang talatang "Kristo Hesus", sinasabi natin na si Hesus ang Mesiyas.

### Si Hesus ang Panginoon

Ginamit ng sinaunang iglesiya ang katagang *Panginoon* upang sabihin na si Hesus ang kataas-taasang kapangyarihan. Kapag sinabi nila na "Si Hesus ang Panginoon," sinasabi nila na siya ang Panginoon ng lahat, ang Manlilikha at Diyos ng sanlibutan. Ito ay naging mahalagang pahayag ng pananampalataya na nagbukod sa mga Kristiyano sa iba, dahil sila lamang ang naniniwala na ang taong si Hesus na lumakad sa lupa ay siya ring nag-iisang Diyos sa lahat.

Ang mga salitang "Panginoong Hesu-Kristo" ay gumagawa ng isang mahusay na pahayag, dahil sinasabi nila na si Hesus ay ang Mesiyas at siya din ay Diyos. Lahat ng tatlong salita ay nasa Filipos 2:10-11. Ang mga talata ay nagsasabi sa atin na darating ang panahon na ang lahat ng nasa mundo ay magsasabi na si Hesu-Kristo ang Panginoon.

### Tatlong Espesyal Na Mga Araw

Ang ating mga pangunahing paniniwala tungkol kay Hesus ay maaaring hatiin sa tatlong kategorya, na konektado sa tatlong espesyal na araw na ipinagdiriwang natin.

### Ipinagdiriwang Natin ang Pasko dahil sa kanyang Pagkakatawang-Tao

Ipinagdiriwang sa araw ng Pasko ang kapanganakan ni Hesus sa isang inang birhen, sapagkat si Hesus ay ipinaglihi ng Banal na Espiritu.[190] Kahit na si Hesus ay tao sapagkat siya ay ipinanganak ng isang babae, siya rin ang Diyos mismo, ang Lumikha ng sanlibutang pinasok niya. Ito ay nakamamangha ngunit totoo: samantalang si Hesus ay isang sanggol, hawak ng kanyang inang si Maria ang isang lumikha sa kanya.

Ang terminong *Anak ng Diyos* ay ginagamit sa mga mananampalataya at sa mga anghel,[191] ngunit si Hesus ang Anak ng Diyos sa natatanging paraan.[192] Siya ang tanging tao na lubos na nakikibahagi sa likas na katangian ng Ama. Siya ay ganap na imahen ng Ama na siya ay Diyos katulad ng Ama.[193]

Ang kalikasan ng Diyos at kalikasan ng tao ay magkasamang dumating sa katauhan ni Hesus. Ito ay tinatawag na *pagkakatawang-tao*, na nangangahulugan ng pagkuha ng Diyos sa katawan ng tao, at naging isang tao. Si Hesus lamang ang maaaring maging Tagapagligtas natin sapagkat siya lamang ang tanging tao sa sanlibutan na parehong tao at Diyos.

---

[190] Basahin Lucas 1:34-35
[191] Basahin Juan 1;12, Job 1:6
[192] Basahin Juan 3:16
[193] Basahin Hebreo 1;2-3

**Si Hesus ay isang Tao.**

> "Gaya ng paggamit ng Ama ng kapahayagan na Akoy AKO nga, ganoon din ang kay Kristo, sapagkat ito ay nagpapahiwatig ng tuloy-tuloy na pag-iral, hindi apektado ng panahon."
> - John Chrysostom

Hindi mahirap kilalanin ang Hesus ng Bagong Tipan bilang tunay na tao. Siya ay ipinagdalang-tao sa sinapupunan ng isang ina, lumaki, natuto, at nahubog bilang isang tao.[194] Siya ay napagod, natulog, tinukso, at ginawa ang halos lahat ng bagay na ginagawa ng mga tao, maliban sa pagkakasala. Siya rin ay namatay. Siya ay tunay na nakabilang sa lahi ng tao sa pamamagitan ng pagiging isa sa atin.[195]

► Bakit mahalaga na si Hesus ay naging tao?

Dahil si Hesus ay isang tao:

**(1) Siya ay maaaring magdusa at mamatay bilang isang handog.**

**(2) Ang kanyang matuwid na buhay ay pwedeng maging kapalit sa lugar ng ating makasalanang buhay.** Ang unang Adan ay kumakatawan sa lahat ng sangkatauhan nang siya ay nagkasala at nahiwalay sa Diyos. Ito ay nagdulot ng kamatayan sa lahat ng tao. Si Hesus ay nabuhay ng walang kasalanan at tinupad ang lahat ng hinihingi ng Diyos. Ibinibigay Niya ang buhay na walang hanggan sa lahat ng tao na nakikiisa sa kanya. Tinatawag siyang ang huling Adan sa Kasulatan.[196]

**(3) Kinakailangan para sa kanya na maging isang tao upang magkaroon ng pakikipagkasundo sa pagitan natin at ng Diyos.[197]** Ang kanyang gampanin bilang pari ay nagbibigay ng Walang-hanggang kaligtasan.[198] Ang pagiging tao ni Hesus ay isang mahalagang bahagi ng ebanghelyo.[199]

*Para sa karagdagang biblikal na ebidensya na si Hesus ay isang tao, tingnan ang kahong "Katunayan ng Kasulatan sa Pagkakatawang tao ni Hesus" malapit sa katapusan ng leksyong ito.*

**Si Hesus ay Diyos.**

***Inaangkin ni Hesus na siya ang Diyos.***

Ang Hesus ng Biblia ay hindi basta lamang isang tao, gayunpaman, Siya rin ang walang katapusang (walang limitasyon) Diyos ng sanlibutan. Si Hesus mismo ang nag-angkin. Sinabi niya, "Ako at ang Ama ay iisa."[200] Nang sabihin niya ito, sinimulan siyang batuhin ng

---

[194] Basahin Lucas 2:52.
[195] Basahin Juan 1:14.
[196] Basahin 1 Corinto 15:22, 45-49, Roma 5:17-19.
[197] Basahin Hebreo 2:17.
[198] Basahin Hebreo 10:5-7.
[199] Basahin 1 Juan 5:1.
[200] Juan 10:30

mga Hudyo, sapagkat naunawaan nila siya na nagsasabi na siya ay katumbas ng Diyos. Sinasabi ba ni Hesus sa kanila,"Hindi, hindi mo ako nauunawaan, Hindi talaga ako ang Diyos!"? Hindi. Tinanggap ni Hesus ang kanilang pagkakaunawa sa kanyang salita. Itinuro Niya na siya ay katumbas ng Diyos Ama.

Nang sabihin ni Hesus, "Bago si Abraham, ako'y AKO na,"[201] inaangkin niya na siya ang AKO ng Exodo 3:14, ang siyang umiiral na Diyos ng sanlibutan.[202] Sinubukan ng mga Hudio na batuhin Siya dahil rin sa kanyang mga inaangkin.[203]

***Nagpakita si Hesus ng mga gawain ng Diyos habang nasa lupa.***

Nagpakita si Hesus ng mga maka-Diyos na gawain habang nasa lupa. Ibinigay Niya ang buhay na walang hanggan.[204] Pinatawad Niya ang mga kasalanan.[205] Mga bagay ito na tanging ang Diyos lamang ang makagagawa.

Nang patawarin ni Hesus ang mga kasalanan ng paralitiko, pinagaling niya ang lalaki upang patunayan na siya ay may "kapangyarihan sa lupa upang patawarin ang mga kasalanan."[206] Ang isang gawa ay patunay ng isa pa, na nagpapatunay na hindi ginawa ni Hesus ang himala ng pagpapagaling bilang isang propeta lang na hinirang ng Diyos. Si Hesus ay may banal na awtoridad at kapangyarihan kapwa upang magpatawad at magpagaling.

Binuhay din Niyang muli si Lazaro pagkatapos ng pagsasabing, "Ako ang Muling Pagkabuhay at ang Buhay."[207] Ito ay isa pang pagkilos ng Diyos na sinamahan ng isang banal na pahayag. Tanging ang Diyos ang may karapatang mag-angkin na *Siya* ang "Muling Pagkabuhay" dahil ang kapangyarihan ng Diyos lamang ang maaring bumuhay kaninuman mula sa mga patay. Ipinahayag ni Hesus na siya ang "Tagapagbigay-buhay" at pagkatapos ay binigyan si Lazarus ng buhay, na nagpapakita na siya nga ayon sa kanyang ipinahayag at inangkin. Sa pangyayaring ito, maliwanag na ibinukod ni Hesus ang kanyang sarili mula sa iba pang mga propeta at mga apostol na bumuhay sa mga tao mula sa patay sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos. Walang isa man sa mga ito ang nagpahayag na mayroon silang sariling kapangyarihan upang gawin ang mga himala. Sila ay mga instrumento lamang ng Diyos. Sa Juan 5:21, sinabi ni Hesus na binubuhay niya ang mga patay tulad ng pagbuhay ng Ama sa mga patay.

---

[201] Juan 8:58.
[202] Exodo 3:14.
[203] Juan 8:59.
[204] Juan 10:28
[205] Marcos 2:10
[206] Marcos 2:10-12
[207] Juan 11:25

Nang isinagawa ni Hesus ang kanyang mga himala, "ipinakita niya ang kanyang kaluwalhatian,"[208] ang"kaluwalhatian bilang nag-iisang bugtong na Anak ng Ama, puno ng biyaya at katotohanan."[209] Ang mga himalang ito ay mga demonstrasyon ng maluwalhating kapangyarihan ng Diyos Anak, nagpapatunay na siya ay Diyos.

***Si Hesus ay Manlilikha at Tagapagtaguyod.***

Ayon sa mga Apostol na sina Juan at Pablo, nilikha ni Hesus ang lahat at hawak ang lahat ng bagay, at ang lahat ay nilikha para sa kanya.[210] Tiyak na hindi ito masasabi tungkol sa sinuman maliban sa Diyos.

> "Sumasampalataya ako ... sa isang Panginoong Hesu-Kristo, ang bugtong na Anak ng Diyos; nag-iisang Anak ng Kanyang Ama bago ang lahat ng mundo. Diyos ng Diyos, Liwanag ng Liwanag, Tunay na Diyos ng Tunay na Diyos, nag-iisang ipinanganak sa espiritu, hindi ginawa; pagiging kaisa ng sangkap sa Ama; sa kanyang pamamagitan nalikha ang lahat ng bagay."
> - Nicene Pundasyong paniniwala

***Mahalaga na malaman na si Hesus ay Diyos.***

► Bakit mahalaga para sa atin na malaman na si Hesus ay Diyos?

Dahil si Hesus ay Diyos,

(1) Walang hanggan ang halaga ng kanyang sakripisyong kamatayan - sapat na para sa kapatawaran ng mga kasalanan ng sanlibutan. Dahil siya ay Diyos,

(2) May kapangyarihan siya na iligtas tayo; Siya ang daan, ang katotohanan, at ang buhay. Dahil siya ay Diyos,

(3) Dapat natin siyang sambahin tulad ng pagsamba natin sa Ama.

Kung tayo ay bigo na makita si Hesus bilang Diyos, hindi natin siya pararangalan bilang Diyos, na isang bagay na sinabi ni Hesus na dapat nating gawin. Sinabi Niya na "dapat igalang ng lahat ang Anak, katulad ng paggalang nila sa Ama."[211] Hindi tayo maliiigtas kung hindi natin pinaparangalan ang Ama at ang Anak bilang Diyos.

Ang Kristiyanismo ay batay hindi lamang sa mga turo at mga pagkilos ni Hesus, kundi sa natatanging pagkatao ni Hesus. Hindi lamang siya ang guro ng mensahe ng kaligtasan. Siya mismo ang Tagapagligtas, at Siya lamang — ang Diyos-tao — ang maaaring maging Tagapagligtas.

*Para sa karagdagang ebidensiyang Biblikal na si Hesus ay Diyos, tingnan ang kahon na "Katunayan ng Kasulatan sa PagkaDiyos ni Hesus" malapit sa katapusan ng leksyong ito.*

---

[208] Juan 2:11.
[209] Juan 1:14.
[210] Basahin Juan 1:3, Colosas 1:17.
[211] Juan 5:23.

**Si Hesus ay Isang Persona**

Bagaman si Hesus ay may lahat ng likas na katangian ng Diyos at ng lahat ng kalikasan ng tao, hindi siya dalawang tao na pinagsama. Ang dalawang katangian ay bumuo ng isang tao sa kanya, sa perpektong pagkakasundo. Si Hesus ang isang Diyos-tao, at ang bawat kilos ni Hesus ay dapat na maunawaan sa liwanag ng kanyang buong pagkatao at buong pagka Diyos.

Ang simbahan ay laging nagtuturo na ang dalawang likas na katangiang nakay Hesus ay hindi maaring paghiwalayin sa isa't isa, ngunit hindi sila magkasama sa isang paraan na magiging sanhi ng alinman sa dalawang kalikasan ay mawalan ng sariling katangian nito.[212]

Maaaring makatulong na ihambing ang likas na katangian ni Hesus sa likas na katangian ng Banal na Kasulatan. Tulad ni Hesus, ang Biblia ay ganap na banal at ganap na tao. Bilang isang libro ng Tao, mayroon itong mga katangian ng mga iba pang libro ng tao, maliban na ito ay walang pagkakamali. Bilang banal, nagpapakita ito ng mga banal na katangian ng Diyos na wala sa ibang mga libro. Sa parehong paraan, ipinakita ni Hesus ang parehong katangian ng pagiging tao at bilang Diyos. Ang katotohanan na ang Biblia ay nagpapakita ng mga banal na katangian, ito'y hindi dahilan upang sabihing ito ay hindi isang aklat ng tao. Gayundin, ang katotohanang si Hesus ay kumikilos ayon sa kanyang pagkaDiyos ay hindi nakakabawas sa kanyang pagiging tao. At ang katotohanan na si Hesus ay kumikilos ayon sa kanyang pagiging tao ay hindi makakabawas sa kanyang pagiging Diyos.

**Karaniwang Mga Kamalian sa Katuroan**

Ang mga pinakakaraniwang pagkakamali sa katuroan na ginagawa ng mga tao kapag nagsasalita sila tungkol kay Kristo:

(1) Ang pagtanggi na si Hesus ay Diyos
(2) Ang pagtanggi na si Hesus ay tao
(3) Hindi pagpapahalaga sa alinman sa kanyang pagkaDiyos o pagkatao na parang hindi iyon mahalaga
(4) Pagtatangi sa pagkakaisa ng persona ni Kristo

Ang alinman sa mga pagkakamaling ito ay talagang isang pagtanggi sa pagkakatawang-tao. Ang pagkakatawang-tao ay kinakailangan para sa ating kaligtasan. Kaya kung itinatanggi ng isang tao ang pagkakatawang-tao, mapupunta sya sa isang maling ebanghelyo at maling paraan ng kaligtasan.

Ang isang miyembro ng klase ay maaring mapili upang ipaliwanag ang impormasyon sa kahon sa ibaba.

---

[212] Ang Chalcedonian Pundasyong paniniwala (A.D. 451) ay nagsasabi na ang dalawang kalikasan ni Kristo ay hindi nagbabago, hindi mahahati, hindi mapaghihiwalay, at hindi nakakalito.

## Ano Ang Sinasabi Ng Iba Pang Relihiyon

Sinasabi ng mga Saksi ni Jehova na si Hesus ay isang tao. Naniniwala sila na siya ang pinakadakilang tao na nabuhay, ngunit isang tao lamang. Kaya nga hindi sila naniniwala na ang kanyang kamatayan ay sapat na sakripisyo para sa ating kaligtasan. Mayroon silang ebanghelyo ng kaligtasan sa pamamagitan ng mga gawa. Inaangkin nila na sila ay mga Kristiyano, ngunit sila ay ibang relihiyon.

Naniniwala ang mga Mormons na si Hesus ay orihinal na isang espiritu na nilikha ng Diyos, tulad ng isang kapatid na lalaki kay Lucifer. Ipinadala siya upang ipanganak sa lupa bilang tao na si Hesus. Ang mga Mormon ay hindi naniniwala na si Hesus ay Diyos.

Ang mga Muslim ay naniniwala na si Hesus ay isang propeta na ipinadala ng Diyos. Hindi sila naniniwala na siya ay Diyos o mayroong Trinidad. Hindi sila naniniwala na siya ay ipinako sa krus o siya ay bumangon mula sa mga patay.

Naniniwala ang mga Hindu at Buddhist na si Hesus ay isang banal na tao na gumawa ng mga himala. Hindi siya mahalaga sa kanilang relihiyon. Hindi sila naniniwala sa isang Diyos na Maylalang at Panginooon, kaya hindi sila naniniwala na si Hesus ang pagkakatawang-tao ng Diyos.

## Ipinagdiriwang Natin Ang Biyernes Santo dahil sa Pagbabayad-sala

Ang Biyernes Santo ay ang araw na si Hesus ay ipinako sa krus. Sa ganitong kakilala-kilabot at kamangha-manghang araw, pinasan ni Hesus ang ating mga kasalanan sa krus. Siya ay namatay bilang sakripisyo para sa ating mga kasalanan upang tayo ay mapatawad.

**Kinakailangan Ang Sakripisyo.**

Kailangang gumawa ng isang sakripisyo upang patawarin tayo ng Diyos at maging ganap at banal. Ang alintuntuning ito ay itinuro sa Lumang Tipan sa pamamagitan ng mga sakripisyo na kinakailangan ng Diyos.[213] Kung pinapatawad ng Diyos ang kasalanan nang walang batayan, ipahihiwatig nito na siya ay hindi makatarungan at ang kasalanan ay hindi masyadong seryoso. Ngunit walang maaring tumingin sa pagkamatay ni Hesus sa pamamagitan ng pagpapako sa krus at sabihin na ang kasalanan ay hindi seryoso. Ang sakripisyo niya ang nagbibigay ng batayan para sa ating kapatawaran.

**Tanging si Hesus lamang ang maaring maging sapat na sakripisyo.**

► Bakit si Hesus lamang ang nag-iisang maaaring maging sakripisyo para sa mga kasalanan?

Ang hustisya ng Diyos at ang kaseryosohan ng kasalanan ay nangangailangan ng higit na sakripisyo kaysa sa alinmang nilikhang bagay.[214] Nagkasala tayo laban sa Walang-

---

[213] Hebreo 9:22.
[214] Basahin Hebreo 10:4.

hanggang Diyos, na nagdudulot sa atin ng Walang-hanggang pagkakasala. Iyan ang dahilan kung bakit si Hesus lamang ang maaring maging sakripisyo. Siya ay kwalipikado dahil siya ay Diyos at dahil siya ay tao. Dahil sa kanyang pagkaDiyos, siya ay walang kasalanan, at ang kanyang sakripisyo ay may walang katapusang halaga. Dahil sa kanyang pagiging tao, siya ay maaaring kumatawan sa atin at mamatay kapalit natin.

**Ang dugo ni Hesus ay kumakatawan sa kaniyang masakripisyong kamatayan.**

Tinuruan ng Diyos ang mga tao tungkol sa pagbabayad-sala sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga sakripisyo. Ang mga pari ay nagpapatay ng mga hayop at naghahandog ng kanilang dugo upang kumatawan sa kanilang kamatayan. Ang aklat ng Mga Hebreo ay nagsabi na kung walang dugo walang kapatawaran ng mga kasalanan.[215]

Inutusan sila ng Diyos na itrato ang dugo sa isang espesyal na paraan dahil kinakatawan nito ang buhay ng nilalang.[216] Ang "pagbuhos ng dugo" ay nangangahulugan ng pagpatay.[217] Ang paggamit ng dugo sa templo ay nangangahulugang isang hayop ang pinatay.

Ang kamatayan ni Kristo ay ang pinakapantapos na sakripisyo. Nagbigay ito ng kaligtasan na pwede para sa lahat sa lahat ng panahon.[218] Ibinigay niya ang kanyang dugo sa langit na kumakatawan sa kaniyang sakripisyong kamatayan.[219] Ang dugo ni Hesus ay nagbibigay sa atin ng kaligtasan dahil namatay siya bilang sakripisyo upang tayo ay maligtas.

Bakit namatay si Hesus sa krus sa halip na sa iba pang paraan? Sa panahon ng Lumang Tipan, isang tanda ng sumpa ng Diyos kapag ang isang tao ay ibibitin sa isang puno.[220] Sinasabi sa atin ni Apostol Pablo na ipinakita ni Hesus na kinuha niya ang sumpa ng Diyos sa pamamagitan ng pagpapako ng kanyang sarili sa isang puno.

**Pinagsama ni Hesus ang Diyos at tao.**

Si Hesus ay dumating upang pagkasunduin ang dalawang hiwalay na mga partido — ang Diyos at ang tao. Bilang tagapamagitan, kinatawan ni Hesus ang parehong mga partido sa parehong oras. Bilang Diyos, siya ay kumakatawan sa Diyos para sa tao. Bilang tao, Siya ay kumakatawan sa tao para sa Diyos. Sa ganap na pagkatawan sa magkabilang panig, pinagsama ni Hesus ang tao at ang Diyos. Ginawa niya ang dapat gawin ng bawat panig upang magkaroon ng pagkakasundo.

---

215 Hebreo 9:18-22.
216 Levitico 17:11, 14.
217 Genesis 9:5-6.
218 Basahin Hebreo 10:4, 12.
219 Basahin Hebreo 9:12, 24
220 Deuteronomio 21:23.

## Ipinagdiriwang natin ang Pasko ng Pagkabuhay dahil sa Muling Pagkabuhay

Maraming mga tradisyunal na paraan upang ipagdiwang ang Pasko ng Pagkabuhay, ngunit maraming tao ang hindi nauunawaan ang kahulugan ng mga bagay na kanilang ginagawa, at marahil hindi nila alam kung ano ang kahalagahan ng muling pagkabuhay ni Hesus. Si Hesus ay bumangon mula sa libingan noong umaga ng Pasko ng Pagkabuhay, sa ikatlong araw pagkatapos na siya ay ipinako sa krus. Ito ay nagpapakita na siya ay may kapangyarihan sa kasalanan, kamatayan, at sa diyablo. Hindi lamang niya kinuha ang ating kamatayan, ngunit napagtagumpayan niya ito sa pamamagitan ng buhay. Dahil siya ay nagtagumpay, pwede rin tayong magtagumpay!

**Si Hesus ay muling nabuhay na may katawan.**

Minsang sinabi ni Hesus sa mga Hudio,"Wasakin nyo ang templong ito, at sa loob ng tatlong araw ay itatayo ko ito." Bagaman naisip ng mga Hudio na tinutukoy niya ang templo na itinayo ni Herodes, ipinaliwanag ng Ebanghelyo ni Juan na ang tinutukoy ni Hesus ay ang kanyang katawan.[221] Ang lahat ng mga Ebanghelyo ay nagtala ng katotohanan na ang libingan ni Hesus ay walang laman pagkatapos ng tatlong araw na siya ay inilibing. Ipinakita ni Hesus ang kanyang sarili sa mga disipulo pagkatapos ng kanyang muling pagkabuhay, na sinasabi, "Hawakan mo ako, at tingnan mo, sapagkat ang espiritu ay walang laman at mga buto na nakikita mo na mayroon ako."[222] Pinatutunayan niya na pisikal na nabuhay siyang muli mula sa mga patay.

► Anong pagkakaiba ang magagawa nito kung hindi muling bumangon si Hesus mula sa mga patay?

**(1) Ang muling pagkabuhay ng katawan ni Hesus ay nagpapakita ng kanyang lubusang tagumpay laban sa kasalanan at kamatayan**.[223]

**(2) Ang muling pagkabuhay ng katawan ni Hesus ay nagpapatunay na siya ang inaangkin niya.**[224] Sa gayon ay pinatunayan din nito ang ebanghelyo. Ang mga taong tumanggi na si Hesus ay bumangon mula sa mga patay ay itinatanggi din ang ebanghelyo.[225]

**(3) Ang muling pagkabuhay ni Hesus ay nagbibigay sa atin ng katiyakan na tayo rin ay muling bubuhayin mula sa mga patay.** Nangako si Hesus na ibabangon niya ang mga patay, ngunit ito ay hindi magiging kapani-paniwala maliban kung siya

---

[221] Juan 2:19-21.
[222] Lucas 24:39.
[223] Basahin Pahayag 1:17-18, Colosas 2:14-15.
[224] Juan 2:18-21, Mateo 17:22-23.
[225] Basahin 1 Corinto 15:17.

mismo ang bumangon.[226] Tayo ay bubuhayin upang magkaroon ng mga katawan tulad ng niluwalhating katawan ni Hesus.[227]

**Si Hesus ay tao pa rin.**

Ang muling pagkabuhay ay nagpapakita sa atin na ang pagkakatawang-tao ay permanente. Si Hesus ay laging mananatiling tao at gayundin sa pagiging Diyos. Idinagdag ng Diyos ang kalikasan ng tao sa kanyang sariling kalikasan para sa walang hanggan, upang maibalik ang kanyang mga nilalang sa isang relasyon sa pag-ibig sa kanyang sarili. Si Hesus, ang Diyos-tao, ngayon ay namamagitan para sa atin sa Ama,[228] at sa darating na panahon ay babalik upang dalhin tayo sa langit.[229]

## Nagpapasakop tayo Kay Hesus dahil sa Kung Sino Siya at Kung Ano Ang Kanyang Ginawa.

Bilang mga mananampalataya, nabubuhay tayo sa pang-araw-araw na pakikipagrelasyon kay Kristo. Siya ay hindi lamang isang tao sa kasaysayan, at hindi lamang Diyos na nasa langit, kundi siya ay kasama natin. Nangako siya na lagi siyang kasama ng kanyang mga alagad.[230]

Siya ay naroroon sa isang espesyal na paraan sa iglesia. Siya ang ulo ng iglesia, at ang iglesia ang tinatawag na kanyang katawan.[231] Pinapatnubayan niya ang iglesiya, pinagbubuklod nang sama-sama, at naglalaan para dito.[232]

Ang isang tao na tumatanggap ng mga katotohanang ibinabahagi natin tungkol kay Hesus ay kailangang tumugon sa katotohanang iyon nang may pananampalataya at pagsunod. Maaari mong tulungan ang iba na maging mga mananampalataya gamit ang panalangin tulad ng nasa ibaba.

> "Ama, pinasasalamatan kita sa pagmamahal sa akin nang sapat upang ipadala ang iyong Anak na si Hesus sa mundo para sa akin. Naniniwala ako na si Hesus ang walang kasalanang Diyos-na-tao na namatay at muling nabuhay upang mapatawad ako sa aking mga kasalanan at maibalik sa isang relasyon sa iyo. Lubos akong humihingi ng kapatawaran sa lahat ng kasalanan na ginawa ko. Nalalaman ko na ang aking mga kasalanan ang nagpako kay Hesus sa krus. Ngayon ay lumalayo ako sa lahat ng alam kong mali, at tinatanggap ko si Hesus bilang aking Panginoon at tagapagligtas. Gabayan ninyo ako simula ngayon. Ako ay mamumuhay para sa iyo magpakailanman! Salamat sa pagpapatawad sa akin. Mahal kita. Amen."

---

[226] Juan 5:28-29.
[227] Basahin 1 Juan 3:2.
[228] Roma 8:34.
[229] 1 Tesalonica 4:16-17.
[230] Mateo 28:20.
[231] Efeso 1:22-23.
[232] Basahin Colosas 2:19.

*Dapat basahin ng klase ang "Pagpapahayag ng mga Paniniwala" ng magkakasama nang hindi bababa sa dalawang beses.*

## Pagpapahayag ng mga Paniniwala

Si Hesus ang Mesiyas at Panginoon ng lahat, ang Anak ng Diyos na ipinanganak ng isang birhen, taglay ang lahat ng kalikasan ng tao at ang lahat ng maka-Diyos na kalikasan sa isang persona. Siya ay namuhay nang walang kasalanan at namatay bilang sakripisyo upang ang ating mga kasalanan ay mapatawad. Siya ay bumangon mula sa mga patay at muling bubuhayin ang lahat ng mga mananampalataya kapag siya ay bumalik. Ang kanyang kaharian ay unibersal at walang katapusan.

## Leksyon 7 Takdang Aralin

(1) Ang bawat mag-aaral ay dapat na italaga sa isa sa mga talata na nakalista sa ibaba. Bago ang susunod na sesyon ng klase, dapat niyang basahin ang talata at magsulat ng taludtod tungkol sa sinasabi nito tungkol sa paksa ng leksyong ito.

- Marcos 1:1-12
- Juan 5:19-26
- Juan 6:44-51
- Juan 8:51-59
- Pahayag 1:12-18
- Mga Gawa 2:22-36

(2) Pagsubok: Sisimulan mo ang susunod na klase na may isang pagsubok sa aralin 7. Pag -aralan nang mabuti ang mga katanungan sa pagsubok bilang paghahanda.

(3) Dapat ipaalala sa mga mag-aaral ng hindi bababa sa pitong beses habang kasalukuyan ang kursong ito ang bawat mag-aaral ay dapat magturo ng isang leksyon o bahagi ng isang leksyon sa mga taong hindi kasama sa klase. Dapat mag-ulat ang mga mag-aaral sa lider ng klase tuwing magtuturo sila para sa takdang-leksyon.

## Patunay sa Kasulatan Tungkol sa Pagiging Tao ni Hesus

Si Hesus ay isang inapo ni Eva (Genesis 3:15), binhi ni Abraham (Genesis 22:18 – ihambing sa Mga Gawa 3:25), ipinanganak mula sa isang babae (Galacia 4:4), ipinanganak ni Maria (Mateo 1:21-25), tinawag na Anak ng Tao (Mateo 13:37), at dumaan sa ordinaryong proseso ng pagtanda (Lukas 2:40, 52).

Nang bumalik siya sa kanyang sariling bayan upang bumisita, ang reaksyon ng mga tao doon ay nagpapakita na ang kanyang pagkabata ay normal/pangkaraniwan. (Mateo 13:54-56).

Mayroon siyang katawan upang sumunod bilang isang tao (Hebreo 10:5-9); naging laman at dugo (Hebreo 2:14); ginawa siyang tulad natin upang siya ay magdusa tulad natin

(Hebreo 2:10-18); siya ay ganap sa pamamagitan ng paghihirap (Hebreo 2:9-10); at siya ay tinukso tulad ng isang tao (Hebreo 4:15).

Kinuha niya ang anyo ng tao (Filipos 2:6-8).

Siya ang Walang-hanggang Salita ng Diyos, at naging laman at nanirahan sa mundo. (Juan 1:14).

Ang pagiging tao ni Hesus ay isang mahalagang pahayag ng pananampalatayang Kristiyano (1 Juan 1:14, 4:2-3).

## Katunayan Ayon sa Kasulatan ng Pagka-Diyos ni Hesus

May tatlong paraan na si Hesus ay napatunayang Diyos:

(1) Siya ay tinatawag na Diyos
(2) Siya ay ipinakita na mayroong mga katangian ng Diyos
(3) Siya ay ipinakita sa mga tungkulin ng Diyos.

**Si Hesus ay tinawag na Diyos.**

- Sinasabi sa Juan 1:1, 14, na ang Walang-hanggang Salita ay Diyos.
- Ang Juan 12:41 ay nagsasabi sa atin na nakita ni Isaias si Hesus.
- Sinabi sa Mga Gawa 20:28 na ang iglesia ng Diyos ay binili gamit ang kanyang sariling dugo.
- Sinasabi ng Roma 9:5 na si Kristo ay dumating, ang pinagpalang Diyos magpakailanman.
- Tito 2:13 bilang ating Diyos at Tagapagligtas na si Hesu-Kristo.
- Sinasabi ng Isaias 7:14 na ang kanyang pangalan ay nangangahulugang "ang Diyos ay kasama natin."
- Sinasabi ng Isaias 9:6 na ang kanyang pangalan ay tatawaging Makapangyarihang Diyos.
- Sinasabi ng 1 Timoteo 3:16 na ang Diyos ay nahayag sa laman, ipinangaral, at tinanggap sa kaluwalhatian.
- Sa Juan 10:30, 33, sinabi ni Hesus na siya ay katulad ng Ama.
- Sa Juan 5:17-18, alam ng mga Hudio na sinabi niya na siya ay katumbas ng Diyos.
- Sa Juan 14:9 sinabi niya,"Kung nakita mo ako nakita mo na rin ang Ama."
- Sa Juan 20:28, nakita ni Tomas ang kanyang mga sugat at sinabing, "Panginoon ko at aking Diyos," at pinagpala ni Hesus ang mga naniniwala.

- Sa Juan 8:58, tinawag niya ang kanyang sarili Ako'y AKO, at alam ng mga Hudio na ito ay isang pag-angkin na siya ay Diyos.
- Sa Pahayag 1:8, 11, 17-18, sinabi Niya na siya ang Una at ang Huli, at ang Isaias 44:6 ay nagpapakita na ito ay isang kataga para sa Diyos.
- Ang Hebreo 1:2-3 ay nagsasabi sa atin na siya ang kumpletong imahen ng Ama.
- Sa Hebreo 1:8, siya ay tinawag bilang Diyos.

**Si Hesus ay may mga katangian ng Diyos.**

**Naroroon kahit saan.** Sa Mateo 18:20, sinabi ni Hesus na siya ay naroroon kung saan magkasama ang dalawa o tatlong mananampalataya. Sa Mateo 28:20, ipinangako niyang lagi siyang kasama ng mga mananampalataya.

**Lahat-makapangyarihan.** Sinasabi ng Hebreo 1:3 na lahat ng mga bagay ay hawak niya sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihan. Sinasabi ng Filipos 3:21 na ibinubuhos niya ang lahat sa kanyang sarili.

**Walang hanggan.** Sinasabi sa atin ng Hebreo 13:8 na siya ay walang hanggan na di nagbabago. Sinasabi rin sa Hebreo 1:12 na siya ay hindi nagbabago magpakailanman, at ito'y isang talata ng Awit 102:25-27 tungkol sa Diyos.

**Lahat-alam.** Sinasabi sa Juan 2:24-25 na kilala niya ang lahat ng tao, at alam kung ano ang nasa kanilang puso. Sa Juan 10:15, sinabi niya na kilala niya ang Ama katulad ng Ama na kilala siya.

**Si Hesus ay may mga tungkulin ng Diyos.**

- Si Hesus ang Manlilikha (Colosas 1:16, Hebreo 1:10).
- Pinatawad ni Hesus ang kasalanan (Lucas 5:20-24, Marcos 2:10, 7:48).
- Si Hesus ang tagahatol sa huling paghuhukom (Mateo 25:31-46, 2 Corinto 5:10).
- Si Hesus ay sinamba katulad ng Ama (Juan 5:22-23, Hebreo 1:6, Pahayag 5:12-13).

**Leksyon 7 Mga Tanong para sa Pag-aaral**

(1) Ano ang prayoridad ng Mesiyas?

(2) Ano ang ibig sabihin ng unang iglesiya nang sabihin nilang "Si Hesus ay Panginoon"?

(3) Paano natatanging ang Anak ng Diyos si Hesus?

(4) Ano ang ibig sabihin ng si Hesus ay isang pagkakatawang-tao?

(5) Bakit mahalaga na si Hesus ay isang tao? (Tatlong dahilan)

(6) Bakit mahalagang maunawaan natin na si Hesus ay Diyos?

(7) Bakit kailangan ang sakripisyo?

(8) Bakit namatay si Hesus sa isang krus sa halip ng sa iba pang mga paraan?

(9) Ano ang kahalagahan ng muling pagkabuhay ni Hesus?

# Leksyon 8
# Kaligtasan

## Mga Layunin ng Leksyon

(1) Sa katapusan ng Leksyong ito, dapat maunawaan at maipaliwanag ng mag-aaral:

- Bakit ang krus ay nakakasakit-damdamin sa maraming tao.
- Ang kondisyon ng makasalanan.
- Ang pangangailangan ng pagbabayad-sala para sa kapatawaran.
- Ang kahulugan ng pagsisisi.
- Ang mga elemento ng pananampalatayang nagliligtas.
- Bakit ang pagbabayad-sala ay sapat para sa lahat ng tao at lahat ng kasalanan.
- Ang batayan ng personal na katiyakan ng kaligtasan.
- Ang pangkalahatang pagtubos sa lahat ng nilikha.
- Ang pahayag ng mga paniniwala ng Kristyano tungkol sa kaligtasan.

(2) Isa sa mga praktikal na layunin ng leksyong ito ay para maunawaan ng mag-aaral ang kamalian ng relihiyon na walang pagsisisi.

## Panimula

Matapos kunin ang pagsusulit sa nakaraang leksyon, gamitin ang mga layunin mula sa leksyong iyon para sa pagtatanong para sa pagbabalik-aral. Pagkatapos ay pumunta sa pagbabasa ng talata sa ibaba.

► Basahin nang magkakasama ang Awit 85. Ano ang sinasabi sa atin ng talatang ito tungkol sa kaligtasan?

## Ang Krus

Ang pinakamahalagang simbolo ng Kristiyano ay ang krus. Ang krus ay kumakatawan sa pinakamahahalagang paniniwala ng mga Kristiyano. Ito ay kumakatawan sa pangyayari na sentro ng lahat ng kasaysayan. Ito ay kumakatawan sa pagkakaiba ng pananampalatayang Kristiyano at lahat ng iba pa.

Ang krus ay isang misteryo sa maraming tao. Hindi nila naiintindihan kung bakit namatay si Hesus. Kahit na marinig nila na siya ay namatay dahil mahal niya tayo at nais niya tayong iligtas, hindi nila nauunawaan kung bakit kailangan itong mangyari. Sila ay nagtataka, "Kung nais ng Diyos na patawarin tayo, bakit hindi na lang niya iyon gawin?"

Ang pagkalito tungkol sa krus ay nagsimula sa pasimula, nang magsimulang ipangaral ng mga unang Kristiyano ang Ebanghelyo.[233] Inisip ng mga Hudio na ipapakita ng Diyos ang kanyang sarili nang may kapangyarihan. Inisip nila na ang kaligtasan na kailangan nila ay kaligtasan mula sa pang-aapi,ngunit ang krus ay tila nagpapakita ng kahinaan at kabiguan. Ang mga Griyego ay nag-iisip na ang Diyos ay magpapakita sa kanyang sarili sa karunungan. Inisip nila na ang kaligtasang kailangan nila ay paliwanag tungkol sa kung paano makakamit ang pinakamabuti mula sa buhay, ngunit ang krus ay tila kahangalan at kabiguan.

► Bakit nasaktan ng krus ang ilang mga tao?

Ang krus ay isang pananakit sa maraming tao. Maraming tao ang nais na maging relihiyoso. Nais nilang maniwala sa ilang mga bagay, magsagawa ng mga kaugalian sa relihiyon, at tumanggap ng payo. Ngunit nagagalit sila sa ideya na sila ay totoong mga makasalanan at kinakailangan nila ang krus para sa kanilang kapatawaran. Gusto nilang mapawalang-sala ayon sa kanilang sarili, kung ano sila.[234] Ang krus ay nakakasakit sa kanila dahil nangangahulugan ito na sila ay mga makasalanan na nangangailangan ng kapatawaran.

> "Kung paano ang isang makasalanan ay mapawawalang sala sa harap ng Diyos ay isang mahalagang katanungan para sa bawat tao, dahil walang tunay na kapayapaan o siguradong katuwaan habang tayo'y mga kaaway pa ng Diyos maging sa kasalukuyan o sa pangwalanghanggan. Gayunman, napakaliit ng ating pang-unawa tungkol sa tanong na ito! Ang dami nang nakalilitong ideya ang naisip ng mga tao tungkol dito!"
> - John Wesley,
> sa sermon na may pamagat na "Pagpapawalang-Sala sa Pamamagitan ng Pananampalataya"

Upang maunawaan ang sakripisyong kamatayan ni Hesus sa krus, kailangan nating maunawaan na ang kalagayan ng taong makasalanan at ang banal na katangian ng Diyos ay naging sanhi ng isang malaking problema. Dapat nating maunawaan kung bakit dahil sa pagbabayad-sala ay naging posible para sa Diyos na magpatawad.

## Ang Kalagayan ng Tao

Dahil sa kasalanan ni Adan, ang bawat tao ay nahiwalay na mula sa Diyos nang siya ay ipinanganak.[235] Nangangahulugan ito na ang bawat tao ay makasarili at lumalakad sa kanyang sariling daan.

Sa sandaling magsimulang gumawa ng mga pagpili ang isang tao, nagsisimula rin siyang makagawa ng kasalanan. **Ang bawat makasalanan ay salarin sa maraming mga gawa ng kasalanan**.[236]

---

[233] Basahin 1 Corinto 1:22-23.
[234] Basahin Lucas 18:10-14.
[235] Roma 5:12.
[236] Basahin Roma 3:23.

Ang kasalanan ay isang paglabag sa batas ng Diyos.[237] Dahil ang Diyos ay ganap na matuwid, hindi niya ipinagwawalang bahala ang kasalanan, at ang bawat tao ay hahatulan dahil sa kanyang ginawa.[238] Hindi na kailangang itanong kung nagkakasala ang sinumang tao o ano ang hatol na dapat niyang tanggapin. Ang bawat makasalanan ay nahatulan na.[239]

**Ang makasalanan ay ang kaaway ng Diyos**.[240] Ang isang makasalanan ay hindi maaaring magkaroon ng relasyon sa Diyos malibang ang kanyang mga pagkakasala laban sa Diyos ay maalis.

Ang makasalanan ay nasa kondisyon din na hindi siya karapat-dapat para sa isang relasyon sa Diyos. **Ang makasalanan ay masama sa kanyang mga hangarin**.[241] Dahil siya ay isang alipin ng kasalanan, **ang makasalanan ay walang kapangyarihan upang baguhin ang kanyang kalagayan**.[242]

Kaya ano ang kaligtasan na kailangan ng makasalanan? Dahil ang makasalanan ay nagkasala, ang kaligtasan ay nangangahulugan ng kapatawaran. Dahil siya ay kaaway ng Diyos, ang kaligtasan ay nangangahulugan ng pakikipagkasundo. Dahil siya ay masama, ang kaligtasan ay nangangahulugan ng paglilinis. Dahil siya ay walang kapangyarihan, ang kaligtasan ay nangangahulugan ng pagpapalaya. ilan lamang ito sa mga aspeto ng kaligtasan na kailangan ng makasalanan.

## Ang Dilema/Suliranin

Hindi kayang bayaran ng tao ang kanyang sariling kasalanan. Ang isang dahilan ay ang lahat ng bagay na mayroon tayo ay pagmamay-ari ng Diyos. May mas mahalagang dahilan. Ang kasalanan ay laban sa isang Walang-hanggang Diyos, at walang magagamit na pambayad ang tao, bagay na walang katapusan ang halaga.

Walang kahit anuman na magagawa ang tao tungkol sa kanyang pangangailangan; samakatuwid, walang maitatakdang gawain para sa tao upang makamit niya ang kaligtasan.[243] Kung posible para sa tao na makamit sa kanyang sarili ang kanyang kaligtasan, hindi na kinakailangan pa na mamatay si Hesus sa krus.[244]

► Kung nais ng Diyos na magpatawad, bakit hindi siya nagpatawad nang walang krus?

Sapagkat ang Diyos ay banal, dapat siyang humatol ayon sa katotohanan at katarungan.[245]

---

237 1 Juan 3:4, Santiago 2:10-11.
238 2 Corinto 5:10, Pahayag 20:12-13.
239 Basahin Juan 3:18-19.
240 Roma 5:10.
241 Efeso 2:3.
242 Basahin Roma 5:20, 7:23.
243 Basahin Galacia 3:21.
244 Basahin Galacia 2:21.
245 Roma  2:5-6.

Isipin ninyo kung ang sakripisyo ni Kristo ay hindi nangyari. Paano kung pinatawad ng Diyos ang mga makasalanan nang walang pagbabayad-sala?

Kung pinatawad ng Diyos ang kasalanan nang wala ang pagbabayad-sala, ang kasalanan ay tila hindi mahalaga. Ang Diyos ay tila hindi makatarungan, at hindi banal. Tila sa paningin ng Diyos, kaunti lamang ang pagkakaiba sa pagitan ng isang taong gumagawa ng tama at isang taong gumagawa ng mali.

Kung ang kapatawaran ay walang pagbabayad-sala, ang Diyos ay hindi maaaring sambahin bilang ang makatarungan at banal na Diyos na tunay na kalikasan niya. Ang kapatawaran na walang pagtubos ay lubos na lumalapastangan sa Diyos sa halip na igalang siya, kaya't hindi iyon maaaring gawin.

Ngunit ang Diyos ay mapagmahal at nagnanais na magpatawad. Hindi niya nais na iwanan ang buong sangkatauhan sa isang makasalanang kondisyon, na naliligaw sa walang hanggan, kahit na ito ang nararapat sa kanila.

Ang sakripisyo ni Hesus sa krus ay nagbibigay ng sakripisyo ng walang katapusang halaga na kinakailangan. **Si Hesus ay kwalipikado (1) sa pamamagitan ng pagiging walang kasalanan** [246] (perpekto at hindi nangangailangan ng kaligtasan ang kanyang sarili), **at (2) sa pagiging parehong Diyos at tao**.

Ang pagbabayad-sala ay nagbibigay ng kung ano ang kinakailangan bilang isang batayan para sa kapatawaran. Maaaring patawarin ng Diyos ang taong nagsisisi at naniniwala sa kanyang pangako. Walang sinumang nakauunawa ng sakripisyo sa krus ang maaaring mag-isip na ang kasalanan ay hindi seryoso sa Diyos.

Ang pagbabayad-sala ay nagbibigay ng isang paraan na pwedeng ibilang ng Diyos na matuwid ang isang makasalanan na naniniwala sa pangako, gayon pa man ay manatiling makatarungan.[247] Ang Roman 3:20-26 ay nagbibigay ng lohikal na paliwanag kung paano nangyayari ang pagtubos/pagbabayad-sala.

Sinasabi sa atin ng Biblia na ang paraan ng kaligtasan na ibinigay ng Diyos ay tunay na ang tanging paraan. Kung tinatanggihan ng isang tao ang kaligtasan sa pamamagitan ng biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya kay Kristo, hindi siya maliligtas.[248]

Ito ang dahilan kung bakit mahalaga na malaman ang katuroan ng kaligtasan sa pamamagitan ng biyaya lamang, na matatanggap sa pamamagitan ng pananampalataya lamang. Ang kaligtasan ay sa pamamagitan ng biyaya lamang dahil walang anuman ang magagawa natin upang makamtan ito o maging karapat-dapat para dito. Ito ay sa

---

[246] 2 Corinto 5:21.
[247] Basahin Roma 3:26.
[248] Basahin Marcos 16:15-16, Mga Gawa 4:12, Hebreo 2:3.

pananampalataya lamang dahil wala tayong anumang maaring gawin upang matupad ito. Maaari lamang tayong maniwala sa pangako ng Diyos.

► Sino ang gumagawa ng unang hakbang sa kaligtasan ng isang tao, ang Diyos o ang tao mismo?

## Ang Unang Biyaya

Ginawa ng Diyos ang mga unang hakbang patungo sa pagdadala sa makasalanan sa kaligtasan. Ipinakita niya ang kanyang kahandaan na magpatawad sa pamamagitan ng pagbibigay ng sakripisyo ni Hesus sa krus. Ngayon ang biyaya ng Diyos ay umaabot sa puso ng makasalanan, kumukumbinsi sa kanya ng kanyang mga kasalanan at nagdudulot sa kanya ng hangarin na magkaroon ng kapatawaran. [249] Ang makasalanan ay walang kapangyarihan na iwanan ang kanyang mga kasalanan nang walang tulong ng Diyos.[250] Binibigyan ng Diyos ng kakayahan ang makasalanan na tumugon sa ebanghelyo. Kung ang isang tao ay hindi naligtas, hindi dahil wala siyang biyaya, kundi dahil hindi siya tumugon sa biyaya na ibinigay sa kanya ng Diyos.

> Isang magandang talata na naglalarawan sa biyaya ng Diyos ang isinulat maraming taon bago pa naganap ang pagbabayad-kasalanan. Ito ang Awit 85. Inilalarawan nito kung paano pinatatawad ng Diyos ang kasalanan. Sinasabi nito na nagwakas ang kanyang poot. Pagkatapos dumarating ito sa isang kahanga-hangang pangungusap. Sinasabi nito na "ang awa at katotohanan ay kapwa natugunan; ang katuwiran at kapayapaan ay nagkaisa na." Ito ay isang kahanga-hangang larawan ng kaligtasan sa pamamagitan ng pagbabayad-sala. Kung walang pagbabayad-sala, ang biyaya ng Diyos ay malilimitahan ng katotohanang tayo ay makasalanan. Magiging kaaway tayo ng Diyos dahil sa kaniyang pagiging matuwid, sa halip na pahintulutan ang kapayapaan.

Si Hesus ay namatay para sa mga kasalanan ng buong mundo, at nais ng Diyos na ang bawat tao ay maligtas.[251] Ang biyaya ng Diyos ay nagbibigay sa bawat tao ng kakayahang tumugon, ngunit hindi niya pinipilit ang sinuman. Iyon ang dahilan kung bakit tinatawag ng Diyos ang makasalanan upang pumili na magsisi at maniwala.[252]

## Pagsisisi

► Ano ang Pagsisisi?

Ang pagsisisi ay nangangahulugan na nakikita ng isang makasalanan ang kanyang sarili bilang nagkasala at karapat-dapat sa kaparusahan, at nais niyang ihinto ang kanyang mga kasalanan.

---

[249] Basahin Tito 2:11, Juan 1:9, Roma 1:20.
[250] Juan 6:44.
[251] Basahin 2 Pedro 3:9, 1 Juan 2:2, 1 Timoteo 4:10.
[252] Marcos 1:15.

> "Hayaang talikuran ang lakad ng masama, at ng taong hindi matuwid ang kanyang mga kaisipan; hayaan siyang bumalik sa Panginoon, at mahahabag siya sa kaniya; at sa aming Diyos, sapagkat siya'y magpapatawad ng sagana" (Isaias 55:7).

Ang pagsisisi ay hindi nangangahulugan na dapat ituwid ng isang makasalanan ang kanyang buhay at gawing matuwid ang kanyang sarili bago siya patawarin ng Diyos. Imposible iyon, ngunit ang makasalanan ay dapat maging handa para iligtas siya ng Diyos mula sa kanyang mga kasalanan.

► Ang kaligtasan ay natanggap sa pamamagitan ng biyaya, kaya bakit kailangan ang pagsisisi para sa kaligtasan?

Ang P anananampalataya ay ang tanging pangangailangan para sa kapatawaran, ngunit hindi maaaring magkaroon ng pananampalataya para sa kaligtasan nang walang pagsisisi. Kung ang isang tao ay ayaw magsisi, ayaw niyang maligtas mula sa kasalanan.

Kung pinatawad ng Diyos ang mga tao na nagpapatuloy sa kasalanan at hindi nagsisisi, iyon ay lalapastangan sa kanya bilang matuwid na hukom ng daigdig.

Kailangan ang pagsisisi, sapagkat kung ang isang tao ay hindi magsisisi, hindi niya inaamin ang kasamaan ng kasalanan. Kung hindi niya makita kung bakit dapat siyang huminto sa pagkakasala, hindi niya nakikita kung bakit siya nangangailangan ng kapatawaran.

Kung hindi pa nakikita ng isang tao ang kanyang sarili bilang tunay na nagkasala, walang maidadahilan, at karapat-dapat na parusahan, hindi siya tunay na nagsisi. Kung siya ay umamin na siya ay isang makasalanan ngunit nais niya ng isang relihiyon na magpapahintulot sa kanya na magpatuloy sa pagkakasala, hindi siya nagsisi, dahil nais niya na patuloy na gawin kung ano ang ginagawa niyang pagkakasala.

## Nakapagliligtas na Pananampalataya

► Kung ang isang tao ay mayroong pananampalatayang nakapagliligtas, ano ang ibig sabihin nito na pinaniniwalaan niya?

### (1) Nakita niya na wala siyang magagagwa upang ikatwiran ang kanyang sarili.

> "Sapagkat sa pamamagitan ng biyaya kayo'y naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya, at hindi sa inyong sarili: ito ay regalo ng Diyos, hindi sa mga gawa, upang ang sinuman ay huwag magmalaki" (Mga Taga Efeso 2:8-9).

Napagtanto niya na wala siyang magagawa (mga gawa) na kahit bahagya ay magagawa siyang karapat-dapat na iligtas.

### (2) Naniniwala siya na ang sakripisyo ni Kristo ay sapat para sa kanyang kapatawaran.

> "At siya ang pangpalubag-loob para sa ating mga kasalanan, at hindi para sa atin lamang, kundi sa mga kasalanan ng buong sanlibutan" (1 Juan 2:2).

Ang *Pagsusuyo (propitiation)* ay nangangahulugan na ang sakripisyo ang naging dahilan upang maging posible ang ating kapatawaran. Walang kailangan na karagdagan sa sakripisyo ni Kristo para sa ating kapatawaran.

**(3) Naniniwala siya na pinatawad siya ng Diyos sa kondisyon ng pananampalataya lamang.**

> "Kung ipapahayag natin ang ating mga kasalanan, siya ay tapat at makatarungan upang patawarin tayo sa ating mga kasalanan at linisin tayo mula sa lahat ng kalikuan" (1 Juan 1:9).

Kung iniisip niya na may iba pang mga kondisyon, inaasahan niya na maililigtas rin siya ng mga gawa sa halip na ganap at lubos sa pamamagitan ng biyaya.

## Katiyakan

► Paano maaaring malaman ng isang tao na siya ay siguradong naligtas?

May mga tao na umaasa sa kanilang mga damdamin, ngunit ang mga damdamin ay nagbabago at maaaring makalinlang.

Sinasabi sa atin ng Biblia na maaari nating matiyak na tayo ay naligtas na. Makapagtitiwala tayo na tinanggap tayo ng Diyos. Hindi tayo kailangang mabuhay nang may takot, sapagkat ang Espiritu ng Diyos ang nagbibigay katiyakan sa atin na tayo ay ibinilang na Anak ng Diyos.[253]

Ang katiyakang ito ay kumpleto na kaya't hindi na natin kailangang katakutan ang Araw ng Paghuhukom.[254] May mga nagsasabi na umaasa silang tatanggapin sila sa langit, ngunit maaari tayong magkaroon ng higit na katiyakan kaysa doon. Hindi sapat na naniniwala na ang kaligtasan ay ibibigay sa buong sanlibutan sa pangkalahatan; dapat malaman ng isang tao na siya mismo ay naligtas.

Ang nabagong buhay ay katibayan na ang isang tao ay naligtas, ngunit ang katibayan na iyon ay hindi umiiral sa mga unang sandali. Ang mga resulta ng kaligtasan ay hindi pa nagkakaroon ng panahon upang lumitaw. Kaya, sa oras ng pagsisisi, ang isang nabagong buhay ay hindi ang batayan ng katiyakan.

Ang mananampalataya ay makakatiyak sa kanyang kaligtasan sa pamamagitan ng pagkaalam na sinunod niya ang paraan ng Kasulatan para maligtas. Kung ang isang tao ay tunay na nagsisi at naniwala sa itinuturo ng Biblia, may karapatan siyang maniwala na pinatatawad na siya ng Diyos. Kapag ang isang tao ay nagsisisi at naniniwala, ang Diyos ay nagbibigay ng patotoo ng kanyang Espiritu na siya ay naging anak ng Diyos.

---

[253] Roma 8:15-16.
[254] Basahin 1 Juan 4:17.

Kung sinusubukang pakiramdaman ng isang tao kung siya ay naligtas kapag hindi siya tunay na nagsisi, siya ay malilito at maaaring madaya ang kanyang sarili.

Kung ang isang tao (1) ay tunay na nagsisi, (2) nagtitiwala sa pangako ng Diyos sa Kasulatan, at (3) tumatanggap ng patotoo ng Espiritu, hindi siya malilinlang. Ang katiyakan ay batay sa Salita ng Diyos, na lubos na maaasahan. Ang Diyos ay tumutupad sa kanyang mga pangako.

### 10 mga Salita para sa Mga Aspeto ng Kaligtasan

**Pagkakasundo/Reconciliation:** Ang salitang ito ay nangangahulugan na ang mga naging kaaway ay muling nakipagkasundo. Sa kaligtasan, nakikipagkasundo tayo sa Diyos. [255]

**Pagbabayad/Expiation**: Ang salitang ito ay nangangahulugan na ang isang rekord ay nalinis na. Sa kaligtasan, ang talaan ng ating mga kasalanan ay nabubura.[256]

**Pagsusuyo/Propitiation**: Ang salitang ito ay tumutukoy sa isang bagay na ibinibigay upang maalis ang galit ng isang tao. Sa kaligtasan, ang sakripisyo ni Hesus ang nag-alis ng galit ng Diyos na laban sa atin.[257]

**Pagpapalaya/Deliverance**: Ang salitang ito ay nangangahulugan na ang isang tao ay naligtas mula sa kapangyarihan ng iba. Sa kaligtasan, tayo ay inaalis mula sa ilalim ng kapangyarihan ni Satanas at ng kasalanan.[258]

**Pagtubos/Redemption**: Ang salitang ito ay nangangahulugan na ang isang presyo ay binayaran upang ang isang tao ay maaaring maging malaya. Sa kaligtasan, ang kamatayan ni Hesus ang presyo upang tayo ay lumaya mula sa pagkakaalipin at parusa ng kasalanan.[259]

**Ang pagbibigay-katwiran/Justification**: Ang salitang ito ay nangangahulugan na ang isang tao ay ibinilang na matuwid, o walang sala. Sa kaligtasan, ang nagkasala ay nabibilang na matuwid dahil si Hesus ay nagdusa sa kanyang lugar.[260]

**Pagpapabanal/Sanctification:** Ang salitang ito ay nangangahulugan na ang isang tao ay ginawang banal. Sa kaligtasan, ang isang makasalanan ay binago upang maging isang banal na anak ng Diyos.[261]

---

[255] Basahin 2 Corinto 5:19, Roma 5:1 (Ang mga talatang ito ay kapwa nangungusap tungkol sa pagpapawalang-sala at pakikipagkasundo)
[256] Basahin Hebreo 8:12.
[257] Basahin 1 Juan 2:2.
[258] Basahin Lucas 1:74, Roma 6:6, 12-18.
[259] Basahin Efeso 1:7, Tito 2:14.
[260] Basahin 2 Corinto 5:19, Roma 5:1 (Ang mga talatang ito ay nangungusap tungkol kapwa sa pagpapawalang-sala at pakikipagkasundo).
[261] Marami sa mga sulat ang tumutukoy sa mga mananampalataya bilang "mga binanal." Basahin Efeso 1:1, Colosas 1:1, Filipos 1:1.

**Pag-ampon/Adoption**: Ang salitang ito ay nangangahulugan na ang isang tao ay nagiging legal na anak ng iba. Sa kaligtasan, nagiging mga anak tayo ng Diyos.[262]

**Pagbabagong-buhay o Bagong Kapanganakan/Regeneration**: Ang salitang ito ay nangangahulugan na ang isang tao ay nagsisimula muli sa buhay. Sa kaligtasan ang mananampalataya ay nagsisimula ng isang bagong buhay.[263]

**Pagtatatak/Sealing**: Ang salitang ito ay nangangahulugan na ang isang bagay ay minarkahan upang ipakita kung sino ang nagmamay-ari nito. Sa kaligtasan, ang Banal na Espiritu na nasa atin ay tumutukoy sa atin bilang pag-aari ng Diyos.[264]

*Ang isang miyembro ng klase ay maaaring piliin upang ipaliwanag ang impormasyon sa kahon sa ibaba.*

### Pagkakamali na Iiwasan: Relihiyon na Walang Pagsisisi

Mayroong isang uri ng tao na madaling nag-iisip na siya ay naligtas kapag naririnig niya na ang kaligtasan ay sa pamamagitan ng biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya. Hindi pa siya tunay na nagsisisi, dahil hindi niya nakikita na kailangan niyang magsisi. Hindi niya nakita ang kanyang sarili bilang isang makasalanan na karapat-dapat sa paghatol ng Diyos. Iniisip niya na ang biyaya ay nangangahulugan na maaaring niyang gawin ang kanyang sariling daan. Dahil tinatanggap niya ang katotohanan ng Kristiyanismo, iniisip niya na siya ay isang Kristiyano, bagaman wala siyang pagbabago. Hindi niya isinusuko ang sarili niyang kalooban; sa halip, tinanggap niya ang Diyos bilang isang bahagi ng kanyang buhay, at namumuhay pa rin sa kabuuan ng buhay ayon sa kanyang sariling kalooban. Hindi ito ang simula ng nakakapagligtas na kaugnayan sa Diyos, alinsunod sa paglalarawan sa Banal na Kasulatan.

*Dapat magkakasamang basahin ng klase ang "Pahayag ng Paniniwala" nang hindi bababa sa dalawang beses.*

### Pagpapahayag ng mga Paniniwala

Ang buhay, kamatayan at muling pagkabuhay ni Kristo Hesus ay nagkaloob ng pagbabayad-utang para sa kasalanan ng mundo. Ang bawat isa ay salarin sa pagkakasala at walang lakas upang iligtas ang kanyang sarili. Matatanggap ng bawat makasalanang nagsisisi ang biyaya ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya. Pinatatawad ang makasalanan at inililigtas mula sa kapangyarihan at kaparusahan ng kasalanan. Binabago ng Banal na Espiritu ang mananampalataya mula sa pagiging makasalanan at ginagawang banal na sumasamba sa Diyos. Walang ibang paraan ng kaligtasan. Ang sannilikha sa pangkalahatan ay tinubos na at sa wakas ng panahon ay ibabalik ng Diyos.

---

[262] Basahin Juan 1:12, Roma 8:15.
[263] Basahin Efeso 2:1, Juan 7:38-39, Galacia 4:29, Juan 3:5.
[264] Basahin Efeso 1:13.

*Nasa ibaba ang dalawang opsiyonal na mga impormasyon. Maaaring pag-aralan ng klase ang mga ito kung interesado ang mga miyembro sa mga paksang ito.*

## Leksyon 8 Takdang Aralin

(1) Ang bawat mag-aaral ay dapat na italaga sa isa sa mga talata na nakalista sa ibaba. Bago ang susunod na sesyon ng klase, dapat niyang basahin ang talata at magsulat ng paragraph tungkol sa sinasabi nito tungkol sa paksa ng leksyong ito.

- Efeso 2:1-10
- Isaias 1:11-18
- Awit 51
- Roma 8:19-25
- Roma 3:20-26

(2) Pagsubok: Sisimulan mo ang susunod na klase na may isang pagsubok sa aralin 8. Pag -aralan nang mabuti ang mga katanungan sa pagsubok bilang paghahanda.

(3) Dapat ipaalala sa mga mag-aaral na hindi bababa sa pitong beses sa panahon ng kursong ito ang bawat mag-aaral ay dapat magturo ng isang leksyon o bahagi ng isang leksyon sa mga taong hindi kabilang sa klase. Dapat mag-ulat ang mga mag-aaral sa lider ng klase tuwing magtuturo sila para sa takdang-leksyon.

## Kaligtasan sa Lumang Tipan

Sa Lumang Tipan, ang Diyos ay naglaan ng isang sistema ng pagsamba na may mga sakripisyo. Ang mga sakripisyo ay hindi nagbibigay ng kaligtasan katulad ng kamatayan ni Hesus. Sinasabi sa atin ng Biblia na "hindi posibleng makapag-alis ng kasalanan ang dugo ng mga toro at ng mga kambing."[265] "Kaya bakit inihahandog ang mga sakripisyo? Ang mga ito ay mga uri ng pagsamba na sumasagisag sa sakripisyo ni Kristo na nasa hinaharap.[266]

Hindi ito nangangahulugan na ang kaligtasan ay hindi makakamit hanggang sa mga panahon ng Bagong Tipan. Nang ipinapaliwanag ni Apostol Pablo ang katuroan ng pagpapawalang-sala sa pamamagitan ng biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya, ibinigay niya ang mga halimbawa ni Abraham at David upang ipakita na hindi ito isang bagong ideya.[267] Sinabi ni Hesus na dapat alam na ni Nicodemus ang tungkol sa bagong kapanganakan dahil siya ay isang guro ng Lumang Tipan. [268] Sinabi ni Pablo kay Timoteo na ang Lumang Tipan sa Banal na Kasulatan ay magpapatalino sa kanya tungkol sa kaligtasan.[269] Kaya't mayroon nang Ebanghelyo sa Lumang Tipan.

---

[265] Hebreo 10:4.
[266] Hebreo 10:1.
[267] Roma 4:1-8.
[268] Juan 3:10.
[269] 2 Timoteo 3:15.

May ilan sa panahon ng Lumang Tipan na nakakaunawa sa biyaya. Hindi nila alam ang mga detalye ng pagbabayad-sala o kung paano ito kumikilos, ngunit naniniwala sila na sa anumang paraan ang Diyos ay nagbibigay ng batayan para sa kapatawaran. Ang mga sakripisyo ay anyo lamang ng pagpapahayag ng pananampalatayang iyon , tulad ng mga paraan ng pagsamba ngayon (halimbawa, ang Hapag ng Panginoon). Ang mga sakripisyo ay walang kabuluhan kung walang kasamang pananampalataya at pagsunod. Katulad ito ng ating mga anyo ng pagsamba ay walang kabuluhan kung ang mga ito ay hindi pagpapahayag ng isang puso at buhay na nagpapasakop sa Diyos.

Ang Awit 51 at Isaias 1:11-18 ay dalawang talata na nagpapakita na ang pagsisisi at pananampalataya ay mahalaga sa panahon ng Lumang Tipan. Dapat humingi ng kapatawaran at paglilinis ang sinumang sumasamba.

## Ang Kaligtasan ng lahat ng Nilikha

Nang magkasala ang unang tao, isang sumpa ang dumating sa lahat ng nilikha.[270] Kapag ang kaligtasan ay nakumpleto, ang sannilikha ay maibabalik, ngunit hindi pa natin nakikita iyon.

Ang kaligtasan ay nagsisimula sa pagpapanibago sa espirituwal ng mga taong naligtas. Ang mga mananampalataya ay naligtas mula sa kasalanan, at sila ay nabubuhay sa mga pagpapala ng Diyos. Gayunpaman, hindi pa nila nararanasan ang pagpapalaya mula sa pisikal na aspeto ng sumpa ng kasalanan. Mayroon pa silang mga katawan na tumatanda at namamatay.

Ang kalikasan ay nasa ilalim pa rin ng sumpa ng kasalanan. Hindi pa natin ito nakita sa orihinal na likas ayon sa pagkalikha ng Diyos. Nakikita natin ang kalikasan na puno ng masasamang mga nilalang at nilalang na nagkakasalungat sa isa't-isa, kung saan maraming mga nilalang ang dapat mamatay upang ang iba ay mabuhay.

Darating ang oras na ang lahat ng nilikha ay papanunumbalikin/babaguhin.[271]

Ang isang talata na naglalarawan sa pag-asa ng Kristiyano sa mundo na nasa ilalim pa ng sumpa ng kasalanan ay ang Roma 8: 19-25.

## Leksyon 8 Mga Tanong Para sa Pag-aaral

(1) Bakit nakakasakit-damdamin para sa maraming tao ang krus?

(2) Ano ang apat na aspeto ng kalagayan ng isang makasalanan?

(3) Bakit ang pagpapatawad na walang pagbabayad-sala ay hindi nagpaparangal sa Diyos?

---

[270] Genesis 3:17.
[271] Pahayag 21:1, Hebreo 1:10-12.

(4) Ano ang pagsisisi?

(5) Kung ang isang tao ay mayroong pananampalataya na nakapagliligtas, ano ang ibig sabihin nito na pinaniniwalaan niya?

(6) Bakit kwalipikado si Hesus na maging sakripisyo?

(7) Paano makakatiyak ang isang tao na siya ay ligtas?

(8) Itugma ang mga tuntunin ng kaligtasan sa mga tamang talata:

| | | | |
|---|---|---|---|
| ___ | pagtubos | A | Binayaran ang Presyo |
| ___ | pagpapabanal | B | Ibinilang na matuwid |
| ___ | pagbabayad | C | Markang pagkakakilanlan |
| ___ | pagpapalaya | D | Kapayapaan |
| ___ | pagtatatak | E | ibinaling ang galit |
| ___ | pakikipagkasundo | F | Malinis na talaan |
| ___ | pagsusuyo | G | sinaklolohan |
| ___ | pag-aampon | H | ginawang banal |
| ___ | bagong kapanganakan | I | naging anak |
| ___ | pagbibigay-katuwiran | J | bagong buhay |

# Leksyon 9
# Mga Isyu Tungkol sa Kaligtasan

## Mga Layunin ng Leksyon

(1) Sa katapusan ng leksyong ito, dapat na maunawaan at maipaliwanag ng mag-aaral ang:

- Ang pribilehiyo at kahalagahan ng tagumpay ng mananampalataya sa kasalanan.
- Ang biyaya ng Diyos ay nagbibigay ng matagumpay na pamumuhay.
- Ang espirituwal na buhay na nagmumula sa kaugnayan kay Kristo.
- Ang mga babala ng banal na Kasulatan sa pagkahiwalay sa biyaya.
- Ang isang pahayag ng mga paniniwala ng mga Kristiyano tungkol sa mga partikular na isyu ng kaligtasan.

(2) Ang isa sa mga praktikal na layunin ng leksyong ito ay upang matulungan ang mag-aaral na magkaroon ng mataas na pag-asa sa matagumpay na pamumuhay laban sa kasalanan.

## Panimula

*Matapos kunin ang pagsusulit sa nakaraang leksyon, gamitin ang mga layunin mula sa leksyon na iyon para magtanong para sa pagbabalik-aral. Pagkatapos ay pumunta sa pagbabasa ng talata sa ibaba.*

► Basahin nang sama-sama ang Roma 6. Ano ang sinasabi sa atin ng talatang ito tungkol sa mga epekto ng kaligtasan?

## Ebidensya ng Kaligtasan

Ang personal na katiyakan ng kaligtasan ay isa sa mga pangunahing tema ng liham ng 1 Juan. Sinabi ni Juan na ito ang kanyang dahilan sa pagsulat: "Ang mga bagay na ito ay isinulat ko sa inyo na naniniwala sa pangalan ng Anak ng Diyos; upang malaman ninyo na kayo ay may buhay na walang hanggan."(5:13).

► Ano ang dapat gawin ng isang tao kung mayroon siyang alinlangan kung siya ay ligtas?

Alam ng apostol na magkakaroon ng mga pagkakataon na ang isang mananampalataya ay nangangailangan ng katiyakan na siya ay ligtas. Ipinakikita niya na angkop para sa isang mananampalataya na maghanap ng katibayan kung saan ibabatay ang kanyang katiyakan. Sa buong sulat, nagbigay siya ng ilang halimbawa ng katibayan, na sinasabi "ito ang dahilan

kung bakit ating nalalaman…”[272] Sinabi niya na maaaring gamitin ng mga mananampalataya ang katibayang ito upang bigyang katiyakan ang kanilang mga puso.[273]

Ang katangian ng isang mananampalataya na pinakabinigyang-diin sa buong sulat ng 1 John ay tagumpay laban sa kasalanan. Ang normal na kalagayan ng isang mananampalataya ay isang buhay ng kalayaan mula sa sinasadyang kasalanan. Ang Apostol Pablo ay nagsabi, "Aking mga anak, ang mga bagay na ito ay isinusulat ko sa inyo, nang hindi kayo nagkakasala "(2:1). Sa pahayag na ito, ipinakita ng apostol na ang mananampalataya ay dapat mamuhay nang walang sinasadyang kasalanan, at sinasabi niya na siya ay sumusulat upang ipakita sa kanila ang kahalagahan ng matagumpay na pamumuhay.

> "At kung ang sinuman ay magkasala, mayroon tayong tagapamagitan sa Ama, si Jesu-Kristo ang matuwid: at siya ang pagsusuyo (propitiation) para sa ating mga kasalanan: at hindi lamang sa atin, kundi para sa lahat ng mga kasalanan ng buong sanlibutan" (2: 1b- 2).

Dito ay kinikilala niya na ang kasalanan ay maaaring mangyari, kahit na hindi kinakailangan. Tinitiyak niya sa atin na kung ang isang mananampalataya ay magkasala, ang sakripisyo ni Kristo ay maaaring ipambayad nang sapat para sa kasalanan. Hindi iyan nangangahulugan na ang isang mananampalataya ay maaaring bumalik sa kasalanan at awtomatikong mapapatawad ng walang pagsisisi. Ang talata ay nagsasabi lamang na ang sakripisyo ay maaring magamit, dahil ito’y para sa buong mundo. Alam naman natin na hindi awtomatikong maliligtas ang buong mundo. Ang pagsisisi ay kinakailangan upang mapatawad ang anumang kasalanan, mananampalataya man o hindi ang nagkasala. Kung ang isang mananampalataya ay nagkakasala, dapat siyang magsisi alang-alang sa kanyang relasyon sa Diyos.

Ang mga sumusunod na talata mula sa 1 Juan ay nagpapakita ng kanyang binibigyang-diin na ang malaking pagkakaiba ng isang mananampalataya ay tagumpay laban sa sinasadyang kasalanan. Ang mga talata sa mga panaklong (bracket) ay idinagdag na mga komento.

> "At sa ganito ay nalalaman natin na kilala natin siya, kung tinutupad natin ang kanyang mga utos [Ang isang taong sumuway sa Diyos ay hindi nagtataglay ng katibayang ito]. Siya na nagsasabing kilala ko siya, at hindi sumusunod sa kanyang mga utos, ay isang sinungaling, at ang katotohanan ay wala sa kanya” (2: 3-4).

> "Ang sinumang gumagawa ng kasalanan ay lumalabag din sa batas: sapagkat ang kasalanan ay paglabag sa kautusan. At alam ninyo na siya ay nahayag upang alisin ang ating mga kasalanan, at sa kanya ay walang kasalanan. Ang sinumang nananatili

[272] 1 Juan 2:3, 2:5, 2:29, 3:10, 3:14, 3:19, 3:24, 5:2, 5:18.
[273] 1 Juan 1:9.

sa kanya ay hindi nagkakasala. Ang sinumang nagpapatuloy sa kasalanan ay hindi pa nakakakita o nakakakilala man sa kanya" (3: 4-6).

"Mga anak, huwag kayong padaya sa sinuman. Siya na gumagawa ng makatuwiran ay matuwid [Walang sinumang tao ang sa anumang paraan ay binibilang na matuwid habang nagpapatuloy sa kasalanan], kahit na siya ay matuwid. Siya na gumagawa ng kasalanan ay sa diyablo, sapagkat ang diyablo ay nagkasala mula sa simula. Para sa layuning ito ipinahayag ang Anak ng Diyos, upang mapuksa niya ang mga gawa ng diyablo" (3:7-8).

> Ang kasalanan, tinutukoy ko dito ang kasalanang panlabas, ayon sa karaniwang paggamit ng salita: isang boluntaryong paglabag sa inihayag, at nasusulat na batas ng Diyos; sa alinmang utos ng Diyos, nalalaman na gayun nang ito'y suwayin. "Sinumang isinilang ng Diyos," habang siya'y nabubuhay sa pananampalataya at pag-ibig, at sa espiritu ng pananalangin at pasasalamat, hindi lamang hindi gumagawa, kundi hindi makakagawa ng kasalanan sa ganitong paraan. Hangga't naniniwala siya sa Diyos sa pamamagitan ni Kristo, at minamahal siya, at ibinubuhos ang kanyang puso sa kanyang harapan, hindi niya sasadyaing labagin ang anumang utos ng Diyos."
> - John Wesley,
> sa sermon na may pamagat na
> "Ang Pribilehiyo ng mga Isinilang sa Diyos"

"Ang sinumang ipinanganak ng Diyos ay hindi nagkakasala, sapagka't ang kaniyang binhi ay nananatili sa kaniya: at hindi siya magkakasala, sapagka't siya'y ipinanganak ng Diyos" (3:9).

"At siya na tumutupad sa kanyang mga utos ay nananatili sa kanya, at siya sa kanya [Kung siya ay tumigil sa pagsunod kay Kristo, siya ay magkakasala. Kung siya ay nagkakasala, siya ay tumigil sa pagsunod kay Kristo]. At dahil dito nalalaman natin na siya ay nananahan sa atin, sa Espiritu na ibinigay niya sa atin" (3:24).

"Sa pamamagitan nito alam natin na mahal natin ang mga anak ng Diyos, kapag iniibig natin ang Diyos at tinutupad ang kanyang mga utos. Sapagkat ito ang pag-ibig ng Diyos, na tuparin natin ang kanyang mga utos [Ang tunay na pag-ibig ay nagpapalakas ng pagsunod. Ang hindi pagsunod ay nagpapakita ng kakulangan ng pagmamahal]" (5:2-3).

"Sapagka't ang bawat anak ng Diyos ay nagtatagumpay laban sa sanlibutan [ang mga tukso at espiritu]. At ito ang tagumpay na tumatalo sa mundo, ang ating pananampalataya." (5: 4).

"Alam nating ang sinumang naging anak ng Diyos ay hindi na nagpapatuloy sa kasalanan. [Iniingatan] siya ng Anak ng Diyos, at hindi siya maaaring saktan ng diablo" (5:18).

► Ano ang natatanging katangian ng isang mananampalataya ang malinaw sa mga talatang ito?

Mula sa mga talatang ito, malinaw na ang natatanging katangian ng mananampalataya ay ang kanyang pamumuhay nang may pagsunod sa Diyos. Ang katagumpayan sa kasalanan ay isang dakilang pribilehiyo ng mananampalataya.

### Isang Tala sa 1 Juan 1:8

Kung minsan ang mga taong tumatanggi na ang isang mananampalataya ay maaaring mabuhay ng matagumpay laban sa sinasadyang kasalanan ay bumabanggit sa 1 Juan 1:8 "Kung sinasabi natin na tayo'y walang kasalanan, nililinlang natin ang ating sarili, at ang katotohanan ay wala sa atin." Subali't ano ang kahulugan ng "magkaroon ng kasalanan"? Ibig sabihin ba nito na kahit ang mga mananampalataya ay nagpapatuloy sa paggawa ng sinasadyang kasalanan? Hindi iyon tutugma sa mga pahayag sa Kabanata 3 na binanggit sa itaas. Paano masasabi ni Juan ang mga pangungusap na iyon sa Kabanata 3 kung sinabi na niya sa simula na "Ang bawat tao, kabilang na ang bawa't mananampalataya, ay nagpapatuloy sa pagkakasala"? Hindi iyon magtutugma.

Ang konteksto ang nagpapakita ng kahulugan. Sa talatang 7, ipinangako ang paglilinis sa mga kasalanan. Ang paglilinis na ito ay para sa mga "lumalakad sa liwanag," na ang ibig sabihin ay lumakad ayon sa katotohanan, sa pagsunod sa Diyos. Ang mga nabubuhay sa kasalukuyan nang may pagsunod sa Diyos ay nilinisna sa kanilang nakalipas ng mga kasalanan sa pamamagitan ng dugo ni Kristo. Subali't may mga tao na itinatanggi na sila ay nagkasala at nangangailangan ng paglilinis. Sila iyong mga nagsasabi na "Wala akong kasalanan" at "nililinlang" ang kanilang sarili.Sinasabi nila na hindi sila nagkasala o kaya'y nalutas na nila ang kanilang suliranin sa kasalanan nang wala si Kristo. Muli sa talatang siyam, ipinangako ang kapatawaran at paglilinis. Sa talatang sampu muli niyang sinasabi na ang mga nagsasabi na sila'y "hindi nagkakasala" ay sumasalungat sa Diyos missmo.

Sumulat si Juan upang ituwid ang pagkakamali ng mga taong hindi nag-iisip na kailangan nila ng paglilinis at pagpapatawad na ibinibigay ni Kristo—sila na nag-iisip na hindi nila kailangang iligtas. Hindi niya sinasabi na maging ang mga mananampalataya ay patuloy na nagkakasala, dahil iyon ay sasalungat sa kanyang pangunahing binigyang diin at direktang pangungusap sa liham na ito.

### Biyaya ng Diyos para sa isang Buhay na Matagumpay

Ang pamumuhay sa tagumpay ay hindi laging madali dahil sa minanang kasamaan at kahinaan ng tao. Dahil dito, maraming tao ang naniniwala na ang pamumuhay nang hindi gumagawa ng sinasadyang kasalanan ay imposible. Ngunit ang biyaya ng Diyos ay may sagot sa mga problemang ito.

► Ano ang minanang kasamaan?

***Ang minanang kasamaan*** ay ang baluktot na moralidad ng tao na nag-aakay sa kanya patungo sa kasalanan simula ng kanyang kapanganakan. Pagkatapos ng pagbabalik-loob, ang isang mananampalataya ay nakikipaglaban sa paggawa ng kasalanan. Ngunit ang Diyos

ay nagbibigay ng biyaya hindi lamang para sa pang-araw-araw na tagumpay, kundi para sa paglilinis ng minanang kasamaan.[274] Ang makasalanang kalikasan ay hindi isang kondisyon na kailangan nating taglayin sa ating buong buhay sa lupa. Upang mabuhay sa tagumpay, ang isang mananampalataya ay kailangang dumating sa punto kung saan lubos niyang isinusuko ang kanyang puso sa Diyos, nang walang alinlangan. Sa panahong iyon, nililinis ng Diyos ang kanyang puso upang lubos niyang mahalin ang Diyos.

► Ano ang Kahinaan (infirmity)?

***Ang kahinaan*** ay ang mga pisikal o mental na mga limitasyon o mga kakulangan. Dahil sa pagbagsak ni Adan sa kasalanan, at ang pagbagsak ng sangkatauhan sa pamamagitan ng patuloy na kasalanan, tayo ay nasa kalagayang pangkaisipan, pisikal, at emosyonal na mas mahina kaysa sa idinisenyo ng Diyos sa atin.

Ang kahinaan ay nangangahulugan na magkakamali tayo. Maaaring hindi natin malaman kung ano ang tamang gawin sa isang sitwasyon. Maaaring magkaroon tayo ng maling mga opinyon tungkol sa ilang mga klase ng tao o etnikong grupo. Ang mga maling ideya ay hindi awtomatikong naitatama kapag ang isang tao ay naligtas.

Ang mga maling ideya ay nagiging sanhi ng maling aksyon dahil kung ang isang tao ay nagkakamali tungkol sa kung ano ang dapat niyang gawin, gagawin niya ang maling bagay.

Ang kahinaan ay maaaring maging sanhi upang ang isang tao ay mahirapan na makipaglaban para sa ilang mga kadahilanan. Maaaring hindi pa niya natututuhan kung paano isabuhay ang mga prinsipyo ng Banal na Kasulatan. Maaaring hindi pa niya nalinang ang mga disiplina na makakatulong sa kanya upang labanan ang kanyang mga udyok. Maaaring wala pa siyang araw-araw na mga gawi na makakatulong na mapanatili siyang malakas. Maaaring hindi niya nauunawaan ang kahalagahan ng paglalakad sa Espiritu.

Hindi tayo dapat mabilis humatol sa iba, dahil hindi natin laging alam kung sila ay nagkasala ng sadya. Kadalasan ang mga tao ay nakagagawa ng mga maling bagay dahil sa kakulangan ng kaalaman at espirituwal na pagiging ganap.

Nagkaroon ka ba ng tukso na naisip mo na wala pang sinuman ang nakaranas? Napag-isipan mo na ba kung talagang posible na mabuhay sa ganap na tagumpay laban sa kasalanan? Ipinangako ng Diyos ang biyayang nagbibigay kakayahan na higit pa sa kinakailangan natin para lumaban sa ating kahinaan sa tukso:

> "Walang pagsubok na dumarating sa inyo na hindi naranasan ng ibang tao. Ngunit maaasahan natin ang pangako ng Diyos na hindi niya tayo pababayaang subukin ng higit pa sa ating makakaya. Kaya kung dumaranas kayo ng pagsubok, gagawa siya ng paraan para mapagtagumpayan ninyo ito." (1 Corinto 10:13).

---

[274] 1 Tesalonica 5:23, 1 Juan 1:7, Mga Gawa 15:9.

► Ano ang ilang mga bagay na alam natin mula sa talatang ito?

Ang talatang ito ay nagsasabi sa atin ng ilang mahahalagang bagay.

**(1) ang tukso ay dumarating dahil sa ating pagiging tao**. Iyan ay nangangahulugan na ang iyong mga pakikibaka ay hindi natatangi sa iyo.

**(2) alam ng Diyos ang ating mga limitasyon**. Nauunawaan Niya kung gaano gaano ang kaya nating tiisin. Hindi natin alam kung gaano ang maaari nating makayanan, ngunit alam Niya.

**(3) nililimitahan ng Diyos ang mga tukso na dumarating sa atin**. Nais niya tayong mabuhay sa tagumpay. Ayon sa talatang ito, ang tagumpay sa lahat ng panahon ay posible.

**(4) Ibinibigay ng Diyos kung ano ang kailangan natin para magtagumpay**. Gumagawa Siya ng "paraan upang makatakas." Nais ng Diyos na tayo ay mamuhay nang matagumpay. Nagbibigay Siya ng biyaya para sa matagumpay na pamumuhay.

## Buhay sa Espiritu

► Dapat buksan ng mga estudyante ang Roma 8 at tingnan ang mga talatang ginamit sa seksyong ito.

Ang Roma kabanata 8 ay nagbibigay ng isang kahanga-hangang paglalarawan ng gawain ng Espiritu sa buhay ng mananampalataya. Sinasabi sa atin ng Biblia na hindi natin alam kung paano manalangin tulad ng dapat nating gawin, ngunit ang Espiritu Santo ay nananalangin sa pamamagitan natin.

Sinasabi sa atin ng kabanatang ito kung paano mamuhay ng matagumpay. Hindi tayo hahatulan kung sinusunod natin ang Espiritu sa halip na laman (t.1). Maaari nating tuparin ang pagiging matuwid na inaasahan ng Diyos sa atin, dahil kumikilos ang kapangyarihan ng Espiritu sa atin (t.4).

Kung ang isang tao ay kinokontrol ng makasalanang kalikasan, hindi niya malulugod ang Diyos (t.8), siya ay nahatulan ng kamatayan (t.1), at hinatulan na ng Diyos ("mamatay" sa t.13).

Sa pamamagitan ng kapangyarihan at patnubay ng Espiritu Santo, maaari nating tapusin ang mga pagkakasala (t.13-14).

## Ang Pangangailangan ngayon ng Tagumpay sa Kasalanan

Kung minsan nagtatanong tayo, tulad ng:

(1) Talaga bang kailangan para sa isang Kristiyano na mabuhay nang matagumpay laban sa kasalanan?
(2) Ano ang mangyayari sa relasyon ng isang mananampalataya sa Diyos kung siya ay magpapadala sa tukso?

(3) Posible ba sa isang tao na mawalan ng kaligtasan pagkatapos makatanggap nito?

Pinagkasunduan ng sinaunang iglesiya na ang isang tao ay nawawalan ng kaligtasan kung siya ay kusang-loob na nagrebelde laban sa Diyos. Ang mga pastor ay nagbabala sa kanilang mga miyembro sa pangangailangan na manatili sa matagumpay na pamumuhay sa pamamagitan ng pananampalataya dahil ang Biblia ay naglalaman ng maraming mga babala.

Sa panahon na ang isang makasalanan ay naligtas, siya ay nagsisisi sa mga kasalanan na napagtanto niyang nagawa. Habang siya ay nabubuhay na may relasyon sa Diyos, nakikita niya ang iba pang mga pagbabago na kailangan niyang gawin. Maaaring ito ay mga pagkilos, mga gawi, mga pinaglilibangan, o mga salita na hindi nakalulugod sa Diyos. Sinasabi ng Biblia, "Linisin natin ang ating sarili mula sa lahat ng karumihan ng laman at espiritu, na nilulubos ang kabanalan nang may takot sa Diyos."[275]

Paano kung ang isang mananampalataya ay nagpasya na ayaw niyang baguhin ang isang bagay na nakikita niyang mali? Paano kung magpasiya siyang bumalik sa mga kasalanan na pinagsisihan niya nang maligtas siya?

Kung minsan ang mga tao ay nagsasabi ng ganito:

- "Kung ang buhay na walang hanggan ay tunay na walang hanggan, hindi ito mawawala."
- "Kung tayo ay naligtas sa pamamagitan ng biyaya, at hindi sa anumang ginawa natin, tiyak na hindi tayo mawawalan ng kaligtasan sa pamamagitan ng anumang ginagawa natin.”
- "Ang alibughang anak ay anak pa rin ng kanyang ama, kahit na siya ay nasa malayong bansa sa paghihimagsik laban sa kanyang ama."
- "Dahil ibinigay ng Diyos ang kaligtasan bilang isang libreng regalo, hindi na niya ito babawiin."

Dahil sa ganitong uri ng pag-iisip, naging madali para sa libu-libong tao na bumalik sa kasalanan pagkatapos ng conversion, na iniisip nila na sila ay may seguridad sa kanilang kaligtasan kahit na walang tagumpay laban sa kasalanan. Mahalaga na maunawaan kung ano ang itinuturo ng Biblia tungkol sa seguridad ng mananampalataya.

## Buhay kay Kristo

Sa Juan 15: 2-10 ay ang kilalang talinghaga ng puno ng ubas at mga sanga. Sinasagot nito ang ilang mahahalagang tanong.

---

[275] 2 Corinto 7:1.

Paano tayo mananatili kay Kristo? "Kung tinutupad ninyo ang aking mga utos, kayo ay mananatili sa aking pagmamahal" (t.10). Kapang itinigil ang pagsunod kay Kristo ito ay nangangahulugan na ang isang tao ay tumigil sa pagsunod sa kanya. Ano ang nangyayari pagkatapos?

"Kung ang isang tao ay hindi sumunod sa akin, siya ay itatapon bilang isang sanga, at nalalanta; at tinitipon sila ng mga tao, at ihahagis sila sa apoy, at sila'y masusunog" (t.6). Kung ang isang tao ay huminto sa pagsunod, at sa gayon ay tumitigil sa pagsunod kay Kristo, siya ay tatanggihan. Ang pagsasalarawan ng mga sanga na sinusunog ay nagpapakita ng lubos na pagtanggi.

"Manatili kayo sa akin at ako ay mananatili sa iyo. Gaya ng sanga na hindi maaaring magbunga sa sarili nito, maliban kung nananatili ito sa puno; hindi ka maaaring mamunga, maliban na manatili kayo sa akin "(t.4)." Ang bawat sanga sa akin na hindi namumunga ay aalisin "(t.2) Kung hindi tayo nananatili kay Kristo sa pamamagitan ng pagsunod, hindi tayo magbubunga, na nangangahulugan na mamuhay tayo na binago, pinagpala, at pinapatnubayan ng biyaya ng Diyos. Kapag ang isang tao ay sumusuway sa Diyos, ibinubukod niya ang kanyang sarili mula sa buhay na ipinagkakaloob ng Diyos at hindi na maaaring mabuhay sa biyaya ng Diyos. Ang hindi namumunga ay tinatanggihan.

Ang kaligtasan ay isang regalo ng biyaya, ngunit ito ay hindi isang regalo na matatanggap kung walang kaugnayan sa nagbigay nito.

Kung si Sally ay magbibigay kay Willy ng isang libro, at tunay na ibinigay ito sa kanya, pwedeng gawin ni Willy ang kahit anong gusto niya. Nais ni Sally na basahin ito ni Willy, ngunit kahit na hindi niya iyon gawin, hindi ito maaaring bawiin ni Sally. Maaaring iwanan niya ito sa ulan, o pilasin ito, o gamitin ito para sa pagpatay ng mga insekto. Hindi niya ito maaaring bawiin, dahil ibinigay na niya ito sa kanya. Ang pag-aari ni Willy ng aklat ay hindi nakasalalay sa kanyang kaugnayan kay Sally. Kahit na siya ay maging kaaway ni Sally, sa kanya pa rin ang libro.

Ang talinghaga ng puno ng ubas ay nagpapakita na ang kaligtasan ay iba sa isang regalo na maaaring angkinin ng isang tao kahit na walang relasyon sa nagbigay. Si Kristo ay tulad ng isang puno ng ubas na nagbibigay sa atin ng buhay.[276]Ang kaligtasan ay maaangkin sa pamamagitan ng relasyon. Kahit saan sa Biblia ay hindi sinasabi sa atin na mananatili tayong ligtas kahit anong gawin natin. Ang pagkakahiwalay sa kanya ay pagkakahiwalay mula sa kaligtasan. Napapanatili natin ang nakapagliligtas na relasyon sa pamamagitan ng pagsunod sa Diyos.[277]

Ang isang modernong paglalarawan ay maaaring isang ilaw ng bombilya at koryente. Ang bombilya ay may liwanag habang ang kapangyarihan ng kuryente ay dumadaloy dito. Hindi maaaring panatilihin ng bombilya ang liwanag nito kung ito ay hiwalay mula sa

[276] Juan15:6.
[277] Juan 15:10.

pinagkukunan ng kakayahan nito. Sa gayon ding kaisipan, mayroon tayong buhay na walang hanggan sa pamamagitan ng ating kaugnayan kay Kristo. Ang kanyang buhay ay dumadaloy sa atin. Hindi natin mapapanatili ang buhay na iyon kung tayo ay hiwalay sa kanya.

## Mga Babala sa Kasulatan

May mga nagsasabi na walang paraan na ang isang pangalan ay maaaring alisin mula sa Aklat ng Buhay pagkatapos na ito ay maisulat doon. Ngunit mayroon lamang isang paraan na ang isang pangalan ay maaaring alisin:

> "At kung sinuman ang mag-aalis ng mga salita sa aklat ng propesiyang ito, aalisin ng Diyos ang kanyang bahagi mula sa aklat ng buhay, at mula sa banal na lungsod, at mula sa mga bagay na nakasulat sa aklat na ito."[278]

Kaunti lamang ang bilang ng mga tao na literal na nagkasala ng pag-aalis ng ilang bahagi ng aklat ng Pahayag. Gayunman, pinatutunayan lang na posible na ang isang pangalan ay alisin mula sa Aklat ng Buhay.

Ang Banal na Kasulatan ay nagbababala sa atin na ang isang taong naligtas ay maaaring mawalan ng kaligtasan sa pamamagitan ng pagkatalo ng kasalanan. "Ang magtagumpay ay nararamtan ng puting damit, at hindi ko papawiin ang kanyang pangalan mula sa aklat ng buhay."[279] Maraming mga pangako ang ibinigay sa mga iglesiya sa Pahayag, at marami sa kanila ay tumutukoy sa kaligtasan mismo (tingnan ang 2:11), ngunit ang lahat ng mga pangako ay nakasalalay sa pagtatagumpay ng mananampalataya laban sa kasalanan. Ang mga ito ay mga naligtas na, ngunit ang kanilang kaligtasan ay mawawala kung sila ay matalo ng kasalanan.

Sa isang beses, nag-alala si Pablo na baka isinuko ng mga nagbalik-loob na mga taga-Tesalonica ang kanilang pananampalataya. Sinabi niya na kung nangyari iyon, ang kanyang ginawang pag-eebanghelyo ay masasayang.[280] Ito ay nagpapakita na posible para sa isang mananampalataya na mahulog mula sa kanyang pananampalataya na ang kanyang orihinal na pagbabalik-loob ay ganap na mawalan ng kabuluhan.

---

278 Pahayag 22:19.
279 Pahayag 3:5.
280 1 Tesalonica 3:5.

Sa 2 Pedro 2:18-21 mababasa natin na may mga bulaang guro na nililinlang ang ilang mananampalataya na "nakatakas na sa mga pulosyon ng mundo sa pamamagitan ng kaalaman sa Panginoon at Tagapagligtas na si Hesu-Kristo." Ang mga dating mananampalataya ay nagkaroon na ng "kaalaman sa daan ng kabutihan" ngunit iniwan ito. Ang tekstong ito ay nagsasabing mas mabuti pa na hindi nila nalaman ang daan kaysa magbalik sa isang makasalanang pamumuhay. Nagpapakita ito na posible para sa isang tao na mawalan ng kanyang kaligtasan sa pamamagitan ng pagbabalik sa kasalanan. Kung hindi posible para sa isang tao na mawala ang kanyang kaligtasan, ang isang tao ay hindi maaaring maging mas masama pa kaysa noong bago siya maligtas.

> "Ang sinumang naniniwala na maaari siyang mahulog mula sa pananampalataya, at natatakot na siya'y mahulog, ay hindi magkukulang sa pagpapalakas-loob na kailangan niya, o kaya'y binabagabag ng pag-aalala o pag-iisip.Dahil sapat nang magbigay ng kapanatagan at hindi mag-aalala, kapag nalalaman niyang hindi siya mahuhulog mula sa pananampalataya sa pamamagitan ng kapangyarihan ni Satanas, o ng kasalanan o ng mundo, o sa kahinaan ng kanyang laman, malibang siya'y kusang-loob na magpadala sa tukso at mapabayaang ipamuhay ang kanyang kaligtasan sa maingat na paraan."
> - James Arminius,
> abridged from Certain Articles,
> "On the Assurance of Salvation"

Ang pagiging anak ay maaaring mabago. Sa simula tayo ay anak ng diyablo[281] at mga anak ng poot,[282] ngunit ang pagiging anak na iyon ay nabago nang tayo ay inampon ng Diyos. Ang alibughang anak ay nawalan ng lahat ng mga benepisyo ng pagiging anak habang siya ay nahiwalay sa kanyang ama. Sa pagbabalik niya, tinukoy siya ng kanyang ama na dating patay.[283]

Nais talaga ng Diyos na ang mga mananampalataya ay makaramdam ng kasiguradohan, ngunit hindi sa pamamagitan ng pagbabatay sa kanilang mga damdamin sa maling katiyakan na naglalagay sa kanila sa tunay na panganib. Hindi natin dapat ipangako sa mga mananampalataya ang isang bagay na hindi ipinangako ng Diyos. Hindi niya ipinangako na ligtas tayo sa pagkawala ng ating kaligtasan kahit na ano ang gawin natin. Siya ay nangangako na gagabayan tayo at tutulungan tayo upang mabuhay sa tagumpay laban sa kasalanan. Iyon ay sapat na katiyakan para sa atin upang maging malaya tayo sa takot.

Minsan ang mga mananampalataya ay may mga pagdududa tungkol sa kanilang kaligtasan. Maaaring sigurado silang naligtas minsan, gayunpaman sila ay nag-aalinlangan na sila ay nasa nakapagliligtas na relasyon pa rin sa Diyos. Ang Biblia ay hindi nag-iiwan sa atin ng alinlangan sa mahalagang tanong na ito. Kalooban ng Diyos na ang mananampalataya ay sigurado sa kanyang kaligtasan, kaya't siya'y magkakaroon ng "katapangan sa araw ng paghuhukom,"[284] hindi nag-aalala kung makakapasa ba siya o hindi sa pagsusuri ng Diyos.

---

[281] Juan 8:44.
[282] Efeso 2:2.
[283] Lucas 15:32.
[284] 1 Juan 4:17.

Kung ang isang mananampalataya ay may mga pagdududa, hindi niya dapat ipagwalang-bahala ang mga ito dahil siya ay nakaranas na ng kaligtasan. Nararapat na "suriin ang inyong sarili kung kayo ay nasa pananampalataya.”[285] Kung alam ng isang tao na siya ay naligtas sa pamamagitan ng pagsunod sa mga hakbang ng Banal na Kasulatan para sa kaligtasan, at nananatili kay Kristo sa pamamagitan ng paglakad sa isang masunuring relasyon sa kanya, maaari niyang matiyak na mayroon siyang buhay.

Maaaring piliin ang iba't ibang miyembro ng klase upang ipaliwanag ang impormasyon sa mga kahon sa ibaba.

### Pagkakamali na dapat Iwasan: Mababang mga Inaasahan

Ang tagumpay laban sa kasalanan ay tila imposible sa mga tao dahil sa dalawang bagay: kahinaan at minanang kasamaan. Dapat nating tandaan na hindi tayo hinahatulan ng Diyos dahil sa pagkakaroon ng mga limitasyon bilang tao. Ang Diyos ay nagbibigay ng kapangyarihan sa pamamagitan ng kanyang Espiritu upang matupad natin ang kanyang kalooban. Hindi kasalanan na magkaroon ng kahinaan, at walang sinumang tao ang nagkasala dahil sa kahinaan.

Ang impluwensiya ng minanang kasamaan ay nagpapatuloy pagkatapos ng pagbabalik-loob, ngunit ang Diyos ay nagkakaloob ng biyaya para sa paglilinis. Hindi tayo sinisisi dahil ipinanganak tayo na may minanang kasamaan, ngunit magiging kasalanan natin ito kung ipinagpapatunloy natin ito. Kaya't ang kahinaan o pagkakaroon ng minanang kasamaan ay hindi dapat maging dahilan upang mawalan tayo ng pag-asa sa matagumpay na pamumuhay.

Sa pamamagitan ng pananampalataya kay Kristo, naipagkaisa tayo sa kanya. Kasama tayo sa kanyang kamatayan at muling pagkabuhay, at para sa atin ito ay nangangahulugan ng kamatayan sa kasalanan at muling pagkabuhay sa isang bagong buhay. Siya ay nasa atin, at tayo ay nasa kanya. Ang buhay Kristiyano ay hindi lamang ang pagsisikap nating sundan ang kanyang halimbawa, at gawin ang ating pinakamakakaya. Ang buhay Kristiyano ay mabuhay sa pamamagitan ni Kristo na nasa atin. Nagtagumpay siya sa kasalanan noong nabuhay siya sa lupa, at siya ay patuloy na namumuhay ng matagumpay sa atin.

### Bakit Ito Mahalaga

Nakaupo sa isang sulok sa tabing kalsada sa isang malaking lunsod ang isang kawawang babae na tila basahan ang damit. Magulo ang kanyang maruming buhok. Ang kanyang balat ay marumi at magaspang. Siya’y nakaupo na malungkot at walang-pag-asa. Bigla, may malaking kaguluhan at sa isang kanto, naroon at dumaraan ang dakilang prinsipe ng kaharian kasama ng kanyang mga maharlika. Makisig ang prinsipe, malakas at mabait!

[285] 2 Corinto 13:5.

Nang dumaan ang kanyang sasakyan sa tapat ng kinauupuan ng maruming babae, “Tigil!” ang sabi niya sa kanyang drayber.

Nang tumigil ang karwahe, sinabi ng prinsipe sa kanyang mga tagapaglingkod, "Ang babaeng iyon na nakaupo sa gilid ay ang babaeng gusto kong maging asawa!"

Sa pagbabago ng tagpo, ito ang ating makikita. Makikita natin ang palasyo sa araw ng kasal. Ano ang nakikita natin? Ang isang maruming babae na nakasuot pa rin ng kanyang basahan, at may maalikabok at maruming buhok. Sa paligid niya ay ang kanyang mga babaeng alipin na naghihintay na may hawak na damit, sabon at mga pabango, ngunit ang nobya ay hindi interesado sa paghahanda ng sarili para sa kanyang araw ng kasal. Isa sa mga kababaihan ay nagtanong, "Aking amo, ayaw mo bang maghanda para sa kasal?" Sumagot ang nobya, "Ito ang aking itsura nang makita nya ako at ginusto akong pakasalan, kaya sa tingin ko hindi mahalaga kung ano ang hitsura ko ngayon."

Magugulat tayo sa saloobing iyon. Dahil minamahal siya ng prinsipe, ayaw nitong manatili siya sa kanyang kalagayan. Dahil minahal siya ng prinsipe kahit hindi siya kaakit-akit, dapat niyang naisin ang pinakamagandang hitsura para sa kanya.

Mahal tayo ng Diyos kahit tayo ay makasalanan, ngunit hindi iyon nangangahulugan na ang kasalanan ay hindi mahalaga. Dahil mahal niya tayo, nais niyang baguhin ang kalagayan natin. Dahil mahal niya tayo, dapat nating gawin at naisin ang larawan at pagkatao na nakalulugod sa kanya.

### Mga Praktikal na Direksyon para sa Matagumpay na Buhay

Sa buong mundo ang katotohanang Kristiyano ay nahaluan ng pamahiin. Ang ilan ay nagtuturo ng tagumpay laban sa kasalanan sa pamamagitan ng paulit-ulit na panalangin, emosyonal na mga karanasan, pagsaway ng mga masasamang espiritu (na inaakala na sanhi ng ilang mga kasalanan), pananakit sa sarili, ang pagsusuot ng ilang anting-anting, ang paglalagay ng espirituwal na mga simbolo sa paligid ng bahay, o pagpapahid sa katawan ng espesyal na langis. Ito ay tagumpay sa pamamagitan ng "espirituwal na salamangka"!

Ang ilan ay nagtuturo din ng tagumpay laban sa kasalanan sa napakasimpleng paraan lamang. Sinasabi nila na ang mga karanasan ng kaligtasan at kapuspusan ng Espiritu ay permanenteng sisira sa kapangyarihan ng kasalanan. Nagkulang silang bigyang diin ang pangangailangan para sa espirituwal na paglago, disiplina, at patuloy na pagbabantay.

Ang mga hindi nagkakaroon ng patuloy na pagtatagumpay sa sanlibutan at kasalanan ay dapat na taimtim na tanungin ang kanilang mga sarili ng mga sumusunod na katanungan:

**(1) Ako ba ay tunay na ipinanganak na muli?** Namatay na ba ako sa aking lumang buhay; ako ba ay nagsisi na at iniwan ko na iyon? May bagong buhay ba ako kay Kristo—bagong mga saloobin, bagong mga pagnanasa, bagong panlasa para sa mga bagay ng Diyos (2 Corinto 5:17)? Dumating ba si Kristo upang manahan sa aking

puso sa pamamagitan ng Banal na Espiritu? Sinisikap ko bang pagtagumpayan ang kasalanan sa pamamagitan ng sariling kakayahan, o naka depende ako sa kapangyarihan ng Diyos na nananahan sa akin (Galacia 2:20)?

**(2) Itinatago ko ba ang Salita ng Diyos sa aking puso?** Ang Salmista ay nagpatotoo, "Ang iyong salita ay aking itinago sa aking puso upang hindi ako magkasala laban sa iyo" (Awit 119:11). Dapat tayong kumain ng Salita ng Diyos katulad ng isang bagong panganak na sanggol na uhaw sa gatas ng kanyang ina (1 Pedro 2:2).

**(3) Ibinibilang ko ba ang aking sarili na tunay na patay sa kasalanan at buhay sa Diyos?** "Gayundin naman, ituring mo ang iyong sarili na tunay na patay sa kasalanan, ngunit buhay sa Diyos kay Kristo Hesus na ating Panginoon" (Roma 6:11). Tinatanggihan ko ba ang tukso na may pagtitiwala na wala na itong kapangyarihan sa akin?

**(4) Dumidepende ba ako sa Diyos para sa tagumpay?** Ipinahayag ni apostol Juan na ang taong ipinanganak sa pamilya ng Diyos ay "napagtatagumpayan ang sanlibutan. At ito ang tagumpay na naghahari sa mundo-- ang ating pananampalataya." (1 Juan 5:4). Sinabi ni Apostol Pablo na siya ay hindi kailanman magtitiwala sa anumang bagay maliban sa krus ni Hesus, dahil sa pamamagitan ng krus kaya't ang mga makamundong bagay ay nawawalan ng kapangyarihan upang akitin at kontrolin ako (Galacia 6:14). Magiging imposible para sa atin na tuloy tuloy na mabuhay sa isang matagumpay na pamumuhay kung nakakalimutan natin ang pinagmumulan ng lahat ng katuwiran-si Hesus.

(**5) Araw-araw ko bang naisusuot ang Panginoong Hesus sa pamamagitan ng pananalig at hindi nagbibigay ng lugar sa lahat ng kasalanan?** Saanman tayo naroon sa ating paglalakbay bilang Kristiyano, ang tagumpay ay hindi awtomatiko. Dapat kong sadyain na magaya ang saloobin ni Hesus sa kasalanan at sundin ang kanyang halimbawa (Roma 13:14, Efeso 4:24)

**(6) Isinusuot ko ba ang espirituwal na baluti ng Diyos?** Sa lugar ng digmaan ng buhay maraming mananampalataya ang nasusugatan sa pamamagitan ng nagniningas na mga palaso ni Satanas dahil lamang naging pabaya sila sa kanilang espirituwal na mga panlaban (Efeso 6:11).

**(7) Ako ba ay nagsasanay ng pagdidisiplina sa sarili?** Kahit gaano tayo kalago sa ating pananampalataya, magkakaroon lagi ng pangangailangan para sa disiplina sa sarili. Tinuturuan ko ba ang aking katawan at dinadala ito sa ilalim ng disiplina? Ang mga natural, mga panlasang ibinigay ng Diyos (tulad ng pagnanais sa pagkain, pagtulog, o pakikipagtalik) ay dapat kontrolin, para magawa nito ang mga layunin ng aking bagong panganak na kaluluwa. Dahil ang aking katawan ay napinsala ng kasalanan, ang mga hangarin nito ay wala sa balanse. Ang katawan ay hindi dapat pahintulutan na manguna; ito ay dapat maglingkod sa espiritu. Sinabi ni Pablo na

dinidisiplina niya ang kanyang katawan at ginawa nitong mas madaling sumunod sa kanya, hindi siya maging esprituwal na napalayas (1 Corinto 9:25-27). Ang disiplina ay kinakailangan para sa bawat Kristiyano.

**(8) Nabubuhay ba ako sa Pagsunod?** "Lumakad sa liwanag" ang payo ni apostol Juan (1 Juan 1:7). Sapagkat maraming mga bitag, katitisuran na bato, at mapanganib na mga lugar sa daan patungo sa langit dapat lagi tayong lumakad sa pamamagitan ng liwanag ng Salita ng Diyos (Awit 119:105) at sa presensya ng Banal na Espiritu (Juan 14:26). Ang pagsunod ay may dalang pangako na ang dugo ni Hesus ay magpapanatiling malinis sa atin. Ang paglalakad sa kadiliman ay humahantong sa pagkakamali at pagbagsak at sa kalaunan ay kamatayan para sa mga ayaw tumalikod.

*Dapat basahin ng klase ang "Pahayag ng Paniniwala" ng magkakasama nang hindi bababa sa dalawang beses.*

## Pagpapahayag ng mga Paniniwala

Pribilehiyo at tungkulin ng bawat mananampalataya na mabuhay sa katagumpayan laban sa kasalanan. Ang mananampalataya ay may buhay mula sa pakikipag-ugnayan niya kay Kristo. Ang mananampalataya na tumatanggi sa kalooban ng Diyos at bumalik sa kasalanan ay pinuputol ang nakapagliligtas na kaugnayang meron siya sa Diyos. Ang Diyos ay nagbibigay ng biyaya na nakakapagpalakas, kaya’t maaaring pagtagumpayan ng mananampalataya ang bawat tukso.

## Leksyon 9 Takdang Aralin

(1) Para sa Talatang Takdang-Leksyon: Ang bawat mag-aaral ay dapat na italaga sa isa sa mga talata na nakalista sa ibaba. Bago ang susunod na sesyon ng klase, dapat niyang basahin ang talata at magsulat ng taludtod tungkol sa sinasabi nito tungkol sa paksa ng leksyong ito.

- 2 Pedro 1:1-11
- Hebreo 10:23-39
- Pahayag 3:14-22
- Santiago 1:21-27
- Mateo 13:18-23

(2) Pagsubok: Sisimulan mo ang susunod na klase na may isang pagsubok sa aralin 9. Pag -aralan nang mabuti ang mga katanungan sa pagsubok bilang paghahanda.

(3) Dapat ipaalala sa mga mag-aaral ng hindi bababa sa pitong beses habang kasalukuyan ang kursong ito ang bawat mag-aaral ay dapat magturo ng isang leksyon o bahagi ng isang leksyon sa mga taong hindi kabilang sa klase. Dapat mag-ulat ang mga estudyante sa lider ng klase tuwing magtuturo sila para sa takdang-leksyon.

**Leksyon 9 Mga Tanong Para sa Pag-aaral**

(1) Ano ang pangunahing tema ng 1 Juan?

(2) Anong katangian ng isang mananampalataya ang pinakamahalaga sa 1 Juan?

(3) Anong apat na bagay ang alam natin mula sa 1 Corinto 10:13?

(4) Paano nagpapatuloy ang isang mananampalataya na manatili kay Kristo?

(5) Ano ang kinakailangan para sa patuloy na kaligtasan?

# Leksyon 10
# Ang Banal na Espiritu

## Mga Layunin ng Leksyon

(1) Sa katapusan ng leksyong ito, dapat maunawaan at maipaliwanag ng mag-aaral ang:

- Ang mga katangian na nagpapakita na ang Banal na Espiritu ay isang persona.
- Ebidensiya sa Biblia para sa pagiging persona at pagiging Diyos ng Banal na Espiritu.
- Kung bakit kinakailangan at mahalagang katuroan ang pagiging persona at pagiging Diyos ng Banal na Espiritu.
- Ang pangkasaysayan at kasalukuyang gawain ng Banal na Espiritu.
- Mga praktikal na aspeto ng relasyon ng mananampalataya sa Banal na Espiritu.
- Isang pahayag ng paniniwala ng mga Kristiyano tungkol sa Banal na Espiritu.

(2) Isa sa mga praktikal na layunin ay ang maisabuhay ng mag-aaral ang ilang mga prinsipyo tungkol sa mga kaloob ng Espiritu.

## Panimula

Matapos kumuha ng pagsusulit sa nakaraang leksyon, gamitin ang mga layunin mula sa leksyong iyon para magtanong para sa pagbabalik-aral. Pagkatapos ay pumunta sa pagbabasa ng talata sa ibaba.

► Basahin ang Awit 139 nang magkakasama. Talakayin kung ano ang sinasabi sa atin ng talatang ito tungkol sa Espiritu ng Diyos.

May mga ilang tao na nag-iisip na ang Banal na Espiritu bilang isang hindi personal na puwersa o presensya lamang. Halimbawa, ang isang Saksi ni Jehova ay magsasabi ng ganito: "Ang Banal na Espiritu ay hindi isang persona at hindi bahagi ng Trinidad. Ang Banal na Espiritu ay ang aktibong puwersa ng Diyos na ginagamit niya upang maisakatuparan ang kanyang kalooban. Sa isang tiyak na lawak, maaaring ihambing ito sa kuryente."[286]

► Ano ang mali sa konsepto ng Saksi ni Jehovah tungkol sa Banal na Espiritu?

Ang tingin ng Saksi ni Jehova sa Banal na Espiritu ay isang hindi personal na puwersa. Dahil wala silang Biblikal na pang-unawa tungkol sa Diyos, hindi sila maaaring magkaroon ng tamang kaugnayan sa kanya.

Hindi natin dapat asahan na mauunawaan natin ang lahat tungkol sa Banal na Espiritu. Sinabi ni Hesus na ang gawain ng Espiritu ay tulad ng hangin; naririnig mo ito, ngunit hindi

[286] *Should You Believe in the Trinity?* New York: The Watchtower Bible and Tract Soc., 1989.

mo alam kung saan ito nanggagaling o kung saan ito pupunta.[287] Ngunit may ilang mga bagay na maaari nating malaman tungkol sa Espiritu, at mahalaga ito sa ating kaugnayan sa Diyos.

> "At naniniwala ako sa Espiritu Santo, ang Panginoon at Tagapagbigay ng Buhay, na nagmumula sa Ama at Anak; na kasama ng Ama at Anak na magkakasama ay sinasamba at niluluwalhati; na ipinahayag ng mga propeta."
> - Nicene Pundasyong paniniwala, AD 325

Ang seksyon ng Banal na Kasulatan na nagbibigay sa atin ng pinakamaraming pagsasalarawan ng pakikipag-ugnayan sa pagitan ng Banal na Espiritu at ng iglesiya ay ang aklat ng Mga Gawa. May makikita tayong isang modelo kung paano nagsimulang tumugon ang iglesiya sa Banal na Espiritu.

(1) Pinarangalan nila ang Banal na Espiritu sa kanyang pagka -Diyos.[288]

(2) Sila ay may kamalayan sa presensya, patnubay, at gawain ng Espiritu Santo.[289]

(3) Napagtanto nila ang kanilang pagtitiwala at pananagutan na tumugon sa Banal na Espiritu.[290]

Para magkaroon tayo ng ganoong uri ng kaugnayan sa Banal na Espiritu, dapat nating maunawaan na siya ay isang persona at siya ay Diyos. Pagkatapos ay maaari nating hanapin ang mga alituntuning papatnubay sa ating kaugnayan sa kanya.

## Ang Banal na Espiritu ay isang Persona.

Ang Banal na Espiritu ay walang pisikal na katawan tulad ni Hesus, ngunit siya *ay* isang persona. Ang tunay na persona ay may mga katangian ng personalidad, na kinabibilangan ng isip, kalooban, at damdamin. May kalooban ba ang Banal na Espiritu? Nagbibibgay siya ng mga espirituwal na mga kaloob sa mga Kristiyano "ayon sa gusto niya."[291] Ang Banal na Espiritu ba ay may isip? Siya ay "nagsasaliksik ... ang malalalim na mga bagay ng Diyos" at nalalaman niya ang mga ito.[292] Ang Banal na Espiritu ba ay may mga emosyon? Sinabihan tayo na " huwag ninyong pighatiin ang Banal na Espiritu."[293] Kung ang Banal na Espiritu ay maaaring magdalamhati, tiyak na meron siyang mga emosyon. Dahil ang Banal na Espiritu ay may isip, kalooban, at emosyon, alam natin na siya ay isang persona.

► Bakit mahalagang malaman natin na ang Banal na Espiritu ay isang persona?

Kung iniisip natin na ang Banal na Espiritu ay isang lakas na hindi persona, hindi tayo magkakaroon ng kaugnayan sa kanya. May mga tao na tila iniisip na ang Banal na Espiritu

---

[287] Juan 3:8.
[288] Basahin Mga Gawa 5:3-4.
[289] Basahin Mga Gawa 15:28.
[290] Basahin Mga Gawa 4:24, 31.
[291] 1 Corinto 12:11.
[292] 1 Corinto 2:10.
[293] Efeso 4:30.

ay isang bagay na nagpapabago ng kanilang damdamin, o siya ay isang kapangyarihan lamang na sinisikap nilang gamitin.

Ang isang persona ay may kakayahang makipag-ugnayan sa iba. Ayon sa Mga Taga Filipos 2:1, ang Espiritu ay may kakayahang makisalamuha sa atin. Ayon sa 2 Corinto 13:14, ang Banal na Espiritu ay maaaring magkaroon ng pakikipag-ugnayan sa atin. Bilang isang nakakapag-ugnay at nakakasalamuha, ang Espiritu Santo ay dapat na isang persona.

*Para sa karagdagang katibayan ng Biblia sa pagigigng persona ng Banal na Espiritu, tingnan ang kahon malapit sa dulo ng leksyong ito na pinamagatang "Katibayan ng Biblia para sa Pagiging persona ng Banal na Espiritu."*

**Ang Banal na Espiritu Ay Diyos.**

Ang Banal na Espiritu ay ang nakakaalam sa lahat, nakakakita sa lahat, nasa lahat ng dako na Diyos. Naaalala ba ninyo ang kuwento nina Ananias at Safira? Bago namatay si Ananias, sinabihan siya ni Pedro, "Bakit napuno ni Satanas ang iyong puso upang magsinungaling sa Banal na Espiritu? ... Hindi ka nagsinungaling sa mga tao; kundi sa Diyos."[294] Mula sa kaganapang ito makikita natin na ang pagsisinungaling sa Banal na Espiritu ay katulad ng pagsisinungaling sa Diyos; samakatuwid, ang Banal na Espiritu ay Diyos.

Alam ng Banal na Espiritu ang lahat ng mga bagay. Nakita natin sa 1 Mga Taga Corinto 2: 10-11 na alam niya ang lahat ng mga bagay ng Diyos. Iyon ay nangangailangan ng isang Walang-hanggang pag-iisip. Kinasihan niya ang mga kasulatan ng Lumang Tipan, kabilang ang propesiya, na nangangailangan ng lahat ng kaalaman.[295] Sinabihan tayo na ang Kasulatan ay kinasihan ng Diyos,[296] na nagpapakilala sa Banal na Espiritu bilang Diyos.

Ang Banal na Espiritu ay naroroon sa lahat ng dako. Sinasabi sa atin ng Awit 139:7 na walang lugar na pwedeng puntahan ng tao na makakatakas sa presensya ng Espiritu ng Diyos. Siya ay naroroon sa bawat mananampalataya, sapagkat sinasabi ng Biblia kung ang isang tao ay walang Espiritu ni Kristo, hindi siya kabilang kay Kristo. Ang konteksto ay nagpapakita na ang Espiritu ni Kristo ay ang Banal na Espiritu.

Sinabihan tayo sa Lucas 12:10 na maaaring malapastanganan ang Banal na Espiritu. Diyos lamang ang maaaring malapastanganan.

Ang Banal na Espiritu ay walang hanggan.[297]

Ang ating mga katawan ay tinatawag na templo ng Diyos dahil ang Banal na Espiritu ay nananahan doon.[298]

---

[294] Mga Gawa 5:3-4.
[295] Basahin 2 Pedro 1:21.
[296] 2 Timoteo 3:16.
[297] Hebreo 9:14.
[298] 1 Corinto 3:16.

Ang Banal na Espiritu ay may lahat ng kapangyarihan. Inilarawan siya bilang nakagagawa ng mga bagay na tanging ang Diyos ang maaaring gumawa. Pinatutunayan niya sa sanlibutan na mali ang pagkakilala nila sa kasalanan, at ipinakikiklala niya kung ano ang matuwid, at kung ano ang kahatulan.[299] Upang gawin iyon, kailangan niyang magkaroon ng daan sa konsensya ng bawat tao at makumbinsi ang kanilang isipan ng mga tiyak na katotohanan. Siya rin ay nakapagbibigay sa bawat mananampalataya ng lakas ng loob.[300] Mahirap isipin ang kapangyarihan at karunungan na kinakailangan niya upang magawa iyon, lalo na kung isasaalang-alang na ang bawat tao ay naiiba. Ang bunga ng Espiritu ay pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, at marami pa.[301] Wala ng iba kundi ang kapangyarihan ng Diyos ang makagagawa nito sa buhay ng sinumang tao, at lalo na sa bawat mananampalataya sa lahat ng dako sa mundo.

Mula sa biblikal na ebidensya, alam natin na ang Banal na Espiritu ay Diyos mismo, ang ikatlong Persona ng Banal na Trinidad.

► Bakit mahalaga na maniwala tayo sa pagkadiyos ng Banal na Espiritu?

Mahalagang maniwala sa pagkadiyos ng Banal na Espiritu upang mabigyan mo siya ng karangalan at paggalang na nararapat sa kaniya. Magiging seryosong bagay kung hindi sasambahin ang Banal na Espiritu dahil sa hindi pagtanggap na siya ay Diyos. Sa katunayan, nakakapag-alinlangan na ang isang tao ay maliligtas samantalang tinatanggihan niya ang pagkadiyos ng isang nagsisikap na maglapit sa kanya sa kaligtasan.

## Ang Banal na Espiritu ay Natatangi mula sa Ama at Anak.

Kapag sasabihin na ang Banal na Espiritu ay natatangi mula sa Ama at Anak ay hindi nangangahulugan na sila ay magkakaibang mga indibidwal sa parehong kahulugan ng sa tao. Ang mga miyembro ng Trinidad ay nananahan sa isa't isa at ang lahat ay iisang Diyos, ngunit sapat na nagkakaiba-iba upang makipag-usap sa isa't isa, mahalin ang isa't isa, at magkaroon ng tunay na personal na pakikipag-ugnayan sa isa't isa at sa atin.

Itinuturo ng Kasulatan ang pagkakaiba sa pagitan ng pagiging persona ng Trinidad. Halimbawa, paulit ulit sa kabanata ng Juan 14-16, tinukoy ni Hesus ang isang Katulong na ipapadala niya kapag bumalik siya sa Ama.[302] Ang katulong na ito ay gagabay sa mga alagad at tuturuan sila. Kung si Hesus at ang Banal na Espiritu ay ang parehong Persona, ang pagtukoy ni Hesus sa Banal na Espiritu bilang isa pang Katulong ay walang ibinibigay na kahulugan. Tiyak na tinutukoy ni Hesus ang isa pang Persona na naiiba sa kanyang sarili.

Sinabi pa ni Hesus sa Juan 16: 13-15 na ang Banal na Espiritu ay hindi magsasalita tungkol sa kanyang sarili, ngunit ibubunyag ang mga bagay ni Kristo, na tinanggap ni Kristo mula

[299] Juan 16:8.
[300] Basahin Efeso 3:16.
[301] Basahin Galacia 5:22.
[302] Basahin Juan 14:16-17, 26, 15:26, 16:7, 13-15.

sa Ama. Kung si Hesus at ang Ama ay ang parehong persona bilang Banal na Espiritu, ang pahayag ay walang ibinibigay na kahulugan.

Tingnan ang kuwento ng pagbibinyag kay Hesus.[303] Dito, ang Anak ay binautismuhan, isang tinig mula sa Langit ang nagsabi, "Ito ang aking minamahal na Anak," at ang Banal na Espiritu, tulad ng isang kalapati, ay bumaba kay Hesus. Ang lahat ng ito ay nangyari nang sabay-sabay. Lahat ng tatlong miyembro ng Trinidad ay sama-sama sa parehong oras, malinaw na naiiba mula sa isa't isa.

Bilang isang natatanging persona, ang Banal na Espiritu ay nabuhay sa isang relasyon sa pag-ibig sa Ama at Anak sa magpawalanghanggan. Nilikha tayo ng Diyos upang lumahok sa relasyong iyon. Nais ng Diyos na ma-enjoy natin ang pakikipag-ugnayan sa kanya,[304]dahil ang bawat miyembro ng Trinidad ay masaya sa pakikisama sa iba pa bago pa magsimula ang panahon.[305]

### Ang Banal na Espiritu ay aktibo.

Mula sa panahon ng Paglikha, ang Banal na Espiritu ay aktibo sa mundo. Siya ay naroroon at kasama nang likhain ang mundo.[306] Nagbigay siya ng mga espesyal na kakayahan sa mga taong tinawag sa espesyal na gawain.[307] Nagbigay siya ng mga mensahe sa mga propeta na nagsikap na panatilihin ang mga tao sa tamang pakikipag-ugnayan sa Diyos.[308] Kinasihan niya ang Kasulatan.[309] Sa panahon ng Lumang Tipan, kumikilos siya sa mga puso ng mga tao, sinisikap na ibaling sila sa Diyos.[310] Nag-alay siya ng isang gawain ng biyaya na magagawa nilang mahalin ang Diyos ng kanilang buong puso.[311]

Siya ay tinatawag na Espiritu ng buhay; siya ang Espiritu na lumikha sa atin at nagbigay sa atin ng buhay; at kung siya ay mawala mula sa mundo, ang lahat ng buhay ay titigil, at ang tao ay babalik sa alikabok.[312]

Ipinakilala ng Bagong Tipan ang isang bagong panahon ng gawain ng Banal na Espiritu. Sinabi ni Juan Bautista na si Hesus ay magbabautismo sa mga tao sa Banal na Espiritu.[313] Pinangunahan ni Hesus ang kanyang mga alagad na umasa sa isang bagay na tinawag niya na "Pangako ng Ama," na siyang bautismo ng Banal na Espiritu na nangyari sa araw ng Pentekostes.[314] Kahit na maraming mga di pangkaraniwang pangyayari ang nakita sa

[303] Marcos 1:10-11.
[304] 1 Juan 1:4.
[305] Basahin Juan 17:22-23.
[306] Genesis 1:3.
[307] Hukom 3:9-10, Hukom 15:14-15, Exodus 35:30-31.
[308] Isaias 61:1.
[309] 2 Pedro 1:21.
[310] Mga Gawa 7:51.
[311] Basahin Deuteronomio 30:6.
[312] Basahin Roma 8:2, Job 33:4, Job 34:14
[313] Mateo 3:11.
[314] Mga Gawa 1:4-5, 8.

kaganapang iyon, sinabi ni Pedro sa ilang pagkakataon na ang pangunahing bagay na nangyari ay nang dalisayin ang kanilang mga puso.[315]

Ipinangako ni Hesus sa mga disipulo na ang Banal na Espiritu ay makakasama nila, na magpapaalala sa kanila sa mga bagay na itinuro ni Hesus at dadalin sila sa katotohanan.[316]

Sinabi ni Hesus na ang Banal na Espiritu ay magiging isa pang Paraklit (Paraclete*)*.[317] Ang salitang ito ay tumutukoy sa isa na kasama natin, isang naghihikayat at tumutulong. Maaari rin itong tumukoy sa isang kinatawan. Ang Banal na Espiritu ay kumakatawan kay Hesus at nagpapaalala sa atin ng kanyang mga salita.[318]

► Ano ang ilang mga bagay na ginagawa ng Banal na Espiritu?

Ang gawain ng Banal na Espiritu sa mundo ay hindi lubos na maipaliwanag, ngunit narito ang isang listahan ng ilan sa kanyang mga gawain.

(1) Siya ang nangagpapatunay sa kasalanan[319] (Kung hindi, imposible para sa isang tao na maunawaan ang kanyang pangangailangan na magsisi at mapatawad).

(2) Siya ay bumubuhay muli, nagbibigay muli ng buhay ang isang taong patay dahil sa kasalanan.[320]

(3) Binibigyan niya ang mananampalataya ng personal na katiyakan na siya ay naligtas.[321]

(4) Siya ay nananahan sa bawat mananampalataya (bawat naligtas na tao ay may Banal na Espiritu).[322]

(5) Nagbibigay siya ng pang-unawa sa katotohanan ng Diyos.[323]

(6) Tinatawag niya ang mga tao sa espesyal na ministeryo at ginagabayan ang mga desisyon sa ministeryo.[324]

(7) Pinababanal niya ang mananampalataya, dinadalisay ang kanyang puso upang gawin siyang banal .[325]

---

[315] Basahin Mga Gawa 15:8-9.
[316] Juan 14:26, 16:13.
[317] Juan 14:16, 26, 15:26, 16:7.
[318] Ang parehong salita ay nasa 1 Juan 2:1, kung saan sinabi na si Hesus ang ating kinatawan sa Ama.
[319] Juan 16:8, 1 Corinto 2:4, 1 Tesalonica 1:5.
[320] Tito 3:5, Efeso 2:1, Juan 7:38-39, Galacia 4:29, Juan 3:5.
[321] Roma 8:16.
[322] Mga Gawa 2:4, 1 Corinto 6:19, Roma 8:9.
[323] 1 Corinto 2:9-10, 13-14, Efeso 6:17, 2 Corinto 3:14-17.
[324] Mga Gawa 13:2-4, 15:28, 16:6-10.
[325] 1 Pedro 1:2, Mga Gawa 15:8-9, 1 Tesalonica 5:23.

(8) Nagbibigay siya ng kapangyarihan para mabuhay sa tagumpay laban sa kasalanan.[326]

(9) Ibinibigay Niya ang bunga ng Espiritu sa buhay ng mananampalataya.[327]

(10) Nagbibigay siya ng mga kaloob ng Espiritu para sa ministeryo.[328]

(11) Nagbibigay siya ng espesyal na pagpapahid ng kapangyarihan para sa ministeryo.[329]

(12) Tinutulungan niya ang mananampalataya na manalangin ayon sa kalooban ng Diyos.[330]

(13) Lumilikha siya ng pagkakaisa at pagsasama-sama ng iglesiya.[331]

*Maaaring pumili ng isang miyembro ng klase upang ipaliwanag ang impormasyon sa kahon sa ibaba.*

**Ang ilang mga Prinsipyo tungkol sa mga Kaloob ng Espiritu**

(1) Gumagawa ang Espiritu sa pamamagitan ng iba't ibang mga kaloob, mga gawain, at pangangasiwa (1 Corinto 12:4-6).

(2) Ang mga espirituwal na kaloob ay ipinamamahagi ayon sa kalooban ng Diyos, hindi ayon sa espirituwalidad (1 Corinto 12:11, 4:7).

(3) Ang bawat tao ay may ilang kakayahan na ibinigay ng Espiritu (1 Corinto 12:7).

(4) Walang isang tiyak na kaloob ang maaaring asahan sa lahat ng mananampalataya (1 Corinto 12:8-11, 14-30).

(5) Ang mga kaloob ay dapat palaging gamitin para sa paglilingkod sa iba para sa kaluwalhatian ng Diyos (1 Corinto 12:21-22, 25, 1 Pedro 4:10-11).

## Ang Banal na Espiritu ay nasa ugnayan sa mananampalataya.

Kung ikaw nasa ugnayan sa Diyos, ikaw ay nasa ugnayan sa Banal na Espiritu. Hindi posible na makilala ang isang persona lamang ng Trinidad at hindi ang iba.[332]

---

326 Roma 8:1, 5, 13, Galacia 5:16
327 Galacia 5:22-23.
328 1 Corinto 12:4-10, 28-30, Roma 12:6-8.
329 Mga Gawa 1:8, 13:9, Galacia 3:5, 1 Pedro 2:12.
330 Roma 8:26-27, Efeso 6:18.
331 Efeso 2:2, 4:3, 1 Corinto 12:13.
332 Basahin Efeso 2:18, Juan 6:44.

Hindi kailangang maunawaan ng isang tao ang katuroan ng Banal na Espiritu bago siya maligtas. Hindi alam ng mga disipulo ang maraming bagay tungkol sa Espiritu, ngunit sinabi ni Hesus sa kanila na kilala nila ang Espiritu at siya ay kasama na nila.[333]

Ang pagkakaalam sa tamang katuroan tungkol sa Banal na Espiritu ay tumutulong sa atin na maugnay sa kanya sa tamang paraan at hayaan siyang gumawa ng higit pa sa ating buhay.

Ang malaman na siya ay isang persona ay nagbibigay-daan na malaman natin na maaari tayong magkaroon ng isang relasyon sa kanya. Maaari tayong makipag-usap sa kanya, at siya ay makipag-usap sa atin. Hindi siya karaniwang nakikipag-usap sa atin sa isang naririnig na boses, ngunit Siya ay may mga paraan ng pagpapaalam sa atin upang maunawaan ang kalooban ng Diyos at pag-ibig ng Diyos. Kung gusto nating gawin ang kalooban ng Diyos, gagabayan niya tayo kahit hindi natin ito laging nararamdaman.

Ang malaman na siya ay isang persona ay nangangahulugan na hindi tayo kumikilos na parang siya ay isang puwersa lamang o isang pakiramdam. Kapag sumasamba tayo sa Diyos, iniisip natin kung sino siya at kung ano siya, hindi lamang maranasan ang walang pakiramdam na damdamin. Kapag nananalangin tayo nagsasalita tayo na may katalinohan at sinisikap na maunawaan kung ano ang maaaring ipakita niya sa halip na gamitin ang mga salita at mga bagay sa isang hindi personal, mahiwagang paraan, katulad ng ginagawa ng mga tao sa ibang mga relihiyon.

Ang malaman na ang Banal na Espiritu ay ang Diyos ay dapat magbigay sa atin ng isang saloobin ng magalang na pagsamba. Habang nananalangin tayo at nakadarama ng kanyang patnubay, kailangan nating alalahanin na siya ang Diyos na nagmamahal sa atin, lubos na nakakakilala sa atin, at nakakaalam ng ating hinaharap. Siya rin ang lubos na awtoridad, na dapat nating sundin.

Siya ay kasama natin sa lahat ng oras. Sinasabi ng Kasulatan na tayo ay nabubuhay sa Espiritu at dapat lumakad sa Espiritu.[334] Dapat tayong mamuhay na tila tayo ay nasa presensya niya, at hindi iniisip na tayo'y nakakapasok lamang sa kanyang presensya kung tayo ay nasa iglesiya. Hindi lamang natin siya kasama, kundi nabubuhay sa loob natin, at iyan ang dahilan kung bakit dapat tayong mamuhay ng dalisay at banal.[335]

Dapat nating alalahanin ang kanyang prayoridad. Ito ay upang bigyan tayo ng tagumpay laban sa kasalanan at kadalisayan sa ating puso.[336] Hindi tayo dapat magdasal para sa iba pang mga bagay kung hindi natin siya hinahayaang magawa ang kanyang unang

---

[333] Basahin Juan 14:17.
[334] Galacia 5:25.
[335] Basahin 1 Corinto 6:19.
[336] Roma 8:13, Galacia 5:16, Mga Gawa 15:8-9.

prayoridad. Manalangin nang may pananampalataya na lilinisin niya ang iyong puso at gagawin kang lubos na banal.[337]

Sa mga pakikibaka sa buhay, binibigyan niya tayo ng panloob na lakas.[338] Nauunawaan Niya tayo, naiintindihan niya ang ating mga sitwasyon, at maibibigay niya sa atin kung ano talaga ang kailangan natin.

Sa ministeryo, dapat tayong umasa sa kanya upang bigyan tayo ng patnubay, at magbigay ng kapangyarihan sa kanyang Salita, upang magawa ang espirituwal na mga resulta sa puso ng iba. Walang kakayahan ng tao ang maipapalit sa gawa ng Espiritu.

Kahit na napuno ka na ng Espiritu, hindi mo dapat kalimutan na panatilihin ang isang relasyon sa kanya na nagpapanatili sa iyong pagiging puno. Ang utos na mapuno ng Espiritu ay nasa isang Griegong pandiwa na nangangahulugang patuloy na pagkilos.[339] Dapat tayong patuloy na mapuno, at nangyayari ito sa pamamagitan ng ating relasyon sa kanya.

*Dapat basahin ng klase ang "Pahayag ng Paniniwala" nang magkakasama nang hindi bababa sa dalawang beses.*

## Pagpapahayag ng mga Paniniwala

Ang Banal na Espiritu ay ang ikatlong Persona ng Trinidad, ganap na banal kasama ng Ama at Anak. Pinatutunayan niya ang kasalanan, bumubuhay at nabubuhay sa bawat mananampalataya, nagbibigay ng tagumpay laban sa kasalanan at naglilinis ng puso. Siya ang buhay na nagbubuklod sa iglesiya, na pinagpapala niya ng bunga ng Espiritu at espirituwal na mga kaloob para sa ministeryo.

## Leksyon 10 Takdang Aralin

(1) Ang bawat mag-aaral ay dapat na italaga sa isa sa mga talata na nakalista sa ibaba. Bago ang susunod na sesyon ng klase, dapat niyang basahin ang talata at magsulat ng taludtod tungkol sa sinasabi nito tungkol sa paksa ng leksyong ito.

- Gawa 1:4-8
- 1 Corinto 2:9-16
- Roma 8:1-14
- 1 Corinto 12:1-13
- Galacia 5:22-26

(2) Pagsubok: Magsisimula ka sa susunod na klase na may isang pagsubok sa aralin 10. Pag -aralan nang mabuti ang mga katanungan sa pagsubok bilang paghahanda.

---

[337] Basahin 1 Tesalonica5:23.
[338] Efeso 3:16.
[339] Basahin Efeso 5:18.

(3) Dapat ipaalala sa mga mag-aaral ng hindi bababa sa pitong beses habang kasalukuyan ang kursong ito na ang bawat mag-aaral ay dapat magturo ng isang leksyon o bahagi ng isang leksyon sa mga taong hindi kasama sa klase. Dapat mag-ulat ang mga mag-aaral sa lider ng klase tuwing magtuturo sila para sa takdang leksyon.

### Biblikal na ebidensya para sa Pagiging Persona ng Banal na Espiritu

- Sa Mateo 28:19, sinabihan tayo na magbautismo sa pangalan ng Ama, Anak, at Banal na Espiritu, na nagpapahiwatig na ang lahat ng tatlo ay may awtoridad.
- Binabanggit sa MgaTaga 2 Corinto 13:14 ang komunyon ng Banal na Espiritu, na nagpapahiwatig ng matalinong komunikasyon.
- Sa Marcos 13:11, ang mga mananampalataya ay pinangakuan na ang Espiritu Santo ay magsasalita sa pamamagitan ng mga ito sa panahon ng pag-uusig.
- Sa Juan 14:17, 26, ang Banal na Espiritu ay tinawag na Espiritu ng katotohanan na magtuturo at magpapaalala.
- Sa Juan 16: 7 -11, ipinangako ni Hesus na ang Banal na Espiritu ang magpapatunay sa mundo sa kasalanan, katuwiran, at paghatol, na nangangailangan ng matalinong komunikasyon.
- Sinasabi ng Juan 16: 13-15 na ang Banal na Espiritu ay hindi magsasalita tungkol sa kanyang sarili, kundi tungkol sa mga bagay tungkol kay Kristo.
- Ayon sa Mga Taga 1Corinto 12:11, pinipili ng Banal na Espiritu kung paano ibibigay ang espirituwal na mga kaloob. Siya ay saksi sa ating mga espiritu na tayo ay mga anak ng Diyos (Roma 8:16).
- Nananalangin Siya sa Ama para sa atin at may isip na nakauunawa sa kalooban ng Diyos (Roma 8: 26-27).
- Ayon sa Mga Taga Efeso 4:30, maaari siyang mapighati; na nangangahulugan na nauunawaan niya ang ating mga tugon sa kanya at may emosyon.
- Maaaring magsinungaling sa kanya, na ibig sabihin nauunawaan niya ang komunikasyon (Gawa 5: 3).
- Siya ay nagsasalita, nagbibigay ng mga direksyon, at may kalooban na dapat sundin ng mga tao (Gawa 13: 2-4).
- Ginabayan niya ang mga apostol sa kanilang paglalakbay sa misyon at kung minsan ay sinasabi sa kanila na huwag pumunta sa isang lugar (Mga Gawa 16: 6).

Itinatanggi ng ilan ang pagiging persona ng Espiritu at sinasabi na siya ay isang hindi personang lakas lamang tulad ng kuryente o gravity. Gayunpaman, imposible na ang isang lakas na hindi persona ay maisalarawan tulad ng pagsasalarawan ng Biblia sa Banal na

Espiritu. Ang elektrisidad ay hindi nagsasalita at nangangatwiran; hindi maaaring pagsinungalingan ang grabidad (gravity). Ang walang pag-iisip na pwersa ay hindi maaaring makaunawa sa kalooban ng Diyos.

Sinasabi ng ilang tao na ang mga Banal na Kasulatang ito ay isang personipikasyon lamang, na nagsasalita ng isang bagay na hindi personal na tila isang tao ngunit hindi naman iyon ang nais ipakahulugan dito. Gayunman, ang Banal na Kasulatan ay nagsasalita tungkol sa Espiritu sa mga personal na termino, at ang mga tao ay tumugon sa kanya katulad ng sa tao. Sa ilang lugar, ang Espiritu ay tinutukoy sa pamamagitan ng mga simbolo, na tulad sa isang sangkap (substance), tulad nang sinasabi sa Biblia na ang Espiritu ay "ibubuhos" (Mga Gawa 2:17). Ang mga ito ay dapat isaalang-alang bilang simbolo, dahil ang Biblia ay karaniwang nagsasalita tungkol sa Espiritu bilang isang persona.

**Leksyon 10 Mga Tanong Para sa Pag-aaral**

(1) Ilista ang tatlong katangian ng tugon ng unang iglesia sa Banal na Espiritu.

(2) Anong mga katangian ng pagkatao ang nagpapakita na ang Banal na Espiritu ay isang persona?

(3) Ano ang ibig sabihin ng salitang paraklit (Paraclete)?

(4) Ano ang ilang mga gawain ng Espiritu? Ilista ang 9 mula sa 13 na ibinigay.

(5) Anong priyoridad ang dapat nating asahan una mula sa Banal na Espiritu?

# Leksyon 11
# Ang Kabanalan ng Kristiyano

## Mga Layunin ng Leksyon

(1) Sa katapusan ng Leksyong ito, dapat na maunawaan at maipaliwanag ng mag-aaral ang:

- Ang kabanalan ng Diyos bilang basihan para sa kabanalan ng Kristiyano.
- Ang kahalagahan ng kabanalan para sa pagsamba at relasyon sa Diyos.
- Ang impluwensiya ng minanang kasamaan sa buhay ng isang mananampalataya.
- Ang proseso na nagdadala sa isang mananampalataya patungo sa kabanalan.
- Mga halimbawa sa Biblia ng mga karanasan ng kabanalan.
- Kahulugan ng buong kabanalan.
- Ang Biblikal na konsepto ng bautismo sa Espiritu.
- Isang pahayag sa mga Kristiyanong paniniwala tungkol sa Kristiyanong kabanalan.

(2) Isa sa mga praktikal na layunin ng leksyong ito ay para magkaroon ng pananampalataya ang mga mag-aaral na ang biyaya ng Diyos ang magpapabanal sa kanya sa kasalukuyang mundo.

## Panimula

*Matapos kunin ang pagsusulit sa nakaraang leksyon, gamitin ang mga layunin mula sa leksyong iyon para magtanong para sa pagbabalik-aral. Pagkatapos ay pumunta sa pagbabasa ng talata sa ibaba.*

► Basahin ang Awit 119:33-40 nang magkakasama. Ano ang sinasabi sa atin ng talatang ito tungkol sa paraan ng Diyos sa pagbabago sa isang mananampalataya?

Nang nagsimula ang Diyos na ihayag ang kanyang sarili, ang unang layunin ng kanyang paghahayag ay upang maipakita kung anong uri siyang Diyos. Inilarawan ng Diyos ang kanyang sarili bilang banal. Ang salitang Hebreo para sa kabanalan ay (*kadosh)* na ginamit nang mahigit 600 beses sa Lumang Tipan. Halimbawa, madalas na tinutukoy ni Isaias ang Diyos bilang "Ang Banal na Isa ng Israel."

Ang kabanalan ng Diyos ay ang tema ng pagsamba:

> "Purihin nila ang iyong dakila at kakila-kilabot na pangalan; sapagkat ito ay banal." "Purihin ninyo ang Panginoon na ating Diyos, at sumamba kayo sa kanyang paanan, sapagkat siya ay banal."[340]

---

[340] Mga Awit 99:3, 5.

Ang kabanalan ng Diyos ay ang batayan ng kanyang ibinigay na pamantayan para sa tao. Dahil siya ay banal, tinawag niya ang mga sumasamba sa kanya na maging banal. Sinabi niya, "Magpakabanal kayo, sapagkat ako'y banal."[341]

Ang Diyos ng Israel ay naiiba sa mga huwad na Diyos ng mga pagano at nangangailangan ng ibang uri ng pagsamba.

> "Sino ang makakaakyat sa burol ng Panginoon? o sino ang tatayo sa kanyang banal na lugar? Siya na may malinis na mga kamay at isang dalisay na puso; na hindi nagtaas ng kaniyang kaluluwa sa walang kabuluhan, o sumumpa man nang may daya."[342]

Ang tanong dito ay,"Kaninong pagsamba ang tinatanggap ng Diyos?" Maliwanag, hindi lahat ay tinatanggap bilang mananamba sa Diyos.

Ang kabanalan na inaasahan niya ay hindi lamang sa seremonya o pagkukunwari; kundi tunay na kabanalan. Ang pamantayan ng kabanalan para sa mga sumasamba sa Diyos ay paulit-ulit na nabangit sa Bagong Tipan: "Dahil ang Diyos na tumawag sa inyo ay banal, kaya dapat din kayong magpakabanal sa lahat ng inyong pakikipag-usap; sapagka't nasusulat, Magpakabanal kayo; sapagkat ako ay banal. "[343] Ang "pakikipag-usap" ay isang salita na tumutukoy sa kilos, pag-uugali, ang buong pamumuhay. Ang Diyos ay hindi humihiling lamang na ang mga sumasamba sa kanya ay maging banal sa seremonya, o na sila ay tawagin na banal kahit na sila ay hindi talaga banal. Inaasahan ng Diyos na ang mga sumasamba sa kanya ay mamuhay nang may kabanalan.

Naligtas tayo sa pamamagitan ng biyaya, at tinatanggap tayo ng Diyos kahit tayo'y mga makasalanan dahil sa sakripisyo ni Kristo. Tinatanggap Niya tayo bilang mga makasalanan, ngunit hindi tayo mananatiling mga makasalanan. Ang kasalanan ay isang paglabag laban sa Diyos, at gusto natin siyang bigyang lugod.

► Ano ang ilang mga kadahilanan na ang kabanalan ay konektado sa pagsamba?

**Ang kabanalan ay konektado sa pagsamba sapagkat mahal natin ang Diyos at nais na siya'y malugod.**

Hindi tayo magugulat sa pamantayan ng Diyos kung nauunawaan natin kung ano talaga ang pagsamba. Hindi tayo sumasamba sa kanya dahil lamang sa takot. Hindi natin siya sinasamba dahil lang pinagpapala niya tayo.

Ang pagsamba sa Diyos ay ang pagsasabi na siya ay kahanga-hanga, ang pinaka-kahanga-hangang nilalang na umiiral. Ang pagsamba ay ang purihin kung sino siya. Ang pagsamba ay upang pahalagahan ang mga katangian ng kanyang kalikasan.

---

[341] Levitico 11:44-45, 19:2, 20:26, 21:8.
[342] Mga Awit 24:3-4.
[343] 1 Pedro 1:15-16.

Ang kalikasan ng Diyos ay talagang banal, kaya kung talagang pinupuri't sinasamba natin ang katangian ng Diyos, mapopoot tayo sa kasalanan at karumihan, kahit na nakikita natin ito sa ating sarili. **Ang kabanalan ay konektado sa pagsamba sapagkat mahal natin ang Diyos at nais natin na maging katulad Niya**.

Noong unang maranasan natin ang Diyos, ang kasalanan ay ang balakid sa ating kaugnayan sa kanya. Iyan ang dahilan kung bakit ang ating relasyon sa Diyos ay hindi makapagsimula hanggang sa magsisi tayo at mapatawad.

Kasabay ng ating pakikipag kasundo sa Diyos, tayo ay binabago. Sa espirituwal, tayo ay ginawang mga bagong nilalang. Inilayo tayo mula sa kapangyarihan ng kasalanan, at nais nating bigyang lugod ang Diyos. Ang Kristiyanong kabanalan ay nagsisimula kapag ang isang tao ay naligtas.

Itinuturo sa atin ng Biblia na ang kaligtasan ay agad na nagdudulot ng banal na pamumuhay. "Ang biyaya ng Diyos na nagdudulot ng kaligtasan" ay nagtuturo sa atin na "dapat tayong mamuhay nang may kaayusan, makatwiran, at makadiyos sa mundong ito."[344] Ang layunin ng kaligtasan ay palayain tayo mula sa kasalanan at gawin tayong banal, upang mabuhay tayo ng may kaugnayan sa Diyos.[345]

Habang nabubuhay tayo sa pakikipag-ugnayan sa Diyos, patuloy tayong lumalago sa kabanalan habang mas nauunawaan natin ang kanyang katotohanan. Ang ibig sabihin ng "lumakad sa liwanag" ay ang patuloy na pagsunod sa Diyos habang mas natututo tayo sa kanyang katotohanan.[346] Habang mas maunawaan natin kung ano ang nakalulugod sa kanya at kung ano ang hindi nakalulugod sa kanya, binabago tayo ng kanyang katotohanan, at sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu sa loob natin. Ito ay isang aspeto ng espirituwal na paglago.

Ang isang taong nagmamahal sa Diyos ay nagnanais na maging ganap na banal. Hindi niya nais na baguhin ang kanyang mga pagkilos lamang. Nais niya na ang kanyang mga motibo ay maging ganap para sa Diyos. Idinalangin ni David na mabuhay siya sa ganap na tagumpay laban sa kasalanan, pagkatapos ay nanalangin na ang kanyang mga salita at maging ang pagmumuni-muni ng kanyang puso ay makalulugod sa Diyos.[347]

Ngunit may iba pang kailangan ang mga mananampalataya bukod sa proseso ng paglago sa kabanalan na sumusunod sa pagbabago. Ang mga mananampalataya ay nababahala sa natitirang dumi sa kanilang mga puso. Ito ay isang bagay na hindi mapapagaling sa unti-unting paglago. Kahit na sila ay naligtas at namumuhay na sa pagsunod sa Diyos, kung minsan ay nadarama nila sa sarili ang pagnanais na bumalik sa kasalanan.

---

[344] Tito 2:11-12.
[345] Ang dahilan ng kaligtasan ay upang mapaglingkuran natin ang Diyos ng may kabanalan araw-araw. (Lucas 1:74-75). Bilang mananampalataya, tayo ay patay sa kasalanan at di kayang magpatuloy doon. (Roma 6:2, 11-16).
[346] 1 Juan 1:7.
[347] Mga Awit 19:12-14. Tingnan din ang Mga Awit 119:7, 34, 36, 69, 80, and 112.

***Ang namanang kasamaan*** ay ang pagkasira ng pamantayang moral ng tao na nagkikiling sa kanya patungo sa kasalanan simula nang siya ay ipinanganak. Tinatawag rin ito ng mga teologo na "orihinal na kasalanan," dahil ang ating likas na makasalanan simula nang tayo ay ipinanganak ay dahil sa kasalanan ni Adan.

Ang bawat tao ay ipinanganak na may kalooban na makasarili at baluktot patungo sa kasalanan.[348] Ang ating mga kalooban ay hindi malaya sa pagpili ng tama maliban kung binibigyan tayo ng Diyos ng pagnanais at lakas.[349] Ang minanang kasamaan ay humihikayat sa mga kasalanan sa sarili tulad ng pagmamataas, inggit, galit, at hindi pagpapatawad. Ito rin ay humihikayat ng hangaring gumawa ng kasalanan.

► Pagkatapos na maligtas ang isang tao, mayroon pa ba siyang minanang kasamaan?

Ang isang taong naligtas ay wala na sa ilalim ng kontrol ng minanang kasamaan. Kung siya ay kontrolado pa rin nito, mamumuhay siya sa kasalanan at hindi naligtas. Ang Biblia ay nagsasabi sa atin na ang isang tao na kontrolado ng "makalaman na pag-iisip" ay hinatulan.[350] Ang naligtas na tao ay wala na sa ilalim ng kontrol ng minanang kasamaan, at maaaring mabuhay ng matagumpay laban sa kasalanan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu.[351]

Ngunit ang isang taong naligtas ay may impluwensya pa rin ng minanang kasamaan sa loob niya hanggang sa siya ay malinis mula sa mga ito. Sinabi ni Pablo sa mga mananampalataya sa Corinto na sila ay "makalaman" at may mga ugali katulad ng mga tao sa mundo, kahit na sila ay naligtas.[352] Ipinahiwatig din niya na normal para sa isang bagong Kristiyano na nasa ganoong kalagayan, sapagkat sinabi niya na ang "makalaman" ay parang tulad ng isang "sanggol kay Kristo."

Ang isang mananampalataya na nasa ganitong kondisyon ay nagmamahal sa Diyos, ngunit hindi niya lubos na maibig ang Diyos nang buong puso, kaluluwa, isip, at lakas. Hindi niya maaaring sabihin, tulad ni Pablo, na may isang motibo lamang na sundin ang tawag ng Diyos.[353] Alam niya na ang ilan sa mga pagninilay-nilay ng kanyang puso ay hindi katanggap-tanggap sa Diyos.

Hindi tayo iiwanan ng Diyos sa ganitong kondisyon. Kahit sa sinaunang mga panahon ay nangako siya sa mga tao ng Israel. Sinabi niya na gagawa siya ng gawain ng biyaya na magiging paraan upang siya’y maibig nila nang buong puso.[354]

---

[348] Filipos 3:19.
[349] Roma 6:16-17.
[350] Roma 8:6-8, 13.
[351] Roma 8:1, 9, 13.
[352] Basahin 1 Corinto 3:1-3.
[353] Filipos 3:13-15.
[354] Basahin Deuteronomio 30:6.

Nanalangin si David para sa isang espesyal na trabaho ng biyaya na lampas sa kapatawaran. Siya ay nahulog sa kasalanan at napagtanto na nangyari ito dahil sa isang problema sa kanyang puso. Nanalangin siya sa Diyos, "Ako ay nabuo sa kasalanan ... ngunit gusto mong ang katotohanan ang maging kalooban ko. "Alam niya na ang kasalanan ay nasa kanyang kalikasan, ngunit naniniwala na ang Diyos ay nangangailangan sa kanya na maging ganap na banal. Nagpatuloy siya upang manalangin para sa isang kumpletong paglilinis.[355]

> "At ang Walang-hanggang pangako na naghahari sa buong panahon ng ebanghelyo, "ilalagay ko ang aking batas sa kanilang mga isip, at isusulat iyon sa kanilang mga puso," ay nagbabago sa lahat ng mga utos upang maging mga pangako; kabilang ang isang ito, "Hayaan ang isip na ito ay maging sa iyo na nakay Kristo Hesus din." Ang utos na ito ay katumbas din ng isang pangako, at binibigyan tayo ng dahilan upang asahan na Siya'y kikilos sa atin kung ano ang hinihingi niya sa atin."
> - John Wesley, paraphrased from sermon "On Perfection"

Ang mga mananampalataya sa Bagong Tipan ay tinawag sa isa pang espesyal na pangyayari pagkatapos ng conversion. Ang mga mananampalataya sa Tesalonica ay mga kahanga-hangang halimbawa ng mga mananampalataya na tumanggap ng ebanghelyo, lumayo sa mga idolo, tiniis ang pag-uusig, nagalak sa Banal na Espiritu, at naghihintay sa pagbabalik ni Hesus.[356] Ngunit isang bagay pa rin ang kulang sa kanilang pananampalataya. Hindi ito isang bagay na ipagkakaloob sa isang mahabang proseso o sa kamatayan, sapagkat sinabi ni Pablo na maaaring mangyari ito sa kanyang pagbisita sa kanila[357] Siya ay nanalangin para sa kanila na maging ganap ang pagiging banal sa (katawan, kaluluwa, at espiritu) at makikita na banal sa pagbabalik ni Kristo.[358]

Naranasan ng mga disipulo ni Hesus ang isang espesyal na gawa ng biyaya sa Araw ng Pentekostes. Alam natin na sila ay ligtas na bago ang panahong iyon, sapagkat sinabi ni Hesus na hindi sila sa sanlibutan, at sila ay kabilang sa kanya at sa Ama, at ang kanilang mga pangalan ay isinulat sa langit.[359] Mayroon na silang Banal na Espiritu,[360] ngunit sa araw ng Pentekostes ang Banal na Espiritu ay pinuspos sila at gumawa ng isang bagay na espesyal sa mga disipulo. Sinabi ni Pedro nang maglaon na ang mahahalagang bagay na nangyari ay pinadalisay ng Espiritu ang kanilang mga puso.[361] Sila ay nangangailangan ng agarang paglilinis ng puso, kahit na sila ay naligtas na.[362]

Ang espesyal na pangyayari na nangyayari sa isang tao na ligtas ay maaaring tawagin na "lubusang pagpapakabanal." Ang lubusang pagpapakabanal ay ang paglilinis ng minanang

---

355 Basahin Mga Awit 51:5-10.
356 1 Tesalonica 1:6-10.
357 Basahin 1 Tesalonica 3:10.
358 Basahin 1 Tesalonica 5:23.
359 Juan 17:14, Juan 17:9-10, Lucas 10:20.
360 Basahin Juan 14-17.
361 Basahin Mga Gawa 15:8-9.
362 Basahin Marcos  9:33-34, Marcos 10:35-41, Lucas 9:54-55.

kasamaan, na ginawa ng Banal na Espiritu sa mananampalataya sa isang panahon pagkatapos ng conversion.

Ang mananampalataya ay tumatanggap ng gawaing ito ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya. Sinabi ni Pedro na ang kanilang mga puso ay "pinadalisay sa pamamagitan ng pananampalataya." Si Apostol Pablo, pagkatapos niyang ipagdasal ang buong pagpapakabanal ng mga mananampalataya sa Tesalonica, ay nagsabi, "Tapat siyang tumawag sa iyo, na ang kalooban mo ang ginagawa."[363]

Sa kabuuan, sinasabi natin na ang

(1) minanang kasamaan ay nananatili sa mananampalataya matapos ang pagbabalik-loob.
(2) tinawag tayo ng Diyos na maging lubos na banal.
(3) ang Diyos ay nagbibigay ng isang paglilinis mula sa minanang kasamaan.
(4) ang mananampalataya ay tumatanggap ng lubusang pagpapabanal sa pamamagitan ng pananampalataya.

Dapat pahintulutan ng bawat mananampalataya ang Diyos na ipakita sa kanya kung kailangan pa rin niya ang paglilinis ng puso, pagkatapos ay manalangin nang may pananampalataya sa Diyos upang ganap na pabanalin siya. Dapat ipangaral at payuhan ng bawat pastor sa kanyang mga miyembro na dumulog sa biyayang ito.

*Ang isang miyembro ng klase ay maaaring piliin upang ituro ang impormasyon sa kahon sa ibaba.*

**Bautismo ng Espiritu**

Inihula ni Juan Bautista na si Hesus ay magbabautismo sa Banal na Espiritu (Mateo 3:11, Marcos 1:8, Lucas 3:16, Juan 1:33). Inulit ni Hesus ang hulang ito at iniugnay ito sa pangayayari sa araw ng Pentekostes (Gawa 1:5), bagaman sa Mga Gawa 2 ang expression na ginamit ay "napuspos sila ng Banal na Espiritu."

Kung minsan ang Banal na Espiritu ay inilarawan bilang "ibinuhos" (Isaias 32:15, Joel 2: 28-29), "lumabas" (Mga Gawa 2:33), at "bumaba" (Mga Gawa 11:15) ilang mga salitang katulad nito ang ginagamit upang ilarawan ang kaganapan sa araw ng Pentekostes, ngunit ang mga salitang ito ay hindi laging tumutukoy sa buong pagpapabanal; maaari silang tumutukoy sa ibang pagkilos ng Banal na Espiritu sa buhay at ministeryo ng iglesia.[364]

[363] 1 Tesalonica 5:24.
[364] Halimbawa, sa Mga Gawa 4:31 may isa pang pagpuspos, bagaman ang parehong mga tao rin ang naroon. Sa 4:8 at 13:19, ang pagpuspos ay marahil pansamantalang pagbibigay kapangyarihan lamang para sa madaliang hamon. Mayroon ding nagpapatuloy na pagpuspos na nagbunga ng nag-uumapaw na buhay espirituwal. Sa Efeso 5:18, ang "Mapuspos" ay nasa Griegong anyo na nagpapakita ng nagpapatuloy na kalagayan.

Gayunpaman, ang katagang bautismo ng Banal na Espiritu ay tila tumutukoy sa isang tiyak na aspeto ng karanasan ng lubusang pagpapabanal.

Ang bautismo ay tanda ng pagpasok sa isang bagong uri ng espirituwal na buhay at karanasan. Ang mga bagong nagbabalik-loob (proselyte) ay binautismuhan sa Judaism. Ang mga bagong mananampalataya ay binabautismuhan ng mga Kristiyano para sa iglesiya.

May mga nag-iisip na ang anumang pangyayari na binabanggit na "bautismo" ay dapat mangyari sa pagbabalik-loob, sapagkat ito ay nagmamarka ng simula. May isang bagay na nangyayari sa pagbabalik-loob na maaaring tawaging bautismo sa Espiritu (1 Corinto 12:13). Gayunman, sinabi ni Hesus sa mga disipulo na asahan ang pagbabautismo sa Espiritu, kahit na sila ay tapos ng magbalik-loob.

Maaari bang magkaroon ng higit sa isang uri ng pagbabautismo? Sinasabi ng Efeso 4: 5 na mayroong isang pagbabautismo, ngunit ang konteksto ay nagpapakita na ito ay nangangahulugang mayroon lamang isang simbahan. Ang bawat tunay na mananampalataya ay nabaustimuhan sa parehong simbahan at konektado sa lahat ng ibang mananampalataya sa espirituwal na pagkakaisa. Kaya sinasabi ng Mga Taga Efeso 4: 5 na mayroong isang Kristiyanismo, at hindi sinasabi na hindi maaaring magkaroon ng higit sa isang uri ng pagbabautismo.

Tinukoy ni Juan Bautista ang dalawang pagbibinyag (Mateo 3:11). Hindi natin masasabi na ang una ay isang sagisag lamang ng kasunod dahil ang mga tao ay dapat magpakita ng pagsisisi bago ang una. Tila maliwanag na kahit na pagkatapos ng tunay na pagbabalik-loob at pagbabautismo sa tubig magkakaroon ng isa pang tiyak na karanasan sa Banal na Espiritu.

Ang pagbabautismo ng Espiritu ay isang aspeto ng ikalawang espirituwal rurok sa buhay ng mananampalataya kapag siya ay ganap na pinabanal at nalinis sa minanang kasamaan. Hindi ito ang simula ng gawain ng Banal na Espiritu sa buhay ng mananampalataya, ngunit ang simula ng isang mas malaking gampanin. Ang pagtatalaga ng kapangyarihan para sa ministeryo ay sumusunod, ngunit ang partikular na espirituwal na mga regalo ay hindi kinakailangang katibayan ng pagbabautismo ng Espiritu.

## Ang Kaloob ng Pagsasalita ng Ibang Wika

Ang kaloob ng pagsasalita ng ibang wika ay hindi katibayan ng pagbabautismo ng Banal na Espiritu.

(1) Hindi sinasabi ng Biblia na ang kaloob ng pagsasalita ng ibang wika ay katibayan ng anumang bagay. Nangyari ito nang maraming beses nang ang mga tao ay napuspos ng Espiritu. Hindi ito sapat upang patunayan na dapat ito ang palaging palatandaan.

(2) Ayon sa Banal na Kasulatan, hindi ito isang kaloob na dapat asahan ng bawat tao, ngunit ang bawat isa ay dapat mapuspos ng Banal na Espiritu. Ang Diyos ang nagpapasiya kung paano ibabahagi ang mga kaloob at nagbibigay ng iba't ibang

mga kaloob sa iba't ibang tao (1 Corinto 12:4-11 ). Isang serye ng mga retorika na tanong, ang lahat ay dapat sagutin ng "hindi," ang nagpapakita na walang tiyak na espirituwal na kaloob ang dapat asahan ng bawat mananampalataya (12:29-30).

(3) Ayon sa Banal na Kasulatan, ang isang tao ay may espirituwal na mga kaloob kahit na bago ang bautismo ng Espiritu. Ang bawat mananampalataya ay may Espiritu ng Diyos (Roma 8:9), at samakatuwid ay maaaring magkaroon ng espirituwal na mga kaloob. Kailangan pa rin ng mga taga-Corinto ang paglilinis ng puso, ngunit napakahusay sa espirituwal na mga kaloob (1 Corinto 1:7, 3:3).

(4) Ayon sa Banal na Kasulatan, ang kaloob ng pagsasalita ng ibang wika ay hindi isang tanda para sa mga mananampalataya ng espirituwal na kakayahan, kundi sa mga hindi mananampalataya, sa pamamagitan ng komunikasyon ng ebanghelyo (1 Mga Taga Corinto 14:22). Upang gamitin ito bilang patunay ng isang bagay na hindi naman doon inilaan bilang patunay ay nagbubunga ng panlilinlang at pagkalito.

(5) Ang kaloob ng pagsasalita ng mga wika ay walang kaugnayan sa pangangailangan na natutugunan ng pagpupuspos ng Espiritu. Ang layunin ng pagbabautismo ng Banal na Espiritu ay upang linisin ang puso ng panloob na kasalanan at upang bigyan ng kapangyarihan para sa ministeryo. Ano ang koneksyon ng layuning ito sa kaloob ng pagsasalita ng ibang wika, sa mga pangyayari na hindi naman kinakailangan ang kaloob? Ang katibayan nito ay dapat na ang mga natural na resulta nito, tulad ng isang bombilya na nagniningning kapag ang elektrisidad ay pumapasok dito.

Maaari nating ihambing ang karanasang ito sa nangyayari sa isang tao kapag siya ay nagbalik-loob. Hindi natin kailangang hanapin ang mga di pangkaraniwang pangyayari tulad ng pagsasalita ng ibang wika para patunayan ang kaligtasan, dahil ipinangako ito sa Banal na Kasulatan. Ito ay nangyayari sa pamamagitan ng pananampalataya, pinatutunayan ito ng Banal na Espiritu, at alam ng mananampalataya na ang kanyang pangangailangan ay natugunan. Totoo rin ito sa bautismo ng Espiritu.

## Pagpapahayag ng mga Paniniwala

*Dapat sama-samang basahin ng klase ang "Pahayag ng Paniniwala" nang hindi bababa sa dalawang beses.*

Nagsisimula ang kabanalan ng Kristiyano kapag ang isang makasalanan ay nagsisisi at nabago sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos. Ang mananampalataya ay lumalago sa espirituwal habang lumalago siya sa kanyang pagkaunawa sa kalooban ng Diyos at patuloy na sumusunod. Ang lubusang pagpapabanal ay ang gawa ng Diyos kung saan nililinis niya ang mananampalataya mula sa minanang kasamaan sa ibang panahon pagkatapos ng pagbabalik-loob.

**Leksyon 11 Takdang Aralin**

Ang bawat mag-aaral ay dapat na italaga sa isa sa mga talata na nakalista sa ibaba. Bago ang susunod na sesyon ng klase, dapat niyang basahin ang talata at magsulat ng taludtod tungkol sa sinasabi nito tungkol sa paksa ng leksyong ito.

(1) Para sa Talatang Takdang-Leksyon

- Gawa 2:1-18
- 1 Tesalonica 5:14-24
- Isaias 6:1-8
- Tito 2:11-14
- 1 Corinto 10:1-13.

(2) Pagsubok: Sisimulan mo ang susunod na klase na may isang pagsubok sa aralin 11. Pag -aralan nang mabuti ang mga katanungan sa pagsubok bilang paghahanda.

(3) Dapat ipaalala sa mga mag-aaral na hindi bababa sa pitong beses habang kasalukuyan ang kursong ito ang bawat mag-aaral ay dapat magturo ng isang leksyon o bahagi ng isang leksyon sa mga taong hindi kabilang sa klase. Dapat mag-ulat ang mga mag-aaral sa lider ng klase tuwing magtuturo sila para sa takdang-leksyon.

**Leksyon 11 Mga Tanong Para sa Pag-aaral**

(1) Ano ang pangunahing tema ng pagsamba?

(2) Bakit nakaugnay ang kabanalan sa pagsamba?

(3) Kailan nagsisimula ang kabanalan ng Kristiyano?

(4) Ano ang ibig sabihin ng lumakad sa liwanag?

(5) Ano ang ipinanalangin ni Pablo para sa mga mananampalataya sa Tesalonica?

(6) Ano ang pinakamahalagang bagay na nangyari sa araw ng Pentekostes?

(7) Ano ang minanang kasamaan?

(8) Ano ang lubusang pagpapabanal?

# Leksyon 12
# Ang Iglesiya

## Mga Layunin ng Leksyon

(1) Sa katapusan ng Leksyong ito, dapat na maunawaan at maipaliwanag ng mag-aaral ang:

- Ang pinagmulan ng iglesiya.
- Ang iglesiya bilang isang buhay na institusyon.
- Ang iglesiya bilang isang buhay, na lokal na katawan.
- Ang batayan ng pagkakaisa ng iglesiya sa buong mundo.
- Ang batayan ng lokal na pagkakaisa ng iglesiya.
- Ang mga sakramento ng iglesiya.
- Ang mga layunin ng iglesiya.
- Ang isang pahayag ng mga paniniwala ng Kristiyano tungkol sa iglesiya.

(2) Ang isa sa mga praktikal na layunin ng leksyong ito ay para makita ng mag-aaral ang kanyang responsibilidad na kailangang gampanan sa isang lokal na iglesiya.

## Panimula

Matapos kunin ang pagsusulit sa nakaraang leksyon, gamitin ang mga layunin mula sa leksyong iyon para magtanong para sa pagbabalik-aral. Pagkatapos ay pumunta sa pagbabasa ng talata sa ibaba.

► Basahin ang Efeso 3:3-10 nang magkakasama. Ano ang sinasabi sa atin ng talatang ito tungkol sa iglesiya?

## Ang Pinagmulan ng Iglesiya

Sa mga siglo bago ang Bagong Tipan, ang iglesiya ay isang misteryo na hindi ganap na inihayag.[365] May mga taong nakaranas ng biyaya ng Diyos at nabuhay ng may kaugnayan sa Kanya,[366] ngunit ang iglesiya ayon sa plano ng Diyos ay hindi pa naitatatag.

► Kailan nagsimula ang iglesiya?

Ang buhay at ministeryo ni Hesus ang nagsimula ng iglesiya, at ito ay itatayo sa kaligtasan na ibinigay niya.[367]

---

[365] Basahin Efeso 3:3-10.
[366] Roma 4:1-8.
[367] Mateo 16:16-18.

Ang panahon ng iglesiya ay nagsimula sa Araw ng Pentekostes. Mula sa araw na iyon, ang iglesiya ay kumikilos sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu, nang wala ang pisikal at nakikitang pamumuno ni Kristo sa mundo.[368]

Ibinigay ni Hesus sa kanyang mga disipulo ang awtoridad na ikalat at itatag ang kanyang mga katuroan sa buong mundo[369]at ipinangako na papatnubayan sila ng Banal na Espiritu sa lahat ng katotohanan.[370] Ang iglesiya ay maaaring tawaging "apostoliko" sapagkat ang mga turo ng mga apostol ay ang mga katuroang pundasyon ng iglesiya. Ang anumang mga paniniwala na sumasalungat sa mga pundasyong katuroan ay hindi dapat tawaging Kristiyano.

Kaya ang pinanggalingan ng iglesiya ay ipinaliwanag sa pamamagitan ng:

(1) ministeryo ni Hesus
(2) ang kaligtasang ibinigay ni Kristo
(3) ang pangyayari sa Araw ng Pentekostes
(4) pag-unlad ng katuroang apostoliko.

**Ang Simbahan bilang Isang Buhay na Institusyon**

Ang iglesiya ay inihambing sa isang pamilya kung saan ang Diyos ang Ama at ang mga miyembro ay magkakapatid.[371] Ang iglesiya ay tinatawag na isang bansa na walang iisang lahi o likas na pinagmulan.[372] Ang iglesiya ay inihambing sa isang pisikal na katawan, kung saan si Kristo ang ulo, at ang mga miyembro ay nagtutulungan at nagmamalasakitan sa isa't isa.[373]

Ang Kristiyano ay miyembro ng iglesiya. Sinasabi sa atin ng Biblia na kung paanong ang iglesiya ay tinatawag na katawan ni Kristo, ang mga Kristiyano ay tinatawag na mga miyembro ng kanyang laman at mga buto.[374] Ang pagiging hiwalay sa iglesiya ay pagiging hiwalay sa kung ano ang ginagawa ni Kristo sa mundo. Ang hindi paggalang at pagmamahal sa iglesiya ay hindi paggalang at pagmamahal kay Kristo.

Bilang isang miyembro ng katawan, ang isang Kristiyano ay hindi dapat magkaroon ng isang saloobin na hiwalay siya sa iglesiya. Kailangan niya ang iba pang mga miyembro, at kailangan nila siya.[375] Mali para sa isang Kristiyano na mabuhay na tila kaya niyang panatilihin ang pagiging espirituwal nang wala ang iglesiya.

---

[368] Juan 16:7.
[369] Mateo 28:18-20.
[370] Juan 14:26.
[371] Efeso 3:15, Galacia 6:10.
[372] 1 Pedro 2:9-10.
[373] 1 Corinto 12:14, 26.
[374] Efeso 5:30.
[375] 1 Corinto 12:21.

## Ang Iglesiya Bilang Isang Buhay, Lokal na Katawan

May isang unibersal na iglesiya, gayunman ang iglesiya ay dapat na umiral sa isang lugar. Ang mga miyembro ng katawan ay hindi maaaring makakilos maliban kung magkakasama sila sa isang lugar. Si Pablo ay sumulat sa mga mananampalataya sa Corinto na sila ang katawan ni Kristo,[376]na nagpapahiwatig na ang isang lokal na simbahan ay ang katawan ni Kristo para sa lugar na iyon.

Dinisenyo ng Diyos ang lokal na iglesiya upang maging isang pamilya ng pananampalataya, na gumaganap bilang isang katawan na may espirituwal na mga kaloob, ibinibigay ang kakayanan ng tao at paghahanap ng mga espiritual na kaloob upang matugunan ang lahat ng uri ng pangangailangan ng mga nagsasama-sama, ipinapakita sa mundo ang karunungan ng Diyos sa bawat aspeto ng buhay, at nag-anyaya sa mga hindi pa ligtas na magbalik-loob at makabilang sa pamilya

Ang tunay na pagsasama-sama ay kinabibilangan ng ekonomiya sapagkat ang mga nagsasama-sama ay nakikibahagi sa buhay ng isa’t-isa at nagmamalasakit sa mga pangangailangan ng isa't isa.[377] Ang pangangailangan ng isang kapatid (na lalaki o babae) kay Kristo ay responsibilidad ng iglesiya kung ang miyembrong iyon ay nakikilahok sa buhay ng iglesiya at nakikibahagi sa responsibilidad hangga't kaya niya.

Nagbibigay ang Diyos ng espirituwal na mga kaloob at mga espesyal na tungkulin para sa ministeryo upang palakasin at itatag ang lokal na iglesiya.[378]

Ang lokal na iglesiya ay naglilingkod sa komunidad nito. Ang unang prayoridad ay espirituwal, ipangangaral ang ebanghelyo at ipagtatanggol ng katotohanan sa lahat ng mga isyu. Ang iglesiya ay dapat nagmiministeryo sa materyal na mga pangangailangan sa komunidad, ngunit nagbibigay ng prayoridad sa mga taong nasa espirituwal na pakikisama ng iglesiya.

## Ang Pagiging Perpekto ng Iglesiya

Ibinigay ni Hesus ang kanyang sarili para sa iglesiya, upang gawing banal at walang kapintasan.[379]

Ang iglesiya ay hindi kailanman dapat magpahintulot ng kasalanan, bagaman dapat itong maging handa upang magpatawad. Ang mga tagapanguna ang dapat maging halimbawa ng banal na pamumuhay.[380] Kung ang isang miyembro ng iglesiya ay magkasala, dapat siyang kausapin at alisin sa pakikisama kung hindi siya magsisisi.[381]

---

[376] 1 Corinto 12:27.
[377] Santiago 2:15-16, 1:27.
[378] Efeso 4:11-12.
[379] Efeso 5:27.
[380] 1 Timoteo 3:2-3.
[381] 1 Corinto 5:11-13.

► Bakit hindi perpekto ang iglesiya?

Ang mga tao sa iglesiya ay hindi magiging perpekto sa lahat ng paraan. Dahil ang iglesiya ay naghahatid ng ebanghelyo, may mga tao sa kongregasyon na hindi pa nagsisisi sa kasalanan. Kahit kabilang sa mga naligtas, mananatiling mayroong hindi pagkakapare-pareho sa kanilang buhay dahil hindi pa nila nauunawaan kung paano isabuhay ang katotohanan sa lahat ng mga detalye ng kanilang buhay. Kahit sa mga matatagal nang mga Kristiyano, maaaring may mga hindi pagkakapare-pareho at maling mga ugali. Maging ang isang matagal ng Kristiyano ay nasa proseso pa ng espirituwal na paglago.

Ito ay bahagi ng gawain ng iglesiya upang patuloy na magturo at magamit ang Salita ng Diyos, na nagdadala sa mga tao sa espirituwal na paglago.[382]

## Pagpapaliwanag sa Iglesiya

Sa seksyon na ito ay titingnan natin ang mga kahulugan ng pangkalahatang iglesiya at ng lokal na iglesiya.

Ang isang maikling kahulugan ng pandaigdig na iglesiya ay: ito ang institusyon na kinabibilangan ng lahat ng Kristiyano sa lahat ng panahon at lugar. Kung minsan tinatawag itong ang iglesiyang "hindi nakikita" dahil walang organisasyon sa lupa na namamahala sa buong unibersal na iglesiya o may listahan ng mga miyembro nito.

Ang isang maikling kahulugan ng lokal na iglesiya ay ang grupo ng mga Kristiyano sa isang lugar na nagsasama-sama upang tuparin ang lahat ng mga layunin ng iglesiya. Ang isang grupo ay hindi isang iglesiya kung sila ay nabuo para sa isang mas limitadong layunin.

Narito ang mas malawak na kahulugan ng lokal na iglesiya na makakatulong upang makilala ito mula sa iba pang mga uri ng mga grupo: "Isang pangkat ng mga nabautismuhang mga mananampalataya na nagsasama-sama para sa pagsamba, pagpapalakasan, paglilingkod, pakikisama sa isa’t-isa, at pag-abot sa iba; tumatanggap ng espirituwal na pamumuno, handang maglingkod sa lahat ng parte ng lipunan sa pamamagitan ng iba't ibang mga kaloob bilang isang katawan, at regular na pagsasagawa sa mga ordinansa ng iglesiya.”[383]

## Ang Pagkakaisa ng Iglesiya sa buong mundo

May isang iglesiya na para sa lahat ng mga lugar at panahon. Sinabi ni Hesus, "Itatayo ko ang aking iglesiya," hindi "mga simbahan." Isinulat ni Apostol Pablo na mayroong isang

[382] 1 Timoteo 3:16.
[383] David Dockery.

katawan, at isang Espiritu, at isang pag-asa, kung paanong mayroon isang Panginoon, isang pananampalataya, at isang bautismo.[384]

> "Naniniwala ako na si Kristo, sa pamamagitan ng kanyang mga apostol, ay pinagsasama-sama sa kanyang sarili ang iglesiya, kung saan patuloy niyang idinaragdag ang mga maliligtas; na ang katoliko, o pandaigdigang iglesiya, na umaabot sa lahat ng bansa at lahat ng panahon, ay banal sa lahat ng miyembro nito na may pakikisama sa Diyos Ama, sa Anak, at sa Banal na Espiritu."
> - John Wesley, Pinaikli sa "Isang Liham sa isang Romanong Katoliko"

Ang unang mga kredo ng Kristiyano ay tumukoy sa "Iglesiya Katolika." Ang salitang "Katoliko" ay hindi tumutukoy sa Iglesiya ng Katolikong Romano, kundi sa iglesiya sa buong daigdig na kinabibilangan ng lahat ng tunay na Kristiyano.

Ang pagkakaisa ng pandaigdigang iglesiya ay hindi isang organisasyon, sa ilalim ng isang sentral na pangangasiwa. Ito ay hindi mangyayari bago ang pagbabalik ni Kristo. May mga tao na nagnanais na mangyari ito, ngunit tila hindi ito kalooban ng Diyos sapagkat itinuwid ni Hesus ang mga alagad nang iniisip nila na ang isang tao ay hindi dapat gumawa ng ministeryo na hiwalay sa kanilang organisasyon.[385] Kung nais ni Hesus na magkaroon ng sentral na pangangasiwa sa lahat ng iglesiya sa buong mundo, maaaring siya ay nanatili sa pisikal na katawan upang pangunahan ito. Gayunman, nakita ni Hesus na ang iba't ibang gawain ng Espiritu Santo sa buong mundo ay hindi mangyayari kung mayroong isang unibersal na punong-himpilan.

► Sa ano nakabatay ang pagkakaisa ng unibersal na iglesiya?

Ang pagkakaisa ng unibersal na iglesiya ay batay sa

(1) mga katuroan ng mga apostol at sa
(2) isang nakakapagbagong relasyon kay Kristo.

Ang pagkakaisa sa katuroan ay hindi nangangahulugan na ang mga Kristiyano ay sumasang-ayon sa lahat ng bagay, kahit na sa lahat ng mahahalagang katuroan. Nangangahulugan ito na nagkakasundo sila sa kinakailangang katuroan tungkol sa katangian ng Diyos at ni Kristo at ng mga kinakailangan para sa ebanghelyo. Kung wala ang mga iyon, hindi sila sasamba sa parehong Diyos o makararanas ng kanyang biyaya.

Ang katuroan ay hindi lamang ang tanging bagay na kailangan para sa pagkakaisa ng Kristiyano. Ang mga Kristiyano ay nakikibahagi sa bigkis ng kaugnayan sa isa't isa dahil sa kanilang nakakabagong kaugnayan kay Kristo. Dahil nagsisi sila sa kasalanan, sumampalataya kay Kristo,at nagtataglay ng Banal na Espiritu, mayroon silang espesyal na relasyon. Kinikilala ng mga Kristiyano ang isa't isa sa buong mundo sa kabila ng pagkakaiba sa ibang bagay.

---

[384] Efeso 4:4-6.
[385] Lucas 9:49-50.

## Ang Pagkakaisa ng Lokal na Iglesiya

Maaari nating tanggapin bilang isang Kristiyano ang sinumang taong nagtataglay ng mahahalagang katuroan ng Kristiyano at nakikita ang nakakabagong relasyon niya kay Kristo. Ngunit ang pagkakasundo sa katuroan ng lokal na iglesiya ay dapat mas higit na detalyado.

> "Kung ang puso mo ay tama, katulad ng sa akin ay sa iyong puso, sagayun, mahalin mo ako nang sobrang lambot na pagmamahal, bilang kaibigan na mas malapit pa kaysa sa isang kapatid; bilang kapatid kay Kristo, kapwa mamamayan sa Bagong Jerusalem, kapwa sundalo na nasa parehong digmaan, sa ilalim ng parehong Kapitan ng ating kaligtasan. Mahalin mo ako bilang kasama sa kaharian at matiyagang pagtitiis ni Hesus, at isang kasamang tagapagmana ng kanyang kaluwalhatian."
> - John Wesley, Pinaikli sa sermon "Katolikong Espiritu"

Ang isang lokal na iglesiya ay isang grupo ng mga tao na nagtalaga ng sarili sa pagsamba nang sama-sama, magturo ng Ebanghelyo, magdisipulo ng mga nagbalik-loob, at mga kabataan, at ituro ang mga praktikal na detalye ng buhay Kristiyano. Para magawa ng tao ang mga layunin ng magkakasama, dapat silang sumang-ayon sa maraming mga detalye ng katuroan.

Halimbawa, maaaring ang isang tao sa isang lokal na simbahan ay nagsasabi sa bawat kabataan at bagong nagbalik-loob upang manalangin para sa kaloob ng pagsasalita ng ibang wika. Ngunit ang ibang mga lider sa simbahan ay hindi naniniwala na ang kaloob ng pagsasalita ng ibang wika ay isang bagay na ipinangako ng Diyos sa bawat mananampalataya. Nag-aalala sila na ang mga tao ay magkakaroon ng espirituwal na kalituhan kung sinisikap nilang makaranas ng ilang bagay na hindi kalooban ng Diyos. Maliwanag, ang mga taong ito ay hindi magagawang magtulungan sa isang lokal na iglesiya. Kahit na iniisip ng lider na ang isang tao ay Kristiyano, hindi nila siya dapat pahintulutang magturo ng mga mapanganib na katuroan.

Ang isang lokal na iglesiya ay kailangang sumang-ayon sa mga katuroan na nakakaapekto sa paraan ng kanilang pagbabahagi ng buhay at pagsasagawa ng ministeryo. Samakatuwid, hindi mali para sa isang iglesiya na magkaroon ng isang nakasulat na pahayag ng mga katuroan na kanilang ibinabahagi. Hindi ito nangangahulugan na iniisip nila na ang sinumang hindi sumasang-ayon ay hindi isang Kristiyano. Ang layunin ng nakasulat na pahayag ng katuroan ay upang ipakita ang mga katuroan na kinakailangan para magtulungan sa gawain ang isang grupo ng mga mananampalataya.

## Ang mga Sakramento ng Simbahan

Si Hesus ay nagbigay ng dalawang sakramento sa iglesiya. Maaari rin silang tawagin na mga ritwal o mga seremonya.

**Ang pagbabautismo** ay simbolo ng kamatayan at muling pagkabuhay ni Kristo.[386] Ang bautismo ay isang patotoo na ang mananampalataya ay namatay kasama ni Kristo at nakaranas ng kamatayan sa kasalanan at may bagong buhay kay Kristo. Ang bautismo ay hindi ang panahon kung kailan ang isang tao ay nagiging isang Kristiyano. Ang bautismo ay isang pampublikong patotoo na ang pagbabaik-loob ay naganap.[387]

**Ang Hapag ng Panginoon** ay sinimulan ni Hesus sa kanyang huling hapunan kasama ng mga alagad bago ang kanyang pagkapako sa krus.[388]Ang tinapay at alak ay kumakatawan sa katawan at dugo ni Hesus na ibinigay bilang handog para sa ating kaligtasan. Tulad ng pagkain natin para sa pisikal na buhay, umaasa tayo sa kanyang handog para sa ating espirituwal na buhay.[389]

Ang mga sakramento ay kapwa maaaring tawagin na "paraan ng biyaya." Hindi sila awtomatikong nagbibigay ng biyaya kung ito ay ginawa nang walang pananampalataya at pagsunod. Ang mga ito ay mga ritwal na ibinigay sa atin ng Diyos, at kung ginawa ng may pananampalataya, ang mga ito mga paraan ng pagtanggap ng biyaya mula sa Diyos.

► Ano ang layunin ng iglesiya?

### Mga Layunin ng Lokal na Iglesiya na Natatagpuan sa Bagong Tipan

(1) Magbahagi ng Ebanghelyo (Mateo 28:18-20).

(2) Pagsamba bilang isang kongregasyon (1 Corinto 3:16).

(3) Panatilihin ang katuroan (1 Timoteo 3:15, Judas 3).

(4) Suportahan ang pastor sa pananalapi (1 Timoteo 5:17-18).

(5) Magsugo at suportahan ang mga misyonero (Mga Gawa 13:2-4, Mga Taga Roma 15:24).

(6) Tulungan ang mga miyembrong nangangailangan (1 Timoteo 5:3).

(7) Pagdisiplina sa mga miyembro na nahulog sa kasalanan (1 Corinto 5:9-13).

(8) Pagsasagawa ng bautismo at ang pakikibahagi sa Hapag ng Panginoon (Mateo 28:19, 1 Corinto 11:23-26).

(9) Ang pagdidisipolo sa mga mananampalataya patungo sa paglago (Efeso 4:12-13).

---

[386] Roma 6:3-4.
[387] Juan 3:7-8.
[388] 1 Corinto 11:23-25.
[389] Juan 6:53-58.

Karamihan sa mga bagay na ito ay hindi maaaring gawin ng isang tao na nag-iisa at walang kasama. Ang mga layuning ito ay nakasalalay sa pakikipagtulungan ng isang grupo ng mga mananampalataya at isang istruktura ng pangunguna.

Tinatawag ng Diyos ang bawat mananampalataya na makibahagi sa isang lokal na iglesiya at tulungan ang iglesiya na matupad ang layunin nito sa mundo. Hanggang ang isang miyembro ay hindi naglilingkod sa iglesiya, hindi niya tinutupad ang kanyang layunin bilang miyembro ng katawan ni Kristo.

Maaaring piliin ang isang miyembro ng klase upang ipaliwanag ang impormasyon sa kahon sa ibaba.

### Pagkakamali na dapat iwasan: Espirituwal na Pagsasarili

May mga tao na hindi kailanman tunay na nakibahagi sa isang lokal na iglesiya. Gusto nilang nararamdaman na pwede silang dumalo sa alinmang iglesiya sa anumang araw ng Linggo. Hindi sila maaaring makatulong sa alinman sa mga layunin ng iglesiya na nakalista sa leksyong ito dahil hindi sila maaaring asahan ng iglesiya. Wala silang mga relasyon na nagpapahintulot sa sinuman na bigyan sila ng pananagutan sa espirituwal, at hindi sila maaaring magbigay ng pananagutan sa espirituwal sa iba. Kung ang lahat ng mga Kristiyano ay gayun ang gagawin, walang magiging mga iglesiya.

*Dapat magkakasamang basahin ng klase ang "Pahayag ng Paniniwala” nang hindi bababa sa dalawang beses.*

### Pagpapahayag ng mga Paniniwala

Itinayo ni Kristo ang isang banal at iglesiyang pambuong-mundo, na ipinahayag bilang katawan ni Kristo sa mga lokal na kongregasyon. Ang iglesiya ay nagtataglay ng mga katuroan ng mga apostol at pinoprotektahan ang lahat ng katotohanan. Ang iglesiya ay ang pamilya ng Diyos, na may pagsasama-sama na nagmiministeryo sa lahat ng mga pangangailangan. Ang iglesiya ay sumasamba sa Diyos, nagbabahagi ng ebanghelyo sa mundo, at nagdidisipolo ng mga mananampalataya.

### Leksyon 12 Takdang Aralin

(1) Ang bawat mag-aaral ay dapat italaga sa isa sa mga talata na nakalista sa ibaba. Bago ang susunod na sesyon ng klase, dapat niyang basahin ang talata at magsulat ng taludtod tungkol sa sinasabi nito tungkol sa paksa ng leksyong ito.

- 1 Corinto 12:14-31
- Santiago 2:1-9
- Efeso 4:11-16
- 1 Corinto 6:1-8
- 1 Corinto 5:1-13

(2) Pagsubok: Sisimulan mo ang susunod na klase na may isang pagsubok sa aralin 12. Pag -aralan nang mabuti ang mga katanungan sa pagsubok bilang paghahanda.

(3) Dapat ipaalala sa mga mag-aaral na hindi bababa sa pitong beses sa panahon ng kursong ito ang bawat mag-aaral ay dapat magturo ng isang leksyon o bahagi ng isang leksyon sa mga taong hindi kabilang sa klase. Dapat mag-ulat ang mga mag-aaral sa lider ng klase tuwing magtuturo sila para sa takdang-aralion.

**Leksyon 12 Mga Tanong Para sa Pag-aaral**

(1) Kailan nagsimula ang panahon ng iglesiya?

(2) Bakit ang iglesiya ay tinataawag na "apostoliko"?

(3) Ano ang apat na aspeto ng pinagmulan ng iglesiya?

(4) Ano ang isang maikling kahulugan ng pangkalahatang iglesiya?

(5) Ano ang isang maikling kahulugan ng lokal na iglesiya?

(6) Ano ang ibig sabihin ng salitang "katolikong iglesiya" sa tunay na kahulugan nito?

(7) Ano’ng dalawang bagay ang batayan ng pagkakaisa ng iglesiya sa buong mundo?

(8) Ano ang layunin ng nakasulat na pahayag ng katuroan?

(9) Ilista ang anim na layunin ng lokal na iglesiya.

# Leksyon 13
# Ang Walang-hanggang Hantungan

## Mga Layunin ng Leksyon

(1) Sa katapusan ng leksyong ito, dapat na maunawaan at maipaliwanag ng mag-aaral:

- Ang pangunahing aktibidad ng langit.
- Mga katangian ng langit tulad ng ipinahayag sa Kasulatan.
- Mga katangian ng walang-hanggang kaparusahan na ipinahayag sa Kasulatan.
- Ilang mga halimbawa ng mga relihiyon na tumanggi sa katotohanan ng walang-hanggang kaparusahan.
- Ang katarungan ng pangwalang-hanggang kaparusahan.
- Isang pahayag ng paniniwala ng mga Kristiyano tungkol sa pangwalang-hanggang tadhana.

(2) Isa sa mga praktikal na layunin ng leksyong ito ay para matandaan ng mag-aaral na ang ilang mga pagkilos ay may Walang-hanggang mga kahihinatnan na hindi kailanman mababago.

## Unang Bahagi: Ang Pangwalanghanggang Hantungan ng mga Mananampalataya

Matapos kunin ang pagsusulit sa nakaraang leksyon, gamitin ang mga layunin mula sa leksyong iyon para magtanong para sa pagbabalik-aral. Pagkatapos ay pumunta sa pagbabasa ng talata sa ibaba.

► Basahin ang Pahayag 21 nang sama-sama. Ano ang sinasabi sa atin ng talatang ito tungkol sa hinaharap ng mga mananampalataya?

Ang lahat ng nilalang ay nilikha para sa kaluwalhatian ng Diyos, ngunit ang langit ang central na tagpo sa sanlibutan, kung saan ang Diyos ay sinasamba sa pinakamataas na antas ng mga nilalang na ginawa niya sa kanyang wangis.[390]

Ang kaluwalhatian ng Diyos ay mahahayag sa langit sa kapuspusan at ito ang magiging liwanag ng lunsod.[391] Ito ang lugar kung saan makikilala natin ang Diyos kapag "nakita natin ang kanyang mukha."[392]

Ang pagsamba ay ang aktibidad ng langit. Kagalakan ay ang kabilang panig ng pagsamba. Ang isang manunulat ng mga awit ay nagsabi, "Sa iyong presensya ay puno ng kagalakan;

---

[390] Basahin Pahayag 5:11-14.
[391] Pahayag 21:23.
[392] Pahayag 22:4.

sa iyong kanang kamay ay mga kasiyahan magpakailanman."[393] Karapat-dapat na ang kagalakan at pagsamba ay konektado. Nilikha tayo ng Diyos sa kanyang larawan, upang maunawaan natin ang kanyang kalikasan na sapat upang sambahin siya para sa kung sino siya. Ang ating damdamin, kakayahang magmahal, at ang katalinuhan ay ibinigay na lahat upang maaari nating ibigay sa Diyos ang posibleng pinakamataas na pagsamba.

Ginawa ni Hesus ang mga pahayag na ito sa kanyang mga alagad:

Huwag magulumihanan ang iyong puso: sumampalataya ka sa Diyos, maniwala ka rin sa akin. Sa bahay ng aking Ama ay maraming mga mansyon: kung hindi gayon, sasabihin ko sa iyo. Pupunta ako upang maghanda ng lugar para sa iyo. At kung pupunta ako at makapaghanda ng isang lugar para sa iyo ay babalik ako, at tatanggapin ka sa aking sarili, upang kung saan ako naroroon, paroroon din kayo.[394]

Ang mga salita ni Hesus ay nagsasabi sa atin ng ilang mga bagay tungkol sa langit. Ang pinakamahalagang bagay na ating nalalaman ay ang langit ay tahanan ng Diyos sapagkat tinawag ito ni Hesus na bahay ng kanyang Ama. Ang isa pang katotohanan na mahalaga sa atin ay maaari tayong mamuhay doon sa hinaharap kasama ng Diyos.

Ang pangako ng langit ay dapat pumatnubay sa paraan ng pamumuhay natin sa mundo. Ang taong nabubuhay dahil sa mga bagay na may pangwalang-hanggang halaga ay gagawin ang pinakamaganda sa lupa. Ang taong umaasa sa isang gantimpala sa langit ay may insentibo upang matiis ang lahat ng uri ng kahirapan at nagsisikap upang magawa ang kalooban ng Diyos . Sinabi ni Hesus sa isang pinag-uusig, "Magalak, sapagkat dakila ang iyong gantimpala sa langit."[395]

**Mga Katangian ng Langit**

► Ano ang ilang mga detalye tungkol sa langit?

Minsan ang mga tao sa lupa ay hindi maaaring bumili ng bahay na gusto nila, at maaaring hindi nila magagawa ang lahat nilang nais gawin dito. Ngunit ang Diyos ay may walang hangganang kapangyarihan at mga mapagkukunan, kaya alam natin na ang kanyang tahanan ay eksakto kung ano ang nais niya. Samakatuwid, ang langit ay ganap na kaayon ng kalikasan ng Diyos.

---

[393] Awit 16:11.
[394] Juan 14:1-3.
[395] Mateo 5:12.

Maraming mga bagay na hindi natin maunawaan tungkol sa langit. Dahil tayo ay laman at dugo, hindi natin maiintindihan ang kalikasan ng pag-iral ng Diyos, sapagkat siya ay Espiritu. Gayundin, kapag pinag-aaralan natin ang kalikasan ng Diyos, nalalaman natin na siya ay walang hanggan, lampas sa ating pang-unawa. Kaya't gayundin na lampas sa ating pang-unawa kung ano ang katulad ng kanyang tahanan. Subali't ito ay idinesenyo rin para sa atin.

Hindi sinasabi sa atin ng Biblia kung saan ang langit. Sinasabi nito na ang Diyos ay tumitingin mula sa langit papunta sa lupa, kaya alam natin na ang langit ay wala sa lupa.

"Kung natatagpuan ko sa aking sarili na may pagnanais na walang karanasan dito sa mundo ang makatutugon, ang marahil pinakapaliwanag dito ay ginawa ako para sa ibang mundo… Marahil ang mga kasiyahan ng mundo ay hindi nakalaan upang matugunan iyon, kundi upang gisingin lamang iyon, upang ipahiwatig ang tunay na bagay..dapat kong gawin iyon ang pangunahing layunin ng buhay upang magpatuloy sa ibang bayang iyon at tulungan ang iba na gawin din ang gayon."
- C.S. Lewis, *Mere Christianity*

Walang kasalanan sa langit. Ang lahat ng mga nilalang sa langit, maging ang mga anghel o tao o iba pang mga nilalang, ay magiging ganap na banal.[396]

Ang langit ay malaya mula sa lahat ng mga resulta ng kasalanan, kabilang ang sakit, kalungkutan, salungatan, at panganib.[397]Wala na ang sumpa sa paglalang, kabilang ang pagkakasakit, pagtanda, at kamatayan[398]

Ang kagandahan ng langit ay lampas sa paglalarawan. Ang mga detalyeng ibinigay sa atin ay ang mga pader ng jasper, mga pintuan ng perlas, mga pundasyon ng bihirang mga hiyas, at mga kalye ng ginto.[399]

Ang langit ay tirahan ng milyun-milyong natubos na mga tao at mga anghel.[400]

**Sino at Kailan?**

Ang langit ay inihanda para sa mga nagsisi sa kasalanan at naniniwala kay Jesu-Kristo bilang Tagapagligtas at Panginoon.[401] Yaong ang mga pangalan ay nakasulat sa Langit[402] ay mabubuhay sa Langit.

Sinasabi sa atin ng Biblia na kung tayo ay nabubuhay sa pamamagitan ng mga bagay na may walang-hanggang halaga, maaari tayong mamuhunan sa isang walang hanggan at ligtas na kayamanan sa langit.[403]

---

[396] Basahin Pahayag  21:8, 27.
[397] Pahayag  21:4.
[398] Basahin Pahayag 22:3.
[399] Basahin Pahayag 21:18-21.
[400] Pahayag 5:8-11.
[401] Juan 3:16.
[402] Lucas 10:20, Pahayag 3:5, Pahayag 20:15.
[403] Basahin Mateo 6:20.

Kailan pupunta sa Langit ang isang tao? Sinabi ni Hesus sa magnanakaw na mamamatay sa krus na magkakasama sila sa paraiso sa araw na iyon.[404]Sinabi ni Pablo na ang pagliban sa katawan ay paroroon sa Panginoon.[405]Samakatuwid, alam natin na ang naniniwala ay pumupunta sa langit sa panahon ng kamatayan. Gayunman, ang mga mananampalataya na nabubuhay pa sa pagbalik ni Hesus ay pupunta sa langit nang hindi dumaan sa kamatayan.[406]

## Ikalawang Bahagi: Ang Walang-hanggang Hantungan ng mga Di-mananampalataya

Ang mga parusa sa lupa ay laging natatapos sa paglipas ng panahon. Ang katapusan ay dumarating, kahit na iyon ay sa kamatayan ng isang pinarurusahan.

> Ngunit inilarawan ni Hesus ang isang kaparusahan na walang hanggan nang sabihin niya, "Umalis ka sa Akin, sinumpa ka, sa apoy na walang hanggan na inihanda para sa diyablo at sa kanyang mga anghel ... At ang mga ito ay aalis patungo sa Walang-hanggang kaparusahan, ngunit ang mga matuwid ay patungo sa buhay na walang hanggan."[407]

Pinatunayan ni Hesus at ng mga apostol na ang impiyerno, ang lawa ng apoy, at ang Walang-hanggang kaparusahan ay umiiral. Sa katunayan, binanggit ni Hesus ang impiyerno nang higit kaysa sa langit. Nagbabala Siya sa atin upang maiwasan ang kakila-kilabot na lugar. Pansinin ang ilan sa mga pahayag mula kay Hesus at sa mga apostol.

> "Kung ang iyong kanang mata ay nagiging dahilan upang ikaw ay magkasala, dukitin mo ito at itapon; sapagkat mas mabuti pang mawalan ka ng isang bahagi ng iyong katawan kaysa buo ang iyong katawan at itapon sa impiyerno. At kung ang iyong kanang kamay ay magdudulot sa iyo ng kasalanan, putulin ito at itapon; sapagkat mas kapaki-pakinabang para sa iyo na mawala ang isang bahagi ng iyong katawan, kaysa sa buo ang iyong katawan na itapon sa impiyerno"[408]

> "At mangyayari sa katapusan ng kapanahunan. Ang mga anghel ay darating, ihihiwalay ang masama sa mga matuwid, at ihahagis sa pugon ng apoy. Mananangis sila at magngangalit ang kanilang mga ngipin."[409]

Sa pagkikipagsalita sa mga Fariseo, sinabi ni Hesus, "Mga ahas, mga lahi ng mga ulupong! Paano kayo makatatakas sa kahatulan ng impiyerno?"[410]

---

[404] Lucas 23:43.
[405] 2 Corinto 5:8.
[406] Basahin 1 Corinto 15:51-52.
[407] Mateo 25:41, 46.
[408] Mateo 5:29-30.
[409] Mateo 13:49-50.
[410] Mateo 23:33.

> "At nang siya'y nasa paghihirap sa Hades, ay itiningin niya ang kaniyang mga mata, at nakita si Abraham sa malayo, at si Lazaro sa kaniyang sinapupunan. Nang magkagayo'y sumigaw siya at sinabi, 'Amang Abraham, mahabag ka sa akin, at ipadala si Lazaro, upang isawsaw ang dulo ng kaniyang daliri sa tubig, at palamigin ang aking dila; sapagkat ako ay pinahihirapan sa apoy na ito.'"[411]

Isinulat ni Apostol Pablo na si Hesus ay

> "ihahayag mula sa langit kasama ng Kanyang mga makapangyarihang anghel, sa nagniningas na apoy na naghihiganti sa mga hindi nakakakilala sa Diyos, at sa mga hindi sumusunod sa ebanghelyo ng ating Panginoong Hesu-Kristo. Ang mga ito ay parurusahan ng walang-hanggang pagkawasak mula sa presensya ng Panginoon at mula sa kaluwalhatian ng kanyang kapangyarihan."[412]

> "Sapagkat kung hindi pinatawad ng Diyos ang mga anghel na nagkasala, ngunit itinapon sila sa impiyerno at iniligtas sila sa mga tanikala ng kadiliman, upang italaga para sa paghatol."[413]

> "Ang diyablo, na dumaya sa kanila, ay inihagis sa lawa ng apoy at asupre kung saan naroon ang hayop at ang huwad na propeta. At sila ay pahihirapan araw at gabi magpakailanman at ... sinumang hindi nakasulat sa aklat ng buhay ay itinapon sa lawa ng apoy."[414]

Pansinin ang uri ng mga salita na ginamit upang ilarawan ang lugar na ito: apoy, paghihirap, paghihiganti, pagkasira, kadiliman, kadena, paghatol, pag-iyak, pagtangis, at pagngangalit ng mga ngipin.

Sinabi ni Hesus na magiging mas mabuti na dukitin ang iyong kanang mata at putulin ang iyong kanang kamay kaysa itapon sa impiyerno na may parehong mata at kamay. Hindi hinikayat ni Hesus ang pinsala ng katawan, kundi ang pagtitigil ng anumang aktibidad na maghahantong sa atin sa kasalanan at impiyerno, gaano man iyon kahalaga sa mundo.

► Ano ang ilang relihiyon na mali sa kanilang katuroan tungkol sa impiyerno?

Ang Biblia ay nagsasabi sa atin na ang kamatayan ay nagtatapos sa pagsubok ng tao, at ang impiyerno ay (1) walang hanggan, (2) hindi maibabalik, at (3) paghihirap. Ang katotohanan sa Biblia ay tinanggihan ng mga ateista na nagsasabi na walang anumang bagay pagkatapos ng kamatayan, at ng mga Saksi ni Jehova, Mormons, at mga Unibersalista na nagsasabing walang impiyerno. Ang katotohanan na ang kamatayan ay

---

[411] Lucas 16:23-24.
[412] 1 Tesalonica 1:7-9.
[413] 2 Pedro 2:4.
[414] Pahayag 20:10, 15.

tumatapos sa pansamantalang kalagayan ng tao ay tinanggihan ng mga Romano Katoliko na naniniwala na ang kalagayan ng tao ay maaaring lunasan pagkatapos ng kamatayan.

May mga taong tinatanggihan ang pagkakaroon ng impiyerno dahil itinuturing nila itong hindi makatarungan. Sinasabi nila na kung ang kasalanan ay naganap sa isang may wakas na panahon, hindi magiging makatarungan na ang kaparusahan ay walang hanggan. Ginamit ni Augustine bilang tungon sa pagtutol na ito ang halimbawa ng batas-kriminal. Kung ang isang pagnanakaw ay maganap sa loob ng ilang minuto, dapat bang magkaroon lamang ng ilang minuto ang kaparusahan? Ang isang pagpatay na tumatagal lamang ng isang sandali ay isang hindi maaayus na pinsala. Sa Banal na Kasulatan, makikita natin na ang kasalanan laban sa isang walang-hanggan at walang katapusang Diyos ay nagreresulta sa walang-hanggang parusa, kahit na ito ay ginawa sa isang may hangganang buhay.

► Bakit walang hanggan ang impiyerno?

Ang impiyerno ay walang hanggan

(1) Dahil ang kasalanan ay isang paglabag laban sa walang-hanggang Diyos. Ito ay walang-hanggan.
(2) Dahil itinatanggi ng makasalanan sa Diyos ang walang-hanggang paglilingkod na utang niya sa Diyos. Ito ay walang hanggan dahil.
(3) Tayo ay mga walang-hanggang nilalang na walang ibang lugar na pupuntahan kung pinipili natin na mahiwalay mula sa Diyos.

Sa buhay sa mundo, gusto nating maaari nating baguhin ang ating mga desisyon. Tila masyadong seryoso na ang isang pagpili ay maaaring magkaroon ng walang-hanggang mga kahihinatnan. Nais nating isipin na magkakaroon ng pangalawang pagkakataon sa hinaharap, kahit na tayo ay gumagawa ng isang sinasadyang pagpili ngayon. Ngunit hindi naman makatuwiran na limitahan ng Diyos ang ating panahon ng pagsubok sa ating buong buhay.

Ang ilan ay tumatangging maniwala sa impiyerno dahil nagtataka sila kung paano ang isang mapagmahal na Diyos ay maaaring magpadala ng isang tao sa isang kakila-kilabot na lugar tulad ng inilalarawan ng mga talatang ito. Dapat nating tandaan na ang Diyos ay nagnanais na walang sinuman ang mawala, ngunit ang lahat ay dapat na magsisisi at maligtas. Ipinahayag na ito ng Biblia sa ilang mga lugar.[415] Ang mga taong napunta sa impiyerno ay gumawa ng mga pagpili na naglagay sa kanila sa lugar na ito. Walang sinuman ang aksidenteng napunta sa impiyerno. Ang mga pumunta ay pumili sa lugar na iyon sa pamamagitan ng pagtanggi sa katuwiran at kaligtasan ng Diyos.

[415] Basahin 1 Timoteo 2:4, 2 Pedro 2:9, Mga Gawa 17:30.

Dahil ang lahat ng mabuti ay nagmumula sa Diyos, ang pagtanggi sa Diyos ay sa kalaunan ay isang pagtanggi sa lahat ng mabuti. Maging ang katahimikan, katiwasayan mula sa takot at sakit, at komportableng lugar lahat ay mabubuting bagay na Diyos lamang ang makapagbibigay. Tiyak na hindi natin maaasahan na magpapatuloy ang Diyos sa pagtustos ng mabubuting bagay sa isang tao kapag tinanggihan ng taong iyon ang Diyos. Ang lubos na pagkakahiwalay mula sa Diyos ay nangangahulugan ng kakulangan ng lahat ng bagay na mabuti, at iyon ay impiyerno.

> "Sa pangwakas ang mga pagtutol sa katuroan ng impiyerno ay nagmumula sa tanong na: 'Ano pa ang hinihiling mong gawin ng Diyos?' Ang burahin ang kanilang nakalipas na kasalanan at bigyan siya ng bagong simula, tinutulungan ang kahirapan nito ng mahimalang tulong? Subali't ginawa na niya iyon. Upang patawarin sila? Subali't tumatanggi silang mapatawad. Ang iwanan na lang sila? Alas! Natatakot akong iyon nga ang ginagawa Niya."
> - C.S. Lewis, paraphrased from *The Problem of Pain*

Salamat sa Diyos na sa pamamagitan ng pagbabayad-salang gawa ni Hesu-Kristo, dahil sa kanyang pag-ibig naging posible para sa atin na "makatakas sa poot na darating." Sa halip na mga paghihirap ng impiyerno, maaari tayong makibahagi sa kagalakan ng kaligtasan at mga kahanga-hangang bagay ng langit. Pinipili natin ang Langit para sa ating hantungan kapag pinipili natin ang "pagsisisi sa harap ng Diyos at pananampalataya sa ating Panginoong Hesu-Kristo."[416]

### Pagkakamali na Dapat Iwasan: Paglimot sa mga Walang- Hanggang Bunga/Resulta

Sa buhay sa lupa, maraming mga pagpapasya ang tila hindi pinal. Kung may sapat na panahon, maraming mga pagkakamali ang maitatama. Dapat nating tandaan na maraming mga pagpapasya ang may walang-hanggang mga kahihinatnan. Pagkatapos ng kamatayan hindi natin mababago ang mga pagkilos na makakaapekto sa ating sariling walang-hanggang kapalaran o ang aksyon na nakakaimpluwensiya sa iba sa kanilang mga desisyon.

*Dapat basahin ng sama-sama ng klase ang "Pahayag ng Paniniwala" nang hindi bababa sa dalawang beses.*

### Pagpapahayag ng mga Paniniwala

Ang bawat tao ay mananatili magpakailanman alinman sa langit o impiyerno. Ang langit ang tahanan ng Diyos kung saan ang mananampalataya ay mabubuhay kasama ng Diyos, masayang sumasamba sa kanya. Sa langit ay walang kasalanan, o anumang paghihirap na nagreresulta mula dito. Ang Impiyerno ay ang walang hanggan, hindi mababawi, at kakila-kilabot na lugar ng kaparusahan para sa lahat ng hindi pa naligtas ni Kristo mula sa kanilang mga kasalanan. Ang impiyerno ay ang makatarungang kaparusahan para sa sinasadyang kasalanan laban sa walang-hanggang Diyos.

---

[416] Mga Gawa 20:21.

## Leksyon 13 Takdang Aralin

(1) Ang bawat mag-aaral ay dapat na italaga sa isa sa mga talata na nakalista sa ibaba. Bago ang susunod na sesyon ng klase, dapat niyang basahin ang talata at magsulat ng taludtod tungkol sa sinasabi nito tungkol sa paksa ng leksyong ito.

- Pahayag 22:1-5
- Pahayag 22:10-17
- Lucas 16:19-31
- Isaias 5:11-16
- Mateo 5:27-30

(2) Pagsubok: Sisimulan mo ang susunod na klase na may isang pagsubok sa aralin 13. Pag -aralan nang mabuti ang mga katanungan sa pagsubok bilang paghahanda.

(3) Dapat ipaalala sa mga mag-aaral na hindi bababa sa pitong beses habang kasalukuyan ang kursong ito na ang bawat mag-aaral ay dapat magturo ng isang leksyon o bahagi ng isang leksyon sa mga taong hindi kabilang sa klase. Dapat mag-ulat ang mga mag-aaral sa lider *ng klase tuwing magtuturo sila para sa takdang-leksyon.*

## Leksyon 13 Mga Tanong Para sa Pag-aaral

(1) Ano ang pangunahing aktibidad sa langit?

(2) Ano ang ilang mga bagay na hindi matatagpuan sa langit?

(3) Sino ang pupunta sa langit?

(4) Kailan pupunta ang mga mananampalataya sa langit?

(5) Anong tatlong bagay ang sinasabi sa atin ng Biblia tungkol sa impiyerno?

(6) Ano ang ibig sabihin ni Hesus na dapat putulin ng isang tao ang kanyang kamay?

(7) Bakit walang hanggan ang impiyerno?

# Leksyon 14
# Mga Pangwakas na Pangyayari

## Mga Layunin ng Leksyon

(1) Sa katapusan ng leksyong ito, dapat na maunawaan at maipaliwanag ng mag-aaral ang:

- Mga antas ng kahalagahan sa mga paksa tungkol sa mga pangwakas na pangyayari.
- Ang pagbabalik ni Kristo at ang kahulugan nito para sa buhay Kristiyano.
- Ang muling pagkabuhay ng lahat ng tao at ang halaga ng katawan.
- Ang huling paghatol ng lahat ng moral na nilalang.
- Ang Walang-hanggang kaharian ng Diyos.
- Ang isang pahayag ng mga Kristiyanong paniniwala tungkol sa mga pangwakas na pangyayari.

(2) Isa sa mga praktikal na layunin ng leksyong ito ay para malaman ng estudyante ang kahalagahan ng pagtingin sa buhay sa lupa mula sa pananaw ng walang-hanggan.

## Panimula

*Matapos kunin ang pagsusulit sa nakaraang leksyon, gamitin ang mga layunin mula sa leksyong iyon para magtanong bilang pagbabalik-aral. Pagkatapos ay pumunta sa pagbabasa ng talata sa ibaba.*

► Basahin ang Daniel 7:9-14 nang sama-sama. Ano ang sinasabi sa atin ng talatang ito tungkol sa kinabukasan?

Ang marka ng halimaw, ang mga trumpeta, ang dakilang kapighatian, ang antikristo, ang 1,000 taon, ang 7 taon, ang dakilang puting trono, ang lungsod na bumababa, ang lawa ng apoy - ito ay mga paksa ng propesiya sa Biblia.

► Anong mga isyu ang naiisip mo sa propesiya ng Biblia?

## Mga Antas ng Kahalagahan

Ang mga talakayan ng propesiya ay madalas na tumutuon sa mga menor na katanungan sa halip na sa mga pangunahing katotohanan. Ang mga paksa sa propesiya ay hindi lahat ay pantay pantay sa halaga. Hindi natin susubukang masakop ang lahat tungkol sa propesiya sa kursong ito.

Kung minsan ang mga tao ay nag-iisip kung ano ang hitsura ng marka ng halimaw, kung saang bansa magmumula ang antikristo, at kung sino ang magiging dalawang saksi. Ito ang mga tanong na hindi malinaw na sinasagot ng Biblia, at ang pagtatalo tungkol sa mga ito ay hindi sulit.

May iba pang mga paksang higit na ipinapaliwanag ng Biblia. Ang ilang mga halimbawa ay kung babalik si Hesus sa umpisa, gitna, o katapusan ng kapighatian; at kung ang milenyo ay isang literal na libong taon. Gayunman, ang mga katuroang ito ay hindi mahalaga sa ebanghelyo. Hindi mo dapat sirain ang pakikisama sa isang tao dahil hindi ka sumasang-ayon sa kanyang opinyon sa isa sa mga tanong na ito.

Mayroong ilang mga kinakailangang katotohanan sa propesiya ng Biblia. Ito ay mga katotohanang napakalinaw na ang sinumang naniniwala sa Biblia ay tinatanggap ang mga ito. Ang mga katuroang ito ay nakakaapekto sa pamumuhay Kristiyano at sa buong sistema ng mga katuroang Kristiyano.

Tingnan natin ang apat na kinakailangang katotohanan na inihayag sa propesiya sa Biblia tungkol sa mga pangwakas na pangyayari.

## Ang Pisikal na Pagbabalik ni Hesus

Si Hesus ay babalik na makikita sa mundong ito. Bagaman siya ay espirituwal na naroroon sa mga mananampalataya sa mundo ngayon, siya ay babalik sa kanyang niluwalhati, muling nabuhay na anyo sa paningin ng buong mundo.[417]

► Ano ang ilang mga bagay na mangyayari kapag bumalik si Hesus?

Ang pagbabalik ni Kristo ang magiging rurok ng kasaysayan ng mundo. Ang mga kaharian ng mundo ay magiging mga kaharian ni Kristo. Ang mga taong tapat sa kanya ay gagantimpalaan at pararangalan. Ang mga nagrerebelde laban sa kanya ay ibabagsak, at magkakaroon siya ng kapangyarihan na magtatagumpay sa lahat ng pagsalungat.[418] Ang bawat tuhod ay luluhod, at ang bawat dila ay magpapahayag na si Hesus ay Panginoon.[419]

Ang mga Kristiyano na namatay ay bubuhaying muli upang mamuno kasama ni Kristo.[420] Sila at ang mga nabubuhay na mananampalataya ay aakyat upang salubungin ang Panginoon kapag siya ay lumitaw.[421]

Ang kanyang pagbabalik ay ang pinagpalang pag-asa ng lahat ng mga Kristiyano.[422] Isipin ang lahat ng kahulugan ng kanyang pagbabalik sa atin: ang katapusan ng pag-uusig, pagdurusa, at kalungkutan; muling pagsasama-sama ng mga banal at mga Kristiyanong mahal sa buhay; patunay na ang ating pananampalataya ay hindi naging walang kabuluhan; ang makita ni Hesus mismo; at pagpasok sa langit at ang kalubusan ng buhay na walang hanggan sa Diyos. Walang isa man sa mga bagay na ito ang nakasalalay sa panahon ng kanyang pagbabalik, kundi sa katotohanan na siya ay babalik gaya ng ipinangako niya.

---

417 Basahin Pahayag 1:7.
418 Basahin Mateo 26:64.
419 Filipos 2:10.
420 2 Timoteo 2:12
421 1 Tesalonica 4:16-17.
422 Basahin Tito 2:13.

Sinabi ni Hesus na babalik siya nang may kapangyarihan at kaluwalhatian.[423] Ipinangako niya na darating siya at kukunin ang kanyang bayan upang mabuhay nang kasama niya.[424] Sinabi ng mga anghel na siya ay babalik sa parehong paraan na siya ay umakyat sa Langit.[425] Ang mga apostol ay nangaral ng pagsisisi habang naghihintay na bumalik si Kristo upang itatag ang tunay na plano ng Diyos para sa daigdig na ito.[426] Isa sa pinakamadalas iturong katotohanan sa Bagong Tipan ang muling pagbalik ni Hesus sa mundong ito nang mgay kapangyarihan at kaluwalhatian.[427]

Bagama't may mga palatandaan na mauuna sa Ikalawang Pagdating, hindi natin eksaktong nalalaman kung kailan siya babalik. Mabuti para sa mga mananampalataya na palaging hinihintay ang pagdating ni Hesus at mamuhay nang naaayon.[428]

► Bakit babalik si Hesus?

Nabubuhay tayo sa isang mundo kung saan ang karamihan sa mga tao ay nasa paghihimagsik laban sa Diyos. Ang buong sannilikha ay nagdurusa dahil sa sumpa ng kasalanan. Ang daigdig ay hindi kailanman magiging mas mabuti sa pamamagitan ng pampulitikang pagkilos, repormang panlipunan, pinahusay na edukasyon, o maunlad na ekonomiya. Maging ang pagbuti ng mundo ay hindi rin mangyayari nang dahan-dahan. Si Hesus ay biglang darating sa kanyang nilikha bilang ang nagbabalik na hari upang ituwid ito.

Ang lahat ng tao ay makasalanan, ngunit kung kusang-loob silang sasama sa kaharian ng Diyos ngayon, maaari silang makatakas sa darating na paghatol. Ang kaharian ng Diyos ay nagaganap na sa mga nagsisisi at naniniwala.[429] Ang kahariang iyon ay darating nang ganap at lantaran sa pagbalik ni Hesus.

► Paano tayo dapat mabuhay dahil alam natin na si Hesus ay babalik?

Dapat nating tandaan ang mga prayoridad ng mga unang Kristiyano. Tinawag tayo upang mapanatili ang ating pananampalataya at "magtiis hanggang sa wakas." Binabalaan tayo na huwag hayaan ang mga kaligayahan at ang mga bagay ng mundo na makalimutan natin ang tungkol sa pagdating.[430] Nabubuhay tayo ayon sa mga walang-hanggan ang halaga dahil ang mga bagay sa mundong ito ay lilipas. Sinabihan tayo na "magbantay," hindi tumitingin sa kalangitan para sa kanyang paglitaw, kundi manatiling mapagbantay sa

---

[423] Mateo 24:30.
[424] Juan 14:3.
[425] Mga Gawa 1:11.
[426] Basahin Mga Gawa 3:19-21.
[427] 1 Tesalonica 4:15-16; 2 Tesalonica 1:7, 10; Tito 2:13; Hebreo 9:28; Santiago 5:7-8; 1 Pedro 1:7, 13; 2 Pedro 1:16; 3:4, 12; 1 Juan 2:28.
[428] Basahin Marcos 13:33-37.
[429] Marcos 1:14-15, 9:1.
[430] Lucas 21:34-36.

espiritwal upang hindi tayo datnang hindi handa sa kanyang pagdating.[431] Manalangin tayo para sa kadalisayan at mabuhay ng dalisay dahil gusto nating maging katulad niya.[432]

Ang mga namumuhay ngayon na parang hindi siya darating ay hindi magiging handa para sa kanyang pagbabalik.[433] Ang pagdating ni Hesus ay magiging tulad ng kidlat,[434] talagang bigla na walang sinuman ang magkakaroon ng oras upang baguhin ang anumang bagay pagkatapos niyang lumitaw.

Naghihintay tayo para sa kanyang pagparito

(1) sa pamamagitan ng pagsunod sa mga prayoridad na pangwalang-hanggan
(2) pamumuhay sa kadalisayan
(3) pagbabantay sa ating sarili sa espirituwal sa pamamagitan ng pananalangin

## Pagkabuhay na Mag-uli ng Lahat ng Tao

Alam natin na ang katawan ay may walang-hanggang halaga sapagkat itinuturo ng Biblia ang pagkabuhay na mag-uli ng lahat ng tao.

Ang katuroan ng muling pagkabuhay ay kinakailangan.[435]Ipinaliwanag ni Apostol Pablo sa 1 Mga Taga Corinto 15 na kapag tinanggihan ang pagkabuhay na mag-uli ay pagtanggi rin sa ebanghelyo. Kung walang pagkabuhay na mag-uli, hindi na maaaring muling binuhay si Hesus.[436] Kung si Hesus ay hindi bumangon mula sa mga patay, ang ebanghelyo ay hindi maaaring maging totoo, at walang sinuman ang tunay na maliligtas.[437]

Ang bawat tao ay mabubuhay na mag-uli, ngunit hindi lahat ng mga tao ay magkakapareho. Sa pagbalik ni Hesus, dadalhin niya ang lahat ng mga Kristiyano, bubuhayin na mag-uli ang mga namatay.[438]

Ang mga namatay sa kanilang mga kasalanan ay hindi tinatanggap para sa unang muling pagkabuhay. Sila ay bubuhayin sa ibang pagkakataon para sa paghatol.[439]

---

[431] Marcos 13:33-37. Ang salitang Griego na ginamit sa "magbantay" ay hindi paghanap sa isang bagay kundi manatiling nakabantay tulad ng guwardiya.
[432] 1 Juan 3:3.
[433] 1 Tesalonica 5:1-6 ay nagpapakita na ang mga nasa kadiliman, nabubuhay para sa mundong ito, ang siyang magugulat sa pagbabalik ng Panginoon. Para sa atin, hindi siya babalik "tulad ng isang magnanakaw."
[434] Mateo 24:27, 1 Corinto 15:52.
[435] Ito ay ipinakita ng katotohanang sumulat si Pablo ng 58 talata (lahat nasa 1 Corinto 15) na ipinagtatanggol ang katuroan ng muling pagkabuhay.
[436] 1 Corinto 15:3.
[437] 1 Corinto 15:17.
[438] 1 Tesalonica 4:16-17, Pahayag 20:6.
[439] Pahayag 20:13.

Ang mga Kristiyano ay muling bubuhayin sa mga niluwalhating katawan tulad ni Hesus.[440] Ang mga makasalanan ay bubuhayin sa ibang paraan para sa Walang-hanggang kaparusahan.[441]

► Kung hindi ka naniniwala na ang katawan ay bubuhaying muli, anong pagkakaiba ang magagawa nito para sa iyo?

Ang paniniwala na isang araw tayo ay bubuhaying muli ay nakakaapekto sa ating pamumuhay. Nakita natin ang mga praktikal na epekto ng katuroan sa pamamagitan ng pagtingin sa mga halimbawa ng mga tao na tumanggi dito. Tinanggihan ng ilang miyembro ng kongregasyon ng Corinto na ang katawan ng tao ay mabubuhay na muli. Ang pagkakamaling ito ay nahahati sa dalawang matinding posisyon. Ang ilan ay nagsabi, "Dahil ang katawan ay hindi muling bubuhayin, ang espiritu lamang ang mahalaga. Iyan ay nangangahulugan na ang mga kasalanan na ginagawa natin sa katawan ay hindi seryoso. Maaari pa rin tayong makiapid, dahil ang katawan ay itatapon pa rin."[442]

> "O kamatayan, nasaan ang iyong kamandag? O Hades, nasaan ang iyong tagumpay? Si Kristo ay muling nabuhay, at ikaw ay nabura. Si Kristo ay muling nabuhay, at ang mga demonyo ay itinapon sa ibaba. Si Kristo ay muling nabuhay, at nagdiwang ang mga anghel. Si Kristo ay muling nabuhay, at ang buhay ay napalaya. Si Kristo ay muling nabuhay, at ang libingan ay nawalan ng patay: Dahil si Kristo, na muling binuhay mula sa mga patay, ay naging Tagapanguna at Nagbibigay-buhay sa mga natutulog na. Sa kanya ang kaluwalhatian at kapangyarihan magpasawalang-hanggan. Amen."
> - Chrysostom, Mensahe sa "Pasko ng Muling Pagkabuhay"

Ang iba ay nagsabi na: "Dahil ang katawan ay hindi muling bubuhayin,ito ay walang-halaga at masama. Dapat nating sugpuin ang lahat ng mga kagustuhan ng katawan, hindi kumain ng anumang bagay na nakalulugod sa panlasa o kinasisiyahan ang pag-aasawa."

Ang dalawang kamaliang ito ay nagmula sa pagtanggi sa muling pagkabuhay. Ang katuroang Kristiyano ng muling pagkabuhay ay nagbigay ng kahalagahan sa katawan. Ang kahalagahan ay ipinakita dahil ang katawan ng mga Kristiyano ay tinubos, mga templo ng Espiritu Santo, mga miyembro ni Kristo, at muling bubuhayin at luluwalhatiin.[443]

Ang katuroan ng muling pagkabuhay ay kinakailangan dahil ang ibig sabihin nito

- Na si Hesus ay bumangon mula sa mga patay.
- Lahat ng tao ay itataas.
- Ang katawan ay may walang-hanggang halaga.

---

[440] 1 Juan 3:2.
[441] Juan 5:28-29.
[442] Tingnan ang 1 Corinto 6:13-14, kung saan tila ang ilan ay may kasabihan, "Pagkain para sa tiyan at ang tiyan ay para sa pagkain", na ibig sabihin ang katawan ay tanging para lamang sundin ang mga pagnanasa nito. Ssinabi ng apostol."Subalit wawasakin ng Diyos kapwa ito at sila," nagsasalita tungkol sa paghatol sa maling paggamit ng katawan. Patuloy pa niya, "Ang katawan ay para sa Panginoon… At ang Diyos ang muling bumuhay sa Panginoon at siya ring bubuhay sa atin sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihan."
[443] Basahin 1 Corinto 6:14, 15, 19, 20.

- Totoo ang ebanghelyo.

## Ang Paghuhukom

> "Ang isang libong taon ay isang araw sa walang-hanggang Dios. Samakatuwid, 'Siya ay matiyaga': Binibigyan niya tayo ng pagkakataon upang magsisi, nang walang sagabal sa kanyang sarili. Sa isang salita, para sa Diyos ang oras ay lumilipas nang hindi mabagal o mabilis kaysa sa nararapat at ayon sa kanyang ekonomiya; o mayroon bang anumang dahilan kung bakit kinakailangan niyang patagalin o madaliin ang katapusan ng lahat ng bagay."
> - John Wesley, *Notes on the New Testament*, notes on 2 Peter 3

Ang Paghuhukom ay totoong dulo para sa mga taong ang mga pangalan ay wala sa Aklat ng Buhay. Hindi ito ang katapusan ng kanilang pag-iral, kundi ito ang wakas ng kanilang mga pagpili. Ang susunod na kawalang-hanggan ay magiging walang katapusan na mga kahihinatnan/resulta ng mga desisyon na hindi kailanman mababaligtad.

Ang Paghuhukom ay nagbibigay sa ating mga pagpili ng kabuluhan na lampas sa kanilang agarang mga resulta. Iniisip ng ilang tao na hangga't maaari nilang kontrolin ang mga resulta ng kanilang mga pagkilos, wala nang iba pang aalalahanin tungkol doon. Gusto nilang maniwala na ang kanilang kasalanan ay hindi masama kung hindi talagang nakakagawa ng anumang pinsala. Sa katunayan, ang lahat ng kasalanan ay nakasasama, ngunit kahit na hindi, ito ay seryoso dahil sa paghatol. Ang Salita ng Diyos ay nagsasabi na ang mga tao ay hahatulan para sa kanilang mga ginawa.[444]

Sa Paghuhukom ang ilan ay ipapadala sa walang-hanggang parusa at ang iba pa sa walang-hanggang gantimpala. Ang kasulatan ay naglalarawan ng isang tanawin ng paghatol para sa mga makasalanan na nabuhay na mag-uli upang harapin ang kahatulan para sa kanilang makasalanang mga gawa.[445] May isa pang paghatol para sa mga Kristiyano, kung saan sila ay gagantimpalaan para sa mga gawa na may kapaki-pakinabang, pangmatagalang mga resulta.[446]

Ang katotohanan na mangyayari ang Paghuhukom ay nagsasabi sa atin na isang araw ang kasalanan ay matatapos. Mahirap isipin ang isang daigdig na walang kasalanan, ngunit darating ang araw na ang lahat ng paghihimagsik laban sa Diyos ay matatapos.

Ang Diyos ay hindi nagnanais na mabuhay tayo sa patuloy na takot at ang takot na ito ang ating motibo para sa tamang pamumuhay. Gayunman, ang kamalayan sa paghuhukom na darating ay nagbibigay sa atin ng isang pananagutan na nagbibigay gabay sa ating buhay.

Dapat nating malaman ang tungkol sa paghatol upang maunawaan

(1) ang kahalagahan ng kasalanan
(2) ang ating pananagutan sa Diyos

---

[444] Basahin 2 Corinto 5:10, Roma 2:6-11.
[445] Tingnan ang Pahayag 20:11-15.
[446] Basahin 1 Corinto 3:14-15.

(3) ang kahalagahan ng ating mga pagpili
(4) ang katapusan ng lahat ng kasalanan.

## Ang Walang-hanggang Kaharian ng Diyos

Ayon sa ilang mga pilosopiya at relihiyon, ang panahon ay nagpapatuloy magpakailanman sa mga pag-ikot, na walang pasimula o wakas, at walang mga pangyayari na bumabago ng mga bagay magpakailanman.

Ngunit ayon sa Biblia, ang oras ay may simula at serye ng mga pangyayari na unti-unting dumarating sa isang konklusyon. Ang Biblia ay naglalarawan ng paglikha, pagkatapos ay ang trahedya na pagkahulog ng tao, pagkatapos ay ang plano ng kaligtasan tinutupad ng Diyos sa buong panahon ng mga siglo ng kasaysayan ng tao.

Sa Genesis matatagpuan natin ang simula ng kasalanan. Sa Pahayag ang kasalanan ay ganap na ibinukod mula sa walang-hanggang lungsod ng Diyos.[447] Sa Genesis makikita natin ang pagkawala ng puno ng buhay at ang sentensiya ng kamatayan. Sa Pahayag makikita natin ang pagpapanumbalik ng puno ng buhay, mga pangalan sa Aklat ng Buhay, at paanyaya sa isang ilog ng tubig ng buhay.[448]

Alam natin na may isang kaganapan na darating sa dulo ng iskedyul na inihayag ng Diyos sa atin. Ang kaganapang ito ang maglulunsad sa sanlibutan sa walang hanggan na plano ng Diyos. Ito ang pagdating ng ganap at walang-hanggang kaharian ng Diyos.

Ang Diyos ay palaging Hari ng kanyang sanlibutan, ngunit dahil sa pagbagsak ng tao, ang karamihan sa sangkatauhan ay nasa paghihimagsik laban sa kaharian ng Diyos. Ito ay biglang magwawakas, at ang Diyos ay maghahari nang walang hanggan nang walang karibal. Ang mundo ay magiging ganap tulad ng nais ng Diyos, tulad ng langit.

## Pagkakamali na Dapat Iwasan: Nakatuon ang Isip sa Mundo

May isang pagkahilig ng tao na mamuhay na parang ang buhay sa mundo ay nagpapatuloy magpakailanman. Sinisikap nating mapabuti ang ating mga kondisyon, at lutasin ang ating mga problema, at lumikha ng isang kapaligiran na nagbibigay sa atin ng kasiyahan. Kailangan nating maging katulad ni Abraham na umaasa sa walang-hanggang tahanan habang siya'y nanirahan sa mga tolda at madalas na lumipat (Hebreo 11:8-10, 14-16). Dapat nating tandaan na ang lahat ng mga bagay na itinatayo natin, ang mga bagay na mayroon tayo, at ang mga kondisyon na ating nililikha ay pansamantala lamang. Dapat tayong gumawa para sa mga bagay na magkakaroon ng walang-hanggang halaga.

*Dapat basahin ng klase ang "Pahayag ng Paniniwala" nang sama-sama nang hindi bababa sa dalawang beses.*

---

[447] Pahayag 21:27.
[448] Pahayag 22:1, 2, 19.

## Pagpapahayag ng mga Paniniwala

Babalik si Hesus tulad ng kanyang ipinangako, muling bubuhayin ang mga naunang mga mananampalataya, at kukunin ang lahat ng mga mananampalataya upang mamuno sa kanyang kaharian. Bawat tao ay ibabangon mula sa patay upang harapin ang paghuhukom para sa kanyang mga gawa, pagkatapos noon ay bibigyan ng walang-hanggang gantimpala o hahatulan ng walang-hanggang kaparusahan. Ang kaharian ng Diyos ay lubos na darating, at ang Diyos ay maghahari magpakailanman.

## Leksyon 14 Takdang Aralin

(1) Ang bawat mag-aaral ay dapat na italaga sa isa sa mga talata na nakalista sa ibaba. Bago ang susunod na sesyon ng klase, dapat niyang basahin ang talata at magsulat ng taludtod tungkol sa sinasabi nito tungkol sa paksa ng leksyong ito.

- Mateo 25:31-46
- 2 Pedro 3:1-14
- 1 Corinto 15:51-58
- Pahayag 20:11-15
- Daniel 2:31-45

(2) Pagsubok: Sisimulan mo ang susunod na klase na may isang pagsubok sa aralin 14. Pag -aralan nang mabuti ang mga katanungan sa pagsubok bilang paghahanda.

(3) Dapat ipaalala sa mga mag-aaral na hindi bababa sa pitong beses sa panahon ng kursong ito ang bawat mag-aaral ay dapat magturo ng isang leksyon o bahagi ng isang leksyon sa mga taong hindi kabilang sa klase. Dapat mag-ulat ang mga mag-aaral sa lider ng klase tuwing magtuturo sila para sa takdang-leksyon.

## Leksyon 14 Mga Tanong Para sa Pag-aaral

(1) Ano ang apat na mahahalagang katotohanan sa propesiya ng Biblia?

(2) Ano ang mangyayari sa mga Kristiyano kapag bumalik si Hesus?

(3) Paano tayo dapat maghintay para sa pagdating ni Hesus?

(4) Bakit kailangan ang katuroan ng muling pagkabuhay?

(5) Bakit mahalagang malaman natin ang tungkol sa paghuhukom?

# Leksyon 15
# Mga Sinaunang Pundasyong Paniniwala

## Mga Layunin ng Leksyon

(1) Sa katapusan ng leksyong ito, dapat nauunawaan at kayang ipaliwanag ng mag-aaral ang:

- Ang layunin at gamit ng pundasyong paniniwala bilang Pagpapahayag ng mga Paniniwala.
- Ilang halimbawa ng mga pundasyong paniniwala ayon sa Biblia.
- Ang pinagmulan at nilalaman ng tatlong pangkasaysayang pundasyong paniniwala.
- Bakit kailangang panghawakan ng modernong Kristiyano ang pangkasaysayang Kristiyanismo?
- Isang Pagpapahayag ng mga Paniniwalang Kristiyano tungkol sa mga pudasyong paniniwala.

(2) Isa sa mga praktikal na layunin ng leksyong ito ay upang ang mag-aaral ay magbigay ng pagpapahalaga sa pundasyong paniniwala ng naunang iglesiya bilang orihinal na Kristiyanismo.

## Panimula

*Matapos kumuha ng pagsusulit mula sa naunang leksyon, gamitin ang mga layunin ng naunang leksyon para sa pagbabalik-aral. Pagkatapos, magtungo sa babasahing talata sa ibaba.*

► Sama-samang basahin ang 2 Juan. Ano ang sinasabi sa atin ng talatang ito tungkol sa kahalagahan ng orihinal na mga katuroan ng iglesiya?

## Ang Pinagmulan ng mga Pundasyong Paniniwala

Ang pundasyong paniniwala ay isang buod ng mga mahahalagang paniniwalang Kristiyano. Maagang nakita ng iglesiya ang pangangailangan na bigyang buod ang mga katuroang Biblikal.

► Bakit kinakailangan ng iglesiya ang mga pundasyong paniniwala? Hindi ba sapat ang Biblia?

Laging may mga taong nagsasabing naniniwala sila sa Biblia, gayunman nagtuturo sila ng mga katuroang salungat sa Biblia. Ang iglesiya ay nakabuo ng mga Pangungusap ng Biblikal na katuroan na nagbukod sa tunay na Kristiyano mula sa mga huwad na katuroan.

Isa sa mga unang pangungusap ng katuroan ay "**Si Hesus ang Panginoon**" na ang ibig sabihin ay Si Hesus ay Diyos. Ang mga salitang."Panginoong Hesu-Kristo" ay nagbibigay rin ng pahayag, na si Hesus ang Mesias (ang Kristo) at siya ay Diyos. Ang isang taong tumatanggi na magsabi na si Hesus ay Panginoon o gamitin ang mga salitang Panginoong Hesu-Kristo ay hindi isang Kristiyano.

> "Kinakailangan rin para sa Walang-hanggang kaligtasan na paniwalaan rin niya ng tumpak ang Pagkakatawang-tao ng ating Panginoong Hesu-Kristo. Dahil ang tamang pananampalataya ay, na pinaniniwalaan natin at ipinapahayag na ang ating Panginoong Hesu-Kristo, ang Anak ng Diyos, ay Diyos at Tao."
> - Athanasian Pundasyong paniniwala

Sa paglipas ng panahon, may mga taong nag-aangkin na sila ay Kristiyano, subalit hindi naniniwala na si Hesus ay tunay na tao. Kaya't sa sulat na 1 Juan, nakikita natin ang pundasyong paniniwala na, "Anumang espiritu ang hindi nagpapahayag na si Hesu-Kristo ay nagkatawang-tao ay hindi sa Diyos."[449] Sinabi rin ng apostol na kung itinatanggi ng sinuman ang mahahalagang doktina ni Kristo, siya ay nagkakasala at hindi mula sa Diyos.[450]

Ang pinakaunang pundasyong paniniwala na nagpapahayag ng ilang pangungusap ay nasa 1 Timoteo 3:16:

> "Ang Diyos ay nahayag sa katawang-tao, pinawalang-sala sa Espiritu, nakita ng mga anghel, ipinangaral sa mga Gentil, pinaniwalaan sa mundo, at tinanggap sa kaitaasan sa kaluwalhatian."

Hindi natin alam ang lahat ng mga usapin na kinakaharap ng 1 Timoteo, subalit binibigyang-diin nito ang pagiging Diyos at pagiging tao ni Hesus nang sabihin nitong ang Diyos ay ipinahayag sa katawan.

Ang maiikling pangungusap na ito ng pundasyong paniniwala ay nagsilbi ng isang layunin. Kung ang isang sinaunang Kristiyano ay makakikilala ng isa pang nagsasabi na naniniwala siya kay Hesus at naniniwala sa Biblia, maaaring itanong ng Kristiyano, "Naniniwala ka ba na si Hesus ang Panginoon?" o kaya'y "Naniniwala ka ba na dumating si Hesus at nagkatawang-tao? Kung sasabihin ng tao na "Hindi", sagayun nalalaman ng Kristiyano na ang taong ito ay hindi talagang nakikilala o tinatanggap ang itinuturo ng Biblia.

Sa panahon ng mga unang daang taon pagkatapos ng Pentekostes, nakita ng iglesiya ang pangangailangan na gumawa ng malinaw na pahayag tungkol sa Trinidad, sa pagkakatawang-tao ni Kristo, at ang pagkakakilanlan sa Banal na Espiritu. Nagtatag sila ng mga pamantayang pankaturoan bilang depensa laban sa hidwang paniniwala. Ang mga pundasyong paniniwala na kanilang isinulat ay itinakda upang maging mga buod ng mga pangunahing katotohanan na pinaniniwalan ng bawat Kristiyano. Hindi kayang sakupin ng pundasyong paniniwala ang lahat ng usapin, subali't ang isang tao ay hindi maaaring sabihing Kristiyano kung itatanggi niya ang alinman sa mga sinaunang pundasyong

[449] 1 Juan 4:3.
[450] 2 Juan 9.

paniniwala dahil ang mga ito ay mga pagsisikap na bigyang kahulugan ang pananampalatayang Kristiyano.

Narito ang tatlo sa mga unang pundasyong paniniwala/buod ng paniniwala ng iglesiya.

## Ang Pundasyong paniniwala ng mga Apostol

Ang Pundasyong paniniwala ng mga Apostol ay hindi isinulat ng mga apostol. Ito'y isinulat noong ikalawang siglo na may layuning ipahayag ang mga katuroan ng mga apostol.

> "Sumasampalataya ako sa Diyos Amang Makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng Langit at lupa;
>
> "At kay Hesu-Kristo, ang kanyang Bugtong na Anak,ang ating Panginoon; na ipinaglihi ng Banal na Espiritu, ipinanganak ni Birheng Maria; nagdusa sa ilalim ni Poncio Pilato; ipinako sa krus, namatay at inilibing; nanaog siya sa impiyerno; sa ikatlong araw muling nabuhay mula sa mga patay; umakyat siya sa langit, na naupo sa kanang kamay ng Diyos Amang Makapangyarihan sa lahat; doon magmumula, paririto at huhukom sa nabubuhay at sa mga patay.
>
> "Sumasampalataya ako sa Banal na Espiritu; sa Banal na Iglesiya Katolika; sa kasamahan ng mga santo; sa kapatawaran ng mga kasalanan; sa muling pagkabuhay ng katawan; at sa buhay na walang hanggan. Amen."

Tila ang pundasyong paniniwala na ito ay naglalayong ilantad ang pagkakamali ng mga tumatanggi na si Hesus ay tunay na tao at isinilang ng isang birhen. Mayroon ding mga tumatanggi na si Hesus ay tunay na namatay at siya'y muling nabuhay mula sa mga patay.


Kaunti lamang ang sinasabi sa Pundasyong paniniwala ng mga Apostol tungkol sa Banal na Espiritu. Hindi iyon dahil sa hindi kilala ng iglesiya ang Banal na Espiritu; ito ay dahil ang mga hidwang paniniwala tungkol sa kanyang pagkakakilanlan ay hindi pa humahamon sa iglesiya. Ang salitang *Katoliko* ay simpleng nangangahulugan ng "unibersal/pang buong mundo" at ibig sabihin mayroong isang tunay na iglesiya." Ang "Kapatawaran sa kasalanan" ay nagpapahiwatig ng kaligtasan ayon sa biyaya sa halip na sa pamamagitan ng gawa o ritwal.

## Ang Pundasyong paniniwala ng Nicene

Itinatag ang Pundasyong paniniwala ng Nicene sa isang konseho ng iglesiya sa taong 325. Ang layunin nito ay protektahan ang mga katuroan ng pagiging Diyos ni Kristo at ng Banal na Espiritu. May ilang pangungusap na idinagdag pa mula sa konseho ng taong 381. Ang

pundasyong paniniwala na ito ay patungkol sa ilang usapin na hindi pa lumilitaw sa unang pundasyong paniniwala.[451]

> "Sumasampalataya ako sa iisang Diyos, ang Amang Makapangyarihan sa lahat, ang May gawa ng langit at lupa at ng lahat ng bagay na nakikita at hindi nakikita.
>
> "At sa isang Panginoong Hesu-Kristo, ang Bugtong na Anak ng Diyos, nagmula sa kanyang Ama bago pa ang lahat ng mundo, Diyos ng Diyos, Liwanag ng liwanag, PinakaDiyos ng PinakaDiyos, isinilang,hindi nilikha; na kaisa sa katangian ng Ama; sa pamamagitan niya nilikha ang lahat; na para sa ating mga tao at para sa ating kaligtasan ay bumaba mula sa langit, at ipinaglihi sa pamamagitan ng Banal na Espiritu kay Birheng Maria, at naging tao; at ipinako sa krus para sa atin sa ilalim ni Poncio Pilato; nagpakasakit at inilibing; at sa ikatlong araw siya'y muling nabuhay ayon sa mga Kasulatan; at umakyat sa langit; at nakaluklok sa kanang kamay ng Ama; at siya'y muling paparito nang may kaluwalhatian, upang husgahan ang buhay at ang patay; na ang kaharian ay hindi magwawakas.
>
> "At ako'y sumasampalataya sa Banal na Espiritu, ang Panginoon at Tagapagbigay ng Buhay, na nagmumula sa Ama at sa Anak; na kasama ng Ama at ng Anak ay sinasamba at niluluwalhati; na nagsalita sa pamamagitan ng mga propeta; at ako'y sumasampalataya sa iisang Katolika at Iglesiya Apostolika; kinikilala ko ang isang pagbabautismo para sa pagpapatawad ng mga kasalanan; at aking hinihintay ang muling pagkabuhay ng mga patay; at ang buhay sa mundong darating. Amen."



*Athanasius, ca. 296-373*

► Ano ang ilang mga bagay na nakita mo sa pundasyong paniniwala na ito na wala sa Pundasyong paniniwala ng mga Apostol?

Nakikita natin dito ang mga pangungusap na pinalawak patungkol sa tatlong persona ng Trinidad. Ang lubos ng pagiging Diyos ni Kristo ay binigyang-diin sa paraang mababantayan iyon laban sa mga nag-aangkin na naniniwala sila kay Hesus bilang Diyos, gayunmay pinaliliit ang kanyang pagiging Diyos. Siya ay pangwalang-hanggan ("bago pa ang lahat ng mundo"), hindi nilikha, at binubuo ng anumang tinataglay ng Ama. Si Hesus ay dapat tukuying Diyos sa parehong kadahilanan na ang Ama ay tatawaging Diyos.

---

[451] Image: "S. Athanasius", retrieved from Bibliothèque Sainte-Geneviève Images, https://archive.org/details/EST84RESP8A, public domain.

Dapat sambahin ang Banal na Espiritu at ang Anak na siyang nagpapatotoo na siya ay Diyos.

## Ang Pundasyong paniniwala ng Chalcedonian

Ang Pundasyong paniniwala Chalcedonian ay isinulat noong taong 451. Ang layunin nito ay protektahan ang mga katuroan tungkol sa pagkakatawang tao ni Kristo. Ang mga salitang ginamit ay hindi madaling maunawaan, subali't ang layunin ng mga sumulat ay protektahan ang katuroan ng lubos na pagiging Diyos at lubos na pagiging tao ni Kristo, na kung wala ang alinman sa aspetong ito ay masyadong pinaliliit hanggang sa mawalan ng kahulugan. Pansinin na sa dulo, isinaad ng mga sumulat na kanilang kinikilala ang mga katuroang ito na kapwa naaayon sa Kasulatan at tradisyon ng iglesiya. Hindi nila iniisip ang kanilang sarili bilang gumagawa ng mga bagong ideya, kundi ipinagtatanggol lamang nila kung ano ang sa simula pa'y pinaniniwalaan na ng iglesiya.

> "Tayo, ngayon, sa pagsunod sa banal na mga Ama, sama sama sa iisang pasya, ay magtuturo sa mga tao na ipahayag ang nag-iisa at tanging Anak, ang ating Panginoong Hesu-Kristo, ang parehong perpekto sa Godhead at perpekto rin sa pagiging Tao; tunay na Diyos at tunay na tao na may makatwirang kaluluwa at katawan; parehas sa Ama ayon sa pagiging Diyos at parehas sa atin ayon sa pagiging tao; sa lahat ng bagay ay katulad natin, walang kasalanan; ipinaglihi bago pa man ang lahat ng panahon mula sa Ama ayon sa pagiging Diyos, at sa mga huling araw na ito, para sa atin at para sa ating kaligtasan, isinilang ng Birheng Maria, ang ina ng Diyos, ayon sa pagiging Tao; ang nag-iisa at parehong Kristo, ang Anak, ang Panginoon, ang Bugtong na Anak, na dapat kilalanin sa dalawang kalikasan, walang pagkalito, walang pagbabago, hindi mahahati, hindi mapaghihiwalay; ang pagkakaiba ng kalikasan ay hindi mawawala sa pamamagitan ng pagkakaisa, sa halip ang mga kakanyahan ng bawat kalikasan ay naingatan, at magkasama sa iisang Persona at isang Pamamalagi, hindi hiwalay o nahahati sa dalawang persona, kundi ang iisa at parehong Anak, ang tanging Bugtong na Anak, Ang Diyos na Salita, ang Panginoong Hesu-Kristo; kung paanong ang mga propeta mula sa simula ay tumukoy sa kanya, at ang Panginoong Hesu-Kristo mismo ang nagturo sa atin, at ang Pundasyong paniniwala ng mga banal na Ama na ipinamana sa atin."

► May nakikita ba kayong ilang bagay na espesyal na binigyang-diin sa pundasyong paniniwala na ito?

Ang pagiging Diyos ni Kristo na pinatotohanan ng mga unang Kristiyano ay hindi isang bagay na taglay ni Hesus sa langit ngunit hindi dito sa lupa. Naniwala sila na siya'y isang tunay na nagkatawang-tao, ang Diyos sa laman. Lubos niyang tinataglay nang magkasama ang mga katangian ng Diyos at tao habang nasa lupa siya. Tinanggap nila ang kalikasang ito ni Kristo ang kanyang natatanging kuwalipikasyon bilang Tagapagligtas.

## Ang Mga Pundasyong paniniwalao sa Kasalukuyan

Daang taon na ang lumipas mula nang magsimula ang iglesiya. Nagbago na sa maraming paraan ang mundo. Marami nang relihiyosong paniniwala ang nilinang.

May mga nag-iisip na walang katuroan ang dapat manatiling pareho sa simula. Sa pakiramdam nila malaya silang paniwalaan ang anumang nais nila at tinatawag pa rin nila ang kanilang sarili na Kristiyano.

► Kinakailangan ba nating paniwalaan ang sinaunang pundasyong paniniwala ng iglesiya?

Subali't ang Diyos ng Biblia, na inilarawan sa mga sinaunang pundasyong paniniwala, ay hindi nagbabago. At nalalaman ng mga unang Kristiyano na iniligtas sila ng Diyos bilang tugon sa kanilang pananampalataya sa kanya. Ang mga pangungusap tungkol sa kalikasan ng Diyos at sa paraan ng kaligtasan ay mahalagang katuruan ng Kristiyano mula pa sa simula.

Hindi iyon nangangahulugan na ang isang tao ay hindi naliligtas malibang siya ay tumpak sa lahat ng kanyang katuroan. Hindi lahat ng katuroan ay kinakailangan para sa ebanghelyo. Hindi maitatanggi ng isang tao ang alam niyang totoo, subali't maaari siyang magkamali sa ilang mga bagay.

> Subalit ang anumang katuroang bago ay mali; dahil ang lumang relihiyon ang tanging tunay na relihiyon; at walang anumang katuroan ang magiging tama malibang ito ay katulad "ng nagmula pa sa simula."
> - John Wesley,
> sa sermon may pamagat na "On Sin in Believers"

Subali't ang mga sinaunang pundasyong paniniwala sa leksyong ito ay tumutukoy lamang sa mga kinakailangang katuroan. Kapag ang iglesiya ay may pananaw tungkol sa Diyos na naiiba sa mga kinakailangang iyon, kailangan din nilang mag-imbento na ibang paraan ng kaligtasan, na ibang ebanghelyo. Kapag ginawa nila iyon, hindi nila dapat tawagin ang kanilang sarili na mga Kristiyano dahil nag-iimbento sila ng isang bagong relihiyon.

Tunay, ang bawat tao ay malayang isipin kung ano ang nais niya, subalit kung wala siyang Kristiyanong paniniwala, hindi siya Kristiyano. Siya ay iba.

Sa unang ilang mga siglo walang mga denominasyon na tulad natin ngayon. Iisa lamang ang iglesiya. Kaya't ang mga pundasyong paniniwala ay mga pangungusap ng buong iglesiya. Patuloy pa rin sa kasalukuyan, ang mga iglesiya gumagalang sa awtoridad ng Biblia ay nanghahawak pa rin sa mga punto sa mga pundasyong paniniwala, bagaman hindi sila nagkakasundo sa maraming ibang mga ideya.

Alam ng sinaunang iglesiya na ang relasyon sa Diyos ang pinakamahalagang bagay. Alam nila na sila'y naligtas dahil sa kanilang relasyon sa Diyos. Kaya't napakahalaga sa kanila na tiyaking alam nila kung sino talaga ang Diyos.

Binibigyang babala tayo ng aklat ng Judas na dapat nating ipagtanggol ang pananampalatayang sa simula ay ipinagkaloob sa iglesiya.[452] Nawa-y basbasan ng Diyos ang kanyang katotohanan habang matapat nating ipinapangaral ang ebanghelyo, dinidisipolo ang mga mananampalataya, at sinasanay ang mga tinatawag niya sa ministeryo.

## Pagkakamali na Dapat Iwasan: Pagkakanya-Kanya ng mga Denominasyon

Ang isang grupo ng mga iglesiya na nagkakaisa sa isang organisasyon ay tinatawag na denominasyon. Mayroong libong bilang ng denominasyon na nag-aangkin na sila ay Kristiyano. Mayroong libong bilang ng mga indipendiyenteng mga iglesiya na hindi kabilang sa alinmang denominasyon.

Kung minsan ang denominasyon ay nagsisimula sa pag-eebanghelyo. Kapag maraming nagbalik-loob (converts) sa isang rehiyon, at walang denominasyon na maaaring mag-alaga sa kanila, isang bagong denominasyon ang maaaring mabuo. Ang isang denominasyon ay maaaring magsimula sa gawain ng isang organisasyong pangmisyon sa isang partikular na bansa.

Kung minsan ang denominasyon ay nagsisimula sa isang grupo ng mga taong naniniwala na ang isang mahalagang katuroan ay itinatanggi o nakakaligtaan ng iglesiyang kinalalagyan nila. Nagsisimula sila ng isang bagong denominasyon na may intensiyon na maging tama sa kanilang katuroan. Sa paglipas ng panahon, nagpapatuloy sila sa pagbuo ng kanilang mga katuroan. Dahil nauunawaan nila ang Biblia sa ibang paraan sa iba pang grupo ng mga Kristiyano, ang mga katuroan ng kanilang denominasyon ay naiiba rin sa iba pang denominasyon.

Nabubuo rin ng mga denominasyon ang mga tradisyon tungkol sa wastong anyo ng pagsamba at detalye ng pamumuhay Kristiyano. Nagkakaiba-iba ang mga denominasyon sa kanilang mga tradisyon.

Karamihan sa mga denominasyong Kristiyano ay hindi nag-aangkin na sila lamang ang tanging tunay na iglesiya. Kapag ang isang organisasyon ay nag-aangkin na sila ang buong iglesiya ng Diyos sa lupa, hindi ito dapat pagtiwalaan.

Tinatanggihan ng mga di-mananampalataya ang Kristiyanismo dahil sa mga dibisyon at pagkakaiba-iba. Iniisip ng mga hindi mananampalataya na ang iba't-ibang sekta ng Kristiyanismo ay lahat sumasalungat sa isa't-isa. Maraming tao sa mundo ang nag-iisip na walang uri ng pagkakaisa sa mga Kristiyano.

Ang isang denominasyon o lokal na iglesiya na tunay na Kristiyano ay naniniwala sa mga katuroan ng mga unang pundasyong paniniwala ng mga Kristiyano. Ito ang pagkakaisang doktrinal na umiiral sa mga samahang Kristiyano. Maraming magkakaibang klase sa mas

---

[452] Jude 3.

maliliit na isyung doktrinal at tradisyunal, subali't hindi natin dapat sabihin na ang isang iglesiya ay hindi Kristiyano dahil sa mga pagkakaibang ito.

## Pagkakamaling Dapat Iwasan: Hindi Pagkakaunawaan sa Personal na mga Pinaniniwalaan

Habang nabubuhay ang isang Kristiyano nang may relasyon sa Diyos, nakabubuo siya ng pag-unawa sa mga katotohanan ng Biblia. Hindi siya laging magkakaroon ng parehong konklusyon na tulad ng iba. Sa kanyang pagsasabuhay ng mga katotohanan sa pang-araw-araw na buhay, bubuo siya ng mga alituntunin para sa kanyang sarili na magiging iba sa ginagawa ng iba pang mga Kristiyano.

Habang nag-iisip ang isang tao tungkol sa kanyang mga pinaniniwalaan, hindi siya dapat magkaroon ng pakiramdam na malaya siyang tanggihan ang mga kinakailangang katuroan ng mga naunang Kristiyano maliban nagpapasya siyang hindi na siya isang Kristiyano.

Dapat ding paniwalaan ng isang Kristiyano ang mga nakatatag nang katuroan ng kanyang iglesiya. Kung naniniwala siyang ang mga katuroan ng kanyang iglesiya ay mali, hindi siya tunay na makapagtatalaga ng kanyang sarili bilang miyembro sa iglesiyang iyon.

Ang isang indibidwal na Kristiyano ay gagabayan ng mga katuruan ng kanyang iglesiya, subali't magtataglay siya ng mga pansariling pinaniniwalaan na maaaring maiba kahit sa iba pang miyembro ng kanyang iglesiya. Karaniwan, ang pansariling pinaniniwalaan ay isang bagay na hindi direktang isinasaad sa Biblia; ito ang pagtatangka ng isang tao na ilapat ang katotohanan ng Biblia sa ilang usapin.

Ang bawat Kristiyano ay dapat matapat na ilapat ang katotohanan ng Biblia sa kanyang mga sitwasyon, subali't hindi siya dapat maging madali sa paghusga sa iba sa kanyang mga sariling konklusyon. Tama lamang para sa atin na asahan na ang lahat ng Kristiyano ay hahawak sa mga katuroan ng mga unang pundasyong paniniwala. Tama para sa atin na asahan ang mga miyembro ng iglesiya na panghawakan ang mga katuroan ng kanilang iglesiya. Subali't hindi tama para sa isang Kristiyano na asahan ang iba na sumang-ayon sa lahat ng kanyang mga pansariling mga paniniwala.

*Dapat basahin nang sama-sama ng klase ang "Pahayag ng Paniniwala" nang hindi bababa sa dalawang beses.*

## Pagpapahayag ng mga Paniniwala

Sinasabi sa atin ng Kasulatan na panghawakan at ipagtanggol ang mga orihinal na katuroan ng Kristiyanismo. Ipinahayag ng mga sinaunang Kristiyano ang mga paniniwala na kinakailangan para sa ebanghelyo at sa ating relasyon sa Diyos. Ang mga pangungusap na iyon ay patuloy na naglalarawan ng mga kinakailangan sa Kristiyanismo.

## Leksyon 15 Takdang Aralin

(1) Ang bawat mag-aaral ay dapat bigyan ng takdang leksyon na isa sa mga talatang nakalista sa ibaba. Bago ang susunod na sesyon sa klase, dapat niyang basahin ang talata at sumulat ng isang taludtod tungkol sa sinasabi nito tungkol sa paksa ng leksyong ito.

**Para sa Talatang Takdang-Leksyon**

- Tito 1:7-14
- Judas 3-13
- 1 Timoteo 4:1-7
- 1 Timoteo 3:16
- 1 Juan 4:1-3, 14-15, at 5:12

(2) Pagsubok: Sisimulan mo ang susunod na klase na may isang pagsubok sa aralin 15. Pag -aralan nang mabuti ang mga katanungan sa pagsubok bilang paghahanda.

(3) Dapat ipaalala sa mga mag-aaral ng hindi bababa sa pitong beses habang kasalukuyan ang kursong ito na ang bawat mag-aaral ay dapat magturo ng isang leksyon o bahagi ng isang leksyon sa mga taong hindi kabilang sa klase. Dapat iulat ng mag-aaral sa lider ng klase ang bawat pagkakataon na siya ay nagturo para sa takdang-leksyon.

## Leksyon 15 Mga Tanong Para sa Pag-aaral

(1) Ano ang pundasyong paniniwala?

(2) Ano ang dalawang pangungusap tungkol kay Hesus na kinakailangan para sa sinaunang mga Kristiyano?

(3) Ano ang unang pundasyong paniniwala sa Kasulatan na nagbibigay ng ilang mga pangungusap?

(4) Ano ang layunin ng Pundasyong paniniwala ng mga Apostol?

(5) Ano ang layunin ng Pundasyong paniniwala ng mga Nicene?

(6) Ano ang layunin ng Pundasyong paniniwala ng mga Chalcedonian?

# Iminumungkahing Mga Babasahin


**Leksyon 1**

Dockery, David S. *Christian Scripture.* Nashville: Broadman and Holman, 1995.

**Leksyon 2**

Purkiser, W.T., ed. *Exploring Our Christian Faith.* Kansas City, MO: Beacon Hill Press, 1960.

Tozer, A.W. *The Knowledge of the Holy.* New York: Harper and Row, 1961.

**Leksyon 3**

Morey, Robert. *The Trinity: Evidence and Issues.* Iowa Falls, IA: Word Bible Publishers, 1996.

White, James. *The Forgotten Trinity: Recovering the Heart of Christian Belief.* Minneapolis: Bethany House Publishers, 1998.

**Leksyon 4**

Purkiser, W. T., ed. *Exploring Our Christian Faith.* Kansas City, MO: Beacon Hill, 1978. See chapter 10: "What is Man?"

**Leksyon 5**

Wesley, John. "The Doctrine of Original Sin," in *The Complete Works of Wesley*. Vol. 9.

Wilcox, Leslie. *Profiles in Wesleyan Theology.* Salem, OH: Schmul Publishing, 1985. See Chapter 7: "Origin and Nature of Sin," 141-170.

**Leksyon 6**

Lewis, C. S. *The Screwtape Letters.*New York: Macmillan Co., 1968.

Wesley, John. "Satan's Devices." *Wesley's 52 Standard Sermons*. Salem, OH: Schmul Publishing, 1988.

**Leksyon 7**

Strobel, Lee*. The Case for Christ*. Grand Rapids: Zondervan, 1998.

Zacharias, Ravi. *Jesus Among Other Gods*. Nashville: Word Publishing, 2000.

**Leksyon 8**

Purkiser, W. T., ed. *Exploring Our Christian Faith.* Kansas City, MO: Beacon Hill Press, 1960. Especially see chapter XI, "Man's Predicament," and XII, "The Doctrine of Atonement."

Wilcox, Leslie. *Profiles in Wesleyan Theology.* Salem, OH: Schmul Publishing, 1985. Especially see chapters 9-10: "Atonement" and "Conditions of Reconciliation," 171-214.

Wiley, H. Orton and Culbertson, Paul T. *Introduction to Christian Theology.* Kansas City, MO: Beacon Hill Press, 1946.

**Leksyon 9**

Shank, Robert. *Life in the Son*. Bethany House Publishers, Minneapolis.

Wiley, H. Orton and Culbertson, Paul T. *Introduction to Christian Theology.* Kansas City, MO: Beacon Hill Press, 1946.

**Leksyon 10**

Murray, Andrew*. Andrew Murray on the Holy Spirit*. New Kesington, PA: Whitaker House, 1998.

Carter, Charles. *The Person and Ministry of the Holy Spirit: A Wesleyan Perspective*. Grand Rapids: Baker Book House, 1974.

**Leksyon 11**

Noll, Marka. *Turning Points.* Grand Rapids, MI: Baker Academic, 1997.

Oden, Thomas. *Life in the Spirit.* Peabody, MA: Prince Press, 2001.

**Leksyon 12**

Lewis, C. S. "Ang Timbang ng Kaluwalhatian," sa Timbang ng Glory at Iba pang Mga Address. New York: Macmillan Publishing, 1980.

Purkiser, W.T. editor. *Exploring Our Christian Faith*. Kansas City, MO: Beacon Hill Press, 1967.Especially chapter xxviii, "The Future Life."

Wesley, John. "Ang Great Assize," sa Wesley's 52 Mga Standard na Sermon. Salem, OH: Schmul Publishing, 1988.

**Leksyon 13**

Lewis, C. S. "Ang Timbang ng Kaluwalhatian," sa Timbang ng Glory at Iba pang Mga Address. New York: Macmillan Publishing, 1980.

Purkiser, W.T. editor. Exploring Our Christian Faith. Kansas City, MO: Beacon Hill Press, 1967. Especially chapter xxviii, "The Future Life."

Wesley, John. "Ang Great Assize," sa Wesley's 52 Mga Standard na Sermon. Salem, OH: Schmul Publishing, 1988.

**Leksyon 14**

Ladd, George Eldon. *The Blessed Hope*. Grand Rapids, MI: Eerdmans, 1992.

Wiley, H. Orton & Culbertson, Paul T. *Panimula sa Kristiyanong Theology*. Kansas City, MO: Beacon Hill Press, 1949.

**Leksyon 15**

Noll, Marka. *Turning Points: Decisive Moments in the History of Christianity*. Baker, Grand Rapids.

Gonzalez, Justo L. *The Story of Christianity, Vol. I.* Harper, New York.

# Mga Paniniwalang Kristiyano
# Talaan ng mga Takdang-Leksyon

Pangalan ng estudyante ___________________________________

Pauna kung nakumpleto ang bawat takdang aralin. Ang mga pagsubok ay itinuturing na "kumpleto" kapag ang mag-aaral ay nakakamit ng iskor na 70% o mas mataas. Ang lahat ng mga takdang-aralin ay dapat na matagumpay na nakumpleto upang makatanggap ng isang sertipiko mula sa Shepherds Global Classroom.

| Leksyon | Pagsusulit | Talatang Pinag-aralan | Pagsasanay sa Pagtuturo | |
|---|---|---|---|---|
| 1 | | | Petsa | Klase ng Grupo |
| 2 | | | | |
| 3 | | | | |
| 4 | | | | |
| 5 | | | | |
| 6 | | | | |
| 7 | | | | |
| 8 | | | | |
| 9 | | | | |
| 10 | | | | |
| 11 | | | | |
| 12 | | | | |
| 13 | | | | |
| 14 | | | | |
| 15 | | | | |

## Humiling ng Sertipiko mula sa Shepherds Global Classroom

Ang aplikasyon para sa isang Sertipiko ng Pagkumpleto mula sa Shepherds Global Classroom ay maaaring makumpleto sa aming webpage sa www.shepherdsglobal.org. Ang mga sertipiko ay ihahatid nang digital mula sa pangulo ng SGC sa mga instruktor at tagatulong na kumpletuhin ang aplikasyon sa ngalan ng kanilang (mga) mag-aaral.